



7

FILIPINOTEK

Teksto, Wika, at Teknolohiya

May-akda

Daisy Rombano

Aligned with
MATATAG Curriculum

FILIPINO TEK 7

Teksto, Wika, at Teknolohiya

Ikatlong Edisyon

Daisy Rombano



Trademark of TechFactors Inc.

Karapatang-ari 2024 by TechFactors Inc.

Reserbado ang lahat ng Karapatan. Ipinagbabawal na sipiin ang anomang bahagi ng aklat na ito nang walang pahintulot mula sa mga may-akda o tagapaglathala.

Unang limbag ng Ikatlong edisyon, 2024
ISBN

Inilathala sa Pilipinas ng TechFactors Inc.
Inilimbag sa Pilipinas

Manunulat Daisy Rombano

Tagapagdisenyo ng Pabalat Christian Andrew B. Sabado

Pangkat ng Pamamahala Mabeth Magandingan at Daisy Rombano

Tagaguhit at Tagapagdisenyo Justine Eliza Fontanilla

Exclusively distributed by TechFactors Inc.
101 V. Luna Ave., Sikatuna Village,
Diliman, Quezon City
1101 Philippines

Telephone number: (632) 8929 6924
Email address: info@techfactors.com
Website: www.techfactors.com

Images with license from Freepik (<https://www.freepik.com>)

Ang nilalaman ng aklat na ito ay pagmamay-ari ng Techfactors Inc. at pawang mga orihinal at sariling katha ng mga may-akda, kabilang rito ang mga larawan at ilustrasyong ginamit sa bawat aralin. Anomang pagkakawangis ng ilang larawan sa likha ng iba ay hindi sinasadya at nagkataon lamang.

PAUNANG SALITA

Ninana ng TechFactors Inc. na gawing epektibo, may patutunguhan, at makabuluhang karanasan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad at may katuturang kagamitan para sa mga Pilipinong mag-aaral. Itinataguyod ng TFI ang edukasyonal na pag-unlad sa mga programang akademiko sa mga paaralan at tinutugunan ang kanilang pangunahing kasanayan sa iba't ibang larang. Pinalalago rin ang indibidwalidad ng mga mag-aaral, kakayahang solusyonan ang mga problema, at malikhaing kakayahan gamit ang outcome-based approach. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na maging mapang-usisa at kusang magtuklas mula sa sarili nang sa gayon ay magkaroon sila ng mayamang karanasan.

Ang aming layunin ay magbigay ng makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral mula K-12 ayon sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang MATATAG Kurikulum. Ang bagong kurikulum na ito ay hindi lamang nakakaimpluwensya sa estilo ng pagtuturo kung hindi pati na rin sa mga pamamaraan ng pagsusuri, na nagtataguyod sa mas malalim na pag-unawa at pagpapanatili ng kaalaman. Ang aming disenyo sa pagtuturo ay nakahanay sa konteksto ng Pilipinas na bumubuo sa koneksyon ng praktikal na aplikasyon at nagtataguyod ng kolaborasyon at malikhaing kakayahan sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, tinitiyak namin na makakamtan ng mga mag-aaral ang mahahalagang kasanayan para sa ika-21 siglo, kabilang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, pagkamalikhain, at kolaborasyon—mga kasanayang angkop at mahalaga para sa paghahanda sa kanilang pag-aaral.

Sa paggamit ng mga programang pang-edukasyon ng TFI, ang mga tagapagturo ay binibigyan ng mahahalagang sanggunian na nagsisilbing pundasyon para sa pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayang mahalaga sa pagharap ng mga hamon at pagkakataong dulot ng mabilis na pagbabago sa mundo. Ibinabahagi namin ang bisyon ng DepEd na maging inklusibo, integratibo, at makabago ang mga silid-aralan na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga mag-aaral na makatutulong sa pagtataguyod ng isang progresibo at nagkakaisang bansa—isang bansang maunlad sa ekonomiya, matatag sa sosyo-politikal, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at kakayahang magpatuloy sa mahabang panahon.

TechFactors Inc.

PARAAN NG PAGGAMIT NG AKLAT

Ang mga paglalarawan ng bawat bahagi ng aralin sa ibaba ay nagsisilbing gabay para maunawaan mo ang nilalaman at layunin ng aklat na ito para sa isang makabuluhang pagkatuto sa pag-aaral ng Filipino:




Layunin

Mga itinakdang layunin at inaasahang matutuhang ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin sa wika at pagbasa.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang tampok na literatura para sa aralin



Pagtatagpi ng Talino

Pagtatasa sa pagbasa
Naglalaman ng mga katanungan na susubok sa pang-unawa ng mag-aaral tungkol sa binasang seleksyon.



Paglilinaw sa Kaalaman

Pagtalakay sa Pagbasa




Pagpapalalim

Gawain na may kinalaman sa Pagbasa



Paglatag ng Kasanayan

Gawaing Pangkatan



Pagsasalansan

Pagbubuod ng mga pinag-aralan sa buong aralin.

ANO ANG BAGO?

1. Ang Filipinotek ay alinsunod sa bagong Matatag Kurikulum na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon.
2. Ang mga aralin ay naglalayong higit na mahimay ang paksang tatalakayin sa gramatika at literatura.
3. Maiksi ngunit puno ng kaalaman ang pagtalakay sa mga paksa.
4. Naglagay ng mga karagdagang makukulay na ilustrasyon sa iba't ibang bahagi ng aralin.
5. Isang komprehesibong pangkalahatang ideya ang idinagdag, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing paksa, layunin, at inaasahang result ng pag-aaral sa bawat yunit.
6. May karagdagan at binago na gawain para sa indibidwal at pangkatang gawain.
7. Bagong layout at disenyo.
8. Itinampok ang mga bago at pinahusay na mga interactive.

TUNGKOL SA MANUNULAT

Daisy Rombano

Si Daisy Rombano ay nagtapos ng Batsilyer ng Sekondarya sa Edukasyon Medyor sa Filipino sa Rizal Technological University, isa ng ganap at lisensyadong guro. Nakapagturo siya ng Junior at Senior High School sa Community of Learners sa loob ng limang taon at naging tagapayo ng klase. Napasama na rin siya bilang Tagapagsanay sa DepEd Trainer's Program (PRIMALS) at kasalukuyang Content Developer sa TechFactors Inc.

TALAAN NG NILALAMAN

Kabanata 1	1
Aralin 1 Tanaga	3
Aralin 2 Karunungan Bayan: Bugtong, Kasabihan, Sawikain, at Salawikain	13
Aralin 3 Awiting-Bayan	23
Aralin 4 Epiko (Bantugan)	33
Aralin 5 Epiko ni Humadapnan	41
Aralin 6 Tekstong Ekspositori-Panahon ng Katutubo	47
Aralin 7 Tekstong Multimodal-Komiks	55
Gawaing Pagganap	65
Kabanata 2	67
Aralin 8 Sinaunang Akdang Pampanitikan	69
Aralin 9 Pabula-Ang Matsing at ang Pagong	77
Aralin 10 Kuwentong Pusong ng mga Pilipino	83
Aralin 11 Dula-Katutubong Sayaw	91
Aralin 12 Dula-Rituwal ng Babaylan	98
Aralin 13 Estruktura ng Tekstong Ekspositori at Kasanayang Pang-akademik	105
Aralin 14 Tekstong Biswal: Komiks	114
Gawaing Pagganap	121
Kabanata 3	123
Aralin 15 Pasyon	125
Aralin 16 Ang Palitan ng Liham-Si Urbana at Felisa	134
Aralin 17 Dula-Senakulo	141
Aralin 18 Pag-alay ng Bulaklak-Flores De Mayo at Santacruzian	147
Aralin 19 Awit at Korido	154
Aralin 20 Mga Tekstong Pampahayagan (Balita)	161
Aralin 21 Tekstong Biswal: Comic Brochure	171
Gawaing Pagganap	178
Kabanata 4	181
Aralin 22 Obra Maestra-Ibong Adarna (Kaligirang Pangkasaysayan)	183
Aralin 23 Obra: Ibong Adarna (Saknong 1-407)	192
Aralin 24 Ibong Adarna (Saknong 408-1382)	219
Aralin 25 Ibong Adarna (Saknong 1383-1600)	273
Aralin 26 Ibong Adarna (Saknong 1601-1683)	288
Aralin 27 Ibong Adarna (1684-1717)	298
Aralin 28 Multimodal: Shadow Play	306
Gawaing Pagganap	317

KABANATA 1

Mga Tula sa Panahon ng Katutubo

Sa kabanatang ito makikilala at mapahahalagahan ang mga uri ng tula na umiiral sa panahon ng katutubo sa Pilipinas. Mabibigyan ng pagkakataon ang bawat isa na maisabuhay ang kultura at paniniwala na mailalapat sa pang-araw-araw na buhay.

ARALIN 1

Tanaga



Sa araling ito ay itatampok ang mga tanaga para sa higit pang pagtuklas ng kultural na kamalayan at kaisipan. Sa pagtalakay ng kaligirang pangkasaysayan ng panitikan sa panahon ng katutubo, matututuhan ng mag-aaral ang mensahe, simbolo, talinghaga, at mga larawang diwa sa mga tulang babasahin. Ang mga gawain naman sa aralin ay lilinang sa malikhain at kritikal na pag-unawa maging sa iba pang mga sinaunang panitikan.



Layunin

- ◇ Nababatid ang kaligirang pangkasaysayan ng panitikan sa panahon ng katutubo.
- ◇ Natutukoy ang mahahalagang elemento (persona, sukat, tugma, talinghaga, at estilo) ng tula.
- ◇ Naipaliliwanag ang nakapaloob na pahiwatig, simbolo, at larawang diwa/ imahe sa teksto.



Paghahabi ng Kaalaman

Tanaga

1. *Naranasan mo na bang makasulat ng maikling tula?*
2. *Bakit mahalaga na mapag-aralan ang kultura ng Pilipinas?*



Ang **panahon ng katutubo sa Pilipinas** ay naglalarawan sa mga yugto ng kasaysayan bago pa dumating ang mga Kastila at iba pang dayuhang mananakop. Ito ang panahon bago pa ang kolonisasyon at makikita rito ang mga sinaunang kultura, karanasan, at pamumuhay ng mga katutubong Pilipino.

Etniko – ibig sabihin ay nauugnay sa isang etnikong grupo o tribu

Rituwal – sunod-sunod na gawaing mayroong mga kilos, salita at mga bagay na idinaraos sa isang malayo o liblib na lugar

Papuri – tumutukoy sa pagbibigay ng parangal, o papuri sa isang tao o bagay

At dahil ang mga katutubong Pilipino ay binubuo ng **iba't ibang etniko ng grupo**, higit na nagpamalas ang mga panitikan sa panahong ito ng malikhain at mayamang kinamulang kulturang Pilipino: wika, tradisyon, ritwal, at iba pa.

Sa paraang **oral o pasalindila** ang pagpapasa ng mga akda noon. Wala pang organisadong paraan ng pagtitipon ng mga akda ang ating mga ninuno noon. Ang kalakhan sa mga naisulat sa mga dahon at kawayan at marami dito ang hindi napreserba.

Katambal ng pang-araw-araw na gawain ang pagkatha ng panitikan sa sinaunang panahon. Ang mga sumusunod ang **motibasyon ng mga ninuno** sa paglikha ng panitikan:

- makapagbigay katuturan sa kanilang kapaligiran at pamumuhay
- makapagsagawa ng pang-araw-araw na trabaho (pagsasaka, pangingisda, at iba pa)
- makapagbigay papuri sa tagumpay o magparangal
- pagbabahagi ng saloobin (pagsasaya, pagluluksa, panliligaw, at iba pa)
- makapagpalalim ang pananampalataya at ugnayan sa kalikasan
- makapagpalipas ng oras
- makapagpatalas ng isip at magbigay ng puna
- magabayan ang mga nakababata o mangaral

Ang panahon ng katutubo ay **mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas** dahil ito ang nagbigay ng pundasyon sa pagbubuo ng lipunan sa panahon ng kolonisasyon at modernisasyon. Ang kaalaman sa kasaysayang ito ay nagpapakita ng yaman at kasiglahan ng katutubong Pilipino bago pa man ito mabago ng mga banyagang impluwensiya.

*Paano mauunawan ang kultura ng bansa sa pag-aaral ng tula?
Ano nang mga uri ng tula ang iyong naisulat?*

Tula sa Panahon ng Katutubo

Marami nang anyo ng panitikan sa panahon ng katutubo. Isa sa mga ito ay tanaga na siyang tatalakayin sa araling ito.

Tanaga

Mataas man ang bondoc
mantay man sa bacouor
iyamang mapagtaloc,
sa pantay rin aanod.

*(Though the hill be high
and reach up to the highland,
being desirous of heights,
it will finally be reduced to flat land.)*

Alahas, gara, yaman
Dangal, kapangyarihan,
Madlang ari-arian
Kulang pa rin, at kulang.

*(Jewelry, grandeur, wealth,
prestige, power,
Immense property,
Not enough, still not enough.)*

Ang **tanaga** ay isang halimbawa ng tula sa panahon ng katutubo mula sa mga Tagalog. Binubuo ito ng apat (4) na taludtod at pitong (7) pantig sa bawat taludtod. Madalas itong may iisang tugmaan lamang subalit sa paglipas ng panahon ito ay kinakitaan na rin ng tugmaang inipitan, salitan at sunuran. Ang mga tanaga ay naglalaman din ng mga pahiwatig, simbolo, at talinghaga. Maaari itong maisulat sa magkakaibang persona.

Pagsusuri sa Elemento at Sangkap ng Tula

Balikan ang ibinigay na halimbawang tanaga na nakatha pa sa panahon ng katutubo:

Mataas man ang Bondoc
mantay man sa bacouor
iyamang mapagtaloc,
sa pantay rin aanod.



Taglay nito ang sukat at tugma ng isang tanaga. Pagdating naman sa tugmaan, mapapansin din na magkakatatunog ang bawat dulo ng taludtod. Gumamit ito ng simbolo o imahen ng kapaligiran ng isang nayon: burol, bukid, taluktok (bundok), at kapatagan. Nagpapakita ito ng talinghaga na anuman ang nais na marating at maabot na kalagayan sa buhay, sa katapusan ng lahat ay magbabalik din sa ating mga pinagmulan. Maaari rin naman itong tumukoy sa paglilipat ng tahanan o kaya ay kalikasan ng daigdig na ginagalawan.

Sa larawang diwa nito, makikita ang pagkukumpara ng taas at baba ng mga anyong lupa. Gaya ng iba pang tanaga, sa unang dalawang taludtod, naglalahad ng isang imahen o kaisipan. Pagdating naman sa susunod na dalawang taludtod ay ilalatag naman ang pangalawang imahen na magbibigay-turing sa naunang pahayag. Ang ugnayan ng dalawang bahaging ito ay lumilikha ng salungatang magpapisip sa mambabasa.

Subukang suriin isa pang tula:

Alahas, gara, yaman
Dangal, kapangyarihan,
Madlang ari-arian
Kulang pa rin, at kulang.


Ang Tanaga sa Kasalukyan

May mga pagsisikap na muli itong buhayin sa pamamagitan ng teknolohiya. Ang Likhaan: Sentro ng Malikhaing Pagsulat ng Unibersidad ng Pilipinas, kasama ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining ay naglunsad ng “Textanaga.” Isa isa itong kumpetisyon ng 2023 na ang mga kalahok ay magpapadala ng kanilang entri sa pamamagitan ng *text message*.


Narito ang ilang halimbawang isinapubliko ng mga nag-organisa ng patimpalak:

mahal na ang de-lata
mahal pa’ng abre-lata;
minamahal kong sinta,
nagmahal ka na rin ba?

Di maubos ang bango
ng kamya sa dibdib mo.
Masdan, ang paruparo
pagsagi’y nalalango.



Sa kasalukuyan ay mayroon na ring hakbang na ginagawa ang ibang ahensya ng pamahalaan tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa patuloy na pagtatanyag ng panitikang ito.



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong kaugnay sa kaligirang kasaysayan ng panitikan ng katutubo at tanaga.

Kaligirang Kasaysayan ng Panitikan sa Panahon ng Katutubo

1. Ano ang kaibahan ng “Panitikan sa Panahon ng Katutubo” sa panitikan ng ibang panahon?
2. Bakit sa panitikan ng katutubo makikita ang malikhain at mayamang kulturang Pilipino?
3. Paano ipinasa o ipinakalat ang sinaunang panitikan?
4. Ano-ano ang mga motibasyon ng ating mga ninuno sa paglikha ng panitikan?

Tanaga

1. Ano ang tanaga? Ibigay ang katangian nito at ipaliwanag.
 - kaligirang pangkasaysayan
 - sukat
 - tugma
 - simbolo o imahen
2. Ano-ano ang mga karaniwang imahen o simbolong inilalatag sa mga tanaga?
3. Paano ipinakikita ang talinghaga sa tanaga?
4. Bakit kailangan suriin ang tanaga batay sa mga simbolo, talinghaga, o larawang diwa na makikita mula rito?
5. Paano naipakikita ang kaisipan at damdamin sa isang tanaga? Ano ang epekto ng mga emosyong ito sa mga mambabasa?
6. Ano-ano ang mga naging hakbang sa muling pagtatanyag ng tanaga bilang sinaunang uri ng panitikan ng Pilipinas?

- B. **Panuto:** Basahin ang tanaga. Suriin ito sa pamamagitan ng grapikong pantulong sa ibaba.

KUMUSTA?



Hindi бага magaan
ang tanagang sandaan?
Ang hindi naibigan,
sige na O' kalimutan.

IKAW NAMAN

Ikaw naman, O bata,
ang sumalok sa diwa
Manlikha ng tanaga,
pukawin ang paghaka

-Tanaga ni Jose Villa Panganiban
(bilang hamon sa batang manunulat na susulat ng tanaga)

Sukat	Tugma	Simbolo/Imahen	Talinghaga



Paglililinau sa mga Kaalaman

TULA

Ang tula ay isang uri ng panitikan na ginagamit upang magpahayag ng damdamin ng isang tao na binubuo ng taludtod, saknong, sukat, tugma, at talinghaga.

Elemento ng Tula

1. **Sukat** – ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
 - **Taludtod** – ang mga linya ng tula.
 - **Saknong** – ang lipon ng mga taludtod.

Bayan Ko!

Bayan 'kong sinilangan
Alay sa'yo ay buhay
Hindi nais mawalay
Sa lupang tinubuan

*Ang tanaga ay may **pitong (7) na pantig** sa bawat taludtod.
Binubuo ng **apat (4) na taludtod** at isang **(1) saknong**.*

2. **Tugma** – ang pagkakapareho ng tunog sa dulo ng dalawa o higit pang taludtod.

- **Inipitan**–tugmaang **a-b-b-a**.
- **Salitan**–tugmaang **a-b-a-b**.
- **Sunuran**–tugmaan na **a-a-b-b**.

Pamilya


Pamilya ay ingatan
Lagi mong iparamdam
inyong pagmamahalan
huwag kang magdaramdam
*Ang tanaga ay may tugmaang **inipitan**.*

3. **Talinghaga** – lipon ng salita na hindi tuwirang nagpapahayag ng mensahe at pagkamalikhain o karikitan ng teksto.

Ayon kay Lope K. Santos, Ama ng Balarilang Filipino, ang talinghaga ay hindi lamang tumutukoy sa mga tayutay. Tumutukoy rin ito sa retorika o masining na pagpapahayag. Iniuri niya ito bilang mababaw at malalim na talinghaga. Mababaw na talinghaga sapagkat madali itong nauunawaan habang ang malalim na talinghaga ay nangangailangan ng malalim na pag-iisip upang matukoy ang kahulugan o mensaheng nais iparating.

Bahagi ng talinghaga ang **imahe** o **larawang diwa** at **simbolo** sa isang tula. Ito ang mga salita o pahayag sa tula na nagpapakita ng tiyak na larawan sa isipan ng mambabasa. Bawat imahen ay may katumbas na kahulugan. Pansinsin ang halimbawa:

Di maubos ang bango
ng kanya sa dibdib mo.
Masdan, ang paruparo
pagsagi'y nalalango.




4. **Persona** – ito ay tumutukoy sa nagsasalita sa tula. Maaaring siya ang nagsasalita, direktang kausap ang mababasa, o may pinatutungkulan.
 - tao, bagay, hayop, at iba pa.
 - edad (bata, matanda)
 - kasarian (babae, lalaki, di-tiyak)
5. **Tono o Indayog** – namamayaning damdamin sa teksto tulad ng saya, galit, lungkot.
6. **Estilo** – katauhan o kakaibang pamamaraan ng awtor sa pagkatha ng tula; makikita ito sa wikang ginamit, na karaniwang likas sa katuhan ng manunulat.

Subukang suriin ang tula batay sa inilatag na elemento:

Sinta

Puso ko'y humihyaw
 Ikaw ang nais kaulayaw
 Pag-ibig ko'y pansinin
 Huwag mawalay sa'kin



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Magsaliksik ng tanaga na nagpapakita ng kasaysayan at kultura ng mga katutubong Pilipino. Suriin ang mga elemento nito. Tukuyin ang tradisyon, sistema ng pamumuhay, mga rituwal, o kahalagahang naisasabuhay pa rin mula noon hanggang sa kasalukuyan, Gamitin ang talahanayan sa ibaba.



Tanaga

Sukat

Tugma	
Persona	
Tono	
Estilo	
Mababakas na Kasaysayan at Kultura ng Bansa	
Pagsasabuhay sa Kasalukuyan	






Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Punan ang grapikong pantulong ng mga ipinakitang simbolo o larawang diwa sa tula at bigyang kahulugan ang talinghalaga.

Isang pinggang sinangag,
Isang lantang tinapa,
Isang saring salabat,
Isang buntunghininga.

- Virgilio Almario (1979), Doktrinang Anakpawis






Pagsasalansan

Hindi maikakaila ang malaking kontribusyon ng tanaga sa yaman ng panitikan sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng tulang ito, natalakay ang mga elemento at mahahalagang sangkap ng tula tulad ng talinghaga, simbolo at larawang-diwa. Ang lahat ng ito ay mahalagang bahagi ng panitikan sa Pilipinas na nagpapakita ng kahalagahan ng wikang Filipino at ng malalim na kulturang Pilipino.

ARALIN 2

Karunungang Bayan: Bugtong, Kasabihan, Sawikain, at Salawikain



Ang mga karunungang bayan ay natatanging yaman ng panitikang Pilipino. Ang magkakaibang pangkat etniko sa bansa ay nakalikha na nito mula pa panahon ng katutubo. Sa araling ito, pagtutuunan ang palaisipan tulad ng bugtong, at iba pa tulad ng salawikain, sawikain, at kasabihan. Mahigpit na nakaugnay ang mga panitikang ito sa kultura at uri ng pamumuhay noon hanggang sa kasalukuyan.



Layunin

- ◇ Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng karunungang bayan.
- ◇ Naipakikita ang kasanayan sa pag-unawa ng kahulugan ng napiling karunungang bayan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao.
- ◇ Naitatala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng salawikain, sawikain, at kasabihan.



Paghahabi ng Kaalaman

Palaisipan

Buod ni Jenilyn Manzon

1. *May alam ka bang palaisipan?*
2. *Ano ang paborito mo?*

Sa librong *A Little Book of Filipino Riddles* ni Starr (1909), binanggit dito na kadalasang ang mga kabataan ang nagbibigay ng palaisipan. Ginagawa nila ito tuwing nagkakatipon-tipon at sila'y salitan sa pagtatanong at pagsagot. Pangunahin ang mga Tagalog at Kapampangan ang nagsasama-sama sa mga okasyon tulad ng panonood sa gabi habang may nakaburool na yumaong kamag-anak, kakilala, kaibigan, o 'di kaya'y kababayan.

Pipit – Maliit na ibon, sparrow sa Ingles

Baging – Isang halaman na may mahahaba at payat na tangkay na pumupulupot at gumagapang sa lupa o umaakyat sa pamamagitan ng mga pangkuyapit

Akin – Ginagamit ang salitang dito hindi bilang tumutukoy sa tao na binibili at walang karapatan. Tumutukoy ito sa gamit binili at naging pagmamay-ari

Narito ang ilang halimbawa ng mga palaisipan:

Tagalog

Dalawang pipit nagtitimbangan sa isang siit.

- Hikaw

Nang hatakin ko ang baging , nagkagulo ang matsing.

- Batingaw

Dalawang balon hindi malingon.

- Tainga

Tubo sa punso walang buko.

- Buhok

Bumili ako ng alipin mas mataas pa sa akin.

- Sumbrero

Nagsaing si pusong, nasa ibabaw ang gatong.

- Bibingka

Aso ko sa pantalan, lumukso ng pitong balon, umuli ng pitong gubat, bago nagtanaw dagat.

- Sungkahan

Kabiyak na niyog, magdamag kinayod.

- Buwan

Bugtong

Luzon



Dahong pinagbungahan
Bungang pinagdahunan.

- Pinya

(Tagalog; Batangas)



Napanac idiay bantay
Nasabat co ni apo lacay,
Nasagid co ket natay.
- Bain-bain (Makahiya)

(Ilokano; Tarlac)

*I went to the mountain, I
met an old man; I touched
him and he dies.*




Anong tinanum na an
capotol hayop.
- Origano (Oregano)

(Bikol)

*What plant is it that has
the part of an animal.*

Visayas




Dahon inispada
Ang bunga binutilya.
- Kapayas (Papaya)

(Cebuano; Negros
Oriental)

*Sword-like leaves, a bottle
for its fruit.*

Mindanao




Ag dagding tisa

Ag katop putaw.

- Alimasag

(Subanon; Zamboanga del Norte)

*The wall is made of brick,
the roof of iron.*



Tiene un animal

Ta lleva su casa con luz.

- Aniniput (Alitaptap)

(Chavacano)

*I have an animal that carries
Its house with its lamp.*

Salawikain

“Ang sakit ng kalingkingan, ramdam ng buong katawan.”

“Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan.”

“Pagkahaba-haba man ng prusisyon, sa simbahan din ang tuloy.”

“Ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit.”

“Walang ligaya sa lupa na hindi dinaraan ng ulan.”

Kasabihan (Sawikain)

“Kung may tiyaga, may nilaga.”

“Walang lihim na hindi nabubunyag.”


“Ang gawa sa pagkabata, dala hanggang sa pagtanda.”

“Turan mo ang iyong kaibiga, sasabihin ko kung sino ka.”

“Ang magandang asal ay kabang yaman.”



Ano ang mahalagang kaisipang ipinakikita sa mga karunungan bayan?
Paano nito nailarawan ang ating mga pananaw, moral, at katangian
bilang Pilipino?



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang sumusunod. Tiyaking may kaisahan at kahusayan ang paliwanag.

1. Ano ang karaniwang pinapaksa ng mga nabasang karununganang bayan?
2. Batay sa unang tanong, ipaliwanag ang ugnayan ng panitikan at uri ng pamumuhay ng mga Pilipino.
3. Bakit mahalaga ang mga palaisipan/bugtong?
4. Paano nakatutulong ang salawikain at kasabihan sa pagpapatatag pa ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino?
5. Bilang mag-aaral, paano mapananatili at maisasabuhay ang gamit ng karununganang bayan?


B. **Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot.

I. Palaisipan: Ano ang tinutukoy sa bawat bugtong?

1. Ang ulo ay kabayo, ang leeg ay pare.
Ang katawan ay uod, ang paa ay lagare.
 - a. tipaklong
 - b. aso
 - c. isda
2. Manghahabing tagataga-bukid,
Nasa tiyan ang sinulid,
Kung umaga'y umiidlip
Kung gabi'y naghuhumaplit.
 - a. langgam
 - b. langaw
 - c. gagamba
3. Dalawang ibon, malayo ang layon.
 - a. kamay
 - b. mata
 - c. tsinelas

II. Kasabihan at Salawikain: Ano ang karunungan bayan na katumbas ng inilatag na kaisipan?

1. Kapag gumawa ka ng mabuti ay mabibiyayaan ka rin ng magandang bagay.
 - a. Ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit.
 - b. Kung ano ang itinanim, siya rin ang aanihin.
 - c. Kahit saan may gubat, mayroong ahas.
2. Kapag para sa iyo ang isang bagay, matatanggap mo ito kahit na anong mangyari.
 - a. Kung ano ang puno, siya rin ang bunga.
 - b. Kung hindi ukol, hindi bubukol.
 - c. Kung may isinuksok, may dudukutin
3. Tayo ay kontrolado ng lipunan hangga't hindi umaalwan ang buhay.
 - a. Walang tunay na kalayaan, kung nabubuhay sa kahirapan.
 - b. Ang talagang matapang, nag-iisip muna bago lumaban.
 - c. Titingkad ang iyong kagandahan, kung maganda rin ang iyong kalooban



Paglilinaw sa mga Kaalaman

PALAISIPAN/BUGTONG

Ang palaisipan o kilala rin bilang bugtong, pahulaan, o patuturan. Ito ay mga tanong o pangungusap na may nakatagong kahulugan na kinakailangang lutasin o hulaan. Ito ay binalangkas upang sanayin ang kakayahan sa pagsagot o pagtuklas. Nakagawiang libangan na rin ito ng ating mga ninuno.

Ang bugtong ay gumagamit ng talinghaga o metapora sa pagsasalarawan ng isang partikular na bagay na kailangang hulaan o alamin.

Mga pahayag itong nakapupukaw at nagpapahasa ng talas ng isip. Kadalasan itong nasa anyong patula at patalinghaga. Kadalasang mga bagay na makikita o ginagamit sa araw-araw ang pinapaksa. Mahigpit na nakaugnay ang mga palaisipan o bugtong sa buhay. Mng mga Pilipino bilang lunsaran ng karunungan



nagpapasalin-salin sa bawat yugto ng panahon.

Sa librong *A Little Book of Filipino Riddles ni Starr (1909)*, binanggit dito na kadalasang ang mga kabataan ang nagbibigay ng palaisipan. Ginagawa nila ito tuwing nagkakatipon-tipon at sila'y salitan sa pagtatanong at pagsagot. Pangunahin ang mga Tagalog at Kapampangan ang nagsasama-sama sa mga okasyon tulad ng panonood sa gabi habang may nakaburol na yumaong kamag-anak, kakilala, kaibigan, o 'di kaya'y kababayan. (Palaisipan, buod in Jenilyn Manzon)



Ang karaniwang pamamaraan sa pagpili ng paksa ng palaisipan ay may apat na konsiderasyon:

1. **Pamilyaridad sa paksa** - karaniwang mga nakikita sa kalikasan o pinakikinabangan.
2. **Pagiging kongkreto** - hindi kasama ang kilos, proseso, o gamit ng bagay.
3. **Pagpapahalaga** - depende sa pagtingin o pagtuturing ng mga ninuno
4. **Potensyal ng bagay** - depende sa istruktura o kapasidad na magawan ng palaisipan

KASABIHAN, SAWIKAIN, AT SALAWIKAIN

Bukod sa ginagamit sa pangangaral, ganito inilalarawan ang iba pang karununganang bayan:

1. Kasabihan

Anumang salita, parirala, o pangungusap na naglalaman ng aral, karunungan, o katotohanan. Direkta ang pagkakalatag nito at walang hindi tuwirang kahulugan.

Halimbawa: "Kapag may tiyaga, may nilaga."

2. Sawikain

Katawagang itinatumbas din sa kasabihan. Ito ay isang pahayag na naglalaman ng payak na turo o aral na karaniwang inaakma sa pang-araw-araw na buhay.

Halimbawa: "Ang masipag sa buhay, umaani ng tagumpay."

3. **Salawikain**

Maikli ngunit makabuluhang pahayag, karaniwang matulain at nagagamit na patnubay sa pag-uusap at pagsulat.

Halimbawa: “Kung anong puno, siyang bunga.”

“Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan.”

Nilalaman at Kaisipan ng Salawikain at Sawikain:

- **Pananaw**

Nagpapakita ang mga karunungan bayan ng pagtingin sa lipunan, buhay, o ideolohiya.

- **Moral**

Ang karunungan bayan tulad ng salawikain at sawikain ay kapupulutan ng pagpapahalaga sa tama at mali, o kaya naman mabuti at masama.

- **Katangian ng Tao**

Ang paglalarawan sa kalooban ng indibidwal, kasama ang kaniyang kaisipan, paniniwala, kaugalian, at iba pang prinsipyo ay makikita sa karunungan bayan.

- **Karanasan ng Tao**


Ang uri ng pamumuhay at sitwasyon sa buhay ay bahagi ng sinasalamin ng karunungan bayan. Marami sa mga ito ay may sinasabi ukol sa sitwasyon ng buhay.

Ang mga karunungan bayan ay umuunlad at nagbabago kasabay ng lipunan. Para sa karagdagang kaalaman, saliksikin ang sumusunod:

- Tulang de-gulong
- Makabagong salawikain
- Kakatwang kasabihan



IN THE SPOT LIGHT: Words on the jeep!.
August 20, 2012. spot.ph.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Itala ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga karununganang bayan.

PAGKAKATULAD	PAGKAKAIBA




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magpangkatan sa klase. Maghanap ng tatlong karununganang bayan at tukuyin ang kaisipang nakapaloob dito sa tulong ng grapikong pantulong.

KAISIPAN	KARUNUNGANG BAYAN		
Teksto			
Uri ng Karungang Bayan			

Paksa			
NILALAMAN AT KAISIPAN (pananaw, moral, katangian, karanasan)			
Paliwanag			



Pagsasalansan

Ang araling ito ay naglaman ng mga ideya at kaisipan ng mga karununganang-bayan na magbibigay-daan sa pagpapalawak ng kaalaman sa iba't ibang aspekto ng buhay, kultura, at kalikasan. Naglayon din itong mapatalas ang kasanayan sa pag-iisip.

ARALIN 3

Awiting-Bayan



Ang awiting-bayan ay tradisyunal na awiting Pilipino panahon pa lamang ng katutubo. Sa araling ito, matutuklasan kung ano ang awiting-bayan at ang mga halimbawa nito. Gayundin, masusuri ang paksa, sukat, tugma, tono, at talinghaga ng awit. Sa pagtalakay ng nabanggit ay masasaliksik din ang konteksto ng panahon, lunan, at akda.



Layunin

- ◇ Nasusuri ang kultura, mahalagang kaisipan, at elementong panlingguwistika sa akda.
- ◇ Natutukoy ang mahahalagang elemento (sukat, tugma, tono, at talinghaga) ng teksto.
- ◇ Nakasusulat ng sariling bersyon ng bulong at/o awiting-bayan.




Paghahabi ng Kaalaman

Dandangsoy

(awiting-bayan mula sa Panay)

1. *Ano-anong awiting-bayan ang nabasa o napanood mo na?*
2. *Sa iyong palagay, mahalaga ba ang awiting-bayan sa mga Pilipino?*



Mangulila –
Makaramdam
ng pag-iisa o
lungkot

Balon – Isang
butas mula
sa lupa na
mayroong tubig
na maiinom

Visayan

Dandansoy, bayaan ta ikaw
Pauli ako sa payaw
Ugaling kung ikaw hidlawon
ang payaw imo lang lantawon.

Dandansoy, kung imo apason
Bisan tubig di magbalon
Ugaling kung ikaw uhawon
Sa dalan magbubon-bubon.

Kumbento, diin ang cura?
Munisipyo, diin justicia?
Yari si dansoy makiha.
Makiha sa pag-higugma,

Ang panyo mo kag panyo ko
Dal-a diri kay tambihon ko
Ugaling kung magkasilo
Bana ta ikaw, asawa mo ako.

Filipino

Dandansoy, iiwan na kita
Uuwi na ako sa Payaw.
Kung sakaling ika'y mangulila
sa akin
Tingnan mo lamang ang Payaw.

Dandansoy, kung ika'y susunod
Huwag kang magdala ng tubig;
Kung sakaling ika'y mauhaw
Sa daan, gumawa ka ng balon.

Ang panyo mo at ang panyo ko
Punit-punitin mo at tatahiin ko.
Kung sakaling magtugma
Asawa kita at asawa mo ako.

Kombento, nasaan ang pari?
Munisipyo, nasaan ang hustisya?
Narito si Dandansoy, magsasampa ng
kaso
Ang kaso ng pag-ibig.

Isinafilipino ni Inah Mariz B. Peralta

Kombento –
Kasalukuyang
tumutukoy sa
komunidad ng
relihiyosong
kababaihan

Bikolnon

Sarung Banggi sa higdaan
Nakadangog ako nin huni nin sarong
ganggam
Sa luba ko katurugan
Bako kundi simong boses iyo palan.

Dagos ako bangon si sakuyang mata
iminuklat
Duman sa kadikluman ako nangalagkalag
Aso mahiling ko duman sa itaas
Simong lawog naheling ko maliwanag.

Magpuon na ika ay sakong mamo'tan ,
Nakaisip ako kun ano ang marhay,
Ta pati puso ko simo nang pinukaw,
Mahiling ka sana ay sakong ikauugma.

Filipino

Isang gabi, maliwanag, ako'y
naghihintay
Sa aking magandang dilag,
Namamanglaw ang puso ko
At ang diwa ko'y lagi ng nangangarap.

Malasin mo giliw ang saksi ng aking
pagmamahal,
Bituing nagniningning, kislap ng tala't
liwanag ng buwan,
Ang siyang magsasabi na ang pag-ibig
ko'y sadyang tunay.

Araw, gabi, ang panaginip ko'y ikaw.
Magbuhat ng ikaw ay aking inibig,
Ako ay natutong gumawa ng awit;
Pati ng puso kong dati'y matahimik,
Ngayo'y dumadalas ang tibok ng aking
dibdib.

Ang Dandansoy ay tanyag na awiting-bayan ng mga Ilokano at madalas na sinasabayan ng gitara sa pagtugtog. Ginagamit ang kantang ito sa Pista ng Maskara (Bacolod).


Ang awiting ito sa wikang Hiligaynon ay naglalahad ng paglisan ni Dandansoy mula sa kaniyang minamahal na uuwi sa Payaw. Sa kantang ito, ibinibigay ng babae kay Dandansoy ang pagkakataon na patunayan ang kaniyang tapat na pagmamahal. Sa unang bahagi ng kanta, ipinaalam ng babae kay Dandansoy ang kaniyang paglisan at nagbigay ng paalala na kung sakaling siya ay mangelila o “hidlawon,” maaari niyang makita siya sa Payaw.

Sa ikalawang bahagi ng kantang ito, pinaaalalahanan ng umaawit si Dandansoy na huwag magdala ng tubig sakaling siya ay susunod. Ngunit kung siya ay matuyuan, tiyak na mayroong malapit na balon sa kaniyang daan na maaari niyang inumin.

Sa ikatlong bahagi ng awit, isinasalaysay ang tanong kung saan matatagpuan ang kura sa kumbento at ang hustisya sa munisipyo, sapagkat nagbabalak si Dandansoy na maghain ng hinaing sa kaniyang pagsinta.

Paliwanag mula sa National Commission for Culture and Arts (NCCA):

Sarung Banggi




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Sino ang iiwan ng pangunahing tauhan?
2. Saan patungo ang nagsasalita?
3. Kung susunod si Dandansoy sa pinaroroonan ng pangunahing tauhan, ano ang hindi dapat nitong dalhin?
4. Ano ang ibiniling tingnan ni Dandansoy kung siya ay mangelila?

5. Ano ang sinabing gawin ni Dandansoy sa panyo?
6. Ano ang mangyayari kung ang panyo ng dalawang tauhan ay magtugma?
7. Ano ang isasampang kaso ni Dandansoy?
8. Sa iyong palagay, ano ang ibig sabihin ng pagsampa ng kaso ni Dandansoy?
9. Sa iyong pananaw, ano ang simbolo ng pagtutugma ng panyo sa binasa?
10. Bigyan ng sariling wakas ang nabasang awiting-bayan.


- B. **Panuto:** Bumuo ng mga tanong kaugnay sa sukat, tugma, tono, at talinghaga ng awiting Sarung Banggi. Pagkatapos maitala ang mga tanong, makipagtanungan sa kamag-aral.



Paglilinaw sa mga Kaalaman

AWITING-BAYAN

Ang awiting-bayan ay isang tradisyunal na awitin o kanta na nasa anyong patula. Sumasalamin din ito sa kultura, kasaysayan, at paniniwala ng isang lahi. Ito ay nagpapakita ng natatanging pag-uugali at pananaw sa buhay sa pamamagitan ng musika o pag-awit. Karaniwan itong itinatanghal tuwing may pagdiriwang gaya ng pista, kaarawan, kasal, at iba pa. Ang tugtugin at indayog nito ay nagpapahayag ng pananampalataya, damdamin, kaisipan, kaugalian, karanasan at pamumuhay ng mga pamayanang pinanggalingan nito.



Ito ay nagsasalaysay at naglalarawan ng isang karanasan ng mga tao sa tiyak na lugar at panahon. Gumagamit ito ng mga simpleng salita na madaling nauunawaan at matatandaan. Karaniwang binubuo ng mga saknong na may sukat at tugma. Nilalapatan ito ng melodiya at tono na siyang nagpapalitaw ng damdamin ng awit. Kabilang sa awiting-bayan ang tinatawag na “Kundiman.”

Itinuturing ang awiting-bayan bilang isa sa mga pinakamatandang uri ng panitikan sa Pilipinas. Sinasabing buhay na ang panitikan na ito bago pa man din dumating ang mga banyagang Kastila sa bansa. Tulad ng karaniwang tula, magkakaiba ito sukat, tugma, tono, at talinghaga, batay sa konteksto. Karamihan sa mga ito ay may labindalawang pantig. Marami sa mga awiting-bayan ay nananatiling pumapaksa sa katutubong kultura, damdamin, at pakikitungo ng mga tao sa kanilang kapaligiran.

Dahil sa likas na estrukturang heograpikal na anyo ng Pilipinas, mayroong iba't ibang awiting maririnig mula sa Luzon, Visayas at Mindanao. Ito ay nakasaalang-alang sa kultura at diyalekto ng lugar na pinagmulan ng panitikan. Ilan sa mga halimbawa ay ang Bahay-Kubo ng mga Tagalog, Pamulinawen ng Ilocos, at Sarong Banggi ng Bikol. Bukod dito, mayroong iba't ibang uri ng awiting-bayan batay sa konteksto o tema nito. Narito ang mga sumusunod:

Kundiman	awit ng pag-ibig
Kumintang	awit ng pakikidigma
Dalit o Imno	awit sa mga diyos-diyosan ng mga Bisaya
Oyayi o Hele	awit sa pagpapatulog ng bata
Diona	awit sa kasal
Soliranin	awit ng mga manggagawa
Talindaw	awit ng pamamangka
Dung-aw	awit sa patay

Kahit pa ilang dekada na ang nakalipas matapos sumibol ang mga awiting-bayan, ito ay patuloy na sumasalamín at nagpapahayag sa kultura ng mga Pilipino. Likas na ipinakikilala ng panitikan ang mga pag-uugali at paniniwala ng mga tao mula sa lugar na pinagmulan nito. Higit pa, bumabakas sa awiting-bayan ang likas na diwang makata ng mga katutubong Pilipino.

BULONG

Sa kabilang banda, ang bulong ay karaniwang binibigkas at hindi kinakanta.

Ginagamit ito bilang pagbibigay-galang o pagpapasintabi sa mga pook o bagay na pinaniniwalaang tirahan ng mga elemento, lamang-lupa, duwende, mga espiritung hindi nakikita. Ilang halimbawa ay punso, sapa, ilog, at puno ng balete. Karaniwang maririnig ang bulong sa mga matatanda sa lalawigan. Marami sa mga pamahiing nasa porma ng bulong ay itinuturo sa mga bata upang makaiwas sa sakit o peligro dahil pinaniniwalaang maaaring magalit o manakit ang mga nilalang na hindi nakikita kung magambala o masaktan.

Itinuturing din itong isa sa mga halimbawa ng orasyon ng mga sinaunang Pilipino. Sinasabing ang bulong ay binibigkas ng mga albularyo sa panggagamot o pagtatawas nang sa gayon ay gumaling ang nausog, nakulam, namaligno o 'di kaya'y napaglaruan ng lamang-lupa.

Mga Halimbawa ng Bulong:



(Ilocos)

"Huwag magalit, kaibigan,
aming pinuputol lamang
ang sa ami'y napag-utusan

(Ilonggo)


"Tabi-tabi...
Maagi lang kami
Kami patawaron
Kon kami masalapay namon

(Bicol)

"Dagan malaki, dagang maliit,
ayto ang ngipin kong sira na't
pangit.
Sana ay bigyan mo ng kapalit."

(Salin sa Tagalog)

Tabi-tabi
Makikiraan lang kami
Kami'y patawarin.
Kung kayo'y masagi namin



Pagpapalalim

Pagsasanay

Pagtukoy sa mga Elementong Panlingguwistika

Panuto: Isa-isahin ang mga elementong panlingguwistika ng mga awiting-bayang sa talakayan.

Dandansoy

sukat	
tugma	
tono	
talinghaga	

Sarung Banggi

sukat	
tugma	
tono	
talinghaga	



Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Magpangkatan at magbigay ng tig-isang Kundiman o iba pang awiting-bayan sa kinabibilangang bayan o rehiyon. Gamit ang dayagram, paghambingin ang dalawa at suriin ang mahahalagang pangyayari batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.

AWITING-BAYAN 1

Pamagat

AWITING-BAYAN 2

Pamagat

MAY-AKDA

MAY-AKDA

PANAHON (KONTEKSTO)

PANAHON (KONTEKSTO)

LUNAN


LUNAN

HALAGA, SILBI, O KAHULUGAN
NG TEKSTO

HALAGA, SILBI, O KAHULUGAN
NG TEKSTO

- B. **Panuto:** Pumili ng isang awiting-bayan at saliksikin ang kahalagahan ng awiting-bayan ayon sa kultura ng awiting Pilipino. Gawan ito ng isang ilustrasyon na susundan ng *caption* (isang talata) na tatalakay sa nasaliksik.

LARAWAN	CAPTION




Pagsasalansan

Sa araling ito tinalakay ang kultura at sining na sinasalamang sa mga awiting-bayan na nagpapakita ng paraan ng pamumuhay ng mga taong kabilang sa isang lipunan. Natunghayan din sa araling ito ang ilang halimbawa ng awiting-bayan sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Dagdag pa na sa araling ito ay nalaman din ang kahulugan at kung paano ito binibigyang halaga bilang kultura ng mga Pilipino.

ARALIN 4

Epiko (Bantugan)



Matututuhan sa araling ito ang magsuri ng detalye sa teksto para sa kritikal na pag-unawa sa tulong ng epikong bayan na “Bantugan.” Sa tulong ng iba’t ibang gawain maipapakita ang pagsusuri at pagpapahalaga para sa malalim na pag-unawa ng epiko.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang detalye ng teksto para sa mapanuri at replektibong pag-unawa.
- ◇ Nakikilala ang epiko bilang mahalagang uri ng panitikan sa panahon ng katutubo.
- ◇ Naiisa-isa ang mga kultural na elemento (tulad ng wika, norms, artketipo) na nakapaloob sa konteksto ng panahon.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Bantugan ay isang epiko sa Mindanao na nagmula sa isang alamat ng tribu ng mga Mohammedan o ang tinatawag na Moro (Moro ang Espanyol ng Mohammedan or Mussulman) sa Mindanao, partikular sa lambak ng Grande de Mindanao. Ito ay patungkol sa isang prinsipeng Bumbaran na nakikipagsapalaran para sa kaniyang kaharian.

Marami na itong bersiyon at salin. Ang una nitong nasulat na teksto ay noong 1900 ay sa Cotta Bato, Mindanao ni Major Ralph S. Porter.

Epiko ng Mindanao

Bantugan

Buod

1. *Naranasan mo na bang mainggit sa iba?*
2. *Ano ang naging bunga nito?*



Merano, Maranaw o Mëranaw – *people of the lake* o mga tao sa dagat. Kilala sa rehiyon ng mga Muslim sa isla ng Mindanao. Sila ay parte ng mas malawak na katutubong grupo ng Moro.

Sapat ba ang dahilan ni Haring Madali para ipag-utos ito?

Kung ikaw si Prinsesa Datimbang, tutulungan mo rin ba si Prinsipe Bantugan? Bakit?


Si Bantugan ay isang magiting na mandirigma sa epikong-bayang Darangën ng mga Mëranaw. Siya ay kilala sa kaniyang kahariang Bumbaran dahil sa mga naipanalo niyang mga digma at labanan.

Sagisag ng tapang at kakisigan, si Prinsipe Bantugan ay sikat na sikat sa kanilang kahariang Bumbaran lalo na sa mga dalaga. Sinasabing naligawan na niya ang 50 na pinakamagandang prinsesa sa mundo. Dahil dito, lubhang naiinggit sa kaniya ang mas nakatatandang kapatid na si Haring Madali. Ipinagbawal ni Madali na kausapin ng kahit sino ang kaniyang kapatid.

Sa labis na kalungkutan, umalis ng kanilang kaharian si Bantugan hanggang nagkasakit at namatay malapit sa Kaharian ng Lupaing nasa Pagitan ng Dalawang Dagat. Nakita ng hari at ni Prinsesa Datimbang ang katawan ni Bantugan at agad inilapit ang kanilang balita sa pulong ng mga tagapayo. Isang loro ang pumasok at sinabi kung sino at kung saan galing ang patay na manlalakbay.

Nang mabalitaan ito ni Haring Madali, binawi niya ang kaluluwa ng kapatid sa langit upang maibalik sa katawan ni Bantugan. Kumalat ang balita ng kaniyang pagkabuhay hanggang sa kaaway na kaharian at kay Haring Miskoyaw. Sinugod ng kawal ni Miskoyaw ang Bumbaran at nabihag si Prinsipe Bantugan na may nanghihina pang katawan. Nang magbalik ang lakas, pinuksa niya ang hukbo ng kaaway na hari at iniligtas ang buong Bumbaran. Nagkaroon sila ng malaking pagdiriwang at nawala na ang inggit sa puso ni Haring Madali. Matagal at masayang namuhay sa kaharian ng Bumbaran si Prinsipe Bantugan kasama ng mga pinakasalan niyang prinsesa.

Minsan ka na rin bang nawalan ng lakas at muling bumangon para lumaban?




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong kaugnay sa binasang teksto.

1. Saan ang tagpuan ng kuwento?
2. Sino-sino ang tauhan sa akda?
3. Ano ang nangingibabaw na katangian ng pangunahing tauhan?
4. Bakit kilalang-kilala si Prinsipe Bantugan sa kaharian?
5. Kung ikaw si Haring Madali, maiinggit ka rin ba kay Bantugan? Bakit?
6. Paano muling nabuhay si Bantugan? Ito ba ay karaniwan? Ipaliwanag.
7. Isalaysay ang pakikipaglaban at tagumpay ni Bantugan kay Haring Miskoyaw.

- B. **Panuto:** Subukang itala ang iyong obserbasyon o pagsusuri sa teksto gamit ang talahanayan sa ibaba.

KULTURAL NA ELEMENTO NG BANTUGAN	
simbolo	
wika	
kagawian o norm	
pagpapahalaga	




Paglililinaw sa mga Kaalaman

EPIKO

Ang Epiko ay uri ng panitikan na isang mahabang naratibong akda na karaniwang naglalarawan ng pakikibaka at kabayanihan ng mga pangunahing tauhan. Ang mga pangyayari, karanasan, at aral na natutuhan ay mahalagang bahagi ng kulturang ipinapasa sa bawat henerasyon. Ito ay naglalarawan ng kahalagahan ng kultura at identidad ng isang lugar at nagpapahayag ng mga katangiang bumubuo sa kanilang kasaysayan.

Ang salitang epiko ay mula sa salitang Griyegong “epos” na nangangahulugan tula o awit. Ito ay isang mahabang salaysay sa anyong patula na maaaring awitin o isatono. Hango ito sa pasalin-dilang tradisyon tungkol sa mga pangyayaring mahiwaga o kabayanihan at pakikipagtunggali ng mga tauhan. Nagpapakita rin ito ng mga paniniwala, kaugalian, at mithiin ng mga tauhan, at maging ng pinagmulang lunan.



Katangian ng Tauhan sa Epiko


Ang pangunahing tauhan sa epiko ay karaniwang nagtataglay ng mahiwagang kapangyarihan o *supernatural*. Maaaring mayroong katalinuhan na hindi karaniwan sa kaniyang edad, nagmamay-ari ng mahiwagang bagay, alagang hayop na may kakaibang galing, o kaibigang espiritu na gumagabay at nagbibigay kapangyarihan. Itinuturing din na bayani dahil sa pambihirang lakas, kagitingan, husay sa pakikipaglaban, katatagan, pagmamalasakit, tiyaga, paniniwala sa sarili, at magandang pananaw sa buhay.

Ang mga panitikan sa panahon ng katutubo ay laging kabuhol ng kultura. Sa pagsipat ng mga kultural na elemento, narito ang aspektong maaaring suriin:

- Ang **wika** ay maaaring sipatin sa iba’t ibang anyo: pormal at di-pormal, o baryasyon tulad ng wika batay sa heograpiya, paraan ng nagsasalita, sosyokultural, o mga *register* ng wikang ginamit.
- Ang **norms** ay mga karaniwang pamamaraan sa paggawa ng mga gawain sa isang kultura. Tinutukoy rin ito bilang normal o pamantayang kagawian na hindi naman nasusulat subalit nakatala. Madalas itong makita sa mga detalye, halimbawa: ang pagtitig sa kinakausap ay maaaring ituring na tanda ng pagiging tapat at interesado sa ilang kultura.
- Ang pagkilala naman sa mga bagay, pangyayari, tradisyon, at iba pang kaisipang nakaugat sa konteksto ng karanasan ng mga mamamayan at rehiyon ay nasa kultural na elementong **pagpapahalaga**.
- Ang **arketipo** ay kaugnay rin sa **simbolo**. tumutukoy sa mga huwaran, batayan, pagkakatulad o karaniwan sa mga teksto. Kasama nito ang simbolong pauli-ulit na nakikita sa panitikan.

Batay kay Griffith (1982), maraming posibleng uri ng arketipo, mahahati ito sa tatlo:

1. **Tauhan** - mga tauhang madalas na mabasa sa mga kuwento. Ilan sa halimbawa ay mahirap na inaapi ng mga taong nakapaligid sa kaniya, madrastang hindi maayos ang pagtuturing sa anak sa anak ng asawa sa una nitong kasintahan.
2. **Pangyayari** - maaaring makita sa pag-ibig ng tauhan, pagkamatay, pagkabuhay, at iba pang nagaganap na.
3. **Simbolo** - ang mga kulay (pula para sa paglagablab ng galit), panahon (ulan para sa kalungkutan) at iba pang katulad nito.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay na nagtatalakay sa mga arketipo sa epikong Bantugan. Masusi itong talakayin sa pamamagitan ng pagtitimbang ng mga puntong pagsunod o pagtaliwas sa mga huwaran o kagawiang inilatag sa teksto. Maaaring maging gabay ang mga tanong sa ibaba.

1. Kinakailangan bang malakas muna upang maituring na bayani?
2. Mas makapangyarihan ba ang kahariang pinamamahalaan ng mga lalaki?
3. Karapat-dapat bang basehan ng kultura at karanasan ang epiko kung naglalaman ito ng pantasya at kababalaghan?
4. Kung hawak at itinitiwala na sa Panginoon ang buhay, dapat pa bang magpadoktor at gumawa ng paraan upang mabuhay ang isang tao?
5. Mabuti bang basahin o tangkilikin ang mga panitikan sa panahon ng katutubo kahit na nagpapakita ito ng stereotyping (prinsesa na ang gampanin ay maging asawa lamang)?



Paglatag ng Kasanayan

Magpapangkatan ang klase

1. Balikan ang mga pamamaraan sa pagsusuri ng mga detalye ng teksto para sa kritikal na pag-unawa.
2. Muling basahin ang epiko ni Bantugan. Mas makabubuti na bukod sa buod na nasa aklat, masaliksik at mabasa rin ang mas kumpletong bersiyon nito.
3. Itala ang inyong pagsusuri sa bukod na papel. Gamitin ang mga talahanayan sa ibaba.


PAGSUSURI SA EPIKONG BANTUGAN

MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA TEKSTO	
Panahon	
Lunan	
May-akda	

MAHALAGANG ELEMENTO	
Sukat	
Tugma	
Persona	
Tono	
Talinghaga	

MAHALAGANG KAISIPAN	
Pananaw	
Moral	
Katangian ng Tao	
Karanasan ng Tao	

KULTURAL NA ELEMENTO	
Wika	
Norms	
Pagpapahalaga	
Arketipo	



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan ang epiko na nagpapakita ng pakikipagsapalaran ng mga tauhan o bayani. Ang representasyong ipinakikita ng epiko ay bahagi rin ng rehiyunal na yamang pangkarunungan ng mga katutubo na pinahahalagahan hanggang sa kasalukuyan. Nalaman din ang layunin ng teksto na magturo ng mahalagang kaisipan at kultura sa mambabasa. Naiisa-isa rin sa araling ito ang mga kultural na elemento (tulad ng wika, norms, artketipo) na nakapaloob sa konteksto ng panahon.

ARALIN 5

Epiko ni Humadapnan



Sa araling ito malalaman ang kahanga-hangang pakikipagsapalaran ng tauhan sa babasahing epiko. Dito rin malilinig ang kasanayan sa pagpapaliwanag ng ugnayan ng mahalagang teksto sa mga kasalukuyang pangyayari, kasama ng kakayahang sa pagtalakay at paghihinuha.



Layunin

- ◊ Naipaliliwanag ang ugnayan ng mahalagang teksto sa kasalukuyang pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao.
- ◊ Natatalakay ang mga kultural na elemento na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon.
- ◊ Nahihinuha ang kahulugan ng mga simbolo o larawang diwa.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Epiko ni Humadapnan

ni E. Arsenio Manuel

isinafilipino ni Alvin Ramirez

1. Nakapagbasa ka na ba ng mga epiko sa Kabisayaan?
2. Anong katangian ng isang tao ang higit mong hinahangaan?



Ang **pagano** o **paganismo** ay isang hanay ng mga paniniwala na isinasama ang pagsamba sa kalikasan at may mga gawi na naiiba sa mga pinakamalaking relihiyon sa mundo.

Ang **kuta** ay isang lugar na ginawang taguan o kampo ng isang tao o grupo ng tao.

Ang **uliuli** ay ang ipo-ipo sa isang ilog o dagat kung saan ang mga bagay ay maaaring malunod at ito't karaniwang sanhi ng magkasalungat na alon.

Itong mahabang epiko ay nagsasalaysay ng mga pakikipagsapalaran ni Humadapnan, isang bayani ng kulturang paganong Sulod ng Gitnang Panay. Pinakamatandang anak si Humadapnan nina Munsad Burulakaw at Anggay Ginbitinan na parehong nakatira sa bukana ng ilog Panay. Sa pagtuntong sa tamang edad ni Humadapnan, umalis siya dahil hinahangad niya ang kamay ni Nagmalitong Yawa. Bago siya naglayag, pinadugo niya ang kaniyang hinliliit at nilikha niya si Buyong Dumalaplal na naging kaniyang kapatid sa dugo.

Sa daan, pinuwersa ng hindi kilalang lakas ang ginintuang bangka ni Humadapnan patungo sa isang lagusan kung saan may dalawang naglalakihang bato na naghihiwalay at nagdidikit sa loob ng ilang oras. Ang napapanahong pagdating ng kaniyang mga kaibigang espiritu ang nagsalba sa kaniya sa pagkaipit. Mula sa lagusang ito, inanod siya sa isang tahimik na dagat na may maitim at malagkit na tubig. Doon siya nanatili nang ilang linggo. Ang kapangyarihan ng kaniyang *saragudon* (mga espiritong tagapangalaga) ang nagligtas sa kaniya. Sa pagpapatuloy ng kaniyang paglalakbay, dumaan si Humadapnan sa islang Taramban. Tinitirhan ng mga magagandang babaeng pinamumunuan ng mga mangkukulam na sina Sinagkating Bulawan at Simalubay-Hanginun-Simahubokhubokon. Ang matamis at nakaaakit na pagtawag ng magkapatid na babaeng ito ang nag-udyok kay Humadapnan na magbaba ng angkla sa kabila ng babala ng kaniyang kapatid sa dugo na si Dumalaplal. Sa pagpasok niya sa Taramban, dinakip si Humadapnan at naengkanto siya nang pitong taon. Isang hindi kilalang indibidwal ang dumating at nagligtas sa bayani. Nagkataong ito ang nagbalatkayong si Nagmalitong Yawa, na nagpanggap na Nagmaling Diwata. Matapos niyang mapalaya si Humadapnan, naglaho si Nagmalitong Yawa.


Nagpatuloy si Humadapnan sa kaniyang paghahanap sa kaniyang dilag. Dinaanan niya ang lupain ng kadiliman (banwa nga madyaw) kung saan nakita niya ang mga kaluluwa ng mga namayapa na at doon pinasok niya ang isang look kung saan umaagos ang sampung ilog. Nakalabas siya rito sa pagsunod sa isa sa isandaang agos. Sa kaniyang paglalakbay, may mga nakalaban siya. Tinalo niya sina Paglambuhan at Sumagulong, dalawang pambihirang lalaki na naninirahan sa islang bundok sa bukana ng sapa. Napapaligiran ng dagat na may tubig n a parang dugo ang kuta ni Paglambuhan. Mula roon, hinigop ng isang uliuli ang bayani pababa sa kailalimang daigdig kung saan nakipaglaban siya

sa isang dambuhalang halimaw na walo ang ulo. Nilisan niya ang lugar na ito sa pamamagitan ng pagdaan sa kanal na pinamamahayan ng mga malalaking ahas.

Pagkalipas ng ilang taon, nakarating siya sa Ilog Halawod at pinakasalan niya si Nagmalitong Yawa. Sa gitna ng pagdiriwang, isang hindi kilalang kalaban ang bumaba mula sa kalawakan at tinangay nito si Nagmalitong Yawa. Habang sakay ng kaniyang kalasag, hinabol ni Humadapnan ang kalaban, inabutan niya ito malapit sa kalawakang daigdig. Nagtuos sila nang pitong taon kung saan walang nakalamang sa kanila.

Sa puntong ito, si Launsina, diyos ng kalawakang daigdig ay bumaba mula sa kaniyang tirahan at namagitan sa dalawa. Ipinaliwanag niya na ang kalaban ni Humadapnan ay ang kaniyang kapatid na si Amurutha, na napaaga ang kapanganakan at siya ang nagdala sa katawan nito sa kalawakang daigdig upang buhayin muli. Upang ayusin ang hidwaan sa pagitan ng dalawa, hinati pahaba sa dalawa ni Launsina ang katawan ni Nagmalitong Yawa. Naging buong babaeng nilalang ang magkabilang bahagi. Ang isa ay naging asawa ni Humadapnan, at ang isa, si Amurutha. Si Humadapnan, kasama ang kaniyang asawa ay bumaba sa daigdig upang manirahan doon at sila ang naging ninuno ng mga taong Sulod.

Kasama ng epiko ng Labaw Donggon, isa ito sa mga epikong nakaugnay sa isla ng Panay. Isang kilalang antropologo, F. Landa Jocano ang nagtala nito. Ang Epikong ng Humadapnan ang ikalawa nang epiko na mas maigsi kaysa nauna. Ang kabuoan nito ay mayroong 53,000 linya.



Pagtatagpi ng Talino


A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong kaugnay sa binasang teksto.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa binasang epiko?
- 2-3. Sino ang mga magulang ni Humadapnan?
4. Ano ang hinahangaan mong ugali ni Humadapnan? Bakit?
5. Bakit nakipagsapalaran si Humadapnan upang hanapin si Nagmalitong Yawa?
6. Pagkalipas ng ilang taon, saan nakarating si Humadapnan at pinakasalan si Nagmalitong Yawa?
7. Anong lupain ang dinaanan ni Humadapnan kung saan nakita niya ang mga kaluluwa ng mga namayapa na at doon pinasok niya ang isang look kung saan umaagos ang sampung ilog?
8. Sino ang diyos ng kalawakang daigdig?
9. Ano ang ginawa ng diyos ng kalawakang daigdig kay Nagmalitong Yawa?
10. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni Humadapnan na hanapin si Nagmalitong Yawa? Bakit?

- B. **Panuto:** Pumili ng isang pangyayari mula sa binasang “Ang Epiko ni Humadapnan” at sumulat ng isang sanaysay tungkol sa pagkakatatulad na pangyayari nito sa kasalukuyan.

PANGYAYARI SA EPIKO:

PAGKAKATULAD NA PANGYAYARI SA KASALUKUYAN:



Paglilinaw sa mga Kaalaman

PAGLALARAWAN NG MGA NATATANGING ASPEKTONG PANGKULTURA

Ang kultura o kalinangan ay ang kabuoang kaisipan, kaugalian, at tradisyon ng isang bayan. Ito ay binubuo ng mga katangian at paniniwala mula pa sa mga katutubo. Hinuhubog nito ang pagkakakilanlan, kaisahan, at kamalayan ng isang bayan o bansa. Mayroong dalawang uri ng Kultura:

1. **Materyal** – ito ay ang kinabibilangan ng mga bagay na nakikita sa paligid at mga bagay na nilikha na nahahawakan. Masasabi ring ang pagkain ay isang materyal na kultura dahil naipapakita nito ang paniniwala o mismong kultura ng isang pangkat o grupo ng tao. Tulad na lamang ng damit, alahas, gusali, tirahan, at iba pa.




[https://commons.wikimedia.org/wiki/
File:Filipino_Food.jpg](https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Filipino_Food.jpg)

2. **Di-materyal** - ito ay binubuo ng mga hindi nahahawakan ngunit naobserbahan sa isang lipunan at binubuo ng mga kaisipan at damdamin. Tulad na lamang ng pamahalaan, edukasyon, kaugalian o tradisyon, paniniwala o pamahiin, at iba pa.



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Bayanihan_2.JPG

Ano-anong mga materyal di-materyal na kultura ang iyong nakita sa akda?



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Ikumpara si Humadapnan sa isang sikat na karakter o sa iyong sarili. Gamitin sa pagsusuri ang kasalukuyang pananaw, moral, katangian, at karanasan ng nabanggit na indibidwal. Maaari rin itong gawing pagtatanghal ng monologo.

PANANAW

MORAL



KATANGIAN

KARANASAN



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Sa tulong ng iyong kapangkat, suriin ang kultural na elementong nakapaloob sa binasang akda batay sa konteksto ng panahon. Magbigay ng halimbawa mula sa akda at ipaliwanag ang mga ito. Gamitin ang grapikong pantulong sa ibaba.



Pagsasalansan

Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain, napaunlad ang kaalaman upang masuri ang detalye ng tekstong binasa, nalaman din ang mahahalagang ginagampanan ng epiko sa panitikang Filipino tulad ng pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan, pagpapalaganap ng mga aral at pananaw, kasama ng pagpapayabong ng wika. Sa huli nagpapakita ang kamulatan dito ng identidad at pambansang karangalan. Ang mga nabanggit ang nagbibigay ng inspirasyon at patuloy na pagsasabuhay dito bilang mahalagang yaman ng panitikan ng bansa.

ARALIN 6

Tekstong Ekspositori- Panahon ng Katutubo

Sa araling ito ay itatampok ang tekstong ekspositori na ang layunin ay magbigay ng mga tiyak na impormasyon at detalye tungkol sa isang natatanging paksa. Matututuhan ng mag-aaral ang mga impormasyon patungkol sa Panahon ng Katutubo: Paggalang sa Ating Kasaysayan at Kultura. Ang mga gawain naman sa aralin ay lilinang sa malikhain at pag-unawa sa tekstong ekspositori gamit ang kasanayang pang-akademik.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.
- ◇ Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon.
- ◇ Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye sa tulong ng estilo at kaangkupan ng salita o ideya.
- ◇ Nakagagamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal sa pagsulat ng tekstong impormasyunal.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang pre-kolonyal sa ating pamana

1. *Ano ang kahalagahan ng pagsusuri sa pag-unawa sa ating kultura at kasaysayan?*
2. *Ano ang iyong alam tungkol sa ating kasaysayan?*

Madrileña de la Cerna (May 19, 2018 -Cebu Daily Inquirer) <https://cebudailynews.inquirer.net/175782/pre-colonial-heritage>

Salin sa Filipino

Ang Mayo ay Buwan ng Pambansang Pamana at isa sa mga pangunahing kaganapan upang ipagdiwang. Ito ay ang Gabii sa Kabilin na ginaganap tuwing huling Biyernes ng Mayo.

Pre-kolonyal – Isang panahon sa kasaysayan ng isang lugar bago pa ito maimpluwensiyahan o masakop ng mga dayuhan.

Balangay – isang uri ng tradisyonal na Pilipinong bangka na ginagamit sa paglalayag at pangisda

Ang tema ng 2018 Gabii sa Kabilin ay Balangay bilang paghahanda para sa ika-limandaang anibersaryo ng ekspedisyon ni Magellan sa 2021. Ang temang pre-kolonyal ay napakaangkop bilang pag-asa sa pangyayari ng 2021 dahil ang pre-kolonyal ay ang pinakakaunting pinag-aralang bahagi ng ating kasaysayan, ang pinakakaunting pinahahalagahang aspekto ng ating kultura, ang nakalimutang bahagi ng ating pamana. Gayunpaman, ang pre-kolonyal ay ang ugat ng ating pagkakakilanlan.

Ang pagtingin sa panahon bago dumating si Magellan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na muling tuklasin at pag-isipan kung paano natin dapat pag-aralan ang pre-kolonyal na bahagi ng ating kasaysayan. Isa sa pinakamahasag na mapagkukunan upang maisakatuparan ito ay ang aklat ni William Henry Scott na “Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society” (1994) at dapat basahin ito ng bawat estudyante at guro. Ang aklat ay may dalawang bahagi, ang Unang Bahagi ay tungkol sa Visayas at ang Ikalawang Bahagi ay tungkol sa Mindanao at Luzon. Ang bahagi tungkol sa Visayas ay may walong kabanata na nagbibigay-kaalaman at nag-uudyok ng pag-iisip.




Ang seksyon tungkol sa Visayas ay bumubuo ng pinakamalaking bahagi ng aklat. Iba’t ibang paksa ang tinatalakay sa aklat. Ang seksyon tungkol sa Visayas ay tinalakay ang pisikal na anyo, pagkain at pagsasaka, kalakalan at komersyo, relihiyon, panitikan at libangan, agham pangkalikasan, organisasyong panlipunan, at pakikidigma. Higit pa sa saklaw ng mga paksa ang detalyadong pagtalakay sa mga ito. Sa ilalim ng pamagat ng pisikal na anyo ng Visayan, inilalarawan at sinuri ng aklat ang dekorasyong dentistry, paghubog ng bungo, penis pins, pagtutuli, butas sa tainga, buhok, damit, alahas, at pagtatatu. Ang pagtrato sa bawat item ay umaabot hangga’t pinapayagan ng mga dokumento. Sa kaso ng pagtatatu, sinuri ni Scott ang iba’t ibang aspekto ng kaugalian tulad ng kung sino ang may mga tatu; paano, kailan, at saang bahagi ng katawan ito inilalagay; sino talaga ang naglalagay ng mga ito; ano ang mga rehiyonal na pagkakaiba; anong panganib sa kalusugan ang dala nito. Pinakamahalaga sa lahat, ipinaliwanag ng may-akda kung ano ang kahulugan ng mga tatu sa lipunan.

Kung ang impormasyon na tinipon ni Scott sa kanyang aklat ay kumakatawan sa sinabi ng mga Espanyol tungkol sa mga katutubo, malinaw na marami silang sinabi - sa pinakamababa, higit pa sa karaniwang inaakala. Maaaring sabihin na maingat na tinandaan ng mga Espanyol ang mga detalye sa katutubong mundo upang mas lubusang masira o mabago ang katutubong

kultura. Ang mga Espanyol ay nagtipon ng datos na ngayon ay nagbibigay-daan sa atin upang subukang ilarawan ang katutubong mundo.

Ang mga dokumentong Espanyol ay produkto ng kolonyal na makinarya. Sa aklat na ito, seryosong tinuring ni Scott ang lahat ng magagamit na teksto sa mga lokal na wika na, sa kabila ng kanilang pinagmulang Espanyol, ay katutubo sa pinakapangunahing kahulugan. Ang mga katutubo ay ang mga paksa ng pag-aaral at kolonyal na interbensyon. Gayunpaman, nananatili silang mga paksa rin, dahil sila ang sa unang pagkakataon ay nagsalita ng mga wika na ginamit ng mga misyonero. Ang mga dokumento ay nagpapanatili sa katutubong paggamit ng wika ng katutubong mundo.

Misyonero – isang tao o indibidwal na naglalayong magpakalat ng relihiyosong pananampalataya o mensahe ng kanyang relihiyon sa iba't ibang lugar o kultura




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Paano nakatutulong ang pagdiriwang ng Gabi isa Kabilin sa pagpapahalaga at pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa ating pre-kolonyal na pamana?
2. Ano ang kahalagahan ng pagpili ng tema na Balangay bilang paghahanda para sa ika-limandaang anibersaryo ng ekspedisyon ni Magellan sa 2021?
3. Sa anong paraan ang pag-aaral at pag-unawa sa pre-kolonyal na bahagi ng ating kasaysayan ay makatutulong sa paghubog ng ating pambansang pagkakakilanlan?
4. Bakit mahalaga ang aklat na “Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society” sa pag-aaral ng pre-kolonyal na Pilipinas?
5. Ano ang mga natatanging katangian ng pisikal na anyo at kultura ng mga Visayan na inilarawan sa aklat ni Scott?
6. Paano nakaimpluwensya ang kolonyalismo, partikular ang mga dokumentong Espanyol, sa pag-aaral at pagpapanatili ng katutubong kultura at wika ng Pilipinas?
7. Ano ang kahalagahan ng pagpapanatili at pag-aaral ng mga katutubong wika at dokumento sa pag-unawa sa ating pre-kolonyal na kasaysayan at kultura?

- B. **Panuto:** Magtala ng limang mahalagang impormasyon kaugnay sa tekstong binasa.



Paglilinaw sa mga Kaalaman

TEKSTONG EKSPOSITORI

Ang tekstong ekspositori ay isang uri ng teksto na ang layunin ay magbigay ng mga tiyak na impormasyon at detalye tungkol sa paksa. Ang layunin nito ay magpaliwanag. Narito ang ilang mahahalagang katangian ng tekstong ekspositori:

- **Impormatibo** – layunin nitong magbigay ng kaalaman sa mga mambabasa tungkol sa isang tiyak na paksa. Halimbawa, ito ay maaaring tungkol sa agham, kasaysayan, teknolohiya, o anumang paksa na nangangailangan ng paliwanag.
- **Organisado at malinaw** – mahalaga ang malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Gumagamit ito ng lohikal na organisasyon upang mas madaling maunawaan ng mambabasa ang paksa.
- **Batay sa katotohanan** – ang impormasyong nakapaloob sa tekstong ekspositori ay batay sa mga totoong datos at impormasyon.
- **Gumagamit ng iba't ibat paraan ng pagpapaliwanag** – maaaring gamitin ng tekstong ekspositori ang paghahambing at pagtutulad, pagbibigay depinisyon, paglalahad ng sanhi at bunga, at iba pang estratehiya.
- **May layuning magturo** – ang pangunahing layunin ng tekstong ekspositori ay ang magbigay-kaalaman, hindi ang mang-alIW o manghikayat.

Mga Elemento ng Tekstong Ekspositori:

- **Mayroong katotohanan at Malawak na Kaalaman sa Paksa** – totoo ang mga impormasyong nasaliksik, sariling kaalaman, maging ang mga sanggunian kaugnay sa paksa.

a. Mahahalagang Ideya

Maaari rin itong tumukoy sa paksa at layon ng teksto. Ang pangunahing konsepto o mga aral na ipinapahayag sa isang teksto. Ito ang esensya o pangunahing mensahe na nais iparating ng may-akda.

Sa konteksto ng pre-kolonyal na pamana, ang mahahalagang ideya ay maaaring kabilang ang kahalagahan ng pagpapanatili ng ating kultural na kasaysayan, ang pag-unawa sa impluwensya ng kolonyalismo, at ang pagpapahalaga sa ating natatanging pagkakakilanlan bilang isang bansa.

b. Detalye

Mga impormasyon o katotohanan na sumusuporta sa mahahalagang ideya. Ito ang mga halimbawa, paliwanag, datos, o anumang espesipikong impormasyon na nagbibigay-linaw at nagpapalalim sa pang-unawa sa mga mahahalagang ideya.

Sa konteksto ng pre-kolonyal na pamana, ang mga detalye ay maaaring ang paglalarawan ng mga rituwal, paniniwala, at sistema ng lipunan noong pre-kolonyal na panahon, o ang mga partikular na sipi mula sa aklat ni William Henry Scott.

c. Kaangkupan ng Salita

Ang paggamit ng angkop na bokabularyo at istilo ng pagpapahayag na naaayon sa tema at layunin ng teksto. Ito ay mahalaga upang matiyak na ang mensahe ay malinaw at epektibong naiparating sa mga mambabasa o tagapakinig.

Sa konteksto ng pre-kolonyal na pamana, ang kaangkupan ng salita ay nangangahulugan ng paggamit ng mga terminolohiyang may kinalaman sa kasaysayan, kultura, at lipunan, at ang pagsasaalang-alang sa kontekstuwal at kultural na sensitibidad ng paksa.

- **Buo ang diwa at may kaisahan** - mula simula hanggang wakas ay dapat magkakaugnay ang mga detalyeng nakalagay.

a. Estilo

Ito ang paraan ng pagpapahayag ng isang may-akda o tagapagsalita. Ito ay kinabibilangan ng paggamit ng wika, tono, estruktura, at iba pang mga elemento na nagpapakita ng indibidwalidad at kakaibang

karakter ng teksto. Sa konteksto ng akademikong pagsulat o sa pagsusuri ng mga tekstong pangkasaysayan, ang estilo ay maaaring mas pormal at nakatuon sa malinaw at lohikal na pagpapahayag ng impormasyon. Mahalaga ang estilo dahil ito ang nagtatakda ng tono at nagbibigay ng diin sa mga mahahalagang punto sa isang diskurso.

b. Transisyonal at Kohesiyong Gramatikal

Paggamit ng mga salita, parirala, at estruktura ng pangungusap na nagbibigay-daan sa malinaw at maayos na daloy ng mga ideya sa isang teksto.

- **Transisyonal**

Ang mga salitang transisyunal at mga parirala ay tulay na nagkokonekta ng mga ideya at seksyon sa isang teksto. Nagbibigay ito ng direksyon sa mambabasa kung paano nauugnay ang mga ideya sa isa't isa.

Halimbawa ng mga salitang transisyonal ay “samakatuwid,” “bukod dito,” “sa kabilang banda,” atbp.

- **Kohesiyong Gramatikal**

Paggamit ng gramatika upang mapanatili ang kalinawan at konsistensya sa teksto. Kasama rito ang wastong paggamit ng mga pang-ugnay, pangatnig, at iba pang mga bahagi ng pananalita na tumutulong sa pagkakaroon ng lohikal na ugnayan sa pagitan ng mga pangungusap at talata.

Halimbawa:

Ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang uri ng hayop at halaman. Sa kabila nito, marami sa mga ito ay nanganganib na mawala dahil sa ilegal na pangangaso at pagkasira ng kanilang tirahan. Ang pamahalaan, kasama ang mga lokal na komunidad, ay nagsisikap na protektahan ang mga nasabing species. Ang kanilang mga hakbang ay kinabibilangan ng pagtatayo ng



mga protektadong lugar at ang pagpapatupad ng mga batas laban sa ilegal na panghuhuli ng mga hayop. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, umaasa ang mga eksperto na mapapabagal ang pagkawala ng *biodiversity* sa bansa.

Paliwanag

Sa halimbawang teksto, makikita ang kohesiyong gramatikal sa pamamagitan ng mga sumusunod:

Paggamit ng Mga Panghalip


Ang salitang “ito” sa pangalawang pangungusap ay tumutukoy sa yaman ng Pilipinas sa hayop at halaman, na binanggit sa unang pangungusap. Ito ay nagbibigay ng direkta at malinaw na koneksyon sa pagitan ng dalawang pangungusap.

Paggamit ng Mga Pangatnig at Transitional Devices

Ang paggamit ng salitang “Sa kabila nito,” “Ang pamahalaan, kasama ang mga lokal na komunidad,” at “Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito,” ay nag-uugnay sa mga ideya sa bawat pangungusap, nagpapakita ng kausalidad at resulta.

Pagsunod ng Ideya

Ang pagkasunod-sunod ng mga pangungusap mula sa paglalarawan ng problema (pagkawala ng *biodiversity*) hanggang sa mga hakbang na ginagawa para malutas ito (proteksyon at batas) ay nagpapakita ng lohikal na daloy ng ideya.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Magsulat ng isang tekstong impormasyunal o ekspositiri na naglalaman ng mga pagninilay tungkol sa kahalagahan ng panahon ng katutubo sa Pilipinas. Lagyan ito ng pamagat.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Suriin ang tekstong impormasyunal na binasa (Ang pre-kolonyal sa ating pamana). Itala ang nasiyasat batay sa mga aspekto sa ibaba. Ipresenta sa klase ang mga sagot pagkatapos.

Paksa


Layon

Mahahalagang Ideya

Kaangkupan ng mga

Estilo

Transisyonal at
kohesiyong gramatikal



Pagsasalansan

Ang panahon ng katutubo ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagmamahal at pag-aaruga sa ating kasaysayan at kultura. Ito ay isang yaman na dapat nating ingatan at ipagmalaki, at ang pag-aaral nito ay nagbibigay-daan para sa mas mataas na kamalayan at pagpapahalaga sa mga yaman ng bayan.

ARALIN 7

Tekstong Multimodal-Komiks



Sa araling ito, malalaman ang pinagmulan at kasaysayan ng komiks sa Pilipinas. Malalaman din ang iba't ibang elemento ng tekstong biswal katulad ng mga istrip, ilustrasyon ng tauhan, dayalog, *caption*, *sound effects*, pabalat o *cover*, *panel*, *gutter*, tema at disenyo. Layunin nitong matalakay ang bawat aspekto at elementong may kaugnayan sa komiks.



Layunin

- ◇ Naiisa-isa ang elementong biswal ng tekstong: teknikal at estereotipo.
- ◇ Nakabubuo ng borador ng disenyo at pabalat ng comic book brochure gamit ang elementong biswal.
- ◇ Nakasusulat ng sanaysay tungkol sa pangyayari sa buhay ng isang tauhan at proseso ng paglikha ng sanaysay.



Paghahabi ng Kaalaman

Kasaysayan ng Komiks sa Pilipinas

1. Nakapagbasa ka na ba ng komiks?
2. Ano ang kadalasang nilalaman nito?

Ang komiks ay isang uri ng sining at literatura na ang mga kuwento ay ipinapahayag sa pamamagitan ng magkakasunod na larawan, kadalasang sinasamahan ng teksto. Ang teksto ay maaaring nasa loob ng mga kahon ng usapan (*speech balloons*) o sa mga *caption* na naglalarawan ng mga pangyayari o nagbibigay ng konteksto. Narito ang ilang mahahalagang aspekto ng kahulugan ng komiks:

- Pagkakasunod-sunod ng mga larawan
- Pagsasama ng teksto at larawan
- *Diversity* ng genre at estilo
- Pangkulturang Impluwensiya

Genre – Ito ay ginagamit upang tukuyin ang iba't ibang kategorya o uri ng mga likha o akda, tulad ng mga akdang pampanitikan, pelikula, musika, at iba pa

- Interaktibong Pagbabasa
- Pormat at publikasyon

Halaw –
Ipinapahayag
ang inspirasyon
o pinagmulan
ng isang akda o
likha.

Sinasabing ang bayaning si Dr. Jose Rizal ang kauna-unahang Filipino na gumawa ng komiks. Noong 1884 inilathala sa magasing “Trubner’s Record” sa Europa ang komiks strip niya na “Pagong at Matsing.” Ito ay halaw ng bayani mula sa isang popular na pabula sa Asya. Ang pangyayari na ito ay nagmarka sa pormal na pagsisimula ng pambatang literaturang Pilipino.

Mga Elementong Biswal (Teknikal)

Ang pag-unawa sa mga elementong biswal ay mahalaga sa sining, disenyo, at iba pang mga larangan na nangangailangan ng visual expression.

Narito ang paglalarawan sa bawat isa sa mga pangunahing elemento:



1. Laki (Size)

Tumutukoy ito sa sukat ng isang bagay sa loob ng isang komposisyon. Ang laki ay maaaring magbigay ng diin, magpakita ng relasyon sa pagitan ng mga elemento, at makaimpluwensya sa persepsyon ng manonood at mambabasa sa kahalagahan ng isang elemento.

2. Espasyo (Space)

Ito ang lugar na nakapalibot sa mga bagay. Ang paggamit ng espasyo ay nakatutulong sa paglikha ng balanse at estruktura sa isang komposisyon.

Mayroong dalawang uri:

- positibong espasyo (ang aktuwal na bagay)
- negatibong espasyo (ang espasyo sa paligid at sa pagitan ng mga bagay)

3. Kulay (Color)

Isa sa pinakamakapangyarihang elemento ng biswal na sining. Ang iba’t ibang kulay ay may iba’t ibang epekto sa emosyon at persepsyon. Kasama sa pag-aaral ng kulay ang *hue* (aktwal na kulay), *saturation* (kadalisan ng kulay), at *value* (liwanag o dilim ng kulay).

4. Linya (Line)

Maaaring tuwid, kurbado, zigzag, pahaba, o pahalang. Ang mga linya ay ginagamit upang

magbigay direksyon, hatiin ang espasyo, lumikha ng hugis, at magbigay ng *texture* at *depth*.


5. Anyo (Form)

Tumutukoy ito sa 3-dimensional na aspekto ng mga bagay. Kabilang dito ang *volume* (gaano kalaki ang espasyo na okupado ng bagay) at *perspective* (kung paano namin nakikita ang bagay sa espasyo).

6. Imahen (Image)

Ito ang representasyon ng mga bagay sa isang *visual* na *format*. Kasama rito ang mga litrato, guhit, *graphics*, at iba pang uri ng *visual* na representasyon.

Ang bawat isa sa mga elementong ito ay may kanya-kanyang gampanin sa paglikha ng isang epektibo at makabuluhang komposisyon sa biswal na sining. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga elementong ito, maaaring lumikha ang mga *artist* at *designer* ng malinaw at makapangyarihang *visual* na mensahe.



Pagtatagpi ng Talino


A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Ano ang kahulugan ng komiks?
- 2-4. Magbigay ng mahahalagang aspekto ng kahulugan ng komiks.
5. Ano ang kauna-unahang komiks istrip sa Pilipinas?
6. Noong _____ inilathala sa magasing "Trubner's Record" sa Europa.
7. Sa iyong pananaw, ano ang kahalagan ng komiks bilang akda sa Pilipinas?

B. **Panuto:** Subukan gumuhit ng mga tauhan, bagay, o pangyayari na magpapakita ng elementong biswal.

Laki	Espasyo	Kulay

Linya	Anyo	Imahen



Paglililinaw sa mga Kaalaman

ELEMENTO NG TEKSTONG BISWAL NA COMIC BOOK

Ang mga comic book ay isang anyo ng sining biswal at panitikan, ito ay binubuo ng iba't ibang elemento na nagtutulungan upang maglahad ng kuwento sa isang natatanging paraan.

Narito ang mga pangunahing elemento ng isang comic book:

1. Istrip (Strip)

Ang serye ng magkakaugnay na panels o frames na bumubuo sa isang comic book. Ang bawat istrip ay maaaring maglaman ng isang eksena o bahagi ng kuwento.

2. Ilustrasyon ng Tauhan (Character Illustration)

Ang biswal na representasyon ng mga tauhan sa kuwento. Mahalaga ang detalyadong ilustrasyon upang maipakita ang personalidad, emosyon, at paggalaw ng bawat tauhan.

3. Dayalog (Dialogue)

Ang mga usapan ng mga tauhan na karaniwang nasa loob ng *speech balloons*. Mahalaga ang dayalog sa pagbuo ng karakter at sa pag-usad ng kuwento.

4. Caption

Mga teksto na nagsasalaysay o nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa eksena o kuwento. Maaari rin itong gamitin para sa internal na *monologue* ng isang tauhan.

5. Pagpili ng font at estilo

Ito ay mahalaga sa komiks. Ang bawat tipo ng letra ay nagbibigay ng iba't ibang emosyon at tono.

6. **Sound Effects (SFX)**

Ang biswal na representasyon ng tunog sa *comic book*. Ginagamit ito upang magbigay buhay sa mga aksyon at eksena (halimbawa, “BANG!” para sa putok ng baril).

7. **Pabalat (Cover)**

Ang harapan ng *comic book* na karaniwang naglalaman ng pamagat at makulay na *artwork*. Mahalaga ito sa paghikayat sa mambabasa na piliin at basahin ang *comic book*.

8. **Tupi o fold**

Ang disenyo ng pagkakatupi ng isang *comic book* ay may malaking epekto sa kung paano ito babasahin. Ang tradisyunal na binding ay maaaring magdulot ng pagkawala ng ilang detalye sa gitna ng libro, kaya mahalaga ang pagkakaplanong mabuti ng *layout* lalo na sa mga pahinang magkaharap.

9. **Panel**

Ang indibidwal na mga “kahon” kung saan nakapaloob ang mga eksena o mga bahagi ng kuwento. Ang bawat panel ay isang hiwalay na eksena o sandali.

10. **Gutter**

Ang espasyo sa pagitan ng mga panel. Kahit walang laman, mahalaga ang gutter sa pacing ng kuwento at sa pagbibigay ng espasyo para sa imahinasyon ng mambabasa.

11. **Tema (Theme)**

Ang pangunahing ideya o mensahe ng *comic book*. Maaari itong maging isang moral na aral, isang partikular na konsepto, o isang emosyonal na karanasan.

12. **Disenyo (Design)**

Ang pangkalahatang aesthetic at layout ng *comic book*. Kasama rito ang pagpili ng kulay, estilo ng pagguhit, at pag-aayos ng mga panel at pahina.

Ang mga elementong ito, kapag pinagsama-sama, ay nakabubuo ng isang kumpletong obra na hindi lamang nakakapag-aliw kundi nagbibigay rin ng makabuluhang karanasan sa mambabasa.

tema at disenyo

caption

tupi/fold



ilustrasyon ng tauhan

dayalogo (font)

strip

gutter

panel



cover

ESTEREOTIPO

Ang estereotipo ay tumutukoy sa pagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang tao o bagay base sa ilang paniniwala. Sa konseptong ito ay may katangiang nilalaan sa mga pangkat ng tao na batay sa kasarian, lahing bansang pinagmulan at iba pang dahilan.

Narito ang ilang halimbawa ng estereotipo batay sa iba't ibang kategorya:

1. Uri (Social Class)

Maaaring may mga estereotipo na nagpapalagay na ang mga tao mula sa mababang antas ng lipunan ay tamad o walang ambisyon, samantalang ang mga mayayaman ay itinuturing na arogante o walang pakialam sa iba.



2. Kasarian (Gender)

Mga estereotipo tulad ng pagtingin na ang mga babae ay natural na mas emosyonal at mahina sa matematika, habang ang mga lalaki ay itinuturing na mas agresibo at mas magaling sa agham.



3. Edad (Age)

Halimbawa, ang mga matatanda ay madalas na itinuturing na hindi gaanong kakayahan sa teknolohiya, samantalang ang mga kabataan ay itinuturing na walang ingat at walang karanasan.



4. Etnisidad (Ethnicity)

Mga estereotipo tulad ng pag-iisip na ang isang partikular na etniko o lahi ay may natural na katangian o kakayahan, halimbawa, ang pagtingin sa mga Asyano na natural na magaling sa agham at matematika.



5. **Pangkat (Group)**

Maaaring may estereotipo sa iba't ibang grupo tulad ng mga atleta (palaging matapang), mga nerd (antisosyal), o mga artista (hindi praktikal).



6. **Antas ng Pamumuhay (Socio-economic Status)**

Ang mga tao mula sa mababang antas ng ekonomiya ay maaaring ituring na hindi edukado o walang kultura, habang ang mga mayayaman ay itinuturing na matagumpay sa lahat ng aspekto.

7. **Diaspora**

Ang mga estereotipo sa mga taong nagmula sa ibang bansa o kultura, tulad ng pag-iisip na ang mga imigrante ay hindi kayang umangkop sa bagong kultura o hindi sapat ang kanilang kaalaman sa lokal na wika.




8. **PWD (Persons With Disabilities)**

Mga estereotipo tulad ng pag-iisip na ang lahat ng taong may kapansanan ay nangangailangan ng awa o hindi kayang maging produktibo sa lipunan.



Ang mga estereotipo ay madalas na nagreresulta sa maling pag-unawa, diskriminasyon, at hindi pagkakapantay-pantay. Iniiwasan ito sa panitikan, ganoon pa man, upang mabigyan ng konteksto ang pahayag o mga tauhan, kung minsan ay nagkakaroon ng mga ganitong katangian ang mga karakter. Mahalaga na maging kritikal sa ating mga pananaw at palaging maghangad na makilala ang bawat indibiduwal bilang natatangi at may sariling kakayahan at karakter, hindi base sa simplistikong mga kategorya.




Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Magsulat ng isang tekstong impomasyunal o eksposituri na naglalaman ng mga pagninilay tungkol sa kahalagahan ng panahon ng katutubo sa Pilipinas. Lagyan ito ng pamagat.

GAP onion

TRANSPLANTING (May ga- Onion?)




Uri	
Kasarian	
Edad	
Etnisidad	
Pangkat	
Antas ng Pamumuhay	
Iba pa	



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magpangkatan.

1. Bumuo ng maikling komiks at pabalat nito na tungkol sa pagiging magiting ni Bantugan sa epikong binasa. Isaalang-alang ang mga elemento ng tekstong biswal sa pagbuo. Gawin ito sa bukod na papel.
2. Pagkatapos na magawan ng borador ang komiks, itala ang mga obserbasyon o pagsusuri rito kaugnay sa elementong biswal. Gawin itong dyornal ng proseso kaugnay sa pagkakalikha ng komiks.
3. Magsulat din ng sanaysay kaugnay sa pangyayaring nagawan ng komiks.



Pagsasalansan

Natutuhan sa araling ito ang kasaysayan ng komiks at mga elementong biswal na nakatutulong sa akdang pampanitikan na may kasamang ilustrasyon. Ang mga biswal na elemento ay nagbibigay-buhay sa kuwento.

Gawain sa Pagganap

Paggawa ng Komiks, Journal ng Proseso, at Sanaysay

1. Bumuo ng maikling komiks at pabalat nito na tungkol sa pagiging magiting ni Bantugan sa epikong binasa. Isaalang-alang ang mga elemento ng tekstong biswal sa pagbuo. Gawin ito sa bukod na papel.
2. Pagkatapos na magawan ng borador ang komiks, itala ang mga obserbasyon o pagsusuri dito kaugnay sa elementong biswal. Gawin itong dyornal ng proseso kaugnay sa pagkakalikha ng komiks.
3. Magsulat din ng sanaysay kaugnay sa pangyayaring nagawan ng komiks sa isang talahanayan

Ang rubrik na ito ay dinisenyo para masukat ang kalidad ng maikling komiks tungkol sa pagiging magiting ni Bantugan, ang journal ng proseso ng paggawa, at ang sanaysay kaugnay sa pangyayaring nagawan ng komiks.

Rubrik:

Kraytirya	Mahusay (4-5 puntos)	Katamtaman (2-3 puntos)	Nangangailangan ng Pagpapabuti (0-1 puntos)
Komiks: Paglalarawan ng Tauhan at Kuwento	Malinaw at detalyado ang paglalarawan kay Bantugan at sa kaniyang mga pakikipagsapalaran. Ang kuwento ay nakakakuha ng interes at may malalim na pag-unawa sa epiko.	Ang paglalarawan kay Bantugan at sa kuwento ay may kakulangan sa detalye o hindi ganap na nakakakuha ng interes. May pag-unawa sa epiko ngunit hindi malalim.	Kulang o hindi angkop ang paglalarawan kay Bantugan at sa kuwento. Limitado o walang pag-unawa sa epiko.
Komiks: Paggamit ng Elementong Biswal	Mahusay na paggamit ng laki, kulay, linya, espasyo, at iba pang elementong biswal na nakatutulong sa pagpapahayag ng kuwento at emosyon.	Katamtamang paggamit ng mga elementong biswal na may ilang bahagi ng kuwento at emosyon na hindi ganap na nailarawan.	Mahinang paggamit ng mga elementong biswal. Hindi epektibo sa pagpapahayag ng kuwento at emosyon.

Journal: Pagsusuri sa Proseso ng Paglikha	Malalim at kritikal na pagsusuri ng proseso ng paglikha. Nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa mga desisyon sa disenyo at ang kanilang epekto sa kuwento.	Sapat na pagsusuri ng proseso ngunit may kakulangan sa lalim o kritikal na pagsusuri. Ilang aspekto ng disenyo ay hindi ganap na naipaliwanag.	Mababaw o limitadong pagsusuri ng proseso ng paglikha. Kakulangan ng pag-unawa sa mga desisyon sa disenyo.
Sanaysay: Paglalahad ng Pangyayari	Malinaw, organisado, at may malalim na pag-unawa sa mga pangyayaring nagawan ng komiks. Magandang paggamit ng wika at estilo sa pagsulat.	Sapat na paglalahad ng pangyayari ngunit may mga bahagi na hindi ganap na naipaliwanag o hindi organisado. Katamtamang paggamit ng wika at estilo.	Mahinang paglalahad ng pangyayari. Hindi organisado at may malaking kakulangan sa pag-unawa sa mga pangyayaring nagawan ng komiks. Mahinang paggamit ng wika at estilo.
Kabuuang Kalidad at Kreatibidad	Mataas na antas ng kreatibidad at orihinalidad. Epektibong nagpapakita ng kabuuang kahusayan sa lahat ng aspeto ng gawain.	Katamtamang antas ng kreatibidad at orihinalidad. May ilang bahagi ng gawain na hindi ganap na nakakamit ang mataas na kalidad.	Limitado ang kreatibidad at orihinalidad. Maraming aspekto ng gawain ang hindi umabot sa inaasahang kalidad.

Tala:

- Ang bawat kraytirya ay bibigyan ng puntos mula 0 hanggang 5, kung saan ang 5 ay ang pinakamataas.
- Ang kabuuang puntos para sa gawain ay maaaring itakda batay sa kahalagahan ng bawat kraytirya (halimbawa, ang bawat isa ay maaaring magkaroon ng timbang o porsyento).
- Mahalagang bigyan ng malinaw na *feedback* ang mag-aaral sa bawat kraytirya upang mapabuti ang kanilang pag-unawa at kasanayan.

KABANATA 2

Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo

Sa pag-aaral ng mga tekstong pampanitikan at impormasyonal, malilinig ang kasanayan sa komunikasyon, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip. Matutuklasan din ang kahalagahan ng panitikang katutubo at ang paghubog ng pagkakakilanlang Pilipino. Bukod dito, magagawa ring bumuo ng iba't ibang uri ng teksto na tumutugon sa tiyak na layunin.

ARALIN 8

Sinaunang Akdang Pampanitikan



Sa pagtalakay sa aralin, mauunawaan ang mga akdang pampanitikang nakatha sa panahon ng mga katutubo. Dito rin ay matutuklasan ang mga elementong bumubuo dito, maging ang iba't ibang estilo ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.



Layunin

- ◇ Nakikilala ang akdang tuluyan tulad ng kuwentong-bayan.
- ◇ Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay, at tunggalian) ng tuluyan (alamat).
- ◇ Nasusuri ang kaugalian, pagpapahalaga, at aral sa babasahing teksto.



Paghahabi ng Kaalaman

Hitik sa yamang pampanitikan ang mga sinaunang Pilipino. Sari-saring mga kuwento ang nabuo nila na siyang nagpalitaw ng kanilang pamumuhay at mga kaugalian. Narito ang ilan sa mga tuluyan sa panahon ng ating mga katutubo:

Kuwentong-bayan

Ito ay panitikang karaniwang hindi na matukoy ang may-akda at naipasa lamang din sa salinlahi sa pamamagitan ng bibig, hanggang sa maitala at mamana rin ng mga sumunod na henerasyon. Hindi tiyak kung ito ba ay totoo o gawa-gawa lamang ngunit wala itong siyentipikong batayan. Ito ay literal na kuwento ng ating bayan na hinubog sa isang pook o rehiyon ng bansa (Wagan, 2019). Minsan ay ginagamit din itong pampalipas oras lamang subalit madalas itong ibinabahagi sa mga bata upang kapulutan ng aral at maging gabay sa tamang asal at ugali. Ang kuwentong-bayan ay mayroong iba't ibang uri tulad ng alamat, pabula, at kuwentong pusong. Ang araling ito ay nakatuon sa alamat.

Kung Papaano Nabuo ang Mundo

ni John Maurice Miller
isinafilipino ni Donna Sabido

1. Sa iyong palagay, ano ang maganda at hindi magandang dulot ng paghahangad?
2. Importante ba ang pagkakaroon ng kapangyarihan sa 'yo?



Ang **tanso** ay isang malambot na metal na madaling pukpukin at hubugin sa iba't ibang hugis.

Ang **pilak** ay isang elementong metal na kulay puti o kulay abo na napapakintab.

Noong unang panahon, wala pang mga lupain, walang araw o mga bituin, ang mundo ay isang malaking dagat ng tubig lamang at binubuo ng kalawakan. Ang tubig ay tumatayong kaharian ng diyos na si Maguayan habang ang langit ay paghahari ng dakilang poon na si Captan. Mayroong anak na babae si Maguayan at siya ay si Lidagat, ang dagat. Habang si Captan ay mayroong anak na lalaki na kinikilala bilang si Lihangin, ang hangin. Ang mga diyos ay sumang-ayon sa pagsasama ng kanilang mga anak kung kaya't ang dagat ay ikinasal sa hangin.

Apat na mga anak ang kanilang naisilang, tatlong lalaki at isang babae. Ang mga lalaking anak ay sina Licalibutan, Liadlao, Libulan at ang nag-iisang babae ay si Lisuga. Si Licalibutan ay mayroong katawan na bato, isang malakas at matapang na nilalang; si Liadlao ay binuo gamit ang ginto at siya ay palaging masaya; si Libulan ay gawa sa tanso, siya ay mahina at mahiyain; at si Lisuga ay may katawang gawa sa purong pilak, siya ay maganda at mahinhin. Ang kanilang mga magulang ay tuwang-tuwa sa kanilang mga anak at walang ibang ginusto kung hindi ang kanilang kaligayahan. Pagkalipas ng panahon, pumanaw si Lihangin at iniwan ang pamamahala ng hangin sa pinakamatanda niyang anak na si Licalibutan. Sumunod na pumanaw si Lidagat at naiwan ang kanilang mga anak na walang mga magulang. Samantala, ang kanilang lolo na sina Captan at lola na si Maguayan ang nag-alaga at nagbantay sa kanila laban sa kasamaan.

Makalipas ang ilang mga taon, si Licalibutan, na ipinapagmalaki ang kaniyang kapangyarihan sa hangin ay nagpasyang makakuha ng higit pang pamamahala o kapangyarihan kaya tinanong niya ang kaniyang mga kapatid na lalaki na tulungan siyang lusubin ang kaharian ni Captan sa langit. Sa simula, hindi pumayag ang kaniyang mga kapatid, ngunit nang magalit si Licalibutan sa kanila ang magiliw na si Liadlao ay pumayag din. Pagkatapos ay magkasama nilang hinikayat ang mahiyain na si Libulnan na sumama sa kanilang plano. Nang ang lahat ay handa na, ang tatlong magkakapatid ay sumugod sa langit, ngunit hindi nila mawasak ang pintuang gawa sa bakal na nagbabantay sa pasukan. Kaya pinakawalan ni Licalibutan ang pinakamalakas na hangin at sumabog ang mga bakal sa lahat ng direksiyon. Nagmadali ang magkakapatid sa paglalakad ngunit nakasalubong nila ang galit na galit na si Captan. Kakila-kilabot siyang tingnan kaya tumakbo sa takot ang tatlong magkakapatid, ngunit, dahil sa sobrang galit ni Captan sa pagwasak ng kaniyang pintuang gawa sa bakal, nagpadala siya ng tatlong kidlat papunta sa kanila.

Ang unang tinamaan ay si Libulan na gawa sa tanso at siya ay nalusaw na isang bola. Ang sumunod na tinamaan ay si Liadlao na gawa sa ginto at siya rin ay natunaw. Ang pangatlong tinamaan ay si Licalibutan at ang kaniyang katawan na gawa sa bato ay naging pira-piraso at nahulog sa dagat kung saan ang malalaking bahagi ng kaniyang katawan ay lumitaw sa ibabaw ng tubig at ito ay kinikilala ngayon bilang lupa.


Samantala, ang mahinhin na si Lisuga ay ninanais na makita ang kaniyang mga kapatid kaya siya ay nagsimulang maghanap. Siya at pumunta patungong langit, ngunit nang papalapit siya sa sirang pintuang gawa sa bakal, si Captan na bulag sa galit ay nagpadala rin ng kidlat patungo kay Lisuga kaya ang kaniyang katawan na gawa sa pilak ay nabasag at naging pira-piraso.

Bumaba si Captan mula sa langit at pinaghiwalay ang dagat, habang tinatawag si Maguayan na lumapit sa kaniya at pinagbintangan siya sa pagsalakay ng magkakapatid sa kalangitan. Maya-maya nagpakita si Maguayan at sinabing wala siyang kinalaman sa paglusob ng magkakapatid dahil siya ay natutulog sa kailaliman ng dagat.

Nang matagumpay niyang mapakalma si Captan, kasama nilang iniyakan ang pagkapanaw ng kanilang mga apo—lalong-lalo na ang maganda at mahinhin na si Lisuga. Ilang beses nilang tinangkang ibalik ang buhay ng kanilang mga apo, ngunit kahit pagsamahin nila ang kanilang mga kapangyarihan, hindi na maibabalik sa buhay ang mga namatay. Gayunman, binigyan nila ang katawan ng kanilang mga apo ng magaganda at mahiwagang ilaw na magniningning magpakailanman. Kaya si Liadlao na gawa sa ginto ay naging araw, si Libulan na gawa sa tanso ay naging buwan, habang ang pira-pirasong katawan ni Lisuga na gawa sa pilak ay naging mga bituin sa kalangitan. Ngunit, si Licalibutan ay hindi binigyan ng ilaw dahil ginamit nila ang katawan nito bilang susunod na lahi ng tao. Binigyan ni Captan si Maguayan ng isang binhi

Ang **guwang** ay hukay na likha ng pagkakabunot ng ugat ng malaking kahoy o ng iba pang bagay.

at itinanim ito sa lupa. Sa maikling panahon, ito ay tumayong puno ng kawayan at sa guwang ng isa sa mga sanga nito ay may lumabas na babae at lalaki. Ang pangalan ng babae ay si Sicabay habang ang lalaki ay si Sicalac. Sila ang tumatayong mga magulang ng lahi ng tao.



Pagtatagpi ng Talino


A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa araling tinalakay.

Kaligirang Kasaysayan

1. Mayroon na bang sariling panitikan ang mga katutubong Pilipino bago pa man dumating ang mga dayuhan? Ipaliwanag.
2. Sino ang gumawa ng mga kuwentong-bayan?
3. Ano ang kahalagahan ng isang akdang tuluyan na may maayos na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?
4. Para sa iyo, maituturing pa rin bang buhay ang mga tinalakay na mga panitikan?
5. Ano-ano ang kapakinabangang naibibigay ng kuwentong-bayan sa mga bumabasa nito?
6. Sa iyong palagay, bakit hilig gawing pampalipas oras ng mga nakatatanda ang kuwentong-bayan?

B. **Panuto:** Alamat – Kung Papaano Nabuo ang Mundo

1. Sino ang apat na magkakapatid sa binasang alamat?
2. Ano ang higit na hinahangad ni Licalibutan?
3. Sino sa magkakapatid ang nabuo gamit ang ginto at palaging masaya?
4. Sino ang nag-iisang babae sa apat na magkakapatid?
5. Nang bigyan sila ng mahihiwagang ilaw, sino sa magkakapatid ang naging buwan?
6. Sino ang asawa ni Captan?
7. Ano ang nangyari sa katawan ni Lisuga nang bigyan ng mahiwagang ilaw?
8. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni Licalibutan? Bakit?
9. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni Captan sa kaniyang mga apo? Bakit?
10. Anong ugali ni Licalibutan na hindi maganda? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.



Paglililaw sa mga Kaalaman

ALAMAT

Ang alamat ay mga kuwentong nagsasalaysay na pinagmulan ng mga bagay-bagay sa mundo. Ang karaniwan nitong mga tauhan ay tao. Ang alamat din ay mga kuwentong kathang-isip lamang na kung minsan ay may aspekto ng kababalaghan o di-pangkaraniwang pangyayari. Isinasalaysay rin dito ang mga pangyayari na pinaniniwalaang tunay na pinagmulan ng isang pook, bagay, o tao, kung hindi naman ay sumasagot sa tanong kung paano ito pinangalanan. Tumutukoy rin ito sa mga katutubong kultura, kaugalian at kapaligiran.



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Alamat_ni_Urduja.jpg#/media/File:Alamat_ni_Urduja.jpg

Kaligirang Pangkasaysayan ng Binasang Alamat


Ang mga alamat sa bansa at ang mga rituwal na kasama nito ay hindi gaanong naging tampok dahil sa pagkukulang sa interes o pag-unawa sa mga alamat at iba pang mga kuwentong-bayan. Dahil ito sa pananakop ng mga Kastila at pagpapairal ng kanilang relihiyon. Ang paniniwala ng mga misyonero na ang relihiyon ng mga katutubong Pilipino ay “hindi sapat” at mayroon pang nagsasabi na ito ay hindi kapani-paniwala dahil ang naglilingkod sa mga pangangailangan ng mga katutubo bago pa dumating ang Kristiyanismo ay gawa ng diyablo at kung ano pang mga nilalang ng kababalaghan. Pagkalipas ng panahon, ang pag-unlad ng pang-agham at sekular na modernisasyon ang hinarap na hamon ng mga alamat at iba pang mga kuwentong-bayan. Kaya naman ang mga kilala ng mga tao na alamat at mga kasama nitong mga rituwal ay iilan lamang sa nabubuhay na bahagi ng ating katutubong panitikan. Ang ating mga katutubong panitikan ay sapat sa pagkikilala ng batayang kuwento at sa pagbuo muli ng mahahalagang mga katangian nito.


Masasabing mayroong alamat na nananatili sa kasaysayan ng iba’t ibang probinsiya sa bansa, ngunit karamihan sa kanila ay nawala o nakalimutan na. Ang Kristiyanismo ay hindi nagtagumpay na tanggalin sa kasaysayan ng mga tao ang mga alamat at iba pang mga kuwentong-bayan.

Elemento ng Isang Tuluyan

- **Tagpuan** – panahon at pook ng pangyayari ng kuwento.
- **Tauhan** – ang tawag sa mga karakter na nagbibigay-buhay sa kuwento sa pamamagitan ng pagkilos at pagbato ng mga diyalogo.
- **Tunggalian** – ang paglalaban ng pangunahing tauhan at ng sumasalungat sa kaniya, o ang pagharap sa suliraning dinaranas.
- **Banghay** – ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
 - **Panimula** – ang pagsisimula ng isang kuwento sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga tauhan at tagpuan.
 - **Saglit na Kasiglahan** – sulyap o panandaliang pagtatagpo ng mga tauhan sa kuwento.
 - **Kasukdulan** – ang pinakamatindi o pinakarurok ng yugto ng mga tagpo. Dito ay masusubok ang pangunahing tauhan.
 - **Kakalasan** – ito ang unti-unti nang nagkakaroon ng kalutasan ng tunggalian.
 - **Kalutasan** – ang parteng ito ang sasagot kung paano nalutas at natapos ang tunggalian o suliranin ng kuwento.

Balangkas ng Tuluyan






Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Tukuyin ang mga elemento ng alamat na binasa sa tulong ng talahanayan at grapikong pantulong na nakalatag sa ibaba. Gawin ito sa magkakabukod na papel.

TAUHAN	TAGPUAN	TUNGGALIAN

Balangkas ng Alamat





Mahahalagang Kaisipan

TEMA	ARAL	KULTURA	IBA PA



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magpangkatan ang klase. Batay sa iyong mga binasang akda, mahusay na suriin ang kaugalian, pagpapahalaga, at aral na lumilitaw sa kuwento. Ilangla ang iyong sagot sa konteksto ng panahon ng nasabing akda.




Pagsasalansan

Sa araling ito ay tinalakay ang ilang mga tuluyang panitikan sa panahon ng mga katutubo na nananatiling buhay sa kasalukuyan. Kapupulutan ito ng aral, mahalagang kaisipan, at iba pang pagpapahalaga. Ilan lamang dito ang mga kuwentong-bayan gaya ng alamat, kuwentong posong, at pabula at dula na binubuo ng mga elementong higit nagbibigay sining sa kabuoang kuwento.

ARALIN 9

Pabula-Ang Matsing at ang Pagong



Sa araling ito maipapahayag ang nakikitang mensahe sa nabasang alamat at mahihinuha ang kaligirang pangkasaysayan ng pabula. Tampok din sa araling ito ang iba't ibang tunggalian na siyang nagbibigay hubog sa takbo ng pangyayari sa akda. Sa pangkahalalatan, ang lahat nang ito ay daan sa paghasa pa ng pag-unawa at pagsusuri sa teksto.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa tuluyan.
- ◇ Naiisa-isa ang pagkakaiba ng mga uri ng tunggalian.
- ◇ Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa tekstong tuluyan batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Matsing at ang Pagong

(mula sa Bagobo)

ni Laura Watson Benedict

isinafilipino ni Donna Sabido

1. *Bakit masama ang pagiging gahaman sa kapwa?*
2. *Sa iyong sariling pananaw, tama ba ang paghihiganti?*



bumulalas –
pagsasalita
nang malakas o
pasigaw

Isang araw, habang ang pagong ay marahang gumagapang malapit sa sapa, nakakita siya ng isang batang matsing na umiinom ng tubig. Nang makita ng matsing ang pagong, ito'y tumakbo patungo sa kaniya at masayang bumulalas, "Halina, pagong! Maghanap tayo ng makakain!"

kumpol-kumpol
– marami o
sama-sama sa
iisang sanga

Sila ay nagtungo sa isang bukid, malapit sa sapa na maraming puno ng saging. Pagkatingin nila sa itaas, nakakita sila ng kumpol-kumpol ng hinog na prutas.

"Dahil ako'y gutom at ikaw rin ay gutom," wika ng matsing, "ikaw muna ang umakyat, pagong."

Kaya ang pagong ay marahang gumapang paakyat ng puno. Ito'y nakaakyat pa lamang ng kakaunting layo nang sinabi ng matsing, "Roro s'punno, roro s'punno!" ("Madulas pababa, madulas pababa!")

Agad nadulas pababa ang pagong sa lupa. Nang ito'y sumubok ulit umakyat ng puno, sinabi ulit ng matsing, "Roro s'punno!" hanggang sa nadulas ulit pababa ang pagong. Sinubukan niyang umakyat nang paulit-ulit ngunit siya ay laging nabibigo tuwing sinasabi ng matsing ang, "Roro s'punno!" hanggang siya ay nadulas pababa ng lupa. Nang siya ay napagod at huminto, sinabi niya kay matsing, "Ikaw naman ang sumubok."

"Sayang naman," bulalas ng matsing, "gutom pa naman tayong dalawa." Kinailangan lang ng matsing ng tatlong talon upang maabot ang hinog na mga bunga. "Hintayin mo muna akong matikman itong mga prutas para malaman kung ito'y masarap at matamis," sinabi niya sa pagong habang sinisimulan niyang kainin ang mga saging nang mabilis.

"Bigyan mo naman ako," pakiusap ng pagong.

"Oo nga pala!" sigaw ng matsing, "pero nakalimutan kong alamin kung ito'y masarap at matamis..." kaya patuloy nitong kinain ang mga saging sa puno hanggang sa halos lahat ng bunga ay nakain na niya.

"Maghulog ka kahit iisa lamang!" pakiusap muli ng pagong.

"Bigyan mo ako ng isang minuto," bulong ng matsing.

Sa wakas, nang tatlong saging na lamang ang natira sa bunga, sinigaw ng matsing, "Langag-ka! pudung-nu yan matanu!" (Tumingala ka! Ipikit mo ang iyong mga mata!)

Sinunod ng pagong nang walang pag-aalinlangan. Nang sinabi ng matsing na buksan ng pagong ang kaniyang bibig, siya ay agad sumunod sa utos ng matsing. Pagkatapos, sabi ng matsing, "Babalatan ko itong saging para sa iyo." Kaysa gawin ang kaniyang pahayag, umupo ang matsing sa tapat ng nakabukas na bibig ng pagong at inihulog ang balat ng saging sa loob ng

bibig ng pagong. Humiyaw sa galit ang pagong ngunit ang ginawa lamang ng matsing ay tumalon pataas-baba habang humahalakhak. Nang siya ay napagod, kinain niya ang natirang mga bunga sa saging.

humahalakhak –
tumatawa nang
malakas

Habang inuubos ng matsing ang mga bunga sa puno, gumawa ng maliit na kubo gawa sa kawayan ang pagong. Pinatalas niya ang dulo ng kawayan hanggang ito’y maging matulis at matalim at itinago ito ni pagong sa bubungan na gawa sa malalaking dahon.


Pagkababa ng matsing sa puno ng saging, sinabi ng pagong, “Umakyat ka sa ibang mataas na puno at tumingin ka sa langit. Kapag madilim na ang langit, sabihin mo sa akin sapagkat uulan na maya-maya. Pagkatapos, bumaba ka rito sa bubong ng ating maliit na kubo. Hayaan mo kung ito man ay masira, maaari naman tayong gumawa nang mas matibay pa ulit.”

Sumunod ang matsing sa pag-akyat ng puno at tumingin sa langit.

“Madilim na ang langit!” sigaw nito.

“Talon na pababa!” bulalas ng pagong.

Tumalon ang matsing ngunit, ito’y napaslang ng matutulis at matatalim na dulo ng mga kawayan kung saan ito’y dumaong.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan mula sa binasang teksto.

1. Sino ang dalawang tauhan sa binasang akda?
2. Anong uri ng puno ang kanilang nakita habang naglalakad?
3. Ano ang kanilang ginawa sa puno ng saging?
4. Ano ang ginawa ng Pagong na mula sa kawayan?
5. Bakit nagalit si Pagong kay Matsing?
6. Paano nakaganti si Pagong kay Matsing?
7. Isalaysay ang balak gawin ni Pagong kay Matsing?
8. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni Matsing? Bakit?
9. Ilarawan ang pagkakaiba ng kanilang pag-uugali.
10. Anong ugali ni Matsing na hindi maganda? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.

- B. **Panuto:** Balikan ang mga napag-aralan sa unang yunit. Saliksikin ang mga kaugnay na impormasyon sa binasang pabula at suriin ito batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.

KONTEKSTO NG PANAHO	LUNAN	MAY-AKDA



Paglililinaw sa mga Kaalaman


PABULA

Ang pabula ay nagsasalaysay ng mga kuwentong tampok ang mga hayop bilang mga tauhan. Ang simpleng akda na ito ay likas na patok sa mga bata dahil sa mga bidang karakter at mga pananalita nila, kasama ng matututuhang mabuting asal. Gayunpaman, hindi ito pambata lamang, marami rin sa mga ito ay may layuning imulat ang bumabasa ng tamang kaisipan sa kapwa, sarili, at sa bayan, o maging sa mga isyung panlipunan.

Katulad ng ibang akdang tuluyan, ang pabula ay mayroon ding tunggalian. Ito ay ang sumusunod:

1. **Tao laban sa Tao** – tinatawag din itong panlabas na tunggalian. Ang tunggaliang ito ay laban ng pangunahing tauhan at iba pang kapwa niya tauhan. Maaaring pisikal o di kaya naman ay pagtatalo dahil sa isang kaisipan.
2. **Tao laban sa sarili** – ito ay nangyayari sa loob mismo ng tauhan. Ang primaryang kalaban nito ay ang kanyang sarili at mga problemang nasa loob niya. Kadalasang tinatawag ito sa ingles na “internal conflict.”
3. **Tao laban sa kalikasan** – ang pangunahing tauhan ay nalagay sa panganib nang dahil sa puwersa ng kalikasan gaya ng lindol, baha, o malakas na hangin.

4. **Tao laban sa lipunan** – tumutukoy ito sa tunggalian sa pagitan ng pangunahing tauhan at lipunan. Ito ay ang hindi pagsunod sa mga alituntunin ng lipunan o di kaya naman ay pagtalikod dito.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Sumulat ng isang talata na nagpapaliwanag ng uri ng tunggalian sa pabula. Pagkatapos ipaliwanag ay iugnay ito sa suliranin, kuwento, o napapanahong isyu sa komunidad o lipunan. Lagyan ito ng pamagat.




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magtulungan sa pangkat. Balikan ang mga kaalaman sa naunang aralin. Tukuyin ang mga elemento sa tekstong binasa.

TAUHAN	TAGPUAN	TUNGGALIAN

Simula	Saglit na Kasiglahan	Kasukdulan	Kakalasan	Kalutasan



Pagsasalansan

Ang pagbabasa ng pabula ay para sa lahat. Ang tunggalian, mahalagang kaisipan, at kuwento nito ay kapupulutan ng makabuluhang aral sa pamumuhay sa kasalukuyan. Kasama rin sa pagsusuri ng detalye, lunan, at panahon ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Gayundin, nahubog ng araling ito ang talas ng pagsusuri sa teksto.

ARALIN 10

Kuwentong Pusong ng mga Pilipino



Ang aralin na ito ay tatalakay sa mga kuwentong pusong na buhay na noon pa mang panahon ng sinaunang Pilipino. Iba't iba ang pagkakakilanlan ng mga lalawigan at ibang bansa sa panitikang ito, gayunpaman, sa araling ito ay mabibigyang linaw ang tunay na mukha ng mga kuwentong pusong.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mahahalagang elemento, katangian at detalye ng kuwentong pusong.
- ◇ Naipaliliwanag ang mensahe at aral na ipinapahiwatig ng panitikan.
- ◇ Nasusuri ang kultural na elemento (pagpapahalaga) na nakapaloob sa kuwento.



Paghahabi ng Kaalaman

Juan Pusong

1. *Naranasan mo na bang maloko o manloko?*
2. *Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ay maloko?*



Sa isang kaharian, may isang lalaking Juan Pusong ang pangalan. Ambisyoso siya at tamad. Pero magaling siyang mag-imbento ng mga kuwento.

Isang araw, nabalitaan ni Juan Pusong na naghahanap ang hari ng isang lorong nagsasalita. May naisip agad si Juan. Nag-abang siya sa daraanan ng parada ng hari. Sa paanan ni Juan ay may nakaumbok na bagay na may taklob na tela. Napansin agad ito ng hari.

“Ano ba ‘yang nasa paanan mo?” tanong ng hari.

“Ito po ang alaga kong loro,” sagot ni Juan.

“Loro? Sige nga, ipakita mo sa akin.”

“Naku, pasensya na Mahal na Hari. Hindi ko ito magagawa. Kung aalisin ko ang tela, agad na lilipad ang aking ibon. Tiyak na tatakas ito. Kung anu-ano pa naman ang sinasabi ng lorong ito kapag lumilipad.”

“Talaga?” nagtataakang tanong ng hari. “Bibilhin ko ang loro. Narito ang isang sakong ginto. Isama mo na rin ang aking kabayo.”

Nag-isip muna bago sumagot si Juan Pusong.

“Mabigat man sa loob ko na mawalala ang akin loro, papayag ako dahil ang Mahal na Hari na ang nagsalita. Pero kayo na ang dapat kumuha sa loro. Dahan-dahan kayong lumapit at agad na daklutin ang loro.”

Inabot ni Juan ang ginto, at sinakyan ang kabayo palayo sa hari at sa mga kawal nito. Agad na sinunod ng hari ang sinabi ni Juan pagkaalis nito. Nang daklutin niya ang nakatago sa tela, laking gulat ng hari! Sa halip na loro, isang tambak ng duming kalabaw ang nadakot niya!

Galit na galit ang hari. “Hanapin ang manlolokong iyon! Itapon siya sa dagat!” utos ng hari.

Nakita naman agad ng mga kawal si Juan. Dinala siya sa baryo at iginapos sa poste. Paparusahan siya bukas ng umaga. Umiyak nang umiyak si Juan hanggang sa may dumaang isang prinsipe.

“Kaawa-awa ka naman. Ano ba ang kasalanan mo?” tanong ng prinsipe.

“Ang hari! Gusto niyang pakasalan ko ang kanyang anak.

Pero ayoko. Hindi ko pa gustong mag- asawa,” sagot ni Juan.

Natuwa ang prinsipe nang marinig ito.

“Tutulungan kita. Papakawalan kita. Isuot mo ang mga damit ko at isusuot ko naman ang damit mo. Ako naman ang itali mo,” natutuwang sabi ng prinsipe.

Ganoon nga ang nangyari. Kinabukasan, dumating ang mga kawal at dinala ang prinsipeng nagpanggap na si Juan Pusong para ihulog sa isang bangin.

“Huwag! Hindi ba papakawalan niyo ako kung papayag akong pakasalan ang prinsesa?” nalilitong tanong ng prinsipeng. Pinagtawanan siya ng mga kawal. Doon na naisip ng prinsipeng na niloko siya ni Juan Pusong.

Ihuhulog na sana ang prinsipeng nang dumating ang kanang-kamay niya na kagabi pa siya hinahanap. Doon nakilala kung sino talaga siya at nakaligtas. Nakiusap siya sa mga kawal na huwag ibalita ang nangyari. May naisip gawin ang prinsipeng.

Samantala, si Juan Pusong na nakasuot ng damit ng prinsipeng ay tumuloy sa palasyo. Walang kaalam-alam ang hari na ang nasa harapan niya ay si Juan.

Sa halip ay natuwa siya sa pagdalaw ng isang makisig na prinsipeng. Hiniling ng prinsipeng na makilala ang prinsesa sapagkat nais niya itong pakasalan at handugan ng malaking kayamanan.

Habang abala ang lahat sa paghahanda para sa kasal, isang kawal muna sa ibang kaharian ang dumating na may balita para sa hari.

“Mahal na Hari, alam kong ikakasal ang inyong anak sa isang prinsipeng. Pero, dapat niyong malaman ang totoo.” sabi ng kawal. Doon nalaman ng hari kung sino talaga si Juan Pusong. Dahil dito, nabuo ang isang plano para kay Juan.

Sa araw ng kasal, sabik na hinintay ni Juan ang kanyang prinsesang naglalakad papunta sa altar. Natatakpan ang mukha nito ng isang puting tela.

Paniwalang-paniwalas si Juan na sa araw na ito ay magiging kabiya niya ang pinakamagandang babae sa kaharian.

Laking gulat ni Juan nang tanggalin niya ang tela sa mukha ng prinsesa.

Nasa harap niya ang prinsipeng minsan niyang niloko.

Tatakas sana si Juan pero agad siyang dinakip ng mga kawal.

Nilapitan siya ng hari.

“Juan Pusong, ano ngayon ang nararamdaman mo? kaw naman ngayon ang naloko?” tanong ng hari. Napayuko lang si Juan Pusong.


“Lumayas ka sa kaharian ko!” utos ng hari.

“Patawarin niyo ako Mahal na Hari. Nagsisisi na ako. Hindi ko na uulitin,” nagmamakaawa si Juan.”

Mga kawal, alisin niyo sa aking harapan ang lalaking ito!” sigaw ng hari.

Walang nagawa si Juan. Mabigat man ang loob ay sumama siya sa mga kawal.

Bago siya tuluyang umalis, lumingon siya at sinambit ang isang pangakong magbabago na.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong.

1. **Mensahe**

Ano ang pangunahing aral o mensahe na nais iparating ng kuwento ni Juan Pusong? Paano ito sumasalamin sa mga halaga at kultura ng Pilipinas?

2. **Pahiwatig**

Paano ginamit ang karakter ni Juan Pusong upang magpahiwatig ng mga aspekto ng tao tulad ng katalinuhan, pagiging tuso, at ang kahihinatnan ng panlilinlang?

3. **Kaisipan**

Sa paanong paraan naipakita sa kuwento ang kaisipang Pilipino, lalo na sa pagtingin sa hustisya, moralidad, at relasyon sa kapwa?

4. **Iba pang katanungan:**

Paano umunlad ang karakter ni Juan Pusong sa buong kuwento? Ano ang mga pagbabago sa kaniyang pag-uugali at pananaw?

5. Mayroon bang mga simbolo na ginamit sa kuwento? Ano ang mga ito at ano ang kanilang kahulugan?

6. Paano nakatulong ang estilo ng pagkakasalaysay sa pagbibigay-diin sa mga tema ng kuwento?

7. Paano tinugunan ni Juan Pusong ang iba’t ibang hamon at sitwasyon sa kuwento? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa kaniyang karakter?

8. Ano ang epekto ng mga aksyon ni Juan Pusong sa ibang tauhan tulad ng hari, prinsipe, at prinsesa?

B. **Panuto:** Gumawa ng isang *collage* na nagpapakita ng mga kultural na elemento na matatagpuan sa kuwentong pusong na pinag-aralan. Maghanap ng mga larawan at iba pang materyales na nagpapakita ng mga kultural na elemento at ito ay ipapakita sa klase.



Paglililaw sa mga Kaalaman

KUWENTONG PUSONG

Ang pusong ay nangangahulugang tuso at mapanlinlang. Hindi ito nalalayo sa karakter ng madalas na pangunahing tauhan sa mga kuwentong-bayang katatawanan partikular na sa trickster tale – Si Juan Pusong. Hilig nito ang maging tuso sa kapwa na kadalasan ay ang sultan, hari, o pinuno ng bayan, at kanyang mga magulang. Dahil dito ay lagi itong naparurusahan, ngunit dahil sa katangian nitong matalas na isip at pagiging mapanlinlang ay nakakatakan niya ito.

Ayon sa National Commission for Culture and the Arts of the Philippines (2015), ilan sa mga halimbawa ng kuwentong pusong ang Si Juan sa Katagalugan, Juan/Juan sa Pampanga, Juan Osong sa Bikol, Juan Pusong sa Kabisayaan at Sulu, at Pilandok sa Lanao. Bagama't marami itong bansag na pangalan ayon sa iba't ibang mga lugar, higit itong kilala sa pangalang Pusong o Juan Tamad. Ngunit, hindi lamang sa Pilipinas makikita o maririnig ang pusong kundi maging sa ibang panig ng mundo. Sa Korea ay tinatawag itong Horangi, sa Laos naman ay Naar, sa Indonesia ay Dodong, sa Italia ay Bertholde, sa Europa ay Harlequin, at sa Colombia naman ay Guajiro.



NCCA (2015). "Pusong"

Katangian ng Pusong

1. dukha na lalaki
2. mabagal at tamad kumilos
3. hambog at walang galang
4. pilyo at mapang-asar
5. matabil ang dila

Ang mga katangiang nabanggit ay hindi lamang deskripsiyon ng isang katauhan. Bagkus, ang mga pag-uugaling ito ay nagpapahiwatig ng masalimuot na sistema ng ekonomiya ng bansa na siyang higit lalong naglulubog sa mga mahihirap kung kaya't nawawalan ng motibasyong kumayod sa buhay ang ilan. Dagdag pa, ang ilang katangian ng pusong ay representasyon rin ng tahasang pangungutya sa mga may kapangyarihan nansasamantala sa mga nakabababa.

Isa sa mga halimbawa ng kuwento ni Juan Pusong ay ang panlilinlang niya sa isang Kapitan. Nagsimula ang kuwento nang maparami ang pagkain na naihanda niya para sa kanyang sarili. Nang mapansin niya ito ay naghukay siya upang ibaon sa lupa ang ilang mga palayok na puno ng manok at baboy. Pagkatapos ay naglaro siya ng palaka. Makailang saglit lamang ay dumaong ang barko ng isang Kapitan at nagtanong ukol sa nilalaro niyang palaka. Sumagot siya at sinabing mahiwaga ang palaka sapagkat nagpupunta ito sa lugar kung saan may pagkain. Naghukay ang Kapitan sa lugar kung saan niya ibinaon ang mga palayok na may lamang manok at baboy. Nang makita ang mga ito ay agad na naniwala ang Kapitan at ipinagpalit ang ilan niyang mga gamit para sa palaka.


Kung susuriin ang kuwentong Juan Pusong, ang pagkakasunod ng mga pangyayari ay nagpapakita pa rin ng tradisyunal na banghay. Ngunit, hindi nalilimitahan sa ganoong estilo ang pagkakasulat ng ilang mga kuwento. Ilan sa mga estilong ito ay ang sumusunod:

- a. **Pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing)** – pagbibigay ng mga pahiwatig ng may-akda sa maaaring maganap sa kuwento sa banayad na paaran. Ito ay paraan upang maihanda ang bumabasa sa ilang mga nakagugulat na tagpo, gayundin ang pagbuo ng pag-aalinlangan na magmamarka na ang mga bagay ay maaaring hindi ayon sa itsura nito. Estilo rin ito upang palakasin ang misteryo ng kuwento.

Sa dulong bahagi ng lumang nayon, kung saan ang mga puno ay yumuyuko na tila may binubulong, naninirahan si Lola Ising. Ang kaniyang munting bahay na kahoy ay laging napapaligiran ng mga bata tuwing hapon, sabik sa kaniyang mga kuwento. Ngunit ngayong gabi, habang ang hangin ay dala-dala ang pabulong na huni ng mga dahon, ang matandang babae ay nagbigay ng babala: "Mag-ingat sa gabi ng kabilugan ng buwan, sapagkat dito sa ating nayon, hindi lamang tayo ang gising." Walang nakapansin sa kakaibang ningning sa kaniyang mga mata, isang palatandaan ng isang lihim na maaaring magbago ng lahat.

- b. **Pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (flashback/in media res)** – isang aparato sa panitikan na nagbabahagi ng piraso ng nakaraan kaugnay sa tauhan sa simula pa lamang ng kuwento. Sa ganitong paraan ay nabibigyan ng higit na detalye kung sino o anong naranasan ng pangunahing tauhan. Lumilikha ito ng pag-igting sa balangkas ng kuwento (Dickins, 2018).

“Isuko mo na ang kwintas!” sigaw ni Marco habang hawak ang lumang mapa na kanilang natagpuan sa ilalim ng lumang puno ng mangga. Nagulat si Lena sa biglaang pagbabago ng kaniyang matalik na kaibigan, hindi inaasahan ang pagtataksil. Ang kwintas na gawa sa lumang bato ay kanilang natagpuan sa isang nakatagong kweba, isang lihim na pinaniniwalaang magdadala ng hindi maipaliwanag na kapangyarihan. Sa gitna ng kagubatan, napuno ng tensyon ang hangin, at ang kalmadong hapon ay biglang naging isang entablado ng pagtakas at paghaharap.



Pagpapalalim

Pagsasanay

A. **Panuto:** Buong husay na sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Kilala sa anong pangalang ang pusong ng Kabisayaan?
2. Ano ang nakikita mong dahilan bakit tuso ang Pusong?
3. Sino-sino ang mga kadalasang nabibiktima sa kuwento?
4. Para sa iyo, bakit may iba’t ibang bersyon o katawagan sa Pusong?
5. Mayroon ka bang kaparehong katangian kay Juan Pusong?
6. Sa iyong palagay, ano ang simbolismo ng katauhan ng pangunahing tauhan ng panitikan na ito?
7. Kung ikaw ang papipiliin, ano ang parusang ipapataw mo sa pagiging mapanlinlang at tuso ng Pusong?
8. Ano ang iyong opinyon sa ganitong uri ng panitikan?
9. Dapat bang magpatuloy ang mga kuwentong pusong? Ipaliwanag.
10. Isinasalamin ba ng mga kuwentong pusong ang tunay na kultura ng mga Pilipino? Ipaliwanag.


- B. **Panuto:** Kasama ng iyong mga kasamahan, muling pag-usapan ang mensahe, pahiwatig, at kaisipan ng kuwentong Juan Pusong. Magtala ng tatlo para sa bawat isa.

Mensahe	Pahiwatig	Kaisipan
1.	1.	1.
2.	2.	2.
3.	3.	3.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Humanap ng kapares. Muling isulat ang unang dalawang talata ang simula ng kuwentong pusong gamit ang pamamarang *foreshadowing at in medias res*. Isulat na magkabukod na papel. Pagkatapos ay basahin ito sa harap ng klase.




Pagsasalansan

Tinalakay sa aralin na ito ang kahulugan ng pusong at ilan sa mga pagkakakilanlan ng nasabing panitikan sa iba't ibang lalawigan at bansa na nakita rin sa binasang akda. Dagdag pa, nabigyang mukha rin ang mga katangian ng pusong na madalas lumilitaw sa mga kuwento. Sa mga kuwentong pusong ay bumibida ang pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan, ngunit liban dito ay maaari ring makita ang iba't ibang uri ng tunggalian.

ARALIN 11

Dula-Katutubong Sayaw



Sa araling ito, malalaman ang kahulugan ng isang dula at ang iba't ibang anyo nito. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain mapapalawak din ang kaalaman patungkol sa akdang pampanitikan na dula kasabay ng paghahasa ng kaisipan sa pagsusuri nito.



Layunin

- ◇ Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.
- ◇ Nasusuri ang teksto na dula sa pamamagitan ng pagsasagawa ng angkop na kilos, galaw, boses, at paglalagay ng sarili sa katauhan ng karakter.
- ◇ Naiuugnay ang kultural na elemento na nakapaloob sa teksto sa konteksto ng panahon noon at ngayon.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang **dula** ay isang uri ng panitikan na nahahati sa ilang yugto na maraming tagpo. Ang pangunahing layunin nito ay maitanghal ang mga tagpo sa isang entablado sapagkat sa pamamagitan ng panonood higit itong mauunawaan. Sinasabi ng ilang mga eksperto sa kasaysayan na ang mga katutubo'y likas na mahilig sa mga sayaw, awit, at tula na siyang pinag-ugatan ng unang anyo ng dula sa kasalukuyan. Kaya naman ang mga unang dula ay mayroon sukat at tugma. Noon ay karaniwang nagtatanghal ang mga katutubo kasabay sa pagdiriwang ng mahahalagang mga araw tulad ng kaarawan, kamatayan, kasalan, ligawan, binyag, pakikipagdigmaan, pag-aani, at marami pang iba.

Yugto – Tumutukoy sa bahagin ng isang proseso o pag-akyat ng isang pangyayari.

Pag-aani – isang proseso o gawain sa agrikultura na kinasasangkutan ng pagkolekta o pagkuha ng mga halaman o ani mula sa kanilang mga taniman

Dalamhati –
nangangahulugang
malalim na
pagdadalamhati,
lungkot, o
kalungkutan

Yumao –
nangangahulugang
isang tao o nilalang
na pumanaw na o
namatay na

Dung-Aw - Ang Dung-aw, isang tradisyon ng mga Ilokano, ay isang uri ng tulang elegiyo o panambitan na inaawit o binibigkas sa tabi ng katawan ng isang yumaong anak, asawa, o magulang. Ang tula ay nagpapahayag ng dalamhati at kalungkutan ng mga naiwan at kadalasan ay may kasamang paghingi ng tawad para sa mga pagkukulang o kasalanang nagawa sa yumaong mahal sa buhay.

Ang ilang mga halimbawa ng Dung-aw ay matatagpuan sa aklat na sinulat nina Natividad, Simbulan, at Academia.



1. *Nakaramdam ka na ba ng pagtangis?*
2. *Ano ang iyong nararamdaman matapos ang pagtangis?*

Ako'y kaawaan o aking kapatid
ako'y kaawaan o aking asawa ikaw namatay o aking kapatid
ikaw namatay o aking asawa ano ang natira't sa akin naiwan
sa abang buhay kong walang kapalaran?
Ang lahat sa akin ay nakalilimot
pagkat parang sanggol sa iyo umiirrog
ang mga mata ko pugto sa luha
ang abang puso ko babad sa luha.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Ano ang kahulugan ng dula batay sa binasang teksto?
2. Ano ang pangunahing layunin ng dula at bakit ito nahahati sa ilang yugto at tagpo?
3. Ano ang Dung-Aw at paano ito isinasagawa ng mga Ilokano? Ano ang nilalaman ng mga tula sa Dung-Aw?
4. Ano ang damdamin ng nagsasalaysay sa tula ukol sa pagkamatay ng kanyang asawa o kapatid?
5. Paano inilarawan ng tula ang epekto ng pagkawala ng asawa o kapatid sa nagsasalaysay?
6. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng mat ana “pugto sa luha” at puso na “babad sa luha” sa konteksto ng tula?
7. Paano naging bahagi ng tula ang tema ng paglimos o awa para sa nagsasalaysay?
8. Para sa iyo, ano ang kahalagahan ng pagmamahalan at pag-aalaga sa tula, at paano ito naipahayag sa pamamagitan ng mga salita?

B. **Panuto:** Tukuyin ang mga kultural na elemento sa maikling pahayag na binasa.

SIMBOLO

Anong mga imahe o larawan ang nagbigay ng kahulugan sa teksto?

WIKA

Anong antas o anyo ng wika ang ginamit sa pagpapahayag? Paano ito nakaapekto sa pagpapahayag ng katutubong sayaw?

NORMS

Anong mga huwaran o batayan sa nakagawian ang iyong napansin o mahihinuha sa teksto?

PAGPAPAHALAGA

Anong pagpapahalaga ang nakapaloob sa teksto?

ARKETIPO

Ano ang mga karaniwan sa tauhan, pangyayari, pag-uugali ang nakita sa panitikan na tulad ng sa iba?



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Narito ang iba pang katutubong sayaw, sagutan, o debate na siyang mga dula ng katutubong panahon:

DALLOT

Ang dallot, isang elemento ng oral na tradisyon ng mga Ilokano, ay isang uri ng pagtatalong liriko. Sa ilang lugar, ito ay binabaybay bilang “dal-lot” o “dalot.” Maaaring isangkot sa dallot ang dalawa o higit pang mannallot. Ginaganap ito upang magbigay saya at aliw sa mga pagtitipon. Ang karaniwang tema ng dallot ay umiikot sa pag-ibig – maaaring ito’y tungkol sa hindi nasukliang pag-ibig, o pag-ibig na tila imposibleng maabot. Ang bawat dallot ay sinisimulan sa mga linyang “A, ta, dumadallot; A, ta dallot, duminidallang,” at sinundan ng panimulang pagbati ng mannallot bago ang pagpapakilala sa paksa.

Isa sa mga dokumentadong dallot na nananatiling aktibo ay ang “Dallot ti Pangasasawa” (dallot ng pag-aasawa), na nahahati sa apat na bahagi: ang “pauli” (panliligaw), “panangdarakdek ken panang-galot” (pamamanhikan), “panang-ikamen” (ritwal sa banig), at “pammagbaga” (paggabay).

Sa unang dalawang bahagi, inilalarawan ang isang tandang na nais manligaw ng inahin. Sa “pauli,” inaanyayahan ng pamilya ng babae ang pamilya ng lalaki sa kanilang tahanan. Uminom ng basi ang dalawang pamilya bago nagpahayag ang kinatawan ng lalaki ng kanyang intensyon na pakasalan ang babae. Magpapahiwatig ang pamilya ng babae na ibibigay lamang nila ang kanilang kamag-anak kung makapagdala ng regalo ang pamilya ng lalaki. Sa bahaging ito, seryoso o malungkot ang tono ng mga mannallot. Sa susunod

na pagkikita, ginaganap ang “panangdarakdek ken panang-galot,” kung saan humihingi ng tawad ang pamilya ng lalaki dahil sa hindi nito pagtugon sa mga hinihinging regalo. Magbibigay ng mapanuring komento ang pamilya ng babae sa mga pagkukulang, at sa mga linyang ito, nagiging pabiro at magaan ang tono kumpara sa seryoso at kalkuladong tono ng naunang bahagi. Tatanggapin ng pamilya ng babae ang mga regalang bigas, bulak, niyog, at bao ng niyog. Kapag tinanggap na ng pamilya ng babae ang mga alahas mula sa pamilya ng lalaki, ito ay tanda na opisyal na magkatipan na ang dalawa. Matapos ang kasalan at kainan, isinasagawa ang “panang-ikamen.” Sa bahaging ito, ipinahahayag ng babae ang kanyang hangaring protektahan ang pamilyang bubuuin nila ng kanyang asawa. Kasunod nito, tatanggapin ng kani-kanilang pamilya ang bagong kasal. Mayroon ding dallot na tumatalakay sa hindi kaaya-ayang ugali ng bagong kasal, isang nakakatuwang bahagi kung saan pinupuna ang mga masasamang ugali at itinutulad sa mga bulaklak na walang amoy, tigang na lupa, at iba pa. Sa huling bahagi, ang “pammagbaga,” nagbibigay ng payo ang mga nakatatandang babae at lalaki sa bagong kasal. Sa kasagsagan ng dallot, maaari itong sabayan ng sayaw na tinatawag na “arikenken.”

BAYOK


Ang bá yok, isang tradisyunal na pagtatanghal ng mga Maranao, ay kinikilala bilang isang mabilis na awitin na bersyon ng tula. Ang nilalaman ng bayok ay hango mula sa Darangen, ang epiko ng mga Maranao na naglalahad sa buhay at mga pakikipagsapalaran ng mga bayaning tulad ni Bantugën, Indarapatra, at Sulayman. Ang bayok ay hindi lamang isang artistikong porma kundi bahagi rin ng pang-araw-araw na buhay ng mga Maranao, kung saan ito ay inaawit sa iba’t ibang okasyon, mula sa pagpapahayag ng pagmamahal hanggang sa paghehele ng sanggol. Ang bayok ay nagsisilbi rin bilang isang medium sa pagpapahayag ng tamang asal at kaugalian, o kaya naman sa pagtuligsa sa masamang ugali ng tao.

Bilang isang anyo ng tulang tagisan o joustic poetry, ang bayok ay katulad ng iba pang tradisyunal na anyo ng pagtatalo sa tula tulad ng duplo at balagtasan ng mga Tagalog, balak ng mga Cebuano, at bikal ng mga Waray. Ang pagtatalo ay ginaganap sa paraang paawit sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, kadalasan ay nakasentro ang mga paksa sa mga pista o iba pang pagdiriwang, ngunit ang mga ito ay hango sa mga kuwento ng Darangen. Ang pagtatanghal ng bayok ay karaniwang isinasagawa ng mga onor o dalubhasang mang-aawit na sinanay sa tradisyonal na anyo ng pag-awit. Tinatawag na kambayoka ang ganitong uri ng pagtatanghal.

May dalawang uri ng mga nagtatanghal ng bayok: ang pababaiok para sa lalaki at onor para sa babae. Ang mga paksa ay karaniwang nakatuon sa pagbibigay parangal sa okasyon, pagpugay sa mga natatanging indibidwal, o pagtalakay sa mahahalagang ideyang pilosopiko. Ang paglikha ng mga berso para sa bayok ay ginagawa nang impromptu ng mga kalahok.

Ang tradisyon ng bayok ay naging inspirasyon sa paglitaw ng Sining Kambayoka, isang pangteatrong grupo sa Marawi na nagpaunlad sa bayok at kambayoka bilang mga anyong pandulaan.

Sa kasalukuyang panahon ay tuloy-tuloy ang pagbuhay sa sining ng dula. Maraming mga organisasyon at mga tanghalan ang nagkakaroon ng gawain kaugnay dito.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Basahin ang mga sumusunod at sagutin nang buong husay.

1. Ano ang mga simbolismong makikita sa mga dulang inilatag? Paano ang mga ito nagpapakita ng kultura at tradisyon ng mga Ilokano at Maranao?
2. Paano nakakatulong ang paggamit ng katutubong wika sa dalot at bayok upang maipahayag ang kanilang kultura at tradisyon? Anong mga elemento ng wika ang mahalaga sa pag-unawa ng kanilang mensahe?
3. Anong mga panlipunang norms o kaugalian ang masasalaman sa mga pagtatanghal ng dalot at bayok? Paano ito sumasalaman sa mga gawi at paniniwala ng mga komunidad na kanilang kinabibilangan?
4. Ano ang mga pangunahing pagpapahalaga o aral na ipinapakita sa mga kuwento at tema ng dalot at bayok? Paano ito nagbibigay ng aral sa mga manonood?
5. Anong mga pangkaraniwang karakter ang lumilitaw sa dalot at bayok? Paano ang mga arektipong ito nakakatulong sa pagkukuwento at pagpapakita ng mga mahahalagang mensahe?



Paglatag ng Kasanayan


Panuto: Magpangkatan ang klase. Manasaliksik ng katutubong sayaw o dula sa panahong pre-kolonyal. Kapag nagawa na ito, ipresenta sa klase ang nasaliksik at itala ang mga obserbasyon sa mga sumusunod:

MAHALAGANG KAISIPAN

-
-
-

KULTURAL NA ELEMENTO

-
-
-




Pagsasalansan

Nalaman sa araling ito ang kahulugan ng dula at kaugnay ang mga mahahalagang kaisipan at kultural na elemento na siyang nagpapakita ng buhay ng sinaunang Pilipino. Mula sa katutubong sayaw at sagutan, nakalikha tayo ng nakapupukaw ng damdamin at makabuluhang dula na makabuluhan.

ARALIN 12

Dula-Rituwal ng Babaylan



Sa pagtalakay ng aralin, malalaman ang mahalagang papel na ginagampanan ng babaylan sa ating kultura. Matutukoy rin ang iba't ibang tawag sa babaylan sa bawat lalawigan ng Pilipinas at mga rituwal na isinasagawa nila sa paggamot at pagsamba sa diyos. Gayundin ang katutubong sayaw na itinatanghal bago pa man dumating ang mga Kastila noong unang panahon, maging ang iba't ibang uri nito.



Layunin

- ✧ Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan sa tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.
- ✧ Nakikilala ang iba't ibang uri ng rituwal na isinasagawa ng mga babaylan.
- ✧ Nabibigyang-halaga sa kasalukuyang panahon ang mga uri ng rituwal ng babaylan.
- ✧ Naiuugnay ang mga babaylan sa mga kasalukuyang propesyon ng mga tao.



Paghahabi ng Kaalaman

Rituwal ng Babaylan

1. *Nakapanuod ka na ba ng isang dula?*
2. *Paano ito naiiba sa ibang panitikan ng Pilipinas?*

Ang nagsilbing puso ng drama ay konsepto ng mimesis, na matatagpuan sa mga rituwal na isinagawa ng mga baylan noong sinaunang panahon. Ang mga rituwal na ito, kadalasang isinasagawa sa pagsamba sa mga anito o sa isang mabekiro (magician) na pinaniniwalaang may pambihirang kapangyarihan, ay halimbawa ng klasikal na ideya ng impersonasyon. Ang mga gawain ng baylan, na sinasamahan ng awit, sayaw, at bulong, ay madalas na may kasamang espesyal na bagay na itinuturing nilang pinagmumulan ng kanilang kapangyarihan at nagsasatao sa daigdig upang kalabanin ang mga masasamang espiritu, Diwata at mga anito.



Iarawan ni Estrella Bagothbanwa

Babaylan

Ayon sa Diksyunaryo ng UP, ang mga Babaylan ay mga tao na may tungkuling magsagawa ng mga rituwal lalo na yaong pang-alay. Sila ay may malaking tungkulin at papel na ginagampanan sa sinaunang Lipunan ng ating lahi. Ang mga babaylan ay itinuturing na tagapamagitan (mediator) ng mga Diwata at mga tao. Sila ay binubuo ng kababaihan at may tungkuling manggamot ng ispiritwal at pisikal na karamdaman. Sila ay kinikilala at may mataas na pagtingin sa kanila ang Lipunan. Sila ay kapantay ng mga Maharlika at pangalawa lamang sa mga Datu. Sila rin ang pansamantalang humahalili sa pinuno sakaling wala pang napipiling mamumuno sa kanilang lugar.

Ayon kay McCoy, ang salitang *Babaylan* ay nagmula sa salitang Malayo na “belian”, “balian” o “waylan” sa Java, Indonesia na nangangahulugan ng espiritista. Makikita na hindi lang umiiral sa Pilipinas ang konsepto ng Babaylan, kundi maging sa karatig na bansa sa Timog-Silangang Asya.

Ayon kay Pedro Plasencia, ang tungkulin ng baylan ay maihahalintulad sa mga gawain ng katalonan, hokloban, silagan, manananggal, at manggagayuma, at iba pa. Dahil sa kawalan ng mga templo, ang mga ritwal ay ginaganap sa mga bakuran, sa tabi ng mga banal na puno o ilog, o kaya naman sa silid ng baylan kung saan naroroon ang mga anito. Ang mga taong lumalapit sa baylan para humingi ng tulong ay aktibong lumalahok sa ritwal, na karaniwang sinasamahan ng tunog ng mga dram, kampana, at paghagupit sa mga dahon ng palmera, kasabay ng pag-awit at pagsayaw. Bilang pasasalamat o regalo pagkatapos ng ritwal, ang baylan ay kadalasang binibigyan ng ginto, pagkain, at ilang bahagi ng hayop na ginamit sa sakripisyo.

Hindi lamang limitado sa panggagamot ang gawain ng isang Babaylan. Sila ay gumagawa ng rituwal upang maitaboy ang anumang karamdaman sa lugar at sa para sa pagkakaroon ng masaganang ani.


Karatig – Ibig sabihin ay kalapit na lugar o bansa.

Lumalahok – Ito ay tumutukoy sa pagiging aktibo o kasali sa isang gawain, aktibidad, o pangyayari

Ani – tumutukoy sa pag-aani o pagkolekta ng mga produkto mula sa sakahan, halaman, o iba't ibang uri ng pagtatanim

Iba't iba ang tawag sa mga Babaylan sa bawat lugar at rehiyon sa Pilipinas. May ilang mga gawain din sila na ginagawa na hindi isinasapraktika ng ibang Babaylan ngunit iisa lamang ang kanilang tungkulin ang mamuno sa mga rituwal.

Noong dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, nagsimula na rin ang unti-unting pagkawala ng mga Babaylan. Pinalaganap ng mga mananakop ang Katolisismo sa bansa at pinarusahan naman ang mga hindi naniniwala sa relihiyon. Sinira at sinunog ang mga imahen at idolo na kumakatawan sa sinaunang paniniwala ng ating mga ninuno. Ngunit ang ilan sa mga Babaylan ay lumaban sa mga mananakop.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod tanong kaugnay sa maikling kasaysayan ng mga Babaylan at Katutubong sayaw.

1. Ano ang kahalagahan ng Mimesis sa mga Rituwal ng Baylan? Paano nakatulong ang konsepto ng mimesis sa pagpapahayag ng mga rituwal ng mga baylan, at paano ito nagpapakita ng kanilang koneksyon sa mga anito at masasamang espiritu?
2. Ano ang mga pangunahing tungkulin ng mga babaylan sa sinaunang lipunan ng Pilipinas, at paano nila ginampanan ang papel bilang tagapamagitan sa pagitan ng mga Diwata at tao?
3. Ano ang mga pagkakaiba-iba ng tawag at gawain ng mga Babaylan sa iba't ibang lugar at rehiyon sa Pilipinas, at paano ito sumasalamin sa kanilang kultura?
4. Paano ginagampanan ng mga Babaylan ang kanilang tungkulin sa panggagamot at sa rituwal na pagtaboy ng mga karamdaman o sa paghingi ng masaganang ani?
5. Paano naapektuhan ang tradisyon ng mga Babaylan at kanilang mga rituwal noong dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, at paano nila hinaharap ang mga pagbabagong ito?
6. Ano ang mga pagkakatulad ng konsepto ng Babaylan sa ibang kultura sa Timog-Silangang Asya, at ano ang kahalagahan ng mga pagkakatulad na ito?
7. Anong mga simbolo ang karaniwang ginagamit sa mga rituwal ng Babaylan, at ano ang kahulugan ng mga ito sa kanilang kultura at paniniwala?

- B. **Panuto:** Sumulat ng talata kung paano nakaimpluwensya ang rituwal ng babayalan sa pagkakabuo ng dula.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

IBA PANG UGAT NG DULA SA BANSA

Ang “Bikal,” “Karilyo,” “Bayok,” “Kasayatan,” “Dalling-Dalling,” at “Hugas-Kalawang” ay iba’t ibang anyo ng katutubong dula o tradisyunal na pagtatanghal sa Pilipinas. Narito ang maikling paglalarawan ng bawat isa:

1. **Bikal**

Ito ay isang katulad na anyo ng tulang tagisan o poetic joust sa mga Waray. Katulad ng Balak, ito rin ay binibigkas ng mga kalahok sa paraang patula, na karaniwang nagtatampok ng mga paksa tulad ng pag-ibig, paghanga sa kalikasan, o kahit pang-araw-araw na buhay.

2. **Karilyo**

Ito ay isang uri ng dula na gumagamit ng mga anino ng mga manika o puppetry. Ang Karilyo ay kilala sa paggamit ng mga anino na nililikha ng mga manika sa likod ng isang puting tela na may ilaw mula sa likod, na nagtatanghal ng iba’t ibang kuwento.

3. **Bayok**

Ito ay isang tradisyunal na anyo ng awitin o tula mula sa mga Maranao. Ang Bayok ay karaniwang mabilis ang tempo at maaaring magtaglay ng mga kuwento o aral mula sa epikong “Darangen” ng mga Maranao.

4. **Kasayatan**

Ito ay isang uri ng tradisyunal na sayaw o dula mula sa mga Tausug. Ang Kasayatan ay kadalasang nagtatampok ng mga sayaw na may kasamang kuwento o drama na nagpapakita ng kultura at tradisyon ng mga Tausug.


5. Dalling-Dalling

Isa itong tradisyunal na sayaw-dula ng mga Tausug, kadalasan ay ginagampanan ng mga babae. Ang Dalling-Dalling ay kilala sa masining na galaw ng kamay at paa, at ito ay nagpapakita ng mga kuwentong may kinalaman sa kanilang pamumuhay at kultura.

6. Hugas-Kalawang

Ito ay isang uri ng tradisyunal na sayaw mula sa mga Muslim sa Mindanao. Karaniwang ginaganap ito sa mga kasalan at iba pang mahahalagang okasyon. Ang sayaw na ito ay simbolo ng paglilinis at paghahanda para sa bagong yugto ng buhay.

Ang mga ito ay mga halimbawa ng mayamang tradisyunal na panitikan at sining ng pagtatanghal sa Pilipinas, na nagpapakita ng iba't ibang aspekto ng kultura at kasaysayan ng bansa.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Magbigay ng susing salita o deskripsyon para sa bawat uri ng pinagmulan ng dula.

Bikal

Karilyo

Bayok

Kasayatan	Dalling-dalling	Hugas Kalawang



Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Makipagpangkat sa iyong katabi o kamag-aral at subukang sagutin ang mga tanong sa ibaba.


MAHAHALAGANG TANONG	ANG AMING SAGOT
Paano mabibigyang-halaga ang mga rituwal ng mga babaylan sa kasalukuyang pananon?	
Bakit mahalagang mapag-aralan ang mga impormasyon ukol sa mga rituwal ng babaylan?	
Ano kaya ang mangyayari sa ating paniniwala kung hindi dumating ang Katolisismo sa bansa? Paano mo nasabi?	

- B. **Panuto:** Sumulat ng isang talata na nagpapaliwanang kung paano maiuugnay ang mga gawain at pananaw ng mga babaylan sa mga modernong propesyon.

- C. **Panuto:** Subukan magsadula ng isang katutubong sayaw, mimesis, o rituwal ng babaylan at samahan ito ng skit na magpapakita ng kung paano maaaring nagkaroon ng ebolusyon ng dula mula rito.

Sa pagtatapos ng pagsasadula, ipakita kung ano ang mahalagang kaisipan ng itinanghal.

Pananaw	Moral	Katangian at Karanasan ng Tao



Pagsasalansan

Sa araling ito, tinalakay ang mga babaylan at ang mahalagang papel na kanilang ginampanan sa lipunang Pilipino noong sinaunang panahon, kasama na doon ang nakaimpluwensya sa paghubog ng mga unang dula. Natalakay rin ang ginagawa nila bilang manggagamot, pinuno ng relihiyon, at bilang guro. May iba't ibang uri sila ng rituwal na isinasagawa para sa pagbibigay ng gamot sa sakit at nangunguna sa pagsamba sa diyos. Nalaman din ang kahulugan ng katutubong sayaw na nagpapakita ng pamumuhay ng mga Pilipino at mga kaugalian.

ARALIN 13

Estruktura ng Tekstong Ekspositori at Kasanayang Pang-akademik



Sa araling ito, mauunawaan ang kaligirang kasaysayan ng sinaunang akdang tuluyan sa panahon ng Katutubo. Gayundin ang mga kasanayan Pang-akademik sa Pag-unawa ng Tekstong Ekspositori.



Layunin

- ◇ Natutukoy at naibabalangkas ang paksa, layon, at ideya sa teksto.
- ◇ Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon sa binasang teksto.
- ◇ Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito.



Paghahabi ng Kaalaman

Bagong Aklat Pambata, Binibigyang Buhay ang mga Katutubong Kuwento ng Pilipinas

May-akda ng aklat: Jo Tiongson-Perez at Denise Orosa

Ni: Hans Carbonilla – @inquirerdotnetInquirer Manila / 09:23 PM Nobyembre 16, 2023


<https://usa.inquirer.net/139782/new-childrens-book-breathes-life-into-indigenous-philippine-stories>

Mula sa panahon ng pre-kolonyal hanggang sa makabagong mundo, ang kasaysayan ng pagkukuwento sa Pilipinas ay sumasalamín sa iba't ibang kultura na hinubog ng mga katutubong tradisyon, impluwensya ng kolonyalismo, at ang umuunlad na pagkakakilanlan ng bansa.

Ayon sa ulat ng Relief Web, ang kapuluan ay tahanan ng higit sa 17 milyong mga katutubong tao, na binubuo ng 110 na mga pangkat etnolingguwistiko, tinatayang nasa pagitan ng 10 hanggang 20 porsyento ng kabuuang populasyon ng bansa.

Hinubog –

nangangahulugang ang isang tao ay nabuo o naging isang tiyak na anyo o karakter dahil sa mga karanasan, pagtuturo, o impluwensya mula sa iba



<https://usa.inquirer.net/139782/new-childrens-book-breathes-life-into-indigenous-philippine-stories>

Sa pagtawid ng maraming milenyo, ang naratibong ito ay nagsilbing inspirasyon sa “Once Upon the Sun and Sea,” isang bagong aklat pambata na nailathala sa US ng magka-tandem na Pilipinong may-akda na sina Jo Tiongson-Perez at Denise Orosa.

Ang koleksyon ng 11 na lirikal na muling pagsasalaysay, na iginuhit ni Tin Javier, ay nag-aanyaya sa mga batang mambabasa na may edad 6 hanggang 12. Ang literaturang odisea na ito ay lumulubog sa mga mambabasa sa isang pantasyang mundo ng mga diyos, diyosa, bayani, at mahiwagang nilalang ng Pilipinas, tuklasin ang tela ng pre-kolonyal at sikat na mga kuwento mula sa bansa.

Hinimok – tumutukoy sa pag-udyok o pag-*encourage* sa isang tao na gawin ang isang bagay o sumunod sa isang adhikain.

Pahintulot – tumutukoy sa pagkakaroon ng permiso o awtorisasyon na gawin ang isang tiyak na bagay

“Gamitin ang mga kwentong ito bilang isang masayang tanda na nag-uudyok ng kuryosidad, pag-uusap, at pagmamalaki; liwanag na nagtuturo pabalik sa minamahal na mga lupain ng araw at dagat,” ayon sa paglalarawan ng Book Culture.

Ano ang aasahan mula sa “Once Upon the Sun and Sea”

Isang liham ng pag-ibig para sa mga anak ng diaspareng Pilipino, ang 100-pahinang aklat ay hinati sa dalawang bahagi, na nagtatampok ng pitong katutubong kuwento at tatlong kuwentong bayan.

Hinimok ng kanilang sariling mga anak na naghahanap ng kultural na koneksyon, ang magka-akda ay nakipagtulungan sa mga respetadong matatanda mula sa tribo ng Tagbanua, isa sa mga pinakamatandang katutubong komunidad sa Pilipinas.

Sa kanilang pahintulot, ang pasalitang kuwento ng “Ang Pugo at ang Hipon” at “Ang Kuwento ni Buwal” ay isinalin sa nakasulat na Ingles.

Upang hikayatin ang mas malalim na pagtuklas sa kulturang Pilipino, ang aklat ay may kasamang biswal na talasalitaan na may mga kahulugan ng rehiyonal at kolokyal na bokabularyo. Ang mga maiikli at madaling maintindihan na mga katotohanan ay nagbibigay ng karagdagang konteksto, nagtataguyod ng kuryosidad at pag-unawa sa mga batang mambabasa.

Paano naganap ang proyektong ito

Si Tiongson-Perez, isang Pilipinang-Amerikanong manunulat na nakabase sa Philadelphia, ay tumutuklas sa epekto ng mga kuwento, wika, at media sa mga pananaw at pagkakakilanlan sa mundo. Samantala, si Orosa, isang premyadong guro sa sining at elementarya, manunulat, at artista sa Canada, ay may mahigit dalawang dekada ng karanasan sa pagtatrabaho at pagsusulat para sa mga bata at pamilya.

Ang duong ito, na kinilala bilang AAPI Grant Awardees ng Sachs Program for Arts Innovation, ay nagsimula sa isang dalawang-taong proyekto na nagsimula sa isang pag-uusap sa pagitan nina Tiongson-Perez at Orosa. Parehong mga ina at manunulat, napansin nila ang pagnanais ng kanilang mga anak na makakonekta sa kanilang pamana habang lumalaki sa malalayong lupain.

“Lumaki ako sa Maynila noong dekada 80, ako ay pinalaki sa mga aklat na puno ng Kanluranin, Eurosentrikong mga naratibo, at representasyon,” ibinahagi ni Tiongson-Perez sa EIN Presswire. “Nang magsimulang humingi ang aking anak ng mga kuwentong Pilipino, napagtanto ko na iilan lamang ang alam ko kumpara sa mga dosenang kuwento ni Hans Christian Andersen at Brothers Grimm na aking minahal.”

Kinikilala ang kakulangan ng access sa katutubong literaturang Pilipino para sa mga bata, nagtakda sila na punan ang kakulangang ito sa pamamagitan ng kanilang kolaborasyon.

Maaari mo ring magustuhan: Ang debut novel ng Pilipinang may-akda na ito ay umabot sa New York Times bestsellers list

“Habang nagsasaliksik ng mga kuwento mula sa Pilipinas, ako ay nabigla sa mga historikal at antropolohikal na karakterisasyon ng ating katutubong kultura bilang mababa, primitibo, kahit mabangis. Naisip ko kung ang isang aklat tulad nito ay hindi lamang makakatulong na palawakin ang espasyo upang isama ang mga katutubong boses kundi mabawi rin ang pagmamalaki sa ating kultural na pamana,” dagdag niya.

Ang “Once Upon the Sun and Sea” ay mabibili sa mga pandaigdigang online retailer tulad ng Amazon, Barnes & Noble, at Book Baby.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Ano ang nagiging inspirasyon para sa “Once Upon the Sun and Sea” at anong mga elemento ng kulturang Pilipino ang itinampok nito?
2. Ano ang mga pangunahing bahagi ng aklat na may kinalaman sa katutubong kuwento at mga kuwentong bayan?
3. Paano nagsimula ang proyektong ito, at ano ang layunin ng mga may-akda sa paglikha ng aklat?
4. Ano ang epekto ng kakulangan sa *access* sa katutubong literaturang Pilipino para sa mga bata, at paano nito naging motibasyon para sa magka-akda?
5. Paano inilalarawan ng mga may-akda ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino sa pamamagitan ng kanilang aklat?
6. Saan maaaring mabili ang “Once Upon the Sun and Sea” at paano ito maaaring maging bahagi ng pagpapalaganap ng mga kuwento at kultura ng Pilipinas sa iba’t ibang bahagi ng mundo?

B. **Panuto:** Punan ang talahanayan batay sa naunawaan sa teksto.

Paksa	Layon
Mahalagang Ideya	

Detalye			
Estilo	Kaangkupan ng salita	Ideyang ipinarating sa mambabasa	Transisyunal at kohesiyong gramatikal



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang tekstong ekspositori ay naglalayong magpaliwanag at magbigay impormasyon tungkol sa isang partikular na paksa. Ang layunin nito ay maghatid ng mga detalye na magbibigay liwanag sa mambabasa nang walang bias o opinyon.

Mga Kasanayang Pang-akademik sa Pag-unawa ng Tekstong Ekspositori

- **Pagtukoy sa Tema o Ideya ng Teksto**

Ang pangunahing ideya ay tuwirang ipinapakita, samantalang sa ibang pagkakataon ay kailangan itong hanapin sa kabuuan ng teksto. Makikita pa rin sa mga pahayag o datos na sumusuporta sa pangunahing ideya.

- **Pagkilala sa Mga Transisyonal na Salita**

Ang mga transisyonal na salita ay nagpapakita ng relasyon ng mga ideya sa teksto. Halimbawa, ang mga salitang “dahil”, “kaya naman”, at “subalit” ay nagpapakita ng relasyon ng dahilan at epekto.

- **Pagsusuri ng Estratehiya ng Organisasyon**
Maaari itong *chronological*, dahilan at epekto, problema at solusyon, o pagsasalaysay.
- **Pag-unawa sa Bokabularyo**
Kailangan maunawaan ang kahulugan ng mga salita sa konteksto ng teksto.
- **Pagsusuri ng Impormasyon**
Tumutukoy kung ang impormasyon ay batay sa katotohanan, opinyon, o interpretasyon.
- **Pagtatanong**
Habang nagbabasa, magtakda ng mga tanong sa iyong isip na maaaring sagutin habang tinutunton ang teksto.
- **Paggamit ng mga Grapikong Pantulong**
Mga *tool* tulad ng mga *web*, *outline*, o *flowchart* ay makatutulong sa pag-organisa ng impormasyon mula sa teksto.
- **Pagrerebyu**
Pagkatapos basahin ang teksto, bumalik sa mga pangunahing punto at impormasyon upang tiyakin na nauunawaan ito nang maayos.

Ang paggamit ng mga kasanayang ito ay makatutulong sa isang mambabasa na maunawaan nang mas mabuti ang tekstong ekspositori at makakuha ng mas malalim na kaalaman mula rito.

Estruktura ng Tekstong Ekspositori

Ang mga tekstong ekspositori ay binubuo ng iba't ibang estruktura na ginagamit upang ipabatid ang impormasyon o kaisipan sa mga mambabasa. Narito ang mga pangunahing estruktura ng mga tekstong ekspositori:

1. Deskripsyon

Naglalayong magbigay ng detalyadong paglalarawan ng isang bagay, lugar, tao, o konsepto. Nagbibigay din ito ng vivid na mga pinta o imahen sa isipan ng mga mambabasa upang maunawaan ang paksa ng mas maayos. Madalas itong ginagamit sa mga travelogue, profile ng mga kilalang tao, o mga akda na naglalarawan ng kalikasan o kultura.

2. **Pagkakaiba at Pagkakatulad**

Isinasalaysay ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang o higit pang bagay o konsepto. Karaniwang gumagamit ito ng mga pagkukumpara at pagkokontrast para maipakita ang mga pagkakapareho at pagkakaiba ng mga elemento. Madalas itong ginagamit sa mga sanaysay na nagsusuri, pormal na mga sanaysay, o mga ulat.

3. **Sanhi at Bunga**

Ugnayan sa pagitan ng sanhi at bunga ng isang pangyayari o sitwasyon. Ipinaliliwanag kung bakit naganap ang isang pangyayari at ano ang mga resulta o bunga nito. Karaniwang ginagamit ito sa mga sanaysay na naglalayong magpaliwanag ng mga dahilan at epekto ng mga pangyayari sa lipunan o kalikasan.


4. **Suliranin at Solusyon**

Inilalahad ang isang suliranin o problema, at binibigyan ng solusyon o paraan kung paano ito maaaring malutas. Naglalayong magbigay ng mga konkretong hakbang o plano upang masolusyunan ang isang isyu. Karaniwang ginagamit ito sa mga sanaysay na layunin ang pagtukoy at pagresolba ng mga problema sa lipunan o industriya.

5. **Pagkakasunod-sunod at Proseso**

Nagpapakita ng mga hakbang o proseso kung paano isinasagawa o nagaganap ang isang bagay. Ipinapakita nito ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang o proseso upang maabot ang isang layunin o resulta. Karaniwang ginagamit ito sa mga sanaysay na naglalarawan ng mga teknikal na proseso, eksperimento, o gawain.

Ang mga estrukturang ito ay mahalaga sa pagsusulat ng mga tekstong ekspositori upang maging malinaw at maayos ang pagpapahayag ng mga ideya o impormasyon. Ayon sa layunin ng teksto at paksa, maaaring pumili ang manunulat ng kaukulang estruktura o anyo ng pagpapahayag.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Tuklasin ang estruktura ng tekstong binasa at mga kasanayang akademik na maaaring magamit sa pag-unawa nito.



Bagong Aklat Pambata,

Binibigyang Buhay ang mga Katutubong Kuwento ng Pilipinas

Estruktura ng Tekstong Eskpositori: _____

Paliwanag: _____

Mga Kasanayang Pang-akademik sa Pag-unawa ng Tekstong Eskpositori

- _____

- _____

- _____



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gumawa ng balangkas ng tekstong ekspositori. Malayang pumili ng estrukturang aakma sa nais na anggulo. Ang paksa ay tatalakay sa mga katutubong panitikan. Sundan ang balangkas sa ibaba.

I. Introduksyon

- A. Suportang Detalye
- B. Suportang Detalye

II. Pangunahing Ideya ng Unang Talata ng Katawan

- A. Suportang Detalye
- B. Suportang Detalye

III. Pangunahing Ideya ng Ikalawang Talata ng Katawan


- A. Suportang Detalye
- B. Suportang Detalye

IV. Pangunahing Ideya ng Ikatlong Talata ng Katawan

- A. Suportang Detalye
- B. Suportang Detalye

V. Konklusyon

- A. Suportang Detalye
- B. Suportang Detalye



Pagsasalansan

Nalaman sa araling ito ang kaligirang kasaysayan ng sinaunang akdang tuluyan sa panahon na katutubo. Gayundin nalaman din ang kahulugan ng tekstong ekspositori at mga kasanayang pang-akademik sa pagbuo ng tekstong ekspositori.

ARALIN 14

Tekstong Biswal: Komiks



Sa araling ito, mauunawaan ang kahulugan at uri ng mga tekstong biswal. Gayundin, ang katangian at bahagi ng komiks. Masusuri rin ang mga bahagi ng komiks sa pamamagitan ng pagpapakita ng halimbawa.



Layunin

- ◊ Naipaliliwanag ang mga elemento ng tekstong biswal.
- ◊ Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori)
- ◊ Nakabubuo ng sariling komik istrip.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang mga elementong biswal tulad ng tipo, sukat, tupi (fold), at kulay ay mahalagang aspekto ng disenyo at pagpapahayag ng impormasyon sa isang biswal na paraan. Narito ang detalye ng bawat isa:

1. **Tipo (Typography):** Tumutukoy ito sa estilo at anyo ng mga titik o font na ginagamit sa isang teksto. Kasama rito ang pagpili ng font, laki, kapal, at espasyo sa pagitan ng mga letra at mga salita. Ang maayos na pagpili ng tipo ay nakatutulong sa pagbibigay-diin at pagpapadali ng pagbabasa.
2. **Sukat (Size):** Tumutukoy ito sa laki ng mga elemento sa isang visual na komposisyon. Ang sukat ay maaaring magpahiwatig ng kahalagahan, bigat, o diin sa isang partikular na bahagi ng komposisyon.
3. **Tupi (Fold):** Sa konteksto ng mga printed materials tulad ng brochures o flyers, ang tupi ay tumutukoy sa paraan ng pag-fold o pagtupi ng papel. Ang pagpili ng uri ng tupi (halimbawa, bi-fold, tri-fold) ay mahalaga sa daloy ng pagbabasa at sa pagpapakita ng impormasyon sa isang organisado at epektibong paraan.

Daloy – Tumutukoy sa pagkakasunod-sunod o pagkakabukod-bukod ng mga pangyayari, ideya, o elemento sa isang akda o kuwento.

4. **Kulay (Color):** Isa sa pinakamakapangyarihang elemento ng biswal na sining, ang kulay ay may kakayahang magdulot ng emosyon, magbigay ng mood, at lumikha ng ilusyon ng lalim. Ang pag-aaral ng kulay ay kinabibilangan ng hue (pangunahing kulay), saturation (kadalisan ng kulay), at value (liwanag o dilim ng kulay).

Mga katangian ng komiks

Pangunahing naglalaman ang komiks ng mga maikling kuwento. Ang mga katangian nito ay nag-iiba depende sa genre at istilo. Kadalasan ito ay makulay at puno ng mga nakakatawang paglalarawan ng mga tauhan, bagay, at pangyayari sa kwento.


Ang komiks ay madalas na nagtatapos sa isang hiwalay na kuwento, ngunit ang ilang mga kuwento ay nagpapatuloy sa susunod na isyu.

Istilo – Tumutukoy sa partikular na paraan o pamamaraan ng paglikha o pagganap ng isang bagay, lalo na sa sining, panitikan, musika, at iba pang larangan ng kultura

Mga Bahagi ng Komiks:

1. **Pamagat** – pangalan ng komiks
2. **Larawang guhit ng mga tauhan sa kuwento** – mga hugit ng tauhan na binibigyan ng kuwento.
3. **Kuwadro** – naglalaman ng tagpo sa kuwento o tinatawag na frame.
4. **Kahon ng Salaysay** – pinagsusulatan ng maikling salaysay sa komiks
5. **Lobo ng usapan** – pinagsusulatan ng usapan o diyalogo ng mga tauhan

Tagpo – Tumutukoy sa isang yugto o bahagi ng isang akda, kaganapan, o pangyayari sa isang kuwento, dula, pelikula, o anumang narrative na mayroong kaugnayan sa pag-iral o pag-unlad ng kwento.



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.
1. Ano ang apat na pangunahing elementong biswal na nabanggit sa teksto?
 2. Ibigay ang mga bahagi ng komiks ayon sa nabasa.
 3. Ipaliwanag kung paano nakatutulong ang paggamit ng kulay sa pagbibigay-diin ng mood o emosyon sa komiks.
 4. Sa iyong sariling salita, ilarawan kung bakit mahalaga ang pagpili ng tamang tipo sa isang teksto.

5. Paano mo magagamit ang kaalaman sa laki o sukat ng elemento para mapahusay ang visual impact ng isang pahina ng komiks?
6. Suriin kung paano nagbabago ang interpretasyon ng mambabasa sa isang kuwadro ng komiks kapag binago ang kulay nito.

B. **Panuto:** Suriin ang larawan. Tukuyin ang bahagi ng komiks.

Narito ang isang halimbawa ng komiks at ang bahagi nito.

Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo

1.

2.

Panel 1: Pamilyar ba kayo sa mga akdang tuluyan?

Panel 2: Hmm... Tama! At ang bawat isa ay may kanya-kanyang ganda at lalim.

Panel 3: Oo, yung mga kuwento at nobela, di ba?

Panel 4: Hindi lang yun! Kasama rin dito ang sanaysay at talambuhay.

Panel 5: At ang mga sanaysay, nagbibigay ng malalim na pananaw sa iba't ibang paksa!

Text in Panel 4: Sila ay nag-uusap tungkol sa mga halimbawa ng mga akda noong panahon ng katutubo.

Text in Panel 5: Parang mga nobela, puno ng detalyadong banghay at karakter.

3.

4.

5.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang komiks, bilang isang midyum ng sining at pagkukuwento, ay may natatanging mga katangian na nagpapakilala dito. Narito ang ilang pangunahing katangian ng komiks:

1. **Sekwensyal na Sining (Sequential Art):** Ang komiks ay binubuo ng sunod-sunod na mga imahen o guhit na magkakaugnay upang magkuwento o magpahayag ng isang ideya.
2. **Mga Kuwadro o Panels:** Ang bawat eksena o bahagi ng kuwento ay karaniwang inilalarawan sa loob ng mga kuwadro o panels, na nagbibigay ng estruktura sa pagsasalaysay.
3. **Dayalogo at Salaysay sa pamamagitan ng mga Balloon at Caption:** Ang komunikasyon sa loob ng komiks ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga dialogue balloons (para sa mga sinasabi ng mga karakter) at caption boxes (para sa background na impormasyon o mga saloobin ng tagapagsalaysay).
4. **Karakter at Balangkas:** Katulad ng ibang anyo ng literatura, ang komiks ay may mga karakter at isang balangkas o plot. Ang mga karakter ay maaring kathang-isip o batay sa totoong buhay, at ang kuwento ay maaaring umikot sa iba't ibang tema o genre.
5. **Visual na Estilo at Disenyo:** Ang komiks ay may iba't ibang estilo ng sining, mula sa simpleng guhit hanggang sa mas detalyadong sining. Kasama rito ang paggamit ng linya, kulay, at texture.
6. **Kombinasyon ng Sining at Salita:** Ang komiks ay natatangi sa paggamit nito ng sining at salita nang sabay. Ang mga imahe at teksto ay magkasamang nagtatrabaho upang maghatid ng isang kuwento o mensahe.
7. **Pahina at Layout:** Ang pag-aayos ng mga panels sa isang pahina (layout) ay mahalaga upang mabigyan ng direksyon ang pagbabasa at upang mapahusay ang pacing at daloy ng kuwento.
8. **Onomatopoeia:** Madalas ding gamitin sa komiks ang onomatopoeia, o ang paggamit ng mga salitang nag-iimitate ng tunog (hal. "Bang!", "Pow!", "Zap!") upang magdagdag ng buhay sa mga eksena, lalo na sa mga aksyon.



Ang mga katangiang ito ang nagbibigay sa komiks ng kakaibang bisa at kakayahang magkuwento na nagiging dahilan kung bakit ito popular sa iba't ibang edad at kultura.


Mga dapat isaalang-alang na proseso sa pagdisenyo ng Comic Book

Sa proseso ng pagdidisenyo ng isang comic book, may ilang mahalagang aspekto na dapat isaalang-alang upang makabuo ng isang epektibo at kaakit-akit na obra. Narito ang ilang mahalagang bagay na kailangang pagtuunan ng pansin:

1. **Konsepto at Tema ng Kuwento:** Bago pa man magdisenyo, mahalagang malinaw ang konsepto at tema ng kwento. Dito nakasalalay ang direksyon ng disenyo, mula sa estilo ng pagguhit hanggang sa paggamit ng kulay.
2. **Estilo ng Pagguhit:** Ang bawat comic book ay may kanya-kanyang natatanging estilo ng pagguhit. Ito ay maaaring realistic, cartoonish, abstract, o anumang estilo na angkop sa tono at tema ng kuwento.
3. **Pagpili ng Kulay:** Mahalaga ang kulay sa pagbibigay buhay at emosyon sa kuwento. Ang paggamit ng kulay ay dapat naaayon din sa mood ng bawat eksena.
4. **Pag-aayos ng mga Panels:** Ang pag-aayos at laki ng mga panels ay nakakaapekto sa pacing ng kuwento. Dapat itong planuhin nang maayos upang madaling sundan at maunawaan ng mambabasa ang daloy ng kuwento.
5. **Typography at Balloon Placement:** Mahalaga rin ang pagpili ng tamang font at laki ng mga salita para sa madaling pagbasa. Gayundin, ang pagkakalagay ng dialogue balloons ay kritikal para sa malinaw na pag-uusap ng mga karakter.
6. **Character Design:** Ang disenyo ng bawat karakter ay dapat naaayon sa kanilang personalidad at papel sa kuwento. Dapat silang madaling makilala at maalala ng mga mambabasa.
7. **Background at Setting:** Ang background at setting ay dapat detalyado at konsistent, upang makatulong sa paglikha ng isang kapani-paniwalang mundo sa loob ng kuwento.
8. **Cover Design:** Ang pabalat ng comic book ay mahalaga dahil ito ang unang nakikita ng mga potensyal na mambabasa. Dapat itong kapansin-pansin at sumasalamin sa kabuuan ng kuwento.
9. **Storyboarding at Scripting:** Mahalaga ang maayos na pagpapalano ng bawat eksena sa pamamagitan ng storyboarding. Gayundin, ang script ay dapat malinaw upang madaling maisalin sa visual na format.

10. **Pagpili ng Papel at Printing Quality:** Mahalaga rin ang kalidad ng papel at printing para sa pangkalahatang hitsura at pakiramdam ng comic book.

Ang pagdidisenyo ng comic book ay isang kompleksong proseso na nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa sining ng visual storytelling. Ang bawat aspeto mula sa pagguhit hanggang sa produksyon ay dapat pag-isipang mabuti upang makalikha ng isang matagumpay na obra.



Pagpapalalim

Pagsasanay



Panuto: Sa tulong ng iyong kapares, magsaliksik ng mga halimbawa ng komiks na makikita sa internet. Suriin ang mga bahagi nito at magsulat ng maikling paliwanag sa nilalaman ng kuwento.

	Paliwanag
Pamagat	
Larawang guhit ng mga tauhan sa kuwento	
Kuwadro	
Kahon ng Salaysay	
Lobo ng usapan	



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Bumuo ng isang komik istrip na tumatalakay sa iyong natutuhan sa talakayan patungkol sa ilang tauhan sa **“Mga Tuluyan sa Panahon ng Katutubo”**



Pagsasalansan

Sa araling ito, nalaman ang elementong biswal at mga dapat isaalang-alang na proseso sa pagdisenyo ng Comic Book. Natutuhan din na may iba't ibang bahagi ang komiks at kahulugan nito. Sa pamamagitan ng mga gawain, nasusuri ang mga bahagi at nakabubuo ng sariling komik istrip.

Gawain sa Pagganap

Comic Brochure (Ikalawang Borador)

1. Pagpili ng Tauhan at Akda: Pumili ng isang tauhan mula sa isang akdang binasa at itala ang mga pangyayari sa kanyang buhay na pinakamahalaga.
2. Pagsulat ng Sanaysay: Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa mga pangyayaring ito. Dito, ilahad ang kahalagahan ng mga pangyayaring ito sa buhay ng tauhan at kung paano ito nag-ambag sa pag-unlad ng kuwento. Tiyaking mayroong malinaw na simula, gitna, at wakas. Isaalang-alang din ang paggamit ng mga elemento ng malikhaing pagsulat gaya ng talinghaga, paglalarawan, at diyologo.
3. Disenyo ng Comic Book Brochure:
 - Konsepto: Magplano ng isang comic book brochure na naglalarawan sa buhay ng tauhang napili. Maaaring gumawa ng storyboard bilang gabay.
 - Biswal at Multimodal na Elemento: Isama ang mga biswal na elemento tulad ng mga larawan, kulay, at font style na angkop sa tema ng kuwento. Gamitin ang multimodal na aspekto tulad ng teksto, imahen, at iba pang visual na paraan upang maipahayag ang kuwento.
 - Kasanayang Komunikatibo: Siguraduhing malinaw at maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Mahalaga rin na ang wika at tono ay naaayon sa target na mambabasa.
 - Etikal na Kasanayan at Pananagutan: Magpakita ng responsibilidad sa pagpili ng mga salita at larawan. Iwasan ang anumang nilalaman na maaaring makasakit o hindi angkop sa iba't ibang uri ng mambabasa.
4. Pagsasama ng Teksto at Biswal: Pagsamahin ang sanaysay at ang disenyo ng comic book brochure sa isang malikhain at organisadong paraan. Siguraduhing ang teksto at biswal ay magkatugma at nagpapalakas sa isa't isa.
5. Pagrerebisa at Pag-edit: Suriing mabuti ang iyong gawa para sa anumang pagkakamali sa gramatika, baybay, at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Hingin ang opinyon ng iba para sa posibleng pagpapabuti.
6. Paglalapat ng Natutuhan: Sa huling bahagi, magbigay ng paliwanag kung paano mo nailapat ang iyong mga kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan sa paggawa ng performance task na ito.

Rubrik:

Mahusay (5)

Magaling (4)

Katamtaman (3)

Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)

Mahina (1)

Kraytirya	(5)	(4)	(3)	(2)	(1)
Nilalaman ng Sanaysay	Komprehensibo at malalim ang pagsusuri sa tauhan at mga pangyayari.	Malinaw at detalyado ang pagsusuri ngunit may kaunting kulang sa lalim.	Mayroong sapat na detalye ngunit kulang sa lalim ng pagsusuri.	Kulang sa detalye at lalim ng pagsusuri.	Napakababaw o hindi angkop ang nilalaman.
Organisasyon ng Sanaysay	Malinaw at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya.	Maayos ang pagkakasunod-sunod ngunit may ilang bahaging malabo.	Katamtamang ayos ngunit may ilang bahaging hindi organisado.	Hindi organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya.	Walang malinaw na organisasyon.
Biswal at Multimodal na Elemento	Napakahusay at malikhain ang paggamit ng biswal at multimodal na elemento.	Magaling ang paggamit ng biswal at multimodal na elemento ngunit may kaunting kakulangan sa pagkamalikhain.	Katamtaman ang paggamit ng biswal at multimodal na elemento.	Limitado at hindi epektibo ang paggamit ng biswal at multimodal na elemento.	Walang paggamit o maling paggamit ng biswal at multimodal na elemento.
Kasanayang Komunikatibo	Epektibong nagpapahayag ng ideya; malinaw at madaling maintindihan.	Magaling sa pagpapahayag ngunit may ilang bahaging hindi gaanong malinaw.	Sapat ang pagpapahayag ngunit may ilang pagkakamali o kalabuan.	Limitado at hindi epektibo ang paggamit ng biswal at multimodal na elemento.	Hindi epektibo ang pagpapahayag ng ideya.
Etikal na Kasanayan at Pananagutan	Mataas ang antas ng etikal na kasanayan at responsibilidad; napakaangkop ng nilalaman.	Mahusay sa etikal na aspeto ngunit may kaunting mga pagkukulang.	Katamtaman sa etikal na aspeto; may ilang hindi angkop na nilalaman.	Nangangailangan ng malaking pagpapabuti sa etikal na aspeto.	Mahina sa etikal na aspeto; hindi angkop ang maraming nilalaman.
Pagkakamali sa Gramatika at Baybay	Walang pagkakamali sa gramatika at baybay.	Napakakaunting pagkakamali sa gramatika at baybay.	Ilan lamang ang pagkakamali sa gramatika at baybay.	Maraming pagkakamali sa gramatika at baybay.	Napakaraming pagkakamali sa gramatika at baybay.

KABANATA 3

Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya

Sa pag-unlad at pagbabago ng mundo, naipapakita kung paanong ang kasaysayan ay bumubuo sa kasalukuyan. Mahalaga ang pagpapahalaga sa panitikan upang mapaunlad ang komunikasyon, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip. Ang mga kasanayang ito, na lumago mula sa ating kasaysayan ng pananakop, ay patuloy na nagpapayaman sa edukasyon at kultura ng Pilipino.

ARALIN 15

Pasyon



Matutuklasan sa araling ito ang malaking impluwensiya ng mga Kastila sa kultura ng mga Pilipino. Ang panahon ng pananakop ng Espanya sa bansang Pilipinas ay nag-iwan ng iba't ibang kultura na isinasabuhay ng mga Pilipino hanggang sa kasalukuyan. Mga kaugalian, paniniwala, tradisyon, relihiyon at iba pa ang naging malaking bahagi sa buhay ng bawat Pilipino at ng kasaysayan ng bansa.



Layunin

- ✧ Nakikilala ang mga mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan.
- ✧ Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda.
- ✧ Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda.
- ✧ Nagagamit ang mga elementong panglingguwistika at gamit ng wika sa akda.




Paghahabi ng Kaalaman

Kaligirang Pangkasaysayan-Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya

- 1. Ano-anong bansa ang nanakop sa Pilipinas?*
- 2. Sa iyong palagay, may nabago ba sa pamumuhay ng mga Pilipino pagkatapos masakop ng Espanya?*

Sa panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas, ang panitikan ay naging isang mahalagang paraan ng pagpapahayag at pagpapanatili ng kulturang Pilipino.

Nagsimula ang pananakop ng Espanya sa bansang Pilipinas taong 1565 – 1898. Sa loob ng humigit 300 taong pananakop, hindi maitatanggi na nagkaroon ng malaking impluwensiya ang mga Kastila sa pamumuhay ng mga Pilipino. Sa kultura, malaking bahagi ang kanilang



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:1943-PHC-Ang_Unang_Limbagan_sa_Pilipinas.png

Sumibol – Tumutukoy sa proseso ng pag-usbong o pagsisimula ng paglaki, karaniwan sa konteksto ng mga halaman. Sa mas malawak na paggamit, ginagamit din ito upang ilarawan ang simula o pag-usbong ng isang ideya, damdamin, o kilusan.

naiwan partikular sa aspekto ng relihiyon. Maging ang panitikan ay nagpanibagong-hubog na batay sa paniniwala at turo ng simbahang Katolika. Inaral ng mga mananakop maging ang mga katutubong wika sa bansa upang madaling maisalin ang mga dokumentong relihiyoso at maipalaganap ito.

Naipakilala na rin sa panahong ito ang konsepto ng paglilimbag ng libro at pahayagan. Kabilang dito ang Doctrina Cristiana na kauna-unahang aklat na nailimbag sa bansa. Sa dulong bahagi ng yugtong ito ay sumibol ang diwang makabayan at maalab na panitikang humahamon sa kolonyal na kaayusan at pagsasamantala. Kinatha ni Rizal ang kaniyang dalawang nobela, Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Maging ang iba pang bayaning katulad nila Mabini, Bonifacio, at Del Pilar ay nagsipagkatha rin ng kani-kanilang mga akda. Paglalapat Sa hinaba-haba ng yugtong ito, limitadong akda lamang na naisulat ng mga Pilipino ang nakatawid sa ating panahon at ang karamihan pa rito ay nasa hulihang bahagi na lalo sa pagsisikap ng kilusang propaganda at malaon ng pagkakatatag ng Katipunan. Kung kaya, mahalagang maglangkap ng mas marami pang pananaliksik sa labas ng akda. Maaaring gamitin ang “Dasalan at Tocsohan” ni Del Pilar, upang maipakita ang mga sinaunang porma ng tula ng panunuligsa. May tula rin si Gregoria De

Jesus, ang may bahay ni Andres Bonifacio. Pinamagatan itong “Magmula Giliw, nang Ikaw ay Pumanaw,” na isang tula ng pag-ibig.

Kung kaya mainam na makahanap pa rin ng lunsaran para mapalalim ang pagsasakasaysayan ng mga akdang ito. Liban sa mga akdang isinulat ng mga Pilipino, mainam kung makapagpabasa rin ng ilang bahagi ng akdang “Urbana at Feliza” ni Padre Modesto De Castro na isang nobelang nasa anyo ng epistolaryo o sulatan hinggil sa buhay ng kabataan sa yugtong ito. Tunguhin natin na magkaroon ng buong larawan ng kalagayan sa nasabing panahon at maitampok ang mga impluwensiya at pagpapahalagang taglay natin sa kasalukuyan.

Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya

Mga Akdang Panrelihiyon

Kasama sa mga akdang ito ang mga “pasyon,” mahabang tula na nagsasalaysay sa buhay at pagpapakasakit ni Hesus Kristo, at iba pang mga akdang nagtuturo ng mga doktrina at rituwal ng simbahang Kristiyanismo.

Akdang Pangkagandahang-asal

Isa sa mga kilalang akdang pangkagandahang-asal sa Pilipinas, ang “Urbana at Felisa” ni Padre Modesto de Castro ay naglalaman ng mga sulat sa pagitan ng dalawang magkapatid na nagpapalitan ng payo tungkol sa tamang asal, pag-uugali, at moralidad.

Dula (gaya ng senakulo, tibag, Flores de Mayo, Santacruzán at iba pa)

Ang mga dula tulad ng senakulo (pagtatanghal tungkol sa pasyon ni Kristo) at moro-moro (tungkol sa labanan ng mga Kristiyano at Muslim) ay naging popular. Ipinapakita nila hindi lamang ang impluwensya ng Kristiyanismo kundi pati na rin ang lokal na kultura at tradisyon.

Awit at Korido

Uri ng panitikan na pasalaysay na karaniwang binibigkas nang patula at inaawit. Ang mga ito ay naglalaman ng mga kuwento ng pakikipagsapalaran, kabayanihan, at pag-iibigan.

Ang mga akdang ito ay hindi lamang nagpapakita ng kulturang Pilipino noong panahon ng pananakop ng Espanya kundi nagbibigay rin ng pananaw sa interaksyon ng mga Pilipino at Espanyol sa aspekto ng panitikan at kultura.

Ang panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas ay isang mahalagang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas, lalo na sa larangan ng panitikan.



Rituwal – isang hanay ng mga kilos o seremonya na ginagawa para sa isang partikular na layunin, madalas na may kaugnayan sa relihiyon o tradisyon.

Asal – tumutukoy sa ugali o paraan ng pag-uugali ng isang tao.

Pananaw – tumutukoy sa paraan ng pagtingin o pag-unawa sa isang bagay.

Yugto – maaaring tumukoy sa isang bahagi o segment ng isang dula o pagtatanghal, ngunit maaari ring gamitin sa mas pangkalahatang diwa para ilarawan ang isang partikular na panahon o phase sa isang proseso, kaganapan, o sa buhay ng isang tao.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

Panahon ng Pananakop ng Espanya

1. Paano nakaapekto ang mahigit 300 taong pananakop ng Espanya sa kultura at pamumuhay ng mga Pilipino, lalo na sa aspekto ng panitikan?
2. Ano ang naging papel ng simbahang Katolika sa paghubog ng panitikan ng Pilipinas sa panahon ng kolonyalismong Espanyol?
3. Paano ginamit ang panitikan bilang isang kasangkapan sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo at mga aral ng simbahan sa Pilipinas?
4. Sa anong paraan naging mahalaga ang paglilimbag ng libro at pahayagan sa panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas?
5. Paano nakatulong ang panitikan sa pag-usbong ng diwang makabayan at paghamon sa kolonyal na kaayusan sa Pilipinas?
6. Ano ang kahalagahan ng mga akda ni Jose Rizal, Apolinario Mabini, Andres Bonifacio, at Marcelo H. Del Pilar sa paghubog ng kamalayang Pilipino?
7. Bakit mahalaga ang pag-aaral ng mga sinaunang porma ng tula ng panunuligsa, tulad ng “Dasalan at Tocsohan” ni Del Pilar, sa pag-unawa sa panitikang Pilipino?
8. Paano makatutulong ang pagbabasa ng mga akdang tulad ng “Urbana at Feliza” ni Padre Modesto De Castro sa pag-unawa ng kalagayan ng kabataan sa panahon ng pananakop ng Espanya sa Pilipinas?


Mga Akda sa Panahon sa Pananakop ng Espanya

1. Paano inilalarawan ng “pasyon” ang buhay at pagpapakasakit ni Hesus Kristo at paano ito nakaimpluwensya sa mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismo?
2. Anong mga aral tungkol sa tamang asal, pag-uugali, at moralidad ang matatagpuan sa “Urbana at Feliza” ni Padre Modesto de Castro, at paano ito sumasalamin sa mga pamantayan ng lipunang Pilipino noong panahon na iyon?
3. Paano naging instrumento ang mga dula tulad ng senakulo at moro-moro sa pagpapakita ng impluwensya ng Kristiyanismo at lokal na kultura sa Pilipinas?

4. Ano ang mga pangunahing tema at kuwento na matatagpuan sa mga awit at korido, at paano nila nasalamain ang kulturang Pilipino at mga impluwensya ng pananakop ng Espanya?
5. Sa anong paraan naimpluwensyahan ng pananakop ng Espanya ang panitikan ng Pilipinas, at paano ito nakatulong sa pagbuo ng natatanging kulturang Pilipino?
6. Bakit mahalaga ang pag-aaral ng panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanya sa pag-unawa sa kasaysayan at kulturang Pilipino?
7. Anong mga aspekto ng panitikang Pilipino noong panahon ng Espanyol ang patuloy na nakikita o naaapektuhan ang kasalukuyang panitikan at kultura sa Pilipinas?

B. **Panuto:** Ibahagi ang iyong opinyon batay sa panitikang panrelihiyong iyong natuklasan. (3-5 pangungusap)


Opinyon ko sa aralin. . .	Opinyon sa teksto. . .	Opinyon sa aking pagkatuto . . .



Paglililaw sa mga Kaalaman

PASYON

Isa sa mga naging popular na anyo ng panrelihiyong akdang panitikan ay ang pasyon. Ito ay may mga nilalaman at sa unang bahagi ay ang Panalangin sa Diyos.



Ang pasyon sa wikang Kastila ay pasion o paghihirap. Isang uri ng naratibong pagtula na may kinalaman at pagsasaad sa buhay ni Hesukristo. Ito ay isang panrelihiyong panitikan na tumatalakay sa kapanganakan, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesukristo.

Sa bawat saknong, karaniwan itong may walong pantig kada taludtod o linya. Sa Pilipinas, nakagawian ng mga Pilipino ang pagtula nito tuwing panahon ng Mahal na Araw o Semana Santa.

Mayroong Apat na Pasyon na naisulat; 1704 ni Gaspar Aquino de Belen. 1750 ni Don Luis Guian, 1814 ni P. Mariano Pilapil at 1856 ni P. Anicetodela Merced.

A – ASUNCION **R** – RESURRECION **A** – ADORACION **L** – LAMENTATION

Ang mga nilalaman ng pasyon ay:

1. Ang Panalangin sa Diyos at Mahal na Birheng Maria
2. Ang Paglalang ng Panginoong Diyos sa Buong Mundo
3. Ang Pangingimbulong demonyo sa Mag-asawang Adan at Eva
4. Ang Panganganak ni Santa Ana kay Ginoong Santa Maria
5. Ang pagkakatawang taong Ikalawang Persona sa Sinapupunan ni Ginoong Santa Maria
6. Panganganak kay Hesus
7. Ang Pagbibinyag
8. Ang Pagdalaw ng Tatlong Haring Mago
9. Ang Pagpapapugot ni Herodes sa Lahat ng Sanggol
10. Ang Pagdalaw sa Templong Jerusalem
11. Mga Himalang ginawa ni Hesus
12. Hula ng mga Propeta sa ating Panginoong Hesukristo
13. Domingo de Ramos – PALASPAS
14. Lunes Santo
15. Martes Santo
16. Miyerkules Santo
17. Huwebes Santo
18. Biyernes Santo

Sa mga Kristiyano, ito ay paglalahad ng mga sakripisyo at paghihirap ng Panginoong Hesus sa makasalanang sanlibutan. Ang ginawa ng Panginoong Hesus ay pagtubos at pagbayad ng mga kasalanan ng sangkatauhan upang maibalik ang relasyon ng Diyos Ama sa bawat tao sa mundo. Sa Katolisismo, ito ang paraan upang humingi ng tawad sa Diyos at isinasagawa tuwing Mahal na Araw. Si Padre Gaspar Belen ang unang Pilipinong kumanta at sumulat ng pasyon sa wikang Tagalog – nailimbag taong 1704.





Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Ano ang kahulugan ng pasyon para sa mga Pilipino?
2. Tuwing kailan isinasagawa ang pasyon?
3. Ano ang kahalagahan ng pag-alaala ng buhay ni Hesukristo?
4. Bakit maraming Pilipino ang gumagawa o tumutupad ng pasyon?
5. Paano nakaimpluwensya ang tradisyong ito sa pamumuhay ng mga Pilipino?
6. Totoo ba na sa tuwing matatapos ang pasyon ay nababawasan ang kasalanan ng mga tao? Ipaliwanag.
7. May malaking epekto ba ang pasyon sa buhay ng mga Pilipino? Ipaliwanag.
8. Paano nakatutulong ang pasyon sa pagpapataas ng pananampalataya ng tao? Patunayan.
9. Naaayon ba ito sa kalooban ng at utos ng Diyos? Mangatwiran.
10. Para sa iyo, paano nakaaapekto ang pasyon sa buhay ng tao? Patunayan.



Paglatag ng Kasanayan


Panuto: Magkakaroon ng kolaborasyong pagsusuri ang bawat pangkat at bumuo ng grapikong presentasyon para sa mahahalagang elemento at detalye ng teksto.

Panalangin sa Diyos

Detalye	
Paksa	
Nilalaman	
Kaisipan	

Mahahalagang Elemento	
sukat at tugma	
persona	
talinghaga	
tono	
wika	

Bahagi ng Teksto	Pahiwatig
Diyos na makapangyarihan Hari ng sangkatauhan At Diyos ng mga diyos mahabagin, taglay-taglay ang lahat ng karunungan	
Amang puno ng kalinga sa taong nangungulila patuloy na kumukopkop sa taong makasalanang at mapagmahal sa lahat	
Mukha mo'y iharap sa'min Panalangin lyong dinggin Huwag sand'y talikuran Alipin Mo ay yakapin	



Pagsasalansan

Nabatid sa araling ito ang kasaysayan at impluwensiya ng Kastila sa ating bayan. Natutuhan ang kultura na namana mula sa panahon ng Espanyol. Mapatutunayan sa panitikang panrelihiyon na pasyon kung paano nagsimula ang paglawak ng Kristiyanismo sa bansang Pilipinas at naging gamit ng panitikan sa panahon ng mananakop.

ARALIN 16

Ang Palitan ng Liham-Si Urbana at Felisa



Malalaman sa araling ito ang mga kagandahang asal na sinasalamín at nakapaloob sa akda. Ipakikita ito sa isang natatanging akdang tatalakayin at susuriin. Papaksa rin ito sa mga kaugalian, katangian, pananaw, kagandahang-asal, paniniwala, tradisyon, relihiyon at iba pang naging makabuluhang bahagi ng buhay ng bawat Pilipino at kasaysayan ng bansa.



Layunin

- ◊ Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda.
- ◊ Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.
- ◊ Naibibigay ang kaisipan ng imahen o simbolong may kaugnayan sa tekstong pampanitikan.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Palitan ng Liham: Si Urbana at Felisa

1. Nakatanggap ka na ba ng liham?
2. Paano nakatutulong sa iyo ang pagpapakita ng magandang asal sa kapwa?

Narito ang ilan sa mga bahagi ng liham:

Liham ni Urbana

Napintasan –
Nangangahulugang pagtuya o panlalait sa isang tao o bagay.

Tinanggap ko ang sulat mo ng malaking tuwa, ngunit nang binasa ko na napintasan kita dinggin ko ang kadahilaran. Ang unang nabanggit mo si ama't si ina, ay di mo nasabi kung sila'y maysakit o wala; ngunit pinararaan ko ang kakulangan mong ito, at di-kataka-taka sa gulang mo sa labindalawang

taon; ang ikalawa'y hindi ang buhay ko kung di ang buhay mo ang itinatanong ko, ang isinagot mo'y ang pinagdaanan ng kamusmusan ta, at madling matataas na puri sa akin na di mo sinabi na yao'y utang ko sa mabait na magulang natin at sa Maestrang nagturo sa akin. Ngunit pagdating sa sabing nagkukunot ang noo, at sa mga kasunod na talata, ay ngiti ang puso ko, nagpuri't nagpasalamat sa Diyos , at pinagkalooban ka ng masunuring loob. Ngayo'y dinggin mo naman ang aking sasaysayin yamang hinihingi mo ang magandang aral na tinanggap ko, kay Doña Prudencia na aking Maestra. Natatanto mo, na ako'y marunong nang bumasa ng sulat. Pagdating ko rini, ang una-unang ipinakilala sa akin ay ang katungkulan nating kumilala. Mamintuho, manglingkod at umilbig sa Diyos; ang ikalawa'y ang kautangan natin sa ganang ating sarili;

Kamusmusan

– Tumutukoy sa pagiging bata o kabataan.

Nagkukunot noo–

Ekspresyon ng mukha ng isang tao kung saan ang noo ay nagiging kulubot dahil sa pagtataka, pag-aalinlangan, o pagkabahal.

Hatol – Ito

ay proseso o pagbibigay ng desisyon ukol sa isang bagay o kaso.

Sinasambitla –

Isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at emosyon.



Liham ni Feliza

Si Honesto at ako ay nagpapasalamat sa iyo, sa matataas na hatol na inilalaman mo sa iyong mga sulat. Kung ang batang ito'y Makita mo disin, ay malulugod kang di-hamak at mawiwika mo, na ang kanyang mahinhingasal ay katabi ng Honesto niyang pangalan. Masunurin sa ating magulang, mapagtiis sa kapwa-bata, hindi mabuyo sa pakikipag-away at mga pangungusap na di katwiran. Mawilihin sa pag-aaral at sa pananalangin; pagkaumaga'y mananaog sa halamanan pipitas ng sangang may mga bulaklak, pinagsasalit-salit ang iba't kulay pinag-aayos ng tatlong Aba Ginoong Maria. Kung makapagkumpisal na at saka makikinabang ang isip ko'y angelito, na kumakain ng tinapay ng mga angheles, at nakita ko na ang pag-ibig at puring sinasambitla ng kanyang inosenteng labi, ay kinalulugdan ng Diyos na Sanggol, na hari ng mga inosente. Ipatuloy mo, Urbana ang iyong pagsulat at nangpakinabangan namin. Adios, Urbana.




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod tanong kaugnay sa binasang teksto.

1. Ano ang pangunahing layunin ni Urbana sa pagsulat ng kanyang liham kay Feliza, at paano niya ito naipahayag sa pamamagitan ng kanyang mga salita?
2. Anong mahahalagang aral tungkol sa pag-uugali, moralidad, at pagpapahalaga sa pamilya ang ipinapahayag ni Urbana sa kanyang liham?
3. Paano inilarawan ni Urbana ang kanyang sarili at ang kanyang mga natutuhan mula sa kanyang Maestra, at paano ito nagpapakita ng kanyang pagkatao at pananaw sa buhay?
4. Ano ang pangunahing mensahe ni Feliza sa kanyang liham kay Urbana, lalo na tungkol sa pag-uugali at mga katangian ng batang si Honesto?
5. Sa anong paraan ipinakita ni Feliza ang kahalagahan ng mabuting asal at pagiging mapagkumbaba sa kanyang paglalarawan kay Honesto?
6. Anong papel ang ginagampanan ng pananalangin at relihiyon sa buhay ng mga tauhang nabanggit sa mga liham, at paano ito sumasalamin sa kanilang paniniwala at pagpapahalaga?
7. Paano ipinakita sa mga liham ang kahalagahan ng edukasyon, pag-aaral, at pagsisikap sa pagpapabuti ng sarili?
8. Anong mga katangian ng estilo ng pagsulat ang kapansin-pansin sa mga liham ni Urbana at Feliza, at paano ito nakatulong sa paghahatid ng kanilang mensahe at damdamin?

B. **Panuto:** Ano ang mensahe nais ipabatid ng may-akda sa mambabasa?





Paglililinaw sa mga Kaalaman

LAYUNIN AT KAHALAGAN NG AKDA

Ang **Palitan ng Liham: “Si Urbana at Felisa”** ay isang kilalang akdang pangkagandahang-asal sa panitikan ng Pilipinas na isinulat ni Padre Modesto de Castro. Ang akda ay isang koleksyon ng mga liham na ipinagpapalitan sa pagitan ng dalawang magkapatid na sina Urbana at Felisa, kung saan ipinapahayag nila ang iba’t ibang aral at gabay hinggil sa tamang asal, moralidad, at ang wastong pag-uugali ng isang dalaga sa lipunang Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Espanyol.

Ang akda ay naglalarawan ng mga pamantayan ng moralidad at asal, lalo na para sa mga kababaihan, sa panahon ng kolonyal na Pilipinas. Nagbibigay ito ng mahalagang kaisipan sa kung ano ang itinuturing na “tamang” asal at kung paano ito naipapahayag sa lipunan. Nagkaroon din ng sulyap sa kasaysayan at kultura dahil nagbibigay ang akda ng sulyap sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas sa ilalim ng pananakop ng Espanya, na nagpapakita kung paano nakaimpluwensya ang kolonyalismo sa mga aspekto ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino.

Buod ng Urbana at Felisa ni Modesto de Castro – Nobela

May dalawang magkapatid na babae. Si Urbana ang panganay o nakatatandang sa magkapatid, siya ay sopistikadang ate ni Felisa. Urbanidad, ang simbolismo ng kaniyang pangalan. Nasasalamatin sa kaniyang katangian ang malawak na kaalaman at kagandahang-asal. Si Felisa ay lubos niyang mahal na nakababatang kapatid. Nagmula ang pangalan nito sa wikang Espanyol na ‘feliz’ na may kahulugang masaya, siya ay tunay na maligaya dahil taos-puso siyang sumusunod sa kaniyang ate, datapwat ‘di tulad ni Urbana, si Felisa ay naiwan mamalagi sa kanilang probinsya. Ang magkapatid ay magkalayo kaya’t sila ay nagpapalitan ng kanilang mga liham para makipag-komunikasyon sa isa’t isa. Si Urbana ay nag-aral sa Maynila sa isang paaralang pambabae. Sa tuwing magpapalitan ng liham ang dalawang magkapatid, si Urbana ay nagbibigay ng mga payo, pangaral at gabay sa kaniyang nakababatang kapatid. Ayon naman sa liham mula Felisa, dapat ay umiwas ang kaniyang ate sa mga tukso upang mabigyan niya ng atensyon ang pag-aaral. Nais ni Felisa na taglayin din ng kaniyang minamahal na kapatid ang pagkakaroon ng angkop at magandang pag-uugali, pagiging magaling at mahusay sa pakikisama o pakikipag-kapuwat tao, kaya naman hindi

humihinto ang nakababatang kapatid sa pagpapaalala dito. Tuloy-tuloy ang pagpapaalala niya sa mahal na kapatid sa mga bagay na dapat at 'di dapat ugalin sa lahat ng pagkakataon. Lumayo rin daw dapat sa anumang mga bisyo na magdudulot ng kapahamakan. Si Urbana ay lagi nakikibalita tungkol sa kanilang kapatid na si Honesto. Ito ay agad sinagot ni Felisa kasabay ng paglalahad niya tungkol sa mga nagaganap at nangyayari sa kanilang mahal na bayan, ang Paombong, Bulacan. Nanghingi rin ng payo at gabay si Felisa partikular sa kanyang relasyon kay Amadeo dahil nalalapit na ang kanilang pagpapakasal. Sa huling bahagi ng pagpapalitan ng kanilang liham, tila malungkot na ipinabatid ni Felisa sa kanyang kapatid na pumanaw na ang kanilang ama. Nag-iwan ng mensahe ang ama kay Felisa bago ito mamatay na sabihin lamang sa kaniyang ate na wala na ang ama kapag tapos na ang burol nang sa gayon ay hindi lubhang makaabala sa isipan ng dalaga at mag-alala ang kaniyang anak sapagkat ito ay nasa malayong lugar.



Pagpapalalim

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod tanong kaugnay sa binasang teksto.
1. Ano ang relasyon ng dalawang dalaga na nagpapalitan ng liham?
 2. Ano ang mga katangian na hinahangaan mo sa magkapatid?
 3. May kapatid o kakilala ka ba na maihahambing kay Urbana at Felisa?
 4. Dapat ba na laging magpaalala o magbigay payo ang nakatatandang kapatid sa nakababatang kapatid? Ipaliwanag.
 5. Bakit kailangan mag-aral ni Urbana sa Maynila? Magbigay ng dahilan.
 6. Paano sila nagpapalitan ng mensahe sa isa't isa?
 7. Kung ikaw si Felisa, gagayahin mo rin ba ang paglilihim na ginawa niya patungkol sa kamatayan ng kanilang ama? Ipaliwanag.
 8. Paano inilarawan ni Urbana ang pagmamahal niya sa kapatid at sa pamilya? Ilahad ang mga ito.
 9. Sa iyong palagay, may mga magkakapatid pa ba sa kasalukuyan na katulad ni Urbana at Feliza?
 10. Para saiyong, napapanahon pa ba ang pagpapalitan ng liham para makipag-komunikasyon? Patunayan.

B. **Panuto:** Ipaliwanag ang mga kaisipan at pahiwatig sa akda.

Kaisipan/Pahiwatig	Paliwanag
Ang karangalan ay may kalakip na mabigat na tungkulin	
Huwag magpakita ng kalupitan sa pagnanasang igalang ng tao	
Ang karangalan ay may kalakip na mabigat na tungkulin	
Salamesa: Huwag makikiluklok sa matatanda	
Bumati sa may-ari ng baha, saka isunod ang mga kaharap	



Paglatag ng Kasanayan


Panuto: Ipaliwanag ang mga kaisipan at pahiwatig sa akda.

Karanasan ng Tao

Katangian

Moral

Sariling Pananaw




Pagsasalansan

Nalaman sa araling ito ang kahalagahan ng kagandahang-asal na maaaring matagpuan sa ating panitikan na dapat isabuhay ng bawat indibidwal. Ang mga ito ay magsisilbing instrumento upang makabuo ng isang maayos at matatag na relasyon. Naunawaan din sa pagtalakay ang mensahe, pahiwatig at mga kaisipang nakapaloob sa akda. Naisaalang-alang din ang pag-uugnay ng sariling pananaw, moral katangian at karanasan ng tao kaugnay sa tekstong binasa.

ARALIN 17

Dula-Senakulo



Matutuklasan sa araling ito ang kasaysayan sa buhay ni Kristo bago siya ipako sa krus. Ang mga pangyayaring ito kay Hesukristo ay isinasadula tuwing Mahal na Araw ng mga Katoliko. Sila ay may paniniwala na isa itong pag-alaala at paraan upang magbawas ng kasalanan. Ang tradisyong ito ay namana ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng Espanyol. May mga paniniwala rin ang mga Pilipino sa mga simbolo, wika, pagpapahalaga at tradisyon na iniuugnay sa kanilang pananampalataya. Ang panahon ng pananakop ng Espanya sa bansang Pilipinas ay nag-iwan ng iba't ibang kultura na isinasabuhay ng mga Pilipino hanggang sa kasalukuyan.



Layunin

- ◇ Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon.
- ◇ Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari sa teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.
- ◇ Naibibigay ang sariling pagpapakahulugan sa imahe o larawan kaugnay sa tekstong binasa.



Paghahabi ng Kaalaman

Senakulo: Ang Buhay ni Hesukristo

1. *Nakapanuod ka na ba ng isang pagsasadula patungkol sa mga naganap sa buhay ni Hesus?*
2. *Ano-ano ang iyong nalalamang tradisyon?*

Ang senakulo sa wikang ingles ay isang passion play. Isang pagsasadula patungkol sa mga naganap sa buhay ni Hesus. Mga pagpapahirap, sakripisyo, kamatayan at muling pagkabuhay ang sentro ng dulang ito. Ang tradisyong ito ay sinasariwa at karaniwang ginagawa tuwing



sasapit ang Mahal na Araw o Semana Santa – partikular ang mga katoliko.

Kadalasan ang pagsasadula nito ay ginaganap sa lansangan o tapat ng simbahan. Isang posibleng dahilan ay makaakit ng mga manonood at palakasin ang loob ng mga karakter o tauhan sa dula.

Paggunita – proseso ng pag-alala o pagbabalik-tanaw sa mga nakaraang pangyayari, karanasan, o tao.

Eksena – tumutukoy sa isang bahagi o segment sa loob ng isang dula, pelikula, o iba pang uri ng pagtatanghal, kung saan isang partikular na pangyayari o hanay ng mga aksyon ang ipinapakita.

Pagkakakilanlan – tumutukoy sa katangian o hanay ng mga katangian na nagpapakilala sa isang indibidwal, grupo, o bagay.

Senakulo: Pagpapatuloy ng Tradisyon sa Gitna ng Makabagong Panahon

Maynila, Pilipinas – Sa kabila ng mga pagbabago at hamon ng modernong panahon, ang tradisyunal na pagtatanghal ng Senakulo ay patuloy na ginaganap sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas. Ang Senakulo, na isang taunang paggunita sa pasyon at pagkamatay ni Hesukristo, ay isang mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino lalo na tuwing Mahal na Araw.

Sa taong ito, ang Senakulo ay ginaganap sa Barangay San Jose, kung saan daan-daang manonood ang dumalo upang saksihan ang makulay at makabuluhang pagtatanghal. Ang mga lokal na aktor, na gumaganap bilang mga karakter mula sa Bibliya, ay nagpakita ng kahanga-hangang dedikasyon sa kanilang mga papel, na nagbibigay-buhay sa mga eksena mula sa Huling Hapunan hanggang sa Krusipiksyon.

Ayon kay G. Juan Dela Cruz, direktor ng pagtatanghal, “Mahalaga ang Senakulo hindi lamang bilang isang relihiyosong tradisyon kundi bilang isang paraan ng pagpapakita ng ating kultura at sining. Sa kabila ng modernisasyon, nais naming panatilihin ang katuturan ng Senakulo para sa susunod na henerasyon.”

Ang pagtatanghal ay hindi lamang isang pang-religious na kaganapan kundi pati na rin isang sosyal at kultural na pagtitipon, kung saan ang komunidad ay nagkakaisa upang gunitain ang kanilang pananampalataya at pagkakakilanlan. Ang Senakulo ay patuloy na nagpapaalala sa mga Pilipino ng kahalagahan ng sakripisyo, pagpapatawad, at pag-asa.

Sa pagtatapos ng pagtatanghal, maraming manonood ang nagpahayag ng kanilang paghanga at pagpapahalaga sa pagpapatuloy ng ganitong tradisyon. Ang Senakulo sa Barangay San Jose ay isang patunay na ang mga tradisyonal na sining at kultura ay nananatiling buhay at makabuluhan sa puso ng mga Pilipino.

Halimbawa: “The Passion of the Christ” (2004)


Direksyon ni Mel Gibson

Sa “The Passion of the Christ,” idinirek ni Mel Gibson, binigyang-buhay ang huling 12 oras ng buhay ni Hesus Kristo sa isang malalim at emosyonal na paraan. Jim Caviezel, bilang Hesus, ay nagpakita ng kahanga-hangang pagganap, na nagpapakita ng pisikal at espiritwal na sakit na may malaking epekto.



Ang direksyon ni Gibson ay matapang at puno ng simbolismo, na may kahanga-hangang cinematography. Gayunpaman, ang graphic na paglalarawan ng pagdurusa ay maaaring masiyadong matindi para sa ilang manonood, at ang pelikula ay nakatanggap ng kontrobersya sa mga alegasyon ng anti-Semitism.

Sa kabuuan, ang pelikulang ito ay isang makapangyarihan at hindi malilimutang pagsasalarawan ng sakripisyo at pag-ibig, na nagpapakita ng malalim na damdamin at espiritwal na tanong.




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasa.

1. Ano ang malalim na paniniwala ng mga Pilipino sa senakulo?
2. Paano nakatutulong ang senakulo sa pananampalataya ng tao?
3. Bakit tuwing sasapit ang semana santa ginaganap ang senakulo?
4. May kahalagahan ba ang senakulo sa pamumuhay ng mga Pilipino? Ipaliwanag.
5. Katanggap-tanggap ba ang pagpapapako sa krus ng namamanata? Ipaliwanag.
6. Totoo ba na ang mga tauhan na gumaganap sa senakulo ay pinapatawad ng Diyos bilang isang panata? Patunayan.
7. Sa iyong palagay, dapat ba na laging magkaroon ng senakulo sa bawat bayan? Bakit?

8. Kung bibigyan ka ng pagkakataon pumili ng isang tauhan sa senakulo, sino ito at bakit?
 9. Kung ikaw ay aalukin maging tauhan sa senakulo, tatanggapin mo ba ito? Bakit
 10. Bilang mag-aaral, ano ang epekto ng senakulo sa iyong buhay? Ipaliwanag.
- B. **Panuto:** Magpapangkat sa lima. Magsaliksik tungkol sa iba't ibang aspekto ng Senakulo, kabilang ang pinagmulan nito, ebolusyon sa paglipas ng panahon at ang iba't ibang paraan ng pagtatanghal nito sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. Isama rito ang konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.




Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang **dula** ay isang uri ng akdang pampanitikan. Kadalasan ang pagsasadula ay nasa isang tanghalan o entablado, maaari rin sa lansangan o tapat ng simbahan. Isang malikhaing akda na may pagsasama-sama ng mga salita, kilos at pagganap na nagbibigay-buhay sa mga tauhan, tema at isyung panlipunan.

Ang **senakulo** ay isang uri ng dula na isinasagawa tuwing Mahal na Araw na nagsasalaysay sa buhay, pagpapakasakit, kamatayan hanggang sa muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ito ay bahagi ng debosyon at pananampalataya ng maraming Pilipino.

Sa kasalukuyan, may mga isinasagawang pagpapalabas na may lapit sa kabataan, isa na rito ang papet pasyon ang grupong teatrang mulat ang nasa likod ng **puppet show** na ito. Binuo ito ni Amelia Lirag Lapeña-Bonifacio (pambansang alagad ng sining sa Teatro)

<https://www.gmanetwork.com/news/video/newstvspecials/620494/puppet-edition-ng-senakulo-perfect-sa-mga-bata-dapat-alam-mo/video/>



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Suriin ang napanuod – Senakulo. Gawing gabay ang nasa ibaba

Suri-Akda

Pamagat ng akda: _____

May-akda: _____

Tema/Paksa: _____

Mga Tauhan: _____

Tagpuan: _____

Mga aral sa akda: _____

Mensahe ng akda: _____




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Manaliksik *online* ng mga pagtatanghal ng senakulo. Panoorin ito at suriin ang kultural na elemento na nakalagay sa bawat kahon. Ipaliwanag ang mga ito na may kaugnayan sa konteksto ng panahon.

Kultural na Elemento

Paliwanag

SIMBOLO



Pagsasalansan

Tinalakay sa araling ito ang paraan kung paano isinasadula ang isang senakulo. Tampok sa senakulo ang mga tauhan sa Bibliya na isinasalaysay ang pangyayari kay Hesus bago ipako sa krus. Natukoy rin ang mga kultural na elemento at mahahalagang pangyayari na sumasagisag sa mga ideya ng akda.

ARALIN 18

Pag-alay ng Bulaklak-Flores De Mayo at Santacruzán



Sa araling ito, pag-uusapan ang kahalagahan at mga gawain ng Flores de Mayo at ang ugnayan nito sa Santacruzán, pati na rin ang pagpapahalaga kay Birheng Maria bilang simbolo ng inspirasyon at pananampalataya. Tatalakayin din ang mga elemento ng tradisyong ito na nakaugat sa panahon ng pananakop ng Espanyol sa Pilipinas, kung saan ang mga paniniwala, wika, at tradisyon na kaugnay ng pananampalataya ay malalim na naka-impluwensya sa kulturang Pilipino hanggang ngayon.



Layunin

- ◊ Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon.
- ◊ Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari sa teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.
- ◊ Nalilista ang mahahalagang layunin sa pagsasagawa ng Flores de Mayo at Santacruzán.



Paghahabi ng Kaalaman

Pag-alay ng Bulaklak – Flores De Mayo at Santacruzán

1. Nakasaksi ka na ba ng Flores De Mayo at Santa Cruzan?
2. Ano-ano ang iyong mga napansin?

Ang **Flores De Mayo at Santacruzán** ay dalawang magkaugnay na tradisyonal na Pilipinong selebrasyon na idinaraos tuwing buwan ng Mayo. Ito ay bahagi ng pagdiriwang ng mga Pilipino sa panahon ng tag-init at nag-uugnay sa mga tradisyon at paniniwala ng Kristiyanismo.

Idinaraos – tumutukoy sa paggawa o pagsasagawa ng isang kaganapan, seremonya, o ritwal. Ito ay ginagamit sa konteksto ng pagganap o pagpapatupad ng isang mahalagang gawain o pagdiriwang.

Pamimintuho – tumutukoy sa matindi at taos-pusong pagmamahal o paggalang sa isang tao, bagay, o ideya

Flores de Mayo at Santacruzán

Sa bansang Pilipinas, malago at malawak ang impluwensya ng mga Kastila. Ang pagdiriwang o kapistahan ng Flores de Mayo at Santacruzán, ay tinatawag din na Sagala. Sinasabi na isa itong pamimintuho o pagpupuri kay Birheng Maria sa Mayo.

Flores de Mayo

Ang Flores de Mayo, na nangangahulugang “Mga Bulaklak ng Mayo” sa Tagalog, ay isang buwanang pagdiriwang na pinarangalan ang Birheng Maria. Karaniwang kinabibilangan ito ng pang-araw-araw na pag-aalay ng bulaklak sa mga simbahan at ang pagdarasal ng rosaryo. Ang selebrasyon ay nagpapakita ng debosyon ng mga Pilipino sa Mahal na Birhen.

Parangal – isang pagkilala o pagpupugay na ibinibigay sa isang tao o grupo bilang pagkilala sa kanilang nagawa, kontribusyon, o kahusayan.

Paghahandog – ang akto ng pagbibigay o pag-aalay ng isang bagay bilang tanda ng paggalang, pasasalamat, o debosyon.

Ang Flores de Mayo ay nagpapakita ng isang tunay na debosyon sa Birheng Maria na itinuturing na mapagmahal at mapagmalasakit na ina. Ang tradisyong ito ay pag-aalay ng bulaklak na ipinadiriwang tuwing buwan ng Mayo bilang parangal kay Birheng Maria. Isa rin itong pagkakaisa sa pananampalataya at pagmamahal ng mga Pilipino sa namanang kultura mula sa Espanya. Kapansin-pansin na sa bawat pagdaraos ng tradisyong ito ay makikita ang mga magaganda at magagarbong kasuotan at may kasamang korona at rosary. Kabilang din na makikita sa prusisyon ang mga anghel, mga santo at santa at ang pinakatampok ang Reyna ng mga Bulaklak.



<https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Flores-de-mayo.jpg#/media/File:Flores-de-mayo.jpg>

Sa parada, kabilang din ang mga santong itinuturing bilang haligi ng pananampalataya ng mga Pilipino. Ang Reyna ng mga Bulaklak ay may layunin na magbigay inspirasyon at pag-asa sa mga tao. Sa bawat isang araw ng buwan ay may paghahandog ng bulaklak kay Birheng Maria para sa kaniyang taglay na huwang kalinisan at kabutihan. Ang kultura na ito ay pinaniniwalaang nagsimula taong 1854. Panahon na ang Vatican ay may proklamasyon ng doktrina patungkol kay Imakulada Concepcion. Ito ay unang idinaos sa Bulakan at lumaganap sa mga probinsya ng Laguna, Batangas, at Pampanga. Tradisyon din ang pagkakaroon ng Hermano at Hermana. Hermano ang siyang lider sa pag-aayos ng mga gamit at mga pisikal na paghahanda sa simbahan para sa

darating na pista kay Birheng Maria. Ang Hermana naman ay may gawain para sa paggagayak ng Caroza para sa Birheng Maria.

Santacruzán

Ang santacruzán ay mula sa salitang Kastila na santa cruz, banal na krus. Karaniwan itong nagaganap sa huling araw ng Flores de Mayo. Binibigyang-pansin dito ang parangal sa paghahanap ng tunay na krus ni Santa Elena ng Konstantinople o kilala bilang tawag na Reyna Elena at San Constantino ng Dakila. Ang flores ay nagmula sa wikang Kastila ana ibig sabihin ay bulaklak. Ang ibang mga pangalan ay Flores de Maria (Mga Bulaklak ni Maria) at Alay.

Ang Santacruzán naman ay isang relihiyosong prusisyon na ginaganap sa katapusan ng Flores de Mayo bilang pag-alaala sa paghahanap ni Reyna Elena at ng kanyang anak na si Constantino sa Banal na Krus. Ang prusisyon ay karaniwang kinabibilangan ng iba't ibang sagala o karakter na sumasagisag sa iba't ibang aspeto ng Kristiyanismo at kasaysayan ng Pilipinas.

Ito ay itinuturing na isa sa pinakakilalang pangrelihiyon na pagdiriwang sa Kultura ng mga Pilipino. Ang iba't ibang parokya at mga komunidad ng mga Pilipino sa lahat ng sulok ng mundo ay nag-oorganisa upang gunitain ang Santacruzán.

Sa kontemporaryong panahon, tila nagkakaroon at nadadagdagan ang mga gawain sa kulturang ito tulad ng sayawan, mga kultural na performans. Ganoon din ang modernong mga kasuotan para mahikayat at mapukaw ang interes ng mga manonood partikular ang mga kabataan.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa binasang teskto.

1. Ano ang kahalagahan ni Birheng Maria sa tradisyong Flores de Mayo sa Pilipinas?
2. Bakit dapat pahalagahan ang Birheng Maria?
3. Ano ang koneksyon ni Reyna Elena at San Constantino kay Birheng Maria sa tradisyon ng Santacruzán?
4. Ano ang simbolismo ng mga bulaklak na inaalay sa Birheng Maria tuwing Flores de Mayo?
5. Saan nagmula at paano nagsimula ang tradisyon ng Flores de Mayo at Santacruzán sa Pilipinas?

6. Ano ang kahalagahan ng Flores de Mayo at Santacruzán sa mga Pilipino?
7. Paano ipinagdiriwang ang tradisyon na Flores de Mayo?
8. Paano ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang debosyon kay Birheng Maria sa panahon ng Flores de Mayo?
9. Sa iyong palagay, mas mainam ba ang tradisyunal o modernong pista ng kultura?
10. Bilang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang tradisyon? Patunayan.

B. **Panuto:** Ilista ang mahahalagang layunin sa pagsasagawa ng **Flores de Mayo at Santacruzán**.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

FLORES DE MAYO AT SANTACRUZAN BILANG DULA

Ang Flores de Mayo at Santacruzán, na parehong kilala sa Pilipinas, ay hindi tradisyunal na dula sa estruktural na kahulugan, ngunit maaari silang ituring na mga “dulang pangkultura” dahil sa kanilang teatral na elemento at simbolismo. Ang dalawang ito ay mas tumpak na inilarawan bilang mga relihiyosong tradisyon o rituwal na may malalim na ugat sa pananampalataya at kultura ng Pilipinas, na naimpluwensyahan ng pananakop ng Espanya.



Kahulugan at Pinagmulan

Ang Flores de Mayo, literal na “Mga Bulaklak ng Mayo,” ay isang buwang pagdiriwang tuwing Mayo na itinatampok ang pag-aalay ng mga bulaklak sa Birhen Maria. Ito ay nagsimula bilang isang relihiyosong rituwal na dinala ng mga Espanyol na sumasagisag sa debosyon sa Ina ng Diyos.

Teatral na Elemento

Bagama’t hindi ito isang dula sa tradisyonal na kahulugan, ang Flores de Mayo ay nagtatampok ng teatral na elemento sa pamamagitan ng mga prusisyon, pag-aalay ng bulaklak, at iba pang seremonyas na may kasamang kantahan at pagdarasal.

Santacruzán




Kahulugan at Pinagmulan

Ang Santacruzán ay isang relihiyosong prusisyon na ginaganap sa huling bahagi ng Flores de Mayo. Ito ay paggunita sa paghahanap ni Reyna Elena sa Banal na Krus. Ang tradisyong ito ay pinagsama-samang impluwensya ng Katolisismo at katutubong kultura.

Teatral na Elemento

Ang Santacruzán ay mas malapit sa isang dula dahil sa pagtatanghal nito. Ito ay kinapapalooban ng isang prusisyon kung saan ang mga kalahok ay gumanap bilang mga biblikal at historikal na mga tauhan. Ang mga karakter tulad ni Reyna Elena at Constantino ay tipikal na ginagampanan ng mga lokal na mamamayan, na naglalakad sa isang maayos na prusisyon kasama ang iba pang simbolikong karakter.

Sa parehong kaso, ang Flores de Mayo at Santacruzán ay naging mga dulang pangkultura dahil sa kanilang teatral na presentasyon at pagtatanghal, kahit na ang kanilang pangunahing layunin ay relihiyoso at kultural kaysa libangan. Ang mga ito ay mahalagang bahagi ng pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas at nagpapakita ng malalim na pagsasanib ng relihiyon, kultura, at tradisyon sa buhay Pilipino.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Suriin ang Flores de Mayo at Santacruzán bilang mga anyo ng dula.

Paksa o Tema

Pinagmulan ng Kultura

Layunin ng Kultura

Kahalagahan ng Kultura

Mensahe/Aral sa Kultura

Konklusyon




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Humanap ng kapares. Magsuri batay sa kultural na elemento na may kaugnay sa konteksto ng panahon. Maging makatotohanan sa paglalahad.

SIMBOLO	NORMS

Kultural na Elemento

ARKETIPO	PAGPAPAHALAGA



Pagsasalansan

Pinag-aralan ang kahalagahan at kasaysayan ng Flores de Mayo at Santacruzán. Isa sa impluwensya ng mananakop ang pagdiriwang ng pagbibigay ng papuri at pagpapahalaga sa Birheng Maria tuwing sasapit ang buwan ng Mayo, partikular sa mga mananampalatayang Katoliko. Ang tradisyong ito ay may malaking bahagi sa pamumuhay ng mga Pilipino sa bansa. Tinalakay rin ang mga kultural na elemento na nilalaman ng tekstong pampanitikan.

ARALIN 19

Awit at Korido



Sa talakayan ng araling ito, magkakaroon ng malalim na pag-unawa sa pagkakaiba ng awit at korido. Mapapansin ang mga natatanging katangian ng bawat isa, kabilang ang partikular na bilang ng mga pantig sa bawat taludtod at ang mga karaniwang tema o paksa na tinatalakay. Ang ganitong pag-aaral ay magbibigay liwanag sa mahahalagang aspekto ng ating panitikang Pilipino at magpapayaman sa ating kaalaman at pagpapahalaga sa sining ng panulaan.



Layunin

- ◇ Naibibigay ang kahulugan at mga katangian ng awit at korido.
- ◇ Naipaliliwanag ang mahahalagang elemento at detalye sa akda.
- ◇ Naiuugnay ang sariling pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao.



Paghahabi ng Kaalaman

Awit at Korido

1. *Bakit mahalaga ang pag-aaral ng mga sinaunang anyo ng panitikan tulad ng awit at korido sa kasalukuyang panahon?*
2. *Ano ang mahahalagang katangian ng awit at korido bilang mga anyo ng panitikang Pilipino?*

Ang **Awit at Korido** ay parehong mga uri ng panitikang Pilipino na lumaganap noong panahon ng Espanyol. Karamihan ay may temang relihiyoso, romansa, at kabayanihan. Bagama't hindi gaanong nakatuon sa diwang makabayan, mayroong ilang awit at korido na maaaring ituring na nagpapahayag ng nasabing diwa dahil sa kanilang nilalaman at konteksto. Bagama't magkatulad sa ilang aspekto, may mahahalagang pagkakaiba ang dalawa.

Ang **korido** ay salaysay sa pakikipag-ibigan at pakikipagsapalaran ng isang tauhang malabayani na punong-puno ng kababalaghan. Ang **awit** naman ay salaysay sa pakikipag-ibigan at pakikipagsapalaran ngunit ang mga tauhan ay walang sangkap na kababalaghan.

Salaysay – isang uri ng pagkukwento o paglalahad na naglalayong magbigay ng impormasyon o detalye tungkol sa isang pangyayari, tao, lugar, o ideya.

Pagkakaiba ng Awit at Korido

Aspekto	Awit	Korido
pagbigkas/awit	mabagal	mabilis
pantig	Karaniwang labindalawa (12)	walo (8)
instrumento	gitara o bandurya	kumpas na pa-martsa
tema	posibleng halaw sa tunay na buhay	Bunga ng imahinasyon

Halimbawa ng Awit at Korido.

Korido – Mula sa Piling Saknong sa Ibong Adarna

O, birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit
Liwanagan yaring isip
Nang sa layo’y di malihis

Noong unang mga araw
Sang-ayon sa kasaysayan
Sa Berbanyang kaharian
Ay may haring hinahangaan

Ibong Adarna

Ang koridong ito ay isang mahabang tula na pasalaysay na nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran ng tatlong prinsipeng para hanapin ang mahiwagang Ibong Adarna. Kahit hindi direkta ang diwang makabayan, ang kuwento ng pakikipagsapalaran at paghahanap ng lunas para sa isang sakit ng hari ay maaaring makita bilang simbolismo ng pagnanais ng mga Pilipino na magkaroon ng lunas sa mga sakit ng lipunan sa ilalim ng kolonyal na pamamahala.




Awit – Mula sa Piling Saknong sa Florante at Laura

Florante at Laura


Ang Florante at Laura ni Francisco Balagtas, bagama’t hindi direktang makabayan ang tema, itinuturing na isang mahalagang akda sa panitikang Pilipino dahil sa



pagtalakay nito sa mga isyung panlipunan at politikal sa ilalim ng kolonyal na pamamahala. Maraming Pilipino ang nakakita ng mga pagpapahiwatig ng paghihimagsik at pagnanais para sa kalayaan mula sa mapang-aping pamamahala sa akdang ito.



Sa pangkalahatan, ang mga awit at korido noong panahon ng Espanyol ay karaniwang tumatalakay sa mga temang hindi direktang makabayan. Gayunpaman, ang paggamit ng mga akdang ito bilang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at kritikal na pananaw laban sa mga pang-aapi at kawalan ng katarungan ay maaaring ituring na pagpapakita ng diwang makabayan.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa binasang teksto.

1. Ilahad ang pagkakaiba ng sukat at tugma ng awit sa korido.
2. Ano ang kahalagahan ng awit at korido sa buhay ng tao?
3. Batay sa binasa, paano mo masasabi na ang isang teksto ay mahusay sa paglalahad gamit ang mga tinalakay na katangian?
4. Ano ang implikasyon ng pagkakaiba ng bilang ng pantig sa awit at korido sa paraan ng kanilang pagbigkas o pag-awit?
5. Ang _____ ay may 8 pantig, ito rin ay tulang pasalaysay sa konsepto ng mga may kakaibang kababalaghan
6. Ito ay may aral at mabagal ang pagbigkas?
7. Sa iyong palagay, ano ang mas matimbang awit o korido? Ipaliwanag.

- B. **Panuto:** Suriin kung paano ang tema ng pag-ibig sa “Florante at Laura” ay naiiba mula sa tema ng kababalaghan sa “Ibong Adarna”. Ano ang mga mahahalagang aspekto ng kanilang mga tema na nagpapakita ng pagkakaiba ng awit sa korido?



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Nang dumating ang mga Kastila sa ating bansa, nakatulong ang panitikan sa kanilang madaling pagpapalaganap ng Kristiyanismo at ipakilala ito sa lokal na populasyon. Nang lumitaw ang mga anyong pampanitikan na Awit at Korido. Sila ay naging kilala at bumuo ng magandang relasyon sa mga manunulat at mambabasa. Dahil dito, itinuturing ito ng mga dayuhan na isang ligtas at masayang libangan.

TULANG ROMANSA

Ang awit at korido ay dalawang anyo ng tulang romansa. Nagkakaiba ang dalawang ito ayon sa sukat, himig, at pagkamakatotohanan. May iisang layunin ang awit at korido sa paglikha ng mga tauhang may kahangang-hangang kakayahan: lumikha ng larawan ng isang bayaning maaaring hangaan at pamarisan.

Ang tulang romansa ay tulang pasalaysay tungkol sa pakikipagsapalaran at kabayanihan na karaniwang ginagalawan ng mga prinsipe’t prinsesa at mga mahal na tao. Naging palasak ang mga tulang romansa sa Europa noong Edad Media at maaaring nakarating ito sa Pilipinas

Anyo – Sa sining at literatura, ang anyo ay maaaring tumukoy sa istilo o paraan ng pagpapahayag, tulad ng anyo ng isang tula, dula, o pintura.

Pamarisan – tumutukoy sa isang modelo, halimbawa, o pamantayan na ginagamit bilang gabay o huwaran.

mula sa Mexico noon pang 1610. Ngunit noong dantaon 18 lamang ito naging palasak sa ating bansa kasabay ng pagkakilala sa imprenta at pagkatutong mga katutubo ng alpabetong Romano. Ang panitikan ay isa sa mga paraang ginamit ng mga mananakop na Kastila sa pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyano, at ang mga tulang romansa ay lumaganap kasabay ng pagdagsa ng mga aklat-dasalan.

Layunin ng tulang romansa na mapalaganap ng diwang Kristiyano. Karaniwan, kung gayon, ang pagtawag sa Diyos ng mga tauhan ay gantimpala ng langit sa mga nananalig. Karaniwan ding nagsisimula ang mga ito sa panalangin sa pag-aalay ng akda sa Birhen o sa isang santo. Nagkasanib sa tulang romansa ang dayuhan at ang katutubo.

Dayuhan


- (1) anyong pampanitikan na galing sa Europa at dinala rito ng mga prayle at sundalong Kastila;
- (2) ang mga tauhan, na may prinsipeng at prinsesang may mga pangalang dayuhan;
- (3) ang tagpuan, na karaniwang isang malayong kaharian sa Europa; at
- (4) ang paksang relihiyoso na pinalalaganap sa pamamagitan ng anyong pampanitikang ito.

Ngunit binibihisan na ang tulang romansa ng katutubong pagkamalikhain.

Katutubo

- (1) wikang ginamit sa mga tulang romansa;
- (2) ang tradisyon sa pagtula na dati nang ginagamit sa panitikang salimbibig, tulad ng bugtong, sawikain, at iba pa;
- (3) ang mgatalinghagang likas sa wika; at
- (4) ang mga pagpapahalagang pamana ng ating mga ninuno, tulad ng pagmamahal sa magulang, pagtulong sa nangangailangan at iba pa.


Ang tulang romansa, kung gayon, ay dayuhang anyo na binihisan ayon sa katutubong panlasa.. Maging ang mga tauhan, bagama't mga prinsipeng at prinsesang may mga dayuhang pangalan, ay nagpapahayag ng mga kaisipan at pagpapahalagang katutubo.



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Batay sa iyong natutuhan. Paghambingin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng awit at korido gamit ang venn diagram.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Bumuo ng pangkat. Suriin ang mahahalagang kaisipan ng tekstong babasahin. Gamiting gabay sa pagsusuri ang grapikong pantulong sa ibaba.


*"Narito raw yaong talang
lunas sa aking dalita,
talang ito ay ikaw nga,
O, Leonora kong mutya."*

*"Kaya, wariin na, giliw ko,
alapaap sa puso mo,
sa tibay ng iyong 'oo'
ika'y aki't ako'y, iyo."*

*Lumipas ang araw na lubhang matamis
At walang matira kundi ang pag-ibig,
Tapat na pagsuyong lalagi sa dibdib
Hanggang sa libingan bangkay ko'y maidlip*

*Ngaying namamanglaw sa pangungulila,
Ang ginagawa kong pang-aliw sa dusa,
Nagdaang panaho'y inaalala,
Sa iyong larawa'y ninitang ginhawa.*

Aspekto	Korido (Ibong Adarna)	Awit (Florante at Laura)
Pananaw		
Moral		
Katangian ng Tao		
Karanasan ng Tao		



Pagsasalansan

Sa araling ito, tinalakay ang dalawang anyo ng tulang romansa sa panitikang Pilipino: ang awit at korido. Ang parehong anyo ay lumaganap noong panahon ng mga Espanyol at mayroong katulad na layunin sa larangan ng panitikan. Ang kanilang impluwensya at kahalagahan sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas ay mahalaga sa pag-unawa ng ating literatura at tradisyon.

ARALIN 20

Mga Tekstong Pampahayagan (Balita)

Sa araling ito, mapag-aaralan ang kahulugan at mahahalagang detalye sa pagsulat ng isang balita. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain hindi lamang matututuhan ang estruktura at katangian ng tekstong pampahayagan, pati na rin ang kahalagahan ng pagiging mapanuri at replektibo sa balita.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.
- ◇ Naiisa-isa ang mga platform at katangian ng mga tekstong pampahayagan.
- ◇ Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (katulad ng narinig at direktang sinabi mula sa interbyu, direktang sipi mula sa binasa, paraphrasing sa mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto.)
- ◇ Natutukoy ang paraan ng pagtutumbas at/o panghihiram ng salita sa teksto.
- ◇ Nasusuri ang tekstong pampahayagan (balita) batay sa estruktura at katangian nito.



Paghahabi ng Kaalaman

DepEd: Mga kaso ng physical bullying sa mga paaralan umabot ng lagpas 200,000

ulat ni Bernadette Reyes (GMA Integrated News)

https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/05/do_s2022_024.pdf/

Higit 200,000 kaso ng physical bullying ang naitala noong nakaraang school year ayon sa Department of Education. Bukod pa diyan ang 7,758 na kaso ng cyber bullying, gender-based bullying na nasa 7,800, at social bullying na umabot naman sa 17,258 ayon sa ulat ni Bernadette Reyes sa '24 Oras'.

Naglunsad – Ito ay ginagamit para ilarawan ang pagpasimula o pagpapatupad ng isang bagay, tulad ng isang proyekto, programa, kampanya, o kaganapan.

Pero posibleng mas mataas pa ang aktwal na bilang ng mga kaso dahil mayroon pang mga estudyante na hindi nagsumbong ng mga ganitong uri ng pambu-bully. Nakakagulat din ang numero ng reported suicide cases na nasa 404 at attempted suicide cases na pumalo naman sa 2,147. Biniberipika na ng DepEd sa ngayon ang mga report na eto.

Samantala, naglunsad na ang DepEd ng helpline para sa mga estudyanteng nakakaranas ng bullying at iba pang uri ng pang-aabuso. Issue din ngayon ang kakulangan ng mga guidance counselors sa mga pampublikong paaralan.

“Nakita nating problema, yung suweldo nila ay ‘entry level’ na suweldo. Aside from that, ‘yong career progression”, ayon kay DepEd Spokesperson Atty. Michael Poa.

Paksa, Layon, at Ideya ng Teksto

Ang tekstong “DepEd: Mga kaso ng physical bullying sa mga paaralan umabot ng lagpas 200,000,” ay isang ulat na nagbibigay-diin sa seryosong isyu ng bullying sa mga paaralan sa Pilipinas.

Paksa

Ang pangunahing paksa ng teksto ay tungkol sa alarma ng mataas na bilang ng mga kaso ng physical bullying sa mga paaralan sa Pilipinas, batay sa datos na inilabas ng Department of Education (DepEd). Binibigyang pansin din ng ulat ang iba pang uri ng bullying tulad ng cyber bullying, gender-based bullying, at social bullying.

Layon

Ang layunin ng teksto ay ilantad at ipaalam sa publiko ang malawak at seryosong problema ng bullying sa mga paaralan. Layunin din nitong bigyang-diin ang pangangailangan para sa mas epektibong mga hakbang at patakaran upang matugunan ang isyung ito. Ang pagbabahagi ng mga istatistika at datos mula sa DepEd ay naglalayong magbigay ng konkretong larawan ng problema.

Ideya

1. **Prevalence ng Bullying** – Ipinapakita ng teksto na napakalawak ng problema ng bullying sa mga paaralan sa Pilipinas, na may higit sa 200,000 kaso ng pisikal na bullying na naitala.

Datos – impormasyon o mga katotohanan na nakalap mula sa pag-aaral, eksperimento, survey, o iba pang paraan ng pangangalap ng impormasyon.


Ilantad – maaari ring tumukoy sa pagbibigay ng oportunidad para sa isang bagay o tao na maranasan, maapektuhan, o maimpluwensyahan ng mga panlabas na kondisyon o sitwasyon.

2. **Iba't ibang Uri ng Bullying** – Binibigyang-pansin din ng ulat ang iba pang anyo ng bullying, tulad ng cyber bullying, gender-based bullying, at social bullying.
3. **Underreporting ng mga Kaso** – Binanggit sa teksto na posibleng mas mataas pa ang aktwal na bilang ng mga kaso ng bullying dahil hindi lahat ng biktima ay nag-uulat ng kanilang karanasan.
4. **Kaugnay na Isyu ng Mental Health** – Nakakabahala rin ang ulat tungkol sa bilang ng mga kaso ng suicide at attempted suicide, na maaaring may kaugnayan sa bullying.
5. **Pagtugon ng DepEd** – Binanggit ang paglulunsad ng isang helpline para sa mga estudyanteng nakakaranas ng bullying at iba pang uri ng pang-aabuso bilang isa sa mga hakbang ng DepEd.
6. **Isyu sa Suportang Pangkawani** – Tinalakay din sa teksto ang problema sa kakulangan ng guidance counselors sa mga paaralan, pati na rin ang isyu tungkol sa kanilang sahod at career progression.


Sa kabuuan, ang teksto ay nagsisilbing paalala sa malalim at komplikadong isyu ng bullying sa mga paaralan, at ang pangangailangan para sa mas matibay na mga solusyon at suporta mula sa mga institusyon tulad ng DepEd.

Ulat-Balita

Ang isang balita ay nagbibigay kaalaman ukol sa mga pinakabagong pangyayaring panlokal, pambansa, o pandaigdigang. Maaari itong kapulutan ng impormasyon at kaalaman, panlibang, o anumang detalyeng nagsasaad ng katotohanan at hindi opinyon lamang. Sa pagbuo ng balita, hindi kailangan ng mga salitang mabulaklak at matatalinghaga. Siguraduhing malinaw at tiyak ang mga ito. Higit sa lahat, dapat lehitimo at mababanggit ang mga pinanggalingan ng datos. Gumamit ng inverted pyramid bilang gabay sa pagsulat ng sariling balita:



5. Bakit- sanhi ng pangyayari sa balita
6. Paano - paraang naganap ang pangyayari sa balita



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong kaugnay sa Ulat-balita at DepEd: Mga kaso ng physical bullying sa mga paaralan umabot ng lagpas 200,000.

Ulat-balita

- 1-3. Ibigay ang tatlong bahagi ng balita ayon sa pagkakasunud-sunod nito sa inverted pyramid. Ayon sa anim na patnubay na sasagot sa mga nilalamang detalye ng isang balita, tukuyin ang pananong ng mga sumusunod:
4. Pangyayari ng isang balita.
5. Taong pinag-uusapan sa balita.
6. Lugar na pinangyarihan sa balita.
7. Panahong naganap ang pangyayari sa balita.
8. Sanhi ng pangyayari sa balita.
9. Paraang naganap ang pangyayari sa balita.
10. Anong bahagi ng balita ang kapupulutan ng pangunahing ideya nito?

- B. **DepEd:** Mga kaso ng physical bullying sa mga paaralan umabot ng lagpas 200,000.

1. Ano ang pangunahing paksa ng balita?
2. Saang setting nakabatay ang mga datos?
3. Anong kagawaran ang nakatalaga sa paksa ng balita?
4. Ayon sa nasabing paksa, anong uri nito ang may pinakamataas na bilang ng kaso?
5. Bakit posibleng mas mataas pa ang aktwal na bilang ng mga kaso?
6. Ano pa ang isang nakaaalarmang isyu ang kaugnay ng pangunahing paksang ito?
7. Sino-sino ang nasabing kulang na makatutulong sa pagtugon sa mga ganitong usapin sa paaralan?
8. Sa tingin mo ba ay may direktang kaugnayan ang pangunahing isyu sa ikalawang nabanggit? Bakit?
9. Bilang isang mag-aaral din, sa palagay mo, paano maaaring maagapan ang alalahaning ito?
10. Sang-ayon ka bang makatutulong ang suweldo at career progression ng mga nabanggit na manggagawa sa maselang usaping ito? Bakit o bakit hindi?



Paglililaw sa mga Kaalaman

TEKSTONG PAMPAHAYAGAN

Ang tekstong pampahayagan ay isang uri ng sulatin na karaniwang matatagpuan sa mga pahayagan o news outlets. Ito ay naglalaman ng mga balita at impormasyon tungkol sa iba't ibang kaganapan sa lokal, pambansa, at internasyonal na antas. Ang layunin ng tekstong pampahayagan ay magbigay ng impormasyon, mag-ulat ng mga pangyayari, at minsan, magbigay ng analisis o opinyon tungkol sa mga ito. May iba't ibang uri ng tekstong pampahayagan, kabilang na ang balita, editorial, lathalain, at iba pa.

Mga Katangian ng Tekstong Pampahayagan:

Balita (News) – Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pangyayari. Ito ay karaniwang sumusunod sa istrakturang balangkas na “Sino, Ano, Kailan, Saan, Bakit, at Paano” para sa malinaw at direktang pag-uulat.

Editorial (Editorial) – Nagpapahayag ng opinyon ng patnugot o ng publication tungkol sa isang isyu. Ito ay naglalaman ng argumento, analisis, at paninindigan.

Lathalain (Feature) – Nagtatalakay ng mga paksa sa mas malalim at mas detalyadong paraan. Maaaring tungkol ito sa mga tao, lugar, o pangyayari na may interesanteng anggulo o perspektibo.

Kolum (Column) – Isinulat ng isang regular na columnist, naglalaman ito ng personal na opinyon o obserbasyon sa iba't ibang paksa.

Balitang Isports (Sports News) – Nag-uulat tungkol sa mga pangyayari sa mundo ng isports.

Balitang Pangkabuhayan (Business News) – Tumatalakay sa mga balita tungkol sa ekonomiya, negosyo, at pananalapi.

Ang paggamit ng mga kasanayang ito ay makatutulong sa isang mambabasa na maunawaan nang mas mabuti ang tekstong ekspositori at makakuha ng mas malalim na kaalaman mula dito.

Ilang Kasanayang Pang-akademik sa Pamamahayag

Ang pagtatala, paraphrasing at panghihiram o pagtutumbas ng salita ay mahahalagang kasanayan sa pagsulat, lalo na sa larangan ng pamamahayag at paggawa ng balita. Parehong ginagamit ang mga ito upang maipahayag nang maayos at tumpak ang impormasyon sa mga mambabasa o tagapakinig.

1. **Pagtatala**

Ang proseso ng pagtatala ng impormasyon mula sa iba't ibang pinagmumulan tulad ng narinig, interbyu, direktang sipi, at mahahalagang detalye ay isang kritikal na aspeto sa larangan ng pagsulat, lalo na sa pamamahayag at pananaliksik.

Narito ang mga gabay sa kung paano ito maisasagawa nang epektibo:

Mula sa Narinig

- **Mabilis na Pagtala**

Isulat agad ang mahahalagang puntos o ideya na narinig upang hindi malimutan. Gumamit ng shorthand o mga pinaikling salita kung kinakailangan.

- **Pagtukoy sa Konteksto**

Itala rin ang konteksto kung saan narinig ang impormasyon, kasama ang petsa, oras, at lugar kung posible.

- **Beripikasyon**

Suriin ang katotohanan ng narinig na impormasyon sa pamamagitan ng paghahambing sa iba pang mga sources o sa pamamagitan ng direktang pagtatanong sa pinagmulan.

Sa Panayam

- **Pagrekord (kung pinahihintulutan)**

Gamitin ang voice recorder para sa tumpak na pagtatala. Siguraduhing may pahintulot mula sa iniinterbyu.

- **Pagsulat ng Mahahalagang Punto**

Itala ang mga mahahalagang pahayag at impormasyon. Maaari ring isulat ang mga di-berbal na reaksyon kung mahalaga ito sa konteksto ng interbyu.

- **Pagbabalik-Tanaw sa Tala**

Agad suriin ang mga tala pagkatapos ng interbyu upang klaruhin ang anumang malabong punto o magdagdag ng mga karagdagang detalye habang sariwa pa ang impormasyon.

Sa Paggamit ng Direktang Sipi

- **Katumpakan**

Siguraduhing eksakto ang pagkopya ng mga salita mula sa pinagmulan. Walang dapat baguhin o i-edit sa orihinal na pahayag.

- **Pagkilala sa Pinagmulan**

Lagyan ng maayos na sanggunian ang sipi, kasama ang pangalan ng taong nagsabi at ang konteksto kung kailan at saan ito sinabi.

- **Paghihiwalay ng Sipi**

Gamitin ang quotation marks para ihiwalay ang direktang sipi mula sa ibang teksto.

Pagkilala sa Mahahalagang Detalye

- **Paghihiwalay ng Mahahalaga sa Hindi Mahalaga**

Tukuyin ang pinakamahahalagang impormasyon na direktang nauugnay sa paksa o layunin ng iyong sulatin.

- **Pagbubuod**

Isulat ang mga detalye sa paraang buod, ngunit nananatiling tumpak at kumpleto.

- **Pagsasaayos ayon sa Kahalagahan**

Ayusin ang mga detalye batay sa kanilang kahalagahan o epekto sa pangkalahatang konteksto ng iyong sulatin.

Ang maayos at tumpak na pagtatala ng impormasyon ay hindi lamang mahalaga para sa katotohanan at integridad ng isang sulatin, kundi pati na rin para sa pagpapahusay ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mambabasa sa nilalaman.

2. Paraphrasing

Ang paraphrasing ay ang proseso ng pag-rewrite o pagsasabi muli ng isang teksto o pahayag sa ibang paraan, habang pinapanatili ang orihinal na kahulugan. Ito ay mahalaga sa pagbibigay-diin, paglilinaw, o pag-aayos ng impormasyon para sa mas madaling pag-unawa.

Sa konteksto ng balita, ginagamit ang paraphrasing upang gawing mas naaangkop, mas maliwanag, at mas nakakaengganyo ang balita para sa target na audience. Tumutulong din ito sa pag-iwas sa plagiarism sa pamamagitan ng paggamit ng sariling salita ng manunulat kaysa sa eksaktong salita ng source.

Kung ang isang source ay nagsasabi, “Ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin ay maaaring magdulot ng matinding epekto sa mga mahihirap na pamilya,” ang isang paraphrased na bersyon sa balita ay maaaring, “Maaaring mas mabigat ang pasanin ng mga pamilyang nasa laylayan dahil sa tumataas na presyo ng pangunahing bilihin.”


3. Panghihiram o Pagtutumbas ng Salita

Ang panghihiram ay ang paggamit ng mga salita mula sa ibang wika nang walang pagbabago, habang ang pagtutumbas naman ay ang proseso ng paghahanap o paglikha ng katumbas na salita sa sariling wika.

Mahalaga ang panghihiram o pagtutumbas sa balita upang matiyak na nauunawaan ng mga mambabasa o tagapakinig ang mga teknikal o espesyalisadong terminolohiya na maaaring wala sa kanilang sariling wika. Nagbibigay-daan ito sa mas malawak na pag-unawa at pag-access sa impormasyon.

Para sa terminong “cybersecurity,” maaaring hiramín ito nang direkta sa balita (cybersecurity) o gumamit ng tumbas na “seguridad sa cyber” kung mayroon at naaangkop sa konteksto.

Sa paggawa ng balita, mahalaga na balansehin ang paggamit ng paraphrasing at panghihiram o pagtutumbas ng salita upang mapanatili ang kredibilidad, klaridad, at tumpak na paghahatid ng impormasyon sa audience. Ang pag-unawa at mahusay na paggamit ng mga ito ay susi sa epektibong komunikasyon at pagpapahayag sa larangan ng pamamahayag.



Pagpapalalim

Pagsasanay

A. **Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa binasang teksto.

1. Ano ang pangunahing layunin ng isang tekstong pampahayagan, at paano ito naiiba sa iba pang mga uri ng sulatin?
2. Bakit mahalaga ang istrakturang “Sino, Ano, Kailan, Saan, Bakit, at Paano” sa pag-uulat ng mga balita? Bigyan ng halimbawa.
3. Ano ang pagkakaiba ng balita (news) at editorial (editorial) sa aspekto ng nilalaman at layunin?
4. Sa anong paraan naiiba ang lathalain (feature) sa regular na balita? Magbigay ng halimbawa ng isang paksa na maaaring gawing lathalain.
5. Ano ang kahalagahan ng isang kolum sa isang pahayagan at paano ito nagbibigay ng natatanging perspektibo sa mga mambabasa?
6. Sa pagtatala ng impormasyon mula sa interbyu, ano ang mga hakbang na dapat sundin upang matiyak na tumpak at kumpleto ang impormasyong naitala?
7. Paano ginagamit ang paraphrasing sa pagsulat ng balita at bakit ito mahalaga para sa pag-iwas sa plagiarism?


8. Ano ang kahalagahan ng panghihiram o pagtutumbas ng salita sa pagsulat ng balita, lalo na sa paggamit ng mga teknikal o espesyalisadong terminolohiya?
9. Bakit mahalaga ang katumpakan sa paggamit ng direktang sipi sa balita, at ano ang mga dapat tandaan sa pagkilala ng pinagmulan ng sipi?
10. Paano nakatutulong ang kasanayan sa pagkilala sa mahahalagang detalye sa pagbuo ng isang epektibo at makabuluhang balita?

B. **Panuto:** Manaliksik ng balita at suriin ito gamit ang grapikong pantulong sa ibaba bilang gabay.

Pamagat: _____

Paksa	Layon	Ideya

Balangkas ng Balita






Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Bumuo ng isang pangkat na magko-cover ng mahalagang balita sa paaralan. Maaaring magkaroon ng mga panayam, pagtatala ng datos, higit sa lahat ay ang pagsulat ng balita. Gawing gabay ang mga talahanayan sa ibaba para sa kumpletong gagawin para sa aktibidad.

Naitalang Datos

Kasanayang Pang-akademik (Paliwanag)

Balita




Pagsasalansan

Ang tekstong pampahayagan, isang mahalagang aspekto ng media, ay naglalayong maghatid ng balita at impormasyon. Binubuo ito ng iba't ibang uri: balita, na nag-uulat ng pangyayari; editoryal, na nagpapahayag ng opinyon; lathalain, na detalyadong tinalakay ang mga paksa; at kolum, na naglalaman ng personal na pananaw ng kolumnista. Ang pag-aaral ng tekstong ito ay mahalaga para sa tumpak na paghahatid ng impormasyon at sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at mapanuring pagbabasa.

ARALIN 21

Tekstong Biswal: Comic Brochure



Sa araling ito, matututuhan ang iba't ibang uri at mahahalagang bahagi ng komiks. Magkakaroon din ng kaalaman tungkol sa mga elemento ng tekstong biswal, na kritikal sa pagpapahayag at pagpapalaganap ng mga ideya sa malinaw at epektibong paraan. Ang pangunahing layunin ng araling ito ay hindi lamang maglahad ng impormasyon kundi pati na rin mapaunlad ang talakayan at pag-unawa sa sining at kahalagahan ng komiks.




Layunin

- ◇ Nasusuri ang mga elemento ng tekstong biswal.
- ◇ Naiuugnay ang mag elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto (panitikan at ekspositori)
- ◇ Naipaliliwanag ang mga uri at bahagi ng komiks.



Paghahabi ng Kaalaman



Banghay – isang terminong ginagamit sa larangan ng panitikan at pagsulat, na tumutukoy sa istruktura o balangkas ng isang kuwento, dula, pelikula, o anumang uri ng naratibo.

Ang tatlong pangunahing elemento nito ay ang karakter o tauhan, setting o tagpuan at plot o banghay. Sa pamamagitan ng mga ito madaling maipapahayag ang mga ideya at ekspresyon o impormasyon na nais iparating ng may-akda. Ang paggamit naman ng mga tinatawag na textual device gaya ng speech balloon at iba't ibang caption at onomatopeya ay nagbibigay pahiwatig sa daloy ng dayalogo paglalahad ng daloy ng kuwento at sound effect.

Mga Uri ng Komiks

1. **Superhero Comics** – Isa sa pinakapopular na uri ng komiks, kung saan ang mga pangunahing karakter ay mga superheroes na may espesyal na kapangyarihan. Halimbawa nito ay ang mga komiks ng Marvel at DC.
2. **Manga** – Ito ay ang estilo ng komiks na nagmula sa Japan, na kilala sa kanyang natatanging sining at storytelling. Ito ay maaaring magkaroon ng iba't ibang genre tulad ng shonen (para sa mga batang lalaki), shojo (para sa mga batang babae), seinen (para sa matatandang lalaki), at josei (para sa matatandang babae).
3. **Graphic Novels** – Ang mga ito ay mas mahahabang komiks na karaniwang nagtatampok ng mas seryoso at komplikadong kuwento. Halimbawa ay “Maus” ni Art Spiegelman at “Watchmen” ni Alan Moore.


Nakatuon – tumutukoy sa estado kung saan ang pansin, enerhiya, o mga pagsisikap ay direksiyonado o itinutuon sa isang partikular na bagay, gawain, layunin, o paksa

Nagtatampok – Ito ay ginagamit para ilarawan ang pagbibigay-diin o pagpapakita ng kahalagahan sa isang bagay, tao, kaganapan, o aspeto sa iba't ibang konteksto.

4. **Humor Comics** – Mga komiks na pangunahing nakatuon sa pagpapatawa at aliw, tulad ng “Peanuts” ni Charles Schulz at “Calvin and Hobbes” ni Bill Watterson.
5. **Horror Comics** – Nagtatampok ng mga kwentong kakila-kilabot, misteryo, at madilim na pantasya. Halimbawa ay ang mga gawa ng EC Comics tulad ng “Tales from the Crypt.”
6. **Science Fiction at Fantasy Comics** – Nagtatampok ng mga kuwentong nakabase sa science fiction at fantasy. Kasama dito ang mga cosmic adventures, dystopian futures, at mahiwagang mundo.
7. **Romance Comics** – Tumatalakay sa mga kwento ng pag-ibig at relasyon. Popular ito noong 1940s hanggang 1970s.
8. **Autobiographical Comics** – Mga komiks na nagkukuwento ng totoong buhay ng may-akda, tulad ng “Persepolis” ni Marjane Satrapi.
9. **Educational Comics** – Ginawa para sa layuning pang-edukasyon, nagtuturo ng iba't ibang paksa mula sa agham hanggang sa kasaysayan.

Mga Bahagi ng Komiks:

1. Pamagat ng Kuwento
2. Larawang guhit ng mga tauhan sa kuwento
3. Kuwadro o Tagpo sa Kuwento (Frame)
4. Kahon ng Salaysay o pinaglalagyan ng mga maikling salaysay at dayalogo
5. Kapsiyon (caption) o Mga detalyeng hindi nakapaloob sa dayalogo.
6. Lobo ng Usapan o pinaglalagyan ng mga dayalogo o usapan ng mga tauhan tulad ng (*caption box, speech bubble, scream, bubble, broadcast/radio bubble, whisper bubble, though bubble*)
7. Mga Tunog na nalilikha sa isipan ng mambabasa (tinatawag na Mahika ng komiks)




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Ano ang kahulugan ng komiks?
2. Ano ang mga nilalaman ng isang komiks?
- 3-5. Magbigay ng limang uri ng komiks na nabanggit.
6. Magbigay ng tatlong pangunahing elemento ng komiks.
7. Paano nakatutulong ang pagkakasunod-sunod ng mga guhit at panel sa pagbuo ng banghay ng isang comic book?
8. Sa iyong palagay, paano naiiba ang paraan ng pagkukuwento sa komiks kumpara sa tradisyonal na tekstong naratibo, tulad ng maikling kuwento?
9. Paano ginagamit ang speech ballons, captions, at onomatopeya upang mapahusay ang pag-unawa ng mambabasa sa daloy ng dayalogo at mga pangyayari sa kuwento?
10. Sa iyong palagay, alin sa mga elemento ng komiks ang pinakamahalaga sa paglikha ng isang epektibong kuwento? Bakit?

- B. **Panuto:** Bumuo ng isang komik istrip na nagpapakita ng pangyayari sa Panahon ng Pananakop ng Espanya.



Paglililinaw sa mga Kaalaman


Ang pagtataya ng komiks, tulad ng anumang sining o media, ay nangangailangan ng pagsasaalang-alang ng ilang mahahalagang prinsipyo. Narito ang ilang pangunahing prinsipyo na dapat tandaan kapag nagtataya o sinusuri ang komiks:

1. **Kuwento (Storytelling)** – Isaalang-alang kung gaano kaepektibo ang komiks sa pagkukuwento. Kasama rito ang plot, character development, pacing, at ang paraan ng pagkakasulat ng dialogo at naratibo.
2. **Visual Artistry** – Tignan ang kalidad ng artwork. Kasama rito ang drawing style, ang paggamit ng linya, texture, at komposisyon. Mahalaga rin ang pagpapakita ng emosyon at pagkilos sa pamamagitan ng mga visual.

3. **Pagkakasunod-sunod ng mga Frame (*Panel Sequence*)** – Mahalaga ang pagkakasunod-sunod ng mga frame sa pagkukuwento. Dapat itong maging malinaw at madaling sundan, na nagpapakita ng lohikal na pag-usad ng kuwento o eksena.
4. **Kulay at Pag-iilaw (*Color and Lighting*)** – Kung ginagamit ang kulay, dapat itong mag-ambag sa mood at tono ng kuwento, at dapat na maayos ang pagkakatugma sa buong komiks.
5. **Paggamit ng Espasyo at Layout** – Mahalaga rin ang layout ng pahina at ang paggamit ng espasyo. Ito ay dapat na mag-ambag sa daloy ng kuwento at hindi dapat maging sanhi ng kalituhan sa mambabasa.
6. **Orihinalidad at Pagkamalikhain (*Originality and Creativity*)** – Isaalang-alang ang pagiging orihinal ng komiks. Kasama rito ang pagiging bago ng kuwento, mga karakter, at ang visual style.
7. **Pakikipag-ugnayan sa Mambabasa (*Engagement with the Reader*)** – Tignan kung paano nakikipag-ugnayan ang komiks sa mambabasa. Mahalaga na ang komiks ay nakakapukaw ng interes at emosyon.
8. **Kultural at Sosyal na Relevance** – Isaalang-alang kung paano naglalarawan o tumutugon ang komiks sa kultural at sosyal na mga isyu. Mahalaga rin kung paano ito nakakapag-ambag sa diskurso sa lipunan.
9. **Pagsunod sa Genre Conventions** – Kung ang komiks ay nabibilang sa isang tiyak na genre, mahalaga rin na isaalang-alang kung paano ito umangkop o lumabag sa mga nakasanayang konbensyon ng genre na iyon.
10. **Overall Impact** – Sa huli, mahalaga rin na tignan ang kabuuang epekto ng komiks. Kasama rito ang pangkalahatang entertainment value at ang kakayahan nitong manatili sa isipan ng mambabasa matapos itong basahin.

Ang pagtataya ng komiks ay isang subjective na proseso at maaaring magkakaiba ang pananaw ng bawat isa depende sa kanilang mga personal na kagustuhan, kultural na background, at karanasan sa pagbabasa ng komiks.





Pagpapalalim

Pagsasanay


- A. **Panuto:** Magpapangkat sa lima. Lagyan ng dayalogo ang komik istrip ng pag-uusap patungkol sa mga natutuhan na akda o mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Mula sa iyong nakikitang poster at comics strips. Kilalanin at ipaliwanang kung paano ginamit ang iba't ibang pangunahing prinsipyo na dapat tandaan kapag nagtataya o sinusuri ang komiks:

1. Kuwento (Storytelling)
2. Visual Artistry
3. Pagkakasunod-sunod ng mga Frame (Panel Sequence)
4. Kulay at Pag-iilaw (Color and Lighting)
5. Paggamit ng Espasyo at Layout
6. Orihinalidad at Pagkamalikhain (Originality and Creativity)
7. Pakikipag-ugnayan sa Mambabasa (Engagement with the Reader)
8. Kultural at Sosyal na Relevance
9. Pagsunod sa Genre Conventions
10. Overall Impact



Pagsasalansan

Sa araling ito, tinalakay ang iba't ibang uri at bahagi ng komiks, na mahalaga hindi lamang bilang isang anyo ng libangan kundi rin bilang isang sining at bahagi ng ating kultura. Ang pag-aaral at pagsusuri ng komiks ay nagbibigay-diin sa kahalagahan nito sa pagpapahalaga sa gawaing artistiko at kultural na halaga, pati na rin sa pagtataguyod ng kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan nito, natutulungan tayong maging mas mapanuri sa mga kuwento, karakter, at visual arts, at nauunawaan natin kung paano nagtutulungan ang mga elementong ito upang magsalaysay at magpahayag ng mas malalim na mga mensahe.

Gawain sa Pagganap

Pinal na Comic Book Brochure: Ang Buhay ng Pangunahing Tauhan

Ang layunin ng performance task na ito ay upang hikayatin ang mga mag-aaral na maipahayag ang mga pangunahing pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan sa binasang akda gamit ang pinal na comic book brochure. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga elemento ng biswal at multimodal na pagpapahayag, mahihikayat ang mga mag-aaral na magamit ang kanilang kasanayang komunikatibo, magpakita ng etikal na kasanayan, at pananagutan sa pagbuo ng isang likhang sining.

Kailangang Materyales

- Kopya ng binasang akda o kuwento kung saan nakabatay ang performance task.
- Malinis na papel o mga template para sa comic book brochure.
- Kagamitang pang-arts (kulay, lapis, marker, atbp.).
- Access sa mga kompyuter o aplikasyon sa disenyo (opsyonal).

Mga Hakbang

1. **Pamimili ng Akda (15 minuto):** Hilingin sa mga mag-aaral na pumili ng isang binasang akda o kwento mula sa kanilang pinag-aralan na nais nilang pag-basehan para sa kanilang comic book brochure. Dapat piliin nila ang akdang may pangunahing tauhan na may makulay na karakterisasyon at mahahalagang pangyayari.
2. **Pag-aaral ng Akda (30 minuto):** Ipaalala sa mga mag-aaral na magsagawa ng masusing pag-aaral sa binasang akda. Kailangan nilang kilalanin ang pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari sa buhay nito, at ang konteksto ng kuwento.
3. **Pagbuo ng Outline (20 minuto):** Ipahayag sa mga mag-aaral na magsagawa ng outline ng kanilang comic book brochure. Dapat ito maglaman ng mga pangunahing pangyayari na kanilang naisip na isama sa kanilang comic book. Ang outline ay magsilbing gabay para sa kanilang sasabihin sa kanilang komiks.
4. **Pagsasanib ng Biswal at Multimodal na Pagpapahayag (60 minuto):** Itaguyod ang paggawa ng pinal na comic book brochure. Ang mga mag-aaral ay dapat magdisenyo ng mga kuwadro, gumamit ng mga kulay, at magdagdag ng mga text box, speech bubbles, at iba pang elemento ng komiks upang maipahayag ang pangunahing pangyayari sa buhay ng tauhan. Puwede rin

silang magdagdag ng mga label, sipi, o iba pang multimodal na elemento na magpapalalim sa kanilang komunikasyon.

5. **Pagsasanay at Pagsusuri (30 minuto):** Ipaalala sa mga mag-aaral na suriin ang kanilang likha bago ito isumite. Dapat itong magsilbing oras para sa pag-aaral, pagsasanay, at pagtutuwid ng anumang pagkukulang sa kanilang pinal na comic book brochure.
6. **Pagpapresenta (20 minuto):** Hilingin sa mga mag-aaral na mag-presenta ng kanilang pinal na comic book brochure sa harap ng klase. Dapat nilang ipaliwanag ang kanilang mga desisyon sa disenyo at kung paano nito naihayag ang pangunahing pangyayari sa buhay ng tauhan sa binasang akda.
7. **Pagsusuri ng Epekto (15 minuto):** Matapos ang mga presentasyon, magkaroon ng diskusyon hinggil sa mga pinal na comic book brochure. Pag-usapan ang epekto nito sa pang-unawa ng mga mag-aaral sa kuwento at karakter.

Kasanayan sa Pagsusuri ng Teksto

Kraytirya	Hindi Nasusunod (1)	Bahagya sa Nasusunod (2)	Medyo Nasusunod (3)	Ganap na Nasusunod (4)
Pagsusuri ng Konteksto	Ang pagsusuri ay hindi maayos na naglalaman ng mga pangunahing aspekto ng konteksto ng teksto.	Ang pagsusuri ay naglalaman ng ilang bahagi ng konteksto ng teksto, ngunit kulang ito sa pagganap.	Ang pagsusuri ay may mga bahagi ng konteksto ng teksto, ngunit may mga kakulangan sa kahalagahan o implikasyon.	Ang pagsusuri ay ganap na naglalaman ng mga pangunahing aspekto ng konteksto ng teksto, at maayos na inilalapat ito sa pagsusuri.
Pag-unawa sa Nilalaman	Ang pagsusuri ay hindi maayos na nagsasaalang-alang sa mga pangunahing ideya o mensahe ng teksto.	Ang pagsusuri ay naglalaman ng ilang bahagi ng mga pangunahing ideya o mensahe ng teksto, ngunit kulang ito sa pagganap.	Ang pagsusuri ay may mga bahagi ng mga pangunahing ideya o mensahe ng teksto, ngunit may mga kakulangan sa kahalagahan o implikasyon.	Ang pagsusuri ay ganap na naglalaman ng mga pangunahing ideya o mensahe ng teksto, at maayos na inilalapat ito sa pagsusuri.

Bantas at Gamit ng Wika	Ang sanaysay ay puno ng mga pagkakamali sa bantas, gramatika, at paggamit ng wika.	May ilang bahagi ng sanaysay na may mga pagkakamali sa bantas, gramatika, at paggamit ng wika.	May mga bahagi ng sanaysay na may mga pagkakamali sa bantas, gramatika, at paggamit ng wika, ngunit hindi ito labis.	Ang sanaysay ay may mahusay na bantas, gramatika, at paggamit ng wika.
Pangunahing Argumento	Ang sanaysay ay walang malinaw na pangunahing argumento o hindi ito maipinapakita nang wasto.	May ilang bahagi ng sanaysay na may pangunahing argumento, ngunit ito ay hindi ganap na malinaw o maipinapakita nang wasto.	May mga bahagi ng sanaysay na may pangunahing argumento, ngunit may mga kakulangan sa konsistensiya o kahalagahan.	Ang sanaysay ay may malinaw at makatwirang pangunahing argumento na maayos na inilalapat sa pagsusuri.
Ebidensya at Suporta	Ang sanaysay ay kulang sa ebidensya o suporta mula sa teksto o iba pang sanggunian.	May ilang bahagi ng sanaysay na may ebidensya o suporta mula sa teksto o iba pang sanggunian, ngunit ito ay hindi ganap na malinaw o kapani-paniwala.	May mga bahagi ng sanaysay na may ebidensya o suporta mula sa teksto o iba pang sanggunian, ngunit may mga kakulangan sa pagkakaugnay	

KABANATA 4

Panitikan ng Pilipinas: Obra Maestra-Ibong Adarna

Ang globalisasyon at modernisasyon, bilang mga salik ng pagbabago, ay mahalaga sa ating kasaysayan at kaunlaran. Mahalagang kilalanin ang kahalagahan ng nakaraan, lalo na sa pagpapanatili ng ating kultura at panitikan. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga akda tulad ng “Ibong Adarna,” hinuhubog natin ang komunikasyon, pagkamalikhain, at kritikal na pag-iisip ng bawat mag-aaral, na mahalaga sa kanilang personal na pag-unlad at sa pag-unlad ng lipunan.

ARALIN 22

Obra Maestra-Ibong Adarna (Kaligirang Pangkasaysayan)



Sa araling ito, tatalakayin ang pinagmulan at kasaysayan ng “Ibong Adarna,” isang kilalang obra sa panitikang Pilipino. Pag-aaralan din natin ang kahalagahan at impluwensya nito sa kultura at pamumuhay ng mga Pilipino. Bilang isang tulang pasalaysay o korido, ang “Ibong Adarna” ay hindi lamang nagtatampok ng mahiwagang kuwento kundi naglalarawan din ng iba’t ibang katangian ng tao na nananatiling makabuluhan hanggang sa kasalukuyan.



Layunin

- ◊ Nakikilala ang Ibong Adarna bilang obra maestrang Filipino.
- ◊ Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna.
- ◊ Nasusuri ang teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.
- ◊ Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa.



Paghahabi ng Kaalaman

Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna

1. *Ano-anong kultura ang sumasalamain sa tulang pasalaysay na Ibong Adarna?*
2. *Sino-sinong tauhan ang naging katangi-tangi sa pagiging maginoo, bayani, at iba’t ibang uri ng pag-ibig tulad ng pag-ibig sa magulang, pag-ibig sa anak, kapatid, kasintahan, at sa Diyos?*

Ang Ibong Adarna ay isang pasalaysay na tula na ang buong pamagat ay **Korido at Buhay na Pinagdaanan ng Tatlong Prinsipeng Magkakapatid na Anak ng Haring Fernando at ng Reyna Valeriana sa Kahariang Berbania**.

Walang tiyak na petsa ang tula, at nananatiling lihim ang manunulat nito, bagaman may ilang naniniwala na ang nasabing tula ay isinulat ni Huseng Sisiw na palayaw ni Jose de la Cruz ngunit wala pa ring katibayan. Si Huseng Sisiw, ayon kay Julian Cruz Balmaseda, ang nagturo

umano kay Francisco Balagtas kung paano sumulat ng tula. Ang anyo ng tulang korido ay isang anyo ng tulang Espanyol na gumagamit ng sukat na wawaluhin at karaniwang may isahang tugma.

Ayon sa pag-aaral ni Damiana L. Eugenio, karaniwang pinapaksa ng korido ang buhay o pakikipagsapalaran nina Charlemagne (Carlo Magno) at Haring Arthur (Arturo), at ang kaligiran ng Troya, Gresya, at Roma. Kasama sa mga elemento ng tula ang matimyas na pag-iibigan, ang relihiyosong paniniwala, at ang kagila-gilalas o pantastikong pangyayari. Mula sa banyagang padron ang korido, ngunit pagsapit sa Pilipinas ay kinasangkapan ng mga katutubong Pilipino upang itanghal ang kanilang naiibang kaligiran. Ang paggamit ng terminong “korido” sa Pilipinas ay waring pagtatangkang tabunan ang katutubong tulang dalít na ang sukat ay wawaluhin din at may isahang tugma, ani Virgilio S. Almario, na nag-aral nang malalim hinggil sa katutubong uri ng tulang Tagalog. Ang salitang korido ay galing sa salitang Mehikanong “corridor” na nangangahulugang “kasalukuyang pangyayari”, ang Mehikanong salitang “corridor” ay mula naman sa Kastilang “occurido”. Ito’y isang anyo ng tulang romansa na naglalarawan ng pakikipagsapalaran sa buhay ng mga kababalaghan at pantasya, nagpapamalas ng kagitingan, kabayanihan at pagkamaginoo. Kinilalang isang mataas na uri ng libangan ang korido nang ito’y lumaganap sa Europa.



Sinasabing ang korido ay batay sa mga alamat at kuwentong bayan sa Europa gaya ng Espanya, Gresya, Italya, Germany, Denmark, Pransiya, Austria, at maging sa Tsina at Malay o Polenesia. Samantala, ang koridong Ibong Adarna ay binubuo ng 1,056 saknong, at umabot sa 48 pahina.

Maraming alusyon ang ginamit na hindi lamang mula sa Europa bagkus maging sa Gitnang Silangan. Bagaman sa unang basa’y mahihinuhang may bahid ng Kristiyanismo ang talakay ng tula, nalalahukan din yaon ng mga konseptong gaya ng sa Budismo at Islam, ayon na rin sa pag-aaral ni Roberto T. Añonuevo. Ang dalumat ng Ibong Adarna ay hindi nalalayo sa mga epikong bayan sa Pilipinas. Maraming ibon sa Pilipinas, at gaya sa epikong Kudaman at Manobo ay marunong ding magsalita at may kapangyarihang manggamot, lumipad nang mataas, at tumulong sa sinomang makapagpapaamo rito. Ipinaliwanag ito nang malalim ni Añonuevo sa kaniyang akda hinggil sa dalumat ng ibon.

Sa pananakop ng mga Kastila, ang Ibong Adarna ay nakarating sa Mexico at di nagkalaon ay nakaabot sa Pilipinas. Nakarating ang korido sa Pilipinas nang dalhin ito ng mga Kastila mula sa Europa na ang layunin ay mapalaganap ang relihiyong Kristiyanismo sa bansa. Mula sa banyagang

padron ang korido ngunit pagdating sa Pilipinas ay sinangkapan ito ng mga katutubong kaugalian upang maitanghal ang natatangi at naiibang kaligiran nito. Kinagawiang basahin ng mga katutubo ang korido dala na rin ng kawalan ng ibang anyo ng panitikang mababasa noong panahong iyon sanhi na rin ng kahigpitan ng mga paring Kastila sa pagpapahintulot ng pagkalat ng iba't ibang uri ng akdang maaaring basahin ng mga tao. Ang buhay ng mga maharlikang angkan at kaharian na taliwas sa pamumuhay sa ating bansa kaya tinangkilik ng mga katutubo ang panitikang ito. Ang kahigpitan ng mga prayle sa pagpapalaganap ng babasahin ay nararapat lamang nagtataglay ng magandang pagtingin at panrelihiyong katangian upang pahintulutan maipalimbag.


Kung titingnan, ang Ibong Adarna ay maituturing na kuwentong bayan sapagkat hindi tiyak kung sino talaga ang totoong umakda nito. Ipinagpalagay nang isalin sa wikang Tagalog ang Ibong Adarna, ipinagpalagay na ang pangalan ng orihinal ay nagmula sa ibang bansa sa Europa at hindi na naisama ang pangalan ng may-akda; ginamit ang pangalan ng tagapagsalin ngunit hindi isinama sa pagpapalathala; ang kauna-unahang salin nito ay nasa anyong sulat-kamay at nang maglaon ay hindi na kinopya ng mga sumunod pang nagsalin ang pangalan nang nauna sa kanila; at dahil hindi tiyak kung sino ang tunay na may-akda nito, pinili na lamang ng nakararaming tagapagsalin na huwag nang isama ang kanilang pangalan sa pagpapalimbag. Nagsimulang maging popular ang Ibong Adarna sa Pilipinas nang ito'y isalin sa katutubong wika. Ang bawat kopya ng akdang ito ay ipinagbibili sa mga perya na karaniwang nagpapalipat-lipat sa mga bayang nagdiriwang ng pista. Ngunit marami noon ang di marunong bumasa kaya't iilan lamang ang mga kopyang napalimbag. Sa kabutihang-palad, di nagtagal ay itinanghal na ito sa mga entablado tulad ng komedya o moro-moro.

Ang karaniwang kaanyuan ng nasabing korido na siya ngayong pinag-aaralan sa mga paaralan ay ang isinaayos na salin ni Marcelo P. Garcia noong 1949. Hinalaw ang Ibong Adarna, at isinapelikula, isinalin sa dulang panradyo, teatro, sayaw, at sa kung ano-ano pang pagtatanghal. Pinakialaman din ng kung sino-sinong editor ang nasabing korido pagsapit sa teksbuk, at ang orihinal na anyo nito ay binago ang pagbaybay at isinunod ayon sa panlasa o paniniwala ng editor at publikasyon. Sa kasalukuyan, ang Ibong Adarna ang isa sa mahahalagang akda na pinag-aaralan ngayon sa mataas na paaralan, alinsunod sa kurikulum na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon.

Bagaman ang Ibong Adarna ay isa na ngayon sa mga kinikilalang bahagi ng Panitikang Pilipino, ang akdang ito ay hindi orihinal na nagmula sa Pilipinas. Ito'y tulad din ng Bernardo Carpio na nagmula sa alinmang bansa sa Europa. Bagama't ang Ibong Adarna ay itinuturing na hindi katutubo, nagtataglay naman ito ng mga halagang pangkatauhan at kaugaliang taglay rin ng mga Pilipino gaya ng pananampalataya sa Panginoon, pagmamahalan sa pamilya, pagpapahalaga sa edukasyon, pagpapatawad sa kapwa, pagtulong sa nangangailangan,

pagdiriwang, pagtanaw ng utang na loob at marami pang iba. Kaya naman hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na pinag- aaralan ito bilang bahagi ng kurikulum sa unang taon upang mapalaganap hanggang sa susunod pang henerasyon ang kalinangan ng Kulturang Pilipino na taglay ng koridong Ibong Adarna.

mula sa Essential 7 TechFactors



Pagtatagpi ng Talino

A. Panuto: Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Sino ang pinapaniwalaang sumulat ng tulang Ibong Adarna?
2. Ano ang buong pamagat ng Ibong Adarna?
3. Ano ang ibig sabihin ng salitang mehikanong “corridor”?
4. Anong anyo ng tula ang naglalarawan ng pakikipagsapalaran sa buhay ng mga kababalaghan at pantasya?
5. Ito ay pinagbatayan ng alamat at kuwentong-bayan sa Europa.
6. Ang ibong Adarna ay binubuo ng _____ saknong at _____ na pahina.
7. Ano ang makakapagpagaling sa hari ng Berbanya?
8. Kung Ikaw si Don Juan gagawin mo rin ba ang ginawa niyang pagtulong sa kapatid? Bakit?
9. Sa iyong palagay bakit mabilis na lumaganap ang korido sa Pilipinas maging sa Europa na kinagiliwang basahin ng mga tao? Ipaliwanag.
10. Alin ang mas matimbang kapangyarihan o pag-ibig? Patunayan.

- B. Panuto:** Ikontekstualisa ang Ibong Adarna. Talakayin ang panahon, lunan, at may-akda batay sa tinalakay sa unang bahagi ng aralin.

PAGSASAKONTEKSTO NG IBONG ADARNA	
Panahon	
Lunan	
May-akda	



Paglililinaw sa mga Kaalaman

TULANG ROMANSA

Maituturing na tulang romansa ang Ibong Adarna sapagkat ito ay kathang-isip lamang tungkol sa pakikipagsapalaran ng mga tauhan tulad ng mga prinsipe at prinsesa. Ito ay kakaiba sa epiko dahil walang kapangyarihan ang mga tauhan dito ngunit mga may dugong bughaw. Ang tulang romansa ay nagsasalaysay ng makukulay na pangyayari at maromansang damdamin.



Naging paborito ng mga taga-Europa ang tulang romansa dahil ito ay nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran ng mga tauhan na may pagkakahawig sa mga pangyayaring naganap sa ating kasaysayan. Sa panahon ng mga mananakop naging mabisang paraan ang panitikan upang palaganapin ang relihiyong kristiyano sa buong Europa.

Sa panahong iyon mas naging interesado ang mga kababaihan sa panitikan kaya kinahiligan ng nilang basahin ang mga akda patungkol sa pag-ibig. Ang tulang romansa ay nasa wikang Pranses lamang o sa ibang diyalekto ng Latin na nakarating sa Inglatera. Balada (Ballad) ang naging ugat ng tulang romansa. Ang isang maikling tulang pasalaysay na karaniwang iniuugnay sa alamat o

kuwentong-bayan. Naging debosyon ng mga taga-Europa ang Birheng Maria na naging dahilan ng pagsikat ng tulang romansa sa panahong ito. Ang debosyon ay patungkol sa isang babae, may dugong bughaw na maaaring asawa ng hari o panginoon. Isinasagawa ito sa isang ritwal sa kaharian tulad ng ginawa ng mga Ttrubador sa provence na isang lalawigan sa Pransya. Isang kabalyero ang bumibigkas ng tulang liriko kung saan ito ay patungkol sa pagsunod ng kabalyero sa lahat ng utos ng reyna bilang patunay ng kanyang katapatan. Ang pagbigkas na ito ay umaabot sa Inglatera. Ang orihinal na tulang liriko ay wikang Pranses ngunit nagkaroon ito ng ibang bersiyon sa wikang Ingles, Espanyol at iba pang wika na karaniwang ginaganamit ng mga tao.

Ang tulang romansa ang naging kilalang uri ng panitikan na may layuning ipalaganap ang diwa ng Kristiyanismo. Kadalasan nagsisimula sa pagtawag sa Diyos ng mga tauhan at gantimpala na kaloob ng langit o panalangin sa pag-aalay ng akda sa Birhen o isang santo.


Dalawang Uri ng Tulang Romansa

1. Tulang Romansa ng Dayuhan

- (1) ang anyo ng panitikan ay galing sa Europa na dinala ng prayle at sundalong kastila sa Pilipinas,
- (2) may mga tauhan na kinikilalang prinsipe at prinsesa na ang pangalang ay dayuhan, (3) ang tagpuan ay nasa malayong kaharian ng Europa at;
- (4) ang kadalasang paksa ay tungkol sa relihiyon.

2. Tulang Romansa ng Katutubo


- (1) ang wikang ginagamit sa panitikan ay katutubo,
- (2) naging batayan ang bugtong, sawikain, salawikain at iba pa sa pagbuo ng tulang katutubo, (3) matalinghaga ang mga wikang ginamit,
- (4) mga pagpapahalagang kaugalian ng ating mga ninuno tulad ng pagmamahal sa magulang, pagtulong sa nangangailangan, mga kagandahang asal at iba pa.



Pagpapalalim


Pagsasanay

- A. **Panuto:** Batay sa mga nabasang impormasyon tungkol sa Ibong Adarna, ibahagi ang iyong ideya tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng Ibong Adarna. Gamitin ang grapikong presentasyon sa pagsagot.



- B. **Panuto:** Linangin ang kakayahan. Isa-isahin ang mahahalagang pangyayari kaugnay sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Ibong Adarna.

**KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN NG/SA
IBONG ADARNA**






Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Ilarawan ang katangian ng korido. Gamitin ang talahayanan sa pagsagot.

KATANGIAN	PAGLALARAWAN
1. anyo	
2. paksa o tema	
3. pagbigkas	
4. tulang romansa	
5. kasaysayan	

B. **Panuto:** Manaliksik pa ng ibang koridong akda. Ihambing ito sa Ibong Adarna.



Pagsasalansan

Sa araling ito tinalakay ang kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna. Nakapaloob dito ang mahahalagang pangyayari at pinagmulan ng obra maestra. Tinukoy rin ang mga elemento na karaniwang makikita sa tekstong pampanitikan.

ARALIN 23

Obra: Ibong Adarna (Saknong 1-407)



Sa araling ito, mababasa ang kani-kaniyang pakikipagsapalaran ng tatlong prinsipe – Don Pedro, Don Diego, at Don Juan upang mahanap at mahuli ang Ibong Adarna. Sa pamamagitan ng iba-ibang gawain malalaman ang pinapahiwatig na damdamin ng nagsasalita at makakapagbahaginan patungkol sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.



Layunin

- ♦ Naipaliliwanang ang banghay gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari;
- ♦ Natutukoy ang kahulugan at mga uri ng iba't ibang paraan sa pagpapahayag ng damdamin.
- ♦ Naiuugnay ang mahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian, at karanasan ng tao.



Paghahabi ng Kaalaman

Saknong 1-407 mula sa Ibong Adarna

1. *Handa mo bang ialay ang iyong buhay makita lamang ang lunas sa sakit ng iyong amang malubha?*
2. *Ano ang unang hakbang na gagawin mo kung ikaw ay naatasan na magsagawa ng isang paglalakbay o pakikipagsapalaran?*

PANAWAGAN NG MAY-AKDA (Saknong 1-24)

Saknong 1	Saknong 2	Saknong 3
O, Birheng kaibig-ibig Ina naming nasa langit, Liwanagan yaring isip, Nang sa layo'y di malihis.	Ako'y isang hamak lamang Taong lupa ang katawan, Mahina ang kaisipan At maulap ang pananaw.	Malimit na makagawa Ng hakbang na pasaliwa Ang tumapak kong ninanasa Kung mayari ay pahidwa.
malihis – magkamali		

Saknong 4 Labis yaring pangangamba Na lumayag na mag-isa, Baka kung mapalaot na Ang mamangka'y di makaya.	Saknong 5 Kaya, Inang matangkakal ako'y lyong patnubayan, nang mawasto sa pagbanghay nitong kakathaing buhay.	Saknong 6 At sa tanang nariritong Nalilimping maginoo Kahilinga'y dinggin ninyo Buhay na aawitin ko. ? Anong katangiang Pilipino ang ipinakita sa binasang panalangin?
Saknong 7 Noong unang mga araw sang-ayon sa kasaysayan sa Berbanyang kaharian ay may haring hinangaan.	Saknong 8 Sa kaniyang pamamahala kaharia'y nananagana maginoo man at dukha tumanggap ng wastong pala.	Saknong 9 Bawat utos na balakin Kaya lamang pairalin Kung kaniya nang napaglining Na sa bayan ay magaling. napaglining – napag-isipang mabuti
Saknong 10 Kaya bawat kamalian na sa kaniya'y ipagsakdal bago bigyang kahatula'y nililimi sa katwiran.	Saknong 11 Pangalan ng haring ito ay mabunying Don Fernando, sa iba mang mga reyno'y tinitingnang maginoo.	Saknong 12 Kabiyak ng puso niya ay si Donya Valeriana, ganda'y walang pangalawa't sa bait at uliran pa. ? Ilarawan ang kaharian ng Berbanya.
Saknong 13 Sila'y ay may tatlong anak, tatlong bunga ng pagliyang binata na't magigilas, sa reyno siyang lakas.	Saknong 14 Si Don Pedro ang panganay may tindig na pagkainam, gulang nito ay sinundan ni Don Diego malumanay.	Saknong 15 Ang pangatlo'y siyang bunso si Don Juan na ang puso'y sutlang kahit na mapugto ay puso ring may pagsuyo ? Sino-sino ang mahahalagang tauhan sa akda? Ilarawan ang bawat isa.
Saknong 16 Anak na kung palayaw sumikat na isang araw, kaya higit kaninuman sa ama ay siyang mahal.	Saknong 17 Salang mahiwalay sa mata ng butihing ama't ina sa sandaling di makita ang akala'y nawala na.	Saknong 18 Sa pag-ibig ng magulang mga anak ay dumangal, maagang pinaturuan ng dunong na kailangan.
Saknong 19 May paniwala ang ama na di ngayo't hari siya, maging mangmang man ang bunga sa kutya ay ligtas sila.	Saknong 20 Alam niyang itong tao kahit puno't maginoo kapag hungkag din ang ulo batong agnas ay palasyo. ? Anong mga katangiang Pilipino ang nakapaloob sa binasang saknong?	Saknong 21 Kaya't anong kagalakan ng sa hari kinamtan nang ang tatlong minamahal, marunong na tinanghal.

Saknong 22 Tinawag na't ang pahayag "Kayong tatlo'y tumalaga, angkin ninyo ang mataas na pangalang mga pantas."	Saknong 23 "Yamang ngayo'y panahon nang kayong tatlo'y tumalaga , 'mili kayo sa dalawa: Magpari o korona?" tumalaga – paghahanda ng sarili sa isang bagay	Saknong 24 Tugon nilang malumanay sa magandang katanungan: Maghawak ng kaharia't bayan nila'y paglingkuran.
---	---	---

ANG MASAMANG PANAGINIP
(Saknong 25-45)

Saknong 25 Sa gayon ay minagaling Nitong amang may paggiliw, tatlong anak ay sanayin sa paghawak ng patalim.	Saknong 26 Taglay ang malaking hilig, sa sanaya'y nakasulit; bawat isa kung ihagkis ang sandata'y parang lintik. ihagkis – ibato, ihataw	Saknong 27 Natupad nang lahat-lahat ang sa haring mga hangad, ito namang tatlong anak sa ama'y nagpasalamat.
Saknong 28 Ang kanilang kaharian Ay lalo pang nagtumibay Walang gulong dumadalaw Umunlad ang kabuhayan.	Saknong 29 Kasayaha'y walang oras sa palasyo'y may halakhak, ibong laya't walang hira ang lahat na ay pangarap . ? Bakit pinagsasanay ng hari ang mga anak?	Saknong 30 Ngunit itong ating buhay talinghagang di malaman matulog ka nang mahusay, magigising nang may lumbay.
Saknong 31 Ganito ang napagsapit ng Haring kaibig-ibig, nang siya ay managinip isang gabing naiidlip.	Saknong 32 Diumano, si Don Juang bunso niyang minamahal ay ninlilo at pinatay ng dalawang tampalasan.	Saknong 33 Nang patay na'y inihulog sa balong hindi matarok; ang hari sa kaniyang tulog nagising na nang may lunos.
Saknong 34 Sa laki ng kalumbayan Di na siya napahimlay Nalimbag sa gunam-gunam Ang buong napanaginipan. gunam-gunam – pag-iisip sa mga bagay na dapat gawin o ang pagwawari	Saknong 35 Mula noo'y nahapis na kumain man ay ano pa! luha at buntong hininga ang aliw sa pag-iisa!	Saknong 36 Dahil dito'y nangangayayat naging parang buto't balat naratay na't nababakas ang dating ng huling oras. ? Ano ang napanaginipan ng hari? Ano ang naging epekto nito sa kalusugan? Paano hinarap ito ng buong pamilya?
Saknong 37 Nagpatawag ng mediko, yaong marunong sa reyno, di nahulaan kung ano ang sakit ni Don Fernando.	Saknong 38 Kaya ba ang mga anak Pati na ng reynang liyag, Dalamhati'y di masukat Araw-gabi'y may bagabag.	Saknong 39 Sa kalooban ng Diyos May nakuhang manggagamot, Ito nga ang nakatalos Sa sakit ng Haring bantog. nakatalos – nakaalam

Saknong 40 “Sakit mo po, Haring mahal Ay bunga ng panagimpan, Mabigat man at maselan, May mabisang kagamutan.”	Saknong 41 “May isang ibong maganda Ang pangalan ay Adarna, Pag narinig mong kumanta Sa sakit ay giginhawa.”	Saknong 42 “Ibong ito’y tumatahan Sa Tabor na kabundukan, Kahoy na hinahapuna’y Piedras Platas na makinang.”
Saknong 43 “Kung araw ay wala roo’t Sa malayong mga burol, Kasama ng ibang ibong Nangagpapawi ng gutom.”	Saknong 44 “Gabi nang katahimika’t Payapa sa kabundukan Kung umuwi at humimlay Sa kahoy na kaniyang buhay.” ? Ayon sa medikong ipinatawag, ano ang lunas sa sakit ng hari?	Saknong 45 “Kaya, mahal na Monarka, lyon po ang ipakuha’t Gagaling na walang sala Ang sakit mong dinadala.”

ANG PAGSUNOD NI DON PEDRO SA UTOS NG HARI
(Saknong 46–79)

Saknong 46 Nang sa Haring mapakinggan Ang hatol na kagamutan, Kapagdaka’y inutusan Ang anak niyang panganay.	Saknong 47 Si Don Pedro’y tumalima Sa utos ng haring ama, Iginayak kapagdaka Kabayong sasakyan niya. ? Sino ang unang tumugon sa payo ng mediko?	Saknong 48 Yumao nang nasa hagam Kabundukan ay matahak, Kahit siya ay mapahamak Makuha lamang ang lunas.
Saknong 49 Mahigit na tatlong buwang binagtas ang kaparangan, hirap ay di ano lamang sa haba ng nalakbay. ? Ilang buwan ang tinagal ni Don Pedro sa kaniyang paglalakbay? Ano ang nangyari sa kaniyang kabayo?	Saknong 50 Isang landas ang nakita Mataas na pasalunga, Inakyat nang buong sigla Katawan man ay pata na.	Saknong 51 Sa masamang kapalaran Hindi sukat na asahan, Nang sumipat sa ibabaw Kabayo niya ay namatay. sumipat – umasinta
Saknong 52 Di ano ang gagawin pa’y wala nang masasakyan siya. Dala-dalaha’y kinuha’t Sa bundok ay naglakad na.	Saknong 53 Sa masamang kapalaran Ang Prinsipe’y nakatagal, Narating ding mahinusay Ang tabor na kabundukan.	Saknong 54 May namasdamang punongkahoy Mga sanga’y mayamungmong Sa nagtubon naroroo’y Bukod-tangi’y yaong dahon.
Saknong 55 Magaganda’t kumikinang Diyamante yaong kabagay, Pag hinahagkan ng araw Sa mata’y nakasisilaw.	Saknong 56 Sa kaniyang pagkabighani Sa sarili ay niyaring Doon na muna lumagi Nang ang pagod ay mapawi.	Saknong 57 Habang siya’y naglilibang Biglang nasok sa isipang Baka ayon na ang bahay Ng Adarnang kaniyang pakay.

Saknong 58 Takipsilim nang sumapit Sa itaas ay nasamid, Daming ibong lumiligpit, Kawan-kawa't umaawit.	Saknong 59 Bawat ibong dumaraa'y Walang hindi tinatanaw, Nais niya'y mahulaan Ang sa kahoy ay may bahay.	Saknong 60 Ngunit laking pagtataka ni Don Pedro sa napuna ang kahoy na pagkaganda sa mga ibo'y ulila.
Saknong 61 Walang isa mang dumapo Pagtatapat ay lumalayo, Ma'no bagang marahuyong Sa sanga muna'y maglaro.	Saknong 62 May maghagis man ng tingin Saglit lamang kung mag-aliw, Sa lipad ay nagtutulin, Parang ayaw na mapansin. ? Ano ang ipinagtaka ni Don Pedro sa puno ng Piedras Platas?	Saknong 63 Latag na ang kadiliman Ang langit kung masaya man, Ang lungkot sa kabundukan Kay Don Pedro'y pumapatay.
Saknong 64 Ngunit kahit anong lungkot Inaaliw rin ang loob Sa kahoy siya ay nanubok, Baka anya may matulog.	Saknong 65 Patuloy ang paglalayag Ng buwan sa alapaap, Sa dahon ng Piedras Platas Ay lalong nagpapakintab.	Saknong 66 Sinisipat bawat sanga Kaunting galaw, tingala na't Baka hindi napupuna'y Nakadapo ang Adarna.
Saknong 67 Datapwat wala, walang ibong Makita sa punongkahoy, Kaluskos na umuugong Daho't sangang umuugoy.	Saknong 68 Pagkabigo't pagtataka'y Kapwa nagbibigay-dusa, Hanggang pati ng pag-asa Sa sarili'y nawala na.	Saknong 69 Natira sa pamamanglaw At inip ng kalooban, Yamang walang hinihintay Mamahinga ang mainam.
Saknong 70 Magparaan ng magdamag Sa umaga sa lumakad, Pagod kasi, kaya agad Nagulaylay nang panatag. nagulaylay – nahimlay, namahinga	Saknong 71 Tila naman isang tukso't Kasawian ni Don Pedro, Ang Adarnang may engkanto Dumating nang di naino.	Saknong 72 Ibo'y marahang lumapag Sa sanga ng Piedras Platas Balahibo'y pinangulag Magbihis na ng magilas.
Saknong 73 Sinimulan ang pagkanta Awit ay kaaya-aya, Kabundukang tahimik na Ay natalik sa ligaya.	Saknong 74 Liwanag sa punongkahoy Nag-aalimpuyong apoy, Mawisikang daho't usbong Nangagbigting mga parol.	Saknong 75 At lalo pang pinatamis Ang sa Adarnang pag-awit, Bawat kanta'y isang bihis Ng balahibong marikit.
Saknong 76 Pitong kanta ang ginawa't Pitong bihis na magara. Natapos na tuwang-tuwa't Ang langit pa'y tiningala.	Saknong 77 Ang lahat na'y di napansin Ng Prinsipeng nagupiling, Sa pagtulog na mahimbing, Patay wari ang kahambing. nagupiling – naidlip	Saknong 78 Ugali nitong Adarna Matapos ang kaniyang kanta, Ang siya'y magbawas muna Bago matulog sa sanga.

ANG PAGHAHANAP NAMAN NI DON DIEGO
(Saknong 80-110)

Saknong 79 Sa masamang kapalaran Si Don Pedro'y napatakan Biglang naging batong-buhay Sa punong kinasandalan. ? Anong hiwaga ang taglay ng Ibong Adarna na nasaksihan ni Don Pedro? Naging matagumpay ba siya sa kaniyang paglalakbay? Bakit?	Saknong 80 Wala na nga si Don Pedro't Sa Tabor ay naging bato; At sa di pagdating nito Ang Berbanya ay nagulo.	Saknong 81 Si Don Diego'y inatasang Hanapin ang naparawal, Ang Prinsipe'y di sumuway At noon di'y nagpaalam.
Saknong 82 Baon sa puso at dibdib Ay makita ang kapatid, Magsama sa madlang sakit Sa ngalan ng amang ibig. ? Kung si Don Pedro ay hindi nagtagumpay, sino ang kasunod na naatasan upang hanapin ang lunas sa sakit ng magulang?	Saknong 83 Baon sa puso at dibdib Ay makita ang kapatid, Magsama sa madlang sakit Sa ngalan ng amang ibig.	Saknong 84 Parang, gubat, bundok, ilog Tinatahak nang walang takot, Tinutunton ang bulaos Ng Tabor na maanlindog.
Saknong 85 Sa lakad na walang humpay Nang may mga limang buwan Ang kabayong sinasakyan Ay nahapo at namatay. ? Kung si Don Pedro ay tatlong buwan nang naglakbay, ilang buwan si Don Diego na naglakbay o tumagal ang kaniyang kabayo?	Saknong 86 Sa gayon ay kinikip na Ang lahat ng baon niya Kabunduka'y sinalunga't Nilakad na lang ng paa.	Saknong 87 Salungahing matatarik Inaakyat niyang pilit Ang landas man ay matinik Inaari ring malinis.
Saknong 88 Hindi niya nalalamang Siya pala'y nakadatal Sa Tabor na sadyang pakay, Rikit at di ano lamang!	Saknong 89 Noon niya napagmalas Ang puno ng Piedra Platas, Daho't sanga'y kumikintab Ginto pati sa mga ugat.	Saknong 90 Biglang napagbulay-bulay Ni Don Diegong namamaang, Punong yaong pagkainam Baka sa Adarnang bahay. namamaang – ignorante, hangal
Saknong 91 Sa tabi ng punong ito May napunang isang bato, Sa kristal nakikitalo't Sa mata ay tumutukso.	Saknong 92 Muli niyang pinagmalas Ang puno ng Piedras Platas Ang lahat ay gintong wagas Anaki'y may piedreras.	Saknong 93 Sa kaniyang pagkaigaya Sa kahoy na anong ganda, Inaabot ng ikalima't Madlang ibo'y nagdaan na.

Saknong 94 Sa gayong daming nagdaang Mga ibong kawan-kawan, Walang dumapong isa man Sa kaho'y na kumikinang.	Saknong 95 Kaya ba't ang kaniyang wika, "Ano bang laking hiwaga, Punong ganda'y di sapala! Di makaakit sa madla!" di sapala – imposible o hindi maaaring mangyari	Saknong 96 "Ganito kagandang kahoy Walang tumitirang ibon? Hiwagang di ko manuynoy, Sa aki'y lumilinggatong." lumilinggatong – lumiligalig, gumugulo
Saknong 97 "Sa kahoy na kaagapay Mga ibon ay dumuklay, Punong ito'y sya lamang Tanging ayaw na dapuan!"	Saknong 98 "Datapwat anumang masapit Ako dito'y di aalis Pipilitin kong mabatid Ang himalang nalilingid."	Saknong 99 Ano nga ang umalim na Ang gabing kaaya-aya, Si Don Diego'y namahinga sa Batong doo'y nakita.
Saknong 100 Sa upo'y di natagalan Ang Prinsipeng naghihintay, Ibong Adarna'y dumatal Mula sa malayong bayan.	Saknong 101 Dumapo sa Piedras Platas, Mahinahong namayagpag, Hinusay ang nangungulag Balahibong marilag.	Saknong 102 Sa Prinsipeng napagmasdan Ang sa ibong kagandahan; "ikaw ngayo'y pasasaan At di sa akin nang kamay."
Saknong 103 Nang makapamayagpag na Itong ibong engkantada, Sinimulan na ang pagkantang Lubhang kaliga-ligaya.	Saknong 104 Sa lambing ng mga awit Ang prinsipeng nakikinig, Mga mata'y napapikit Nakalimot sa daigdig.	Saknong 105 Sa batong kinauupua'y Mahimbing na nagulaylay, Naengkanto ang kabagay, Nagahis nang walang laban.
Saknong 106 Sino kayang di maidlip Sa gayong lambing ng tinig? Ang malubha mang maysakit Gagaling sa kaniyang awit.	Saknong 107 Pitong awit, bawat isa Balahibo'y iniiba At may kaniya-kaniyang gandang Sa titingin ay gayuma. gayuma – ginagamit upang makapang-akit at mapaibig ang isang tao, gayong hindi naman ito gusto ng taong ginagayuma	Saknong 108 Matapos ang pagkokoplas Ang Adarna ay nagbawas, Si Don Diegong nasa tapat Inabot ng mga patak.

ANG PAKIKIPAGSAPALARAN NI DON JUAN (Saknong 111-140)

Saknong 109 Katulad din ni Don Pedro Siya'y biglang naging bato, Magkatabi at animo'y Mga puntod na may multo.	Saknong 110 Nainip sa kahihintay, Ang Berbanyang kaharian; Ama'y hindi mapalagay, Lumubha ang karamdaman.	Saknong 111 Ibig niyang ipahanap Ngunit nag-aalapaap Utusan ang bunsong anak Sa takot na mapahamak.
---	--	--

Saknong 112 Saka hindi niya nais Ito'y malayo sa titig, Ikawalay nitong saglit Libo niyang dusa't sakit.	Saknong 113 Si Don Juan naman pala'y Naghihintay lang sa ama; Ang puso ay nagdurusa Sa nangyari sa dalawa. ? Anong katulad na karanasan ang nangyari kay Don Diego kay Don Pedro?	Saknong 114 Lalo nang iniluluha Ang lagay ng amang mutya, Kaya nga ba at nagkusang Lumapit nang pakumbaba.
Saknong 115 "Ama ko'y iyong tulutang Ang bunso mo'y magpaalam, Ako ang hahanap naman Ng iyo pong kagamutan."	Saknong 116 "Ngayon po'y tatlong taon na Hindi nagbabalik sila, Labis ko pong alaalang Ang sakit mo'y lumubha pa." ? Ano ang dahilan ng paglubha ng karamdaman ng amang hari?	Saknong 117 "Bunsong anak kong Don Juan," Ang sagot ng haring mahal, "kung ikaw pa'y mawawalay Ay lalo kong kamatayan."
Saknong 118 "Masaklap sa puso't dibdib Iyang gayak mong pag-alis, Hininga ko'y mapapatid Pag nawala ka sa titig." mapapatid – mapuputol ? Bakit nag-alinlangan ang hari nang utusan ang bunsong anak na hanapin ang mga kapatid?	Saknong 119 "O, ama kong minamahal," Muling samo ni Don Juan, "Sa puso ko nama'y subyang Malasin kang nararatay."	Saknong 120 "Kaya po, kung pipigilin Itong hangad kong magaling Di ko maging sala manding Umalis na nang palihim."
Saknong 121 Sa ganitong napakinggan Hari'y biglang natilihan, Natiyak na magtatanan ang Prinsipeng si Don Juan.	Saknong 122 Kaya tinik man sa puso Ang hiling ng mutyang bunso, Ama ay nagwalang kibo't Ang luha ay pinatulo.	Saknong 123 Si Don Jua'y lumuhod na Sa haring may bagong dusa, "Bendisyon mo, aking ama Babaunin kong sandata."
Saknong 124 Ang bendisyo'y iginawad Na ang luha'y naglalaglag, Gayundin ang inang liyag Kalungkuta'y di masukat.	Saknong 125 Anhi'y huwag nang bitiwang Ang anak na mawawalay; Ang palasyo ay namanglaw Nang wala na si Don Juan.	Saknong 126 Di gumamit ng kabayo Sa paglalakbay na ito, Tumalaga nang totoo Sa hirap na matatamo.
Saknong 127 Matibay ang paniniwalang Di hamak magpakababa, Pag matapat ka sa nasa Umaamo ang biyaya.	Saknong 128 Baon ay limang tinapay, Siya kaya ay tatagal? Datapwat kay Don Juan Gutom ay di kamalayan.	Saknong 129 Habang kaniyang binabagtas Ang parang na malalawak Sa puso ay nakalimbag Ang Birheng Inang marilag.

Saknong 130 Hinihiling patnubayan Ang ulila niyang lagay, Hirap ay mapagtiisan Sa pag-ibig sa magulang.	Saknong 131 At makita ang kapatid Na laon nang nawawaglit Ano man ang napagsapit Nawa'y ligtas sa panganib . nawawaglit – nawawala ? Sino ang tinawag ni Don Juan na magbibigay ng patnubay sa kaniyang paglalakad? Ilahad ang kaniyang kahilingan.	Saknong 132 Tuwing makaisang buwan Nang paglalakad sa parang, Saka lang naisipang Kainin ang isang tinapay.
Saknong 133 Gutom ay di alumana, Lakas nama'y walang bawa; Walang hindi binabata Mahuli lang ang Adarna.	Saknong 134 Apat na buwan nang ganap Ang haba ng nalalakad, Ang nakain nama'y apat Sa tinapay na tumigas.	Saknong 135 Sinapit ding maginhawa Ang landas mapasalunga; Si Don Juan lumuhod na't Sa Birhe'y napakalara.
Saknong 136 "Ako'y iyong kahabagan, Birheng kalinis-linisan, Nang sa akin ding matagalan Itong matarik sa daan."	Saknong 137 Nang sa Birhe't makatawag Ay sandaling namalatag, Kumai't nagpasalamat Sa Diyos, Haring mataas.	Saknong 138 Sa baong limang tinapay Ang natira'y isa na lang, Di rin niya gunam-gunam Na sa gutom ay mamatay.

ANG KAGANDAHANG LOOB NI DON JUAN
(Saknong 141-199)

Saknong 139 Landas na sasalongahin Inakyat nang walang lagim, Sa ibabaw nang dumating Katuwaa'y sapin-sapin.	Saknong 140 Doo'y kaniyang natagpuan Isang matandang sugatan, Sa hirap na tinataglay Lalambot ang pusong bakal. ? Sino ang natagpuan niya sa gitna ng paglalakbay?	Saknong 141 Ang matandang leproso, Sugatan na't parang lumpo, Halos gumapang sa damo't Kung dumaing...! Diyos ko!
Saknong 142 Pagkakita kay Don Juan Ang matanda'y nanambitan , Sa malaking kaawaan Ay maddaling nilapitan. nanambitan – nanaghoy, nanangis	Saknong 143 Anang matandang may dusa "Maginoo, maawa ka, Kung may baon kayong dala Ako po ay limusin na."	Saknong 144 "Parang habag na ng Diyos Magdalita sa may-lunos, Kung sa sakit ko'y matubos Ako nama'y maglilingkod."
Saknong 145 Sagot nitong si Don Juan; "Ako nga po ay may taglay, Natirang isang tinapay Na baon sa paglalakbay."	Saknong 146 Sa lalagya'y dinukot na Yaong tinapay na dala, Iniabot nang masaya Sa matandang nagdurusa.	Saknong 147 Gaano ang katuwaan Ng matanda ka'y Don Juan, Ito'y halos niyang hagkan Sa ganda ng kalooban.

Saknong 148 Muli't muling pasalamat Ang masayang binibigkas, At sa nais makabayad Sa Prinsipe'y nagpahayag.	Saknong 149 "Huwag maging di paggalang Ano po ang iyong paka'y? Ako po'y pagtapata't Baka kayo'y matulungan."	Saknong 150 "Kung gayon po ay salamat, Hari na ngang maging dapat, Ang dito po'y aking hanap Sa ama ko ay panlunas."
Saknong 151 "Ama ko po'y nakaratay Sa malubhang karamdaman, Ibong Adarna nga lamang Ang mabisang kagamutan."	Saknong 152 "Bukod dito'y may isa pa, Ngayon po'y tatlong taon na, Ang kapatid kong dalawa'y Nawawala't di makita." ? Ano ang ipinagtapat ni Don Juan sa matandang ermitanyo?	Saknong 153 "Sa aba ko, o, Don Juan" Sa matandang katugunan, Malaki pang kahirapan Ang iyong pagdaraan.
Saknong 154 "Kaya, ngayon ang bilin ko Ay itanim sa puso mo; Mag-ingat ka nang totoo At nang di ka maging bato."	Saknong 155 "Sa pook na natatanaw Ay may kahoy kang daratnan, Dikit ay di ano lamang Ang buhay mo ay magmaliw."	Saknong 156 "Doo'y huwag kang titigil At sa ganda'y mahumaling Sapagkat ang mararating Ang buhay mo ay magmaliw." mahumaling – nagliliyab, mahirati
Saknong 157 "Sa ibaba'y tumanaw ka't May bahay na makikita Ang naruong tao'y siyang Magtuturo sa Adarna." ? Sa paanong paraan natulungan ng matandang ermitanyo si Don Juan?	Saknong 158 "Itong limos mong tinapay Dalhin mo na, o Don Juan Nang mabaon mo sa daa't Malayo ang paroroonan."	Saknong 159 Ang Prinsipe'y di kumibo Ngunit nasaktan ang puso, Ang matanda'y hinuhulong Baka siya'y binibiro. hinuhulong – inuunawa
Saknong 160 Pagkakuwan ay nagbadya "Maginoo, bakit po ba Iya'y isasauli mo pa Gayong naibigay ko na?"	Saknong 161 "Ugali ko pagkabata na Maglimos sa kawawa, Ang naipagkawanggawa, Bawiin pa'y di magawa."	Saknong 162 Pinipilit ding ibigay Ang limos niyang tinapay, Sa pagtangi ni Don Juan Ang matanda ay nilisan.
Saknong 163 Tinulinan ang paglalakad Parang ibong lumilipad, Kaya't ang malayong agwat Narating din niya agad.	Saknong 164 Natambad sa kaniyang mata Ang tahanan ng Adarna, Punong pagkaganda-ganda Sa mundo'y siya nang una.	Saknong 165 Mga daho'y malalabay Pati usbong, kumikinang Maging sanga'y gintong lantay Yamang dapat na pagtakhan.
Saknong 166 Sa paghangang di masukat Para siyang natiyanak, Gising namang nangangarap Pagkatao'y di mahagap. ? Ilarawan ang punong tahanan ng Ibong Adarna.	Saknong 167 Marahil sa awa na rin Ng Inang Mahal na Birhen Nagliwanag ang paningin Pati diwang nangulimlim. nangulimlim – isang pangyayari kung saan ang paligid ay bahagyang dumidilim	Saknong 168 Saka pa lang nagunita Ang bilin niyong matanda Tumanaw sa ibaba't Nakita ang isang dampa.

Saknong 169 Humayo na si Don Juan Sa dampang kaniyang natanaw Pagtao po ay dinungaw Ng Ermitanyong may-bahay.	Saknong 170 Inaanyayahang pumanhik, Sa itaas na nagniig, Ermitanyo ay mabait Kay Don Jua'y may pag-ibig.	Saknong 171 Mga payo at parangal Ng ama sa bunsong mahal Ang aliw na ibinigay Sa Prinsipeng namamanglaw.
Saknong 172 At naghanda ng pagkain Nagsalo silang magilaw, Sa harap ng mga halin Tila sa langit nanggaling.	Saknong 173 Ngunit higit sa lahat na Sa Prinsipeng pagtataka, Tinapay na bigay niya Ano't doon ay nakita?	Saknong 174 Kaya nga ba at nawika Sa kaniyang buong paghanga; "Ito'y isang talinghagang Kay hirap na maunawa!"
Saknong 175 "Yaong aking nilimusa'y Isang matandang sugatan, Saka dito'y iba nama't Ermitanyo ang may alay?"	Saknong 176 "Hindi kaya бага ito Ay sa Diyos na sikreto? Anaki'y si Hesukristo Ang banal na ermitanyo!"	Saknong 177 At nang sila'y makakain Ermitanyo ay nagturing; "Don Juan, iyong sabihin Ang layon mo't nang malining." malining – mabatid, malinawan, maunawaan
Saknong 178 "Marangal na Ermitanyo, Ituring ng anak ako Na ngayon po'y naririto Nagsasabi ng totoo."	Saknong 179 "Matagal na pong di hamak Ang aking paglalalaglag, Walang bundok, mga gubat Na di ko yata nalakad."	Saknong 180 "Dumanas ng kahirapan; Pagod, puyat, gutom, uhaw, Sa hirap ng mga daan Palad ko ang di mamatay."
Saknong 181 "Lahat na po ng binata Nang dahilan sa Adarna Ibong matamis kakanta Na lunas sa aking ama."	Saknong 182 "Ama ko po ay may sakit Katawa'y ratay sa banig Siya kong itinatangis Mula nang ako'y umalis."	Saknong 183 "Malabis kong inaalalang Baka ipanaw ni ama Kung hindi ko madadala Ibong dito makukuha."
Saknong 184 "Don Juan, iyang hanap mo'y Paghihirapan mong totoo, Ang Adarna'y may engkanto Na wala pang tumatalo."	Saknong 185 Kung tunay po ang pahayag, Titiisin ko ang lahat, Maging hangga man ng palad Tutupdin yaring hangad.	Saknong 186 "Sa Diyos dapat manawagan Tayong lahat ng nilalang, Ang sa mundo ay pumanaw, Tadhana ng kapalaran."
Saknong 187 "Don Jua'y masusubok ko Katibayan ng loob mo, Kung talaga ngang totoo Ako'y tutulong sa iyo."	Saknong 188 Punungkahoy na makinang Na iyo nang naraan Ay doon nga namamahay Ang Adarnang iyong pakay.	Saknong 189 "Ibong ito kung dumating Hatinggabi nang malalim Ang pagkanta ng malalambing Katahimikan kung gawin."
Saknong 190 "Pitong awit na maganda Pito rin at iba't iba Sa balahibong itsurang Ilalabas ng Adarna."	Saknong 191 "Upang iyong matagalan Pitong kantang maiinam, Kita ngayon ay bibigyan Ng sa antok ay panlaban."	Saknong 192 "Narito ang labaha't Pitong dayap na hinog na, Iyong dalhi't nang huwag kang Talunin ng Engkantanda."

Saknong 193 “Bawat kantang pakikingan Ang palad mo ay sugatan Saka agad mong pigaan Ng dayap ang hiwang laman.”	Saknong 194 “Matapos ang pitong kanta Magbabawas ang Adarna, Ilagang mapatakan ka Nang doon ay di mapaka.” magbabawas – magtatanggal, mag-aalis	Saknong 195 “At kung hindi sa aba mo! Ikaw ay magiging bato, Matutulad kang totoo Kay Don Pedro’t kay Don Diego.”
Saknong 196 “Dalhin mo rin itong sintas Pagkaginto ay matingkad, Itali mo sa pagkahawak Sa Adarnang mag-aalpas.”	Saknong 197 “Kaya bunso, hayo ka na’t Sa gabi’y lalalimin ka, Ito’y oras na talaga Ng pagdating ng Adarna.”	Saknong 198 Yumao na si Don Juan Sa Tabor na kabundukan, Nang maagang maabangan Yaong ibong kaniyang pakay.

**ANG IBONG ADARNA’Y NAHULI NA
(Saknong 200–230)**

Saknong 199 Dumating sa punongkahoy Na wala nga ang ibon Kaya’t sandaling nagnuynoy Ng marapat gawin doon. ? Isa-isahin ang mga impormasyong nalaman ni Don Juan sa ermitanyo.	Saknong 200 Datapwat di natagalan Sa ganitong paghihintay At kaniya nang natanawang Ang Adarna’y dumaratal.	Saknong 201 Napuna pang nang dumapo Ang Adarna’y tila hapo, Kaya’t kaniyang napaghulong Ibo’y galing sa malayo.
Saknong 202 Pagkalapag ay naghusay Ng kaniyang buong katawan, Ang pagkanta’y sinimulan, Tinig ay pinag-iinam.	Saknong 203 Ginamit na unang gayak Sa Prinsipe’y nakabihag, Kung sa malasi’y sadyang perlas Nagningning sa liwanag.	Saknong 204 Nagbago ng kaniyang bihis Na lumalo pa ang dikit, Katugon ng inaawit Na malambing at matamis.
Saknong 205 Natutukso nang matulog, Si Don Juan nanunubok, Ang labaha ay dinukot At ang palad ay binusbos.	Saknong 206 Lamang ngumiti sa balat Pinigaan pa ng dayap, Sa hapdi’y halos maiyak Nag-ibayo pa ang antak.	Saknong 207 Napawi ang pag-aantok Dahil sa tindi ng kirot; Si Don Juan ay lumuhod, Nagpasalamat sa Diyos.
Saknong 208 Pitong kanta nang malutas Nitong ibong sakdal-dilag, Pito rin ang naging sugat Ni Don Juan nagpupuyat.	Saknong 209 Ang ibon ay nagbawas na Ugali pagtulog niya, Sa Prinsipe nang makita’y Inilagan kapagdaka. ? Sa paanong paraan nahuli ni Don Juan ang Ibong Adarna?	Saknong 210 Kaya hindi tinamaa’t Naligtas sa kasawian, Inaantay nang mahimlay Ang Adarnang susunggaban. susunggaban – dadakmain

Saknong 211 Kung matulog ang Adarna Ang pakpak ay nakabuka, Dilat ang dalawang mata Kaya't gising ang kapara.	Saknong 212 Nang sa Prinsipe'y matatap Tulog ng ibo'y panatag, Dahan-dahan nang umakyat Sa puno ng Piedras Platas.	Saknong 213 Agad niyang sinunggaban Sa paa'y biglang tinangnan At ginapos nang matibay Ng sintas ng gintong lantay.
Saknong 214 Sa katuwaang tinamo Halos di magkandatuto Ang Adarna ay pinangko't Dinala sa Ermitanyo. pinangko – binubuhat ang isang bagay sa pamamagitan ng dalawang kamay.	Saknong 215 Magalak namang kinuha Ang nahuli nang Adarna, At hinimas pang masaya Nang ipasok na sa hawla.	Saknong 216 Saka anang Ermitanyo; “Iyang banga ay kunin mo, Maddali ka at sa iyo'y Merong iutos ako.”
Saknong 217 “Punin mo ng tubig iya't Ang dalawang bato'y busan, Nang sa bato'y magsillitaw Ang dalawang iyong mahal.”	Saknong 218 Si Don Juan ay sumalok Ng tubig na iniutos At sa batong nakapuntod Dahan-dahang ibinuhos.	Saknong 219 Si Don Pedro ay nagtindig At niyakap ang kapatid Sa pagkadaop ng dibdib Kapwa silang nananangis.
Saknong 220 Isinunod si Don Diego na, Nang siya'y maging tao Di mawari itong mundo Kung ang dati o nabago. ? Paano nakatulong ang tubig na bigay ng Ermitanyo?	Saknong 221 Gaano ang pagtatalik Nitong tatlong magkakapatid, Bawat isa ay may sambit Ng sa puso ay pag-ibiig.	Saknong 222 Lalo na nga ang dalawang Sa dalita'y natubos na, Anuman ang ialala Kay Don Juan ay kulang pa.
Saknong 223 Wala silang mahagilap Na salitang matitimyas O anumang maitumbas Kay Don Juang mga hirap.	Saknong 224 Ang kanilang pagsasaya'y Di na hangad matapos pa, Danga't biglang naalala Ang may sakit nilang ama.	Saknong 225 Kaya agad napatungo Sa bahay ng Ermitanyo Upang ipagsulit dito Ang ligaya nilang tatlo.
Saknong 226 Sila'y nama'y hinainan Ng pagkaing inilaan, Bilang isang pagdiriwang Sa tagumpay ni Don Juan.	Saknong 227 Ang piging nang matapos na Ermitanyo ay kumuha Ng lamang nasa botelya Lunas na kataka-taka.	Saknong 228 Mga sugat ni Don Juay Magiliw na pinahiran Gumaling at nangabahaw Walang bakas bahagya man.

ANG MGA NAGTAKSIL
(Saknong 231-275)

Saknong 229 “Ngayon,” anang Ermitanyo, “Maghanda nang umuwi kayo, Magkasundo kayong tatlo’t Wala sanang may maglilo.”	Saknong 230 “Don Juan ay kunin mo na Itong marikit na hawla, Baka di datnang buhay pa Ang inyong mahal na ama.”	Saknong 231 Nang sila ay magpaalam Ay lumuhod si Don Juan, Hiniling na bendisyunan Ng Ermitanyong marangal.
maglilo – magtaksil, magtraydor	? Sa huling bahagi, ano ang payo ng ermitanyo?	? Anong kaugalian ang ipinakita ni Don Juan sa bahaging ito?
Saknong 232 Ermitanyo ay naakit Sa gayong banal na nais Nagsa-amang sa pag-ibig Sa anak ay di nagkait.	Saknong 233 Nagsilakad na ang tatlo Katuwaa’y nag-ibayo, Datapwat si Don Pedro’y May masama palang tungo.	Saknong 234 Nagpahuli ka’y Don Jua’t Kay Don Diego umagapay, Ito’y kaniyang binulungan Ng balak na kataksilan.
Saknong 235 “Mabuti pang dili hamak Si Don Juan,” anyang saad, “at sa ama nating liyag Ay marangal na haharap.”	Saknong 236 “Pagkat ipaglihim nama’y Mabubunyang din ang tunay, Ang Adarna’y kay Don Jua’t Ang sa ati’y kabiguan.”	Saknong 237 “Kaya ngayon ang magaling Si Don Juan ay patayin, Kung patay na’y iwan nati’t Ang Adarna nama’y dalhin.”
		? Ano ang masamang balak ni Don Pedro kay Don Juan?
Saknong 238 Si Don Diego ay nasindak Sa mungkahing kahahayag, Matagal ding nag-apuhap Ng pananagot na mararapat.	Saknong 239 Inaaming may matuwid Kay Don Juan ay mainggit, Ngunit bakit бага, bakit? Aapihin ay kapatid?	Saknong 240 Urong-sulong magsalita Tumutol ay di magawa’t Sa takot na mapalisya Umayon nama’y masama.
		mapalisya – magkamali
Saknong 241 Kaya’t kaniyang pinag-isip Kung saang dako papanig, Doo’t dito’y naririnig; “Tayo ay magkakapatid!”	Saknong 242 Nakahambing ni Don Diego Yaong si Bernardo Carpio, Nagpipilit na matalo Ang nag-uumpugang bato.	Saknong 243 Datapwat sa dahilang Ang tao’y may kahinaan, Ayaw man sa kasama’y Nalihis sa kabutihan.
		? Ilahad ang reaksiyon ni Don Diego sa plano ni Don Pedro na patayin si Don Juan. Sang-ayon ka ba sa kaniya? Bakit?
Saknong 244 Kaya sa kauukilil Ni Don Diego sumagot din Na kung ating lilimii’y Umiwas sa sagutin.	Saknong 245 “Iyang iyong panukala Tila mandin anong-sama, Alaming ang mawawala Kapatid nating dakila.”	Saknong 246 Malabo man yaong sagot Si Don Pedro ay nalugod Pagkat para nang natalos Kataksila’y masusunod.

Saknong 247 “Kung tunay nga,” anang saysay, “na masama ang pumatay Gawin nati’y pagtulungan Na umugin ang katawan.”	Saknong 248 “Kung siya’y mahina na’t May sala ang mga paa, Walang daang makasama Sa pag-uwi sa Berbanya.”	Saknong 249 “Maiiwan siya ritong Nag-iisa’t lunong-luno, Walang kakanin mang ano Maliban sa damo.”
Saknong 250 “Sa gayon ay maligayang Dadalhin at ang Adarna’t Pagharap sa ating ama Hiya natin ay wala na.” hiya – takot, ngimi	Saknong 251 “Taglay ang karangalan Magsabi na ng anuman Sampung mga kahirapan Sa ginawang paglalakbay.”	Saknong 252 “Sino man ang pupuwing Ganito man ang sabihin, Sa narito’t dala natin Ang katunayang magaling?”
Saknong 253 Itong huling pangungusap Ni Don Pedrong mapagsukab, Pikit-mata nang kinagat Ni Don Diegong napabulag.	Saknong 254 Inumog na si Don Juan Na di naman lumaban Suntok, tadyak sa katawan Kung dumapo’y walang patlang. ? Ano ang naranasan ni Don Juan pagkatapos mahuli ang Ibong Adarna?	Saknong 255 Itong abang inuumog Ang panlaban ay himutok; Sa tama ng mga dagok Maaari kang mapalugmok.
Saknong 256 Ano ang kasasapitan Ng iisang pagtutulungan Di ang humantong nga lang Sa tiyak na kasawian.	Saknong 257 Nang makitang gulapa’y na’t Halos hindi humihinga, Hawla’t ibon ay kinuha’t Nagsiuwi sa Berbanya.	Saknong 258 Sa palasyo nang dumating Ang magkapatid na taksil Sa ama’y agad nagturing; “Ang Adarna’y dala namin.”
Saknong 259 Amang malubha ang lagay Nangiti sa napakinggan; Mga anak ay hinagka’t Katawa’y gumaan-gaan.	Saknong 260 Ngunit nang kaniyang mapunang Si Don Juay di kasama Nag-usisa sa dalawa Sagot nito’y ewan nila.	Saknong 261 Naghimutol na ang hari Katuwaan ay napawi, Ibiging ma’y di mangiti’t Ang hininga ay may tali. napawi – nawala
Saknong 262 Ang kangina’y kagaanan Sa laon nang karamdaman, Ngayo’y isang kabigata’t Tila ibig nang mamatay.	Saknong 263 Bakit ang Ibong Adarnang Sinabing anong ganda, Ngayo’y ayaw nang kumanta’y Nanlulugo’t pumangit na. ? Ilarawan ang anyo ng Ibong Adarna na dinala. Bakit kaya ito nangyari?	Saknong 264 At sa haring pananabik Na ang ibon ay umawit, Hayok na sa di pag-idlip Pinapatay pa ng inip.
Saknong 265 “Ito бага ang Adarna?” Naitanong sa dalawa “Kung ito nga’y ano бага’t Pagkapangit pala niya.”	Saknong 266 “Sinababi ng mediko Na ito raw ibong ito Ay may pitong balahibong Pawang likha ng engkanto.”	Saknong 267 “Kung ito raw ay magkanta, Maysakit ay giginhawa, Bakit ngayon para bang Tinitikis yaring dusa?”

Saknong 268 “Ano kaya ang dahilan Ng sa ibong pamamanglaw Kung ang ibong ito’y ganyan Lalo ko lang kamatayan.”	Saknong 269 Sa gayong pag-aakala Si Don Jua’y nagunita Sa daloy ng kaniyang luha Mga larawang napabadha.	Saknong 270 Yaong dating panaginip Na sanhi ng kaniyang sakit Ang nakitang nakaguhit Sa larawang pagkalupit.
Saknong 271 Kaya’t biglang pinag-agaw Ang buhay ng haring mahal Salamat sa karununga’t Naligtas sa kamatayan.	Saknong 272 Ibo’y ayaw ring kumanta Pagkat dinaramdam niyang Yaong may-ari sa kaniya Sa palasyo ay wala pa.	Saknong 273 Malaki ang pagnanais Na ang kaniyang mga awit Sakali mang iparinig Si Don Juan ay kaniig.
naligtas – nalayo sa kapahamakan		

ANG PANALANGIN AY TINUGON
(Saknong 276–336)

Saknong 274 Labis ang kaniyang pag-asa Ang Prinsipe ay buhay pa’t Kung tunay mang nasa dusa Gagaling ding walang sala.	Saknong 275 Uuwi sa kaharian Sa pag-ibig sa magulang, May araw ring malalaman Ang nangyaring kataksilan.	Saknong 276 Samantalang sa palasyo Pangyayari ay ganito, Si Don Juang lunong-luno’y Gagapang-gapang sa damo.
Saknong 277 Maga ang buong katawan, May sala sa mga tadyang At ang lalong dinaramdam Ang gutom at kauhawan.	Saknong 278 Sa ilang na pagkalawak Na wala ni kubong hamak, Sino kaya’ng matatawag Dumamay sa gayong hirap?	Saknong 279 Sa kawalan ng pag-asa Sa Diyos ay tumalaga; Kung gumaling ay ligaya’t Kung masawi’y palad niya.
Saknong 280 Hindi niya nalimutang Tumawag sa Birheng Mahal Lumuluhang nanambitang Tangkilikin kung mamatay.	Saknong 281 “O, Birheng Inang marilag, Tanggulan ng nasa hirap, Kahabagan di man dapat Ang aliping kapuspalad.”	Saknong 282 “Kung wala nang kapalarang Humaba pa yaring buhay, Loobin mo, Inang mahal, Ang ama ko ang mabuhay.”
Saknong 283 “Madlang hirap at parusa Di ko sasapitin sana, Kung di po sa aking pitang Magulang ko’y guminhawa.”	Saknong 284 “Ito’y di naman pagsisi O pagsumbat sa sarili, Salamat kung mabuti, Ang munti kong naisilbi.”	Saknong 285 “Di ko maubos-isipin Kung ano’t ako’y tinaksil, Kung sa ibon po ang dahil Kanila na’t di na akin.”
Saknong 286 “Kung sa bagay ay di iba At ako nga ang kumuha, Maging ako’t maging sila Kung tutuusin ay iisa.”	Saknong 287 “Di kaya kaming tatlo’y Anak ng iisang tao; Iwasan ang pagtatalo’t Di gawang maginoo.”	Saknong 288 “Kaya kami nangaglakbay Sa kay amang kagalingan Ano’t gayong magtagumpay Hahangga sa pag-aaway?”

Saknong 289 “Sila nawa’y patawarin Ng Diyos na maawain; Kung ako man ay tinaksil Kamtan nila ang magaling.”	Saknong 290 “Sa akin ay ano na Sinadlak man sa dusa. Kung may daan pang magkita Pag-ibig ko’y kanila pa.”	Saknong 291 Kirot ng buong katawan Sa tindi’y di natagalan, Sa bato’y napalupaypay Nahinto ang panambitan.
Saknong 292 Ipinako ang paningin Sa itaas ng panginorin; Pagkaganda ng bituing Ilaw na lubhang maningning.	Saknong 293 “O, bituing nasa langit, Bulaklak na walang hapis, Inyo kayang nasilip Akong sawi’t nasa sakit?”	Saknong 294 “Kaila kaya sa iyo Na rito ang mga tao, Kapatid man at katoto Ay lihim na kaaway mo?”
Saknong 295 “Kung ikaw ay masasawi Sa lupa ay mapagawi, Ang sa iyo ay ngumiti, May paglibak at aglahi.”	Saknong 296 “Lahat dito’y pasaliwa Walang hindi balintuna, Ang mabuti ay masama’t Ang masama sa dakila.”	Saknong 297 “Dito mo nga makikita Ang papuring palamara, Ang yakap na lumayas ka’t Ang pagsuyong lason pala.”
Saknong 298 “Kaya naging kasabihan Ng lahat na ng lipunan, Sa langit ang kabanalan Sa lupa ang kasalanan.” ? Ilarawan ang dinanas ni Don Juan nang mga sandaling iyon. Sa kabila ng sinapit ng Prinsipe, ano ang isang bagay na hindi niya nakalimutang gawin? Magbigay ng patunay.	Saknong 299 Muling sumumpong ang antok Luha sa mata’y nalaglag, Nagunitang lahat-lahat Ang ligayang nagsilipas.	Saknong 300 Bayan niyang sinilangan Yaong palasyong nilakhan, Magulang na mapagmahal, Kapwa bata’t kaibigan.
Saknong 301 Ang kaniyang pagiging bata Ang pagsuyo’y nanagana, Munting magkabahid-luha Ama’t ina’y may dalita. nanagana – dumami	Saknong 302 Nadama ang laking dusang Malayo sa isang ina Sa ilang ay nag-iisa’t Katawan ay sugatan pa.	Saknong 303 “O, ina kong mapagmahal Kung ngayon mo mamasdan, Ang bunso mong si Don Juan Malabis kang magdaramdam.”
Saknong 304 “Katawan ko ay bugbog na’t Sa sugat ay natadtad pa, Ako kaya’y may pag-asang Ika’y muli kong makita?”	Saknong 305 “Narito’t nakalugmok, Gagapang-gapang sa gulod, Tumatawag ng kukupkop Walang sinomang dumulog.”	Saknong 306 “Sino ang mag-aakalang Ang bunso mo’y madudusta Sa ganito kong pagluha, Anak mo rin ang may gawa.”
Saknong 307 Nagunita yaong amang Maysakit nang iwan niya Hiniling sa Birheng Mariang Sila nawa’y magkita pa.	Saknong 308 “Amang magiliw sa anak Sa gitna ng aking hirap Ikaw rin ang nasa hagap Danga’t ako’y napahamak.”	Saknong 309 “Dalangin kong mataimtim Kay Bathalang maawain Ang sakit mo ay gumaling Datnan kitang nasa aliw.”

Saknong 310 “Pag-asa ko’y nariyan na’t Tinanggap mo ang Adarna Di man ako ang may-dala Mga anak mo rin sila.”	Saknong 311 “Ibong kaya napaiyo Pinaamo ng pagod ko, Ngunit sa paghihintay mo’y Inagaw ng paglililo.”	Saknong 312 “Kaya ama, nang tanggapi’y Di sa kamay ko nanggaling, Gayon pa ma’y ikaaliw Yaon lamang ay gumaling.” ? Sa kabila ng pagdurusa, ano ang hindi nakalimutang sariwain ni Don Juan?
Saknong 313 Sugat sa buong katawa’y Nag-ulol sa kaantakan, Ang Prinsipeng gumagapang Sa bato’y napalungayngay. napalungayngay – nabitin, nalaylay	Saknong 314 Mga mata’y napapikit Sa kirot na tinitis, Matagal ding di umimik Ay di naman napaidlip.	Saknong 315 Nang magbawa na ang kirot Bahagya nang nakakilos Sa luha rin at himutok Inaliw ang madlang lungkot.
Saknong 316 Muli siyang nanalangin Sa Inang Mahal na Birhen, Luha’y agos ang kahambing Sa matang nangungulimlim.	Saknong 317 Diyos nga’y di natutulog At ang tao’y sinusubok; Ang salari’y sinusunog! Ang banal ay kinukupkop.	Saknong 318 Sa libis ng isang bundok May matandang sa susulpot Mahina’t uugod-uugod Sa Prinsipe ay dumulog. ? Sino ang biglang sumulpot sa gitna ng paghihirap ni Don Juan?
Saknong 319 Paglapit ay hinawakan, Tiningnan ang kalagayan, Saka kaniyang dahan-dahang Inihiga nang mahusay.	Saknong 320 Ang salanta at nalalamog Na katawan ay hinagod; Sugat at lamang nalasog Pinaglalagyan ng gamot.	Saknong 321 Samantalang ginagawa Ang ganitong kawanggawa, Kay Don Juan ang matanda Ay masuyong nagsalita
Saknong 322 Samantalang ginagawa Ang matandang kawanggawa Kay Don Juan, ang matanda Ay masuyong nagsalita.	Saknong 323 “O, Prinsipe, pagtiisan Ang madla mong kahirapan, Di na maglalaong araw Ang ginhawa ay kakamtan.”	Saknong 324 Parang isang panaginip Ang nangyari sa maysakit, Noon din ay nakatindig Dating lakas ay nagbalik. ? Anong hiwaga ang ginawa ng ermitanyo?
Saknong 325 Ang sarili ay minalas Bakas ma’y wala ang sugat, Naayos ang butong linsad Kiyas niya’y walang bawas.	Saknong 326 Di masukat ang paghanga Sa nakitang talinghaga’t Sa sarili ay nawikang; “Tila Diyos ang matanda.”	Saknong 327 Kung hindi man, ay totoong Himala ng Diyos ito Nagpakita nga sa tao’t Nang ang loob ay magbago.

Saknong 328 Saka makailang saglit Sa matanda ay lumapit, Yumapos nang buong higpit At ang wikang nananangis;	Saknong 329 “Utang ko sa inyong habag Ang buhay kong di nautas, Ano kaya ang marapat Iganti ang abang palad?”	Saknong 330 Ang matanda ay tumugon; “Kawanggawa’y hindi gayon Kung di iya’y isang layon Ang damaya’y walang gugol.”
Saknong 331 “Saka iyang kawanggawa Na sa Diyos na tadhana, Di puhunang magagawa Nang sa yama’y magpasasa.” magpasasa – tamasahin nang buo o magsaya ng sobra	Saknong 332 “Huwag tayong mamantungan Sa ugaling di mainam, Na kaya kung dumaramay Ay nang upang madamayan.”	Saknong 333 “Lalong banal na tungkulin Na sa dusa’y tangkilikin; Sa mundo ang buhay nati’y Parang nagdaraang hangin!” ? Ano-anong aral ang natutuhan ni Don Juan mula sa matandang ermitanyo?
Saknong 334 “Don Jua’y di ko hangad Tapusin ang pag-uusap, Ngunit iyong isahagap Ang ama mong nililiyag.”	Saknong 335 “Malaon nang naiinip Sa hindi mo pagbabalik Karamdama’y lumalawig Baka di na makatawid.” lumalawig – tumagal, lumawak, humaba	Saknong 336 “Kaya nga magmadali ka Ng pag-uwi sa Berbanya, Ikaw lamang ang lagi nang Pangarap ng iyong ama.”

ANG PAG-AWIT NG PAGTATAPAT (Saknong 337–407)

Saknong 337 Ang dalawa ay nagkamay Bago sila naghiwalay; Matanda’y sa kabunduka’t Sa Berbanya si Don Juan.	Saknong 338 Sa tulin ng kaniyang lakad Wari’y ibong lumilipad, Nasa’y sa sandaling oras Sapitin ang bayang liyag. liyag – ibig, giliw, sinta	Saknong 339 Abutan pa niyang buhay Ang amang may karamdaman Inang nasa kapanglaway Maaliw ng pagmamahal.
Saknong 340 Sa palasyo nang sumapit, Ina, sa tuwa’y nagtalik; Sindak namang di malirip Ang sa dalawang kapatid.	Saknong 341 Lumuhod sa nakaratay Upang humalik sa kamay, Ang hari’y sa kalubhaan Bunso’y hindi namukhaan.	Saknong 342 Magkagayo’y ang Adarna Namayagpag na sa hawla, Balahibong pangiti niya’y Hinalinhan ng maganda.
Saknong 343 Umwit na nang matamis Kawili-wili ang tinig, Mga matang may pag-ibig Sa monarka nakatitig.	Saknong 344 Bawat isang pangungusap Anong linaw at liwanag, Kaya sa tanang kaharap Daming bagay ang nabunyag.	Saknong 345 “Aba, Haring Fernando, Monarka ng buong reyno, Si Don Juan, pong bunso mo’y Kaharap na’t narito.”
Saknong 346 “Ang iyo pong bunsong anak Nagtiis ng madlang hirap, Kamatayan ay hinamak, Sa utos mo ay tumupad.”	Saknong 347 “Yaong anak mong Dalawang inutusang nangauna, Kabiguan ang nakuha’t Kapwa naging bato sila.”	Saknong 348 Ito’y muling namayagpag Nagbihis ng bagong kiyas, Higit sa una ang dilag Kanta’y lalong pinatimyas.

Saknong 349 “Sa kasawiang tinamo Ng dalawa ni Don Pedro Kung hindi po sa bunso mo Habang araw sila’y bato.”	Saknong 350 “Sila nga’y binuhusan lamang Ng tubig na merong ‘lalang’ Nang mabasa’y nangabuhay At sa bato’y nagsilitaw.”	Saknong 351 Ang Adarna ay nagbago Nitong kaniyang balahibo, Ang binihis na pangatlo Ay may kulay esmaltado.
Saknong 352 “Ang nagturo nitong tubig Ay Ermitanyong mabait, Nahabag sa kahihibik Ng bunso mong iniibig.”	Saknong 353 “Sinalok sa isang ilog Sa libis ng isang bundok, Sa linaw ay parang bubog, Mabisa ang dalang gamot.”	Saknong 354 “Silang tatlo ay piniging Ng Ermitanyong butihin Kasayaha’y walang maliw Habang sila’y kumakain.”
Saknong 355 Ang Adarna ay nagbihis Ng pang-apat na kilatis, Sa kislap na umaakit Ay dyamanteng pagkarikit.	Saknong 356 “Kasayahan nang natapos Ermitanyo ay pumasok Sa silid ng maalindog At kumuha po ng gamot.”	Saknong 357 “Hari, iyo pong alaming Si Don Jua’y nagtiis ding Palad niya ay hiwain Nang gabing ako’y hulihin.”
Saknong 358 “Pitong malalim na sugat Na pinigaan pa ng dayap, Nang humapdi o, kay-antak Lama’y parang nginatngat.” dayap – uri ng citrus na tumataas nang dalawa hanggang apat na metro, maasim ang katas na bunga.	Saknong 359 “Dusang ito ay tiniis Dahilan sa kaniyang nais Na ang taglay mo pong sakit Ay huwag nang pakalawig.”	Saknong 360 Nanahimik ang Adarna Nagbihis ng ikalimang Balahibong tinumbaga At ang sabi sa monarka: tinumbaga – isa sa mga kulay ng balahibo kapag nagpapalit, pinaghalong ginto at tanso
Saknong 361 “Nang pauwi silang tatlo Dito po sa inyong reyno, Nagbilin ang ermitanyong Huwag nawang may maglililo.”	Saknong 362 “Masaya sa lakaran Kung may sukat ikalumbay, Ito ay sa kainipan Sa haba ng nilalakbay.”	Saknong 363 “Patuloy ang saya nila Ngunit noong sumapit na Sa bundok na pangalawa’y Nagbago ang pagsasama.”
Saknong 364 “Sa apoy ng kainggitan Nitong anak mong panganay, Nagbuo ng kataksilan Na patayin si Don Juan.”	Saknong 365 “Dahilan po nito’y ako, Nahihiya si Don Pedrong Mabalitang naging bato’t Kabiguan ang tinamo.”	Saknong 366 “Salamat at nasansala Ni Don Diego yaong nasa At kung hindi ang kawawang Bunso mo po ay nawala.”
Saknong 367 “Nasansala ang pagpatay Dapwat sila’y nagbulungan Nang malayo’y may kindatang Babala ng kasawian.”	Saknong 368 Awit ng ibo’y pinatid Muling nagbago ang bihis, Ito’y lalo pang marikit Sa limang naipamasid.	Saknong 369 “O, kaylupit! Haring mahal Ng nayari sa kindatan Pagdaka’y pinagtulungan Umugin po si Don Juan.”

Saknong 370 “Bunso mo po’y humihibik Na tigilan ang pasakit Ngunit itong mga ganid Ay lalo pang nagmabangis.”	Saknong 371 “Sa suntok at mga tadyak Si Don Juang kulang-palad, Maaringki’t mapaliyad At sa bato’y masungadngad.”	Saknong 372 “Kaya lamang tinigila’y Nang lugmok na’t walang malay Iniwan sa kaparangan At ako nga ang tinaglay.” masungadngad – manguḍngod, labis na nanghina
Saknong 373 “Laking galak ng dalawa Nang ako po’y naagaw na, Habang daa’y anong sigla Ng halakhak at pagtawa.”	Saknong 374 Ikapito’t katapusang awit Nitong ibong mahal, Bago niya sinimulan Sa tao’y nagpakahusay.	Saknong 375 Balahibong inilabas Ay karbungkong nagniningas Kaya’t lalong nanggilalas Ang tanang doo’y kaharap. karbungko – uri ng mahalagang bató na kulay matingkad na pulá
Saknong 376 “Tatapusin ko ng awit Ang sa bunsong mga sakit, Mahal na Hari’y makinig, Nang lubusan mong mabatid.”	Saknong 377 “Sa habag ng Poong Diyos Sa Prinsipe ay dumulog, Ang isang ugod-ugod Na matandang manggagamot.”	Saknong 378 “Ang matanda ay nahabag Sa daing ng iyong anak, Kaya kahit anong hiras Ang Prinsipe ay hinarap.”
Saknong 379 “Sa parang nang matagpuan Ang anyo ay tila bangkay, Buong suyong pinagyama’t Ginamot ang karamdaman.” ? Isalaysay nang sunod-sunod ang mga sinabi ng Ibong Adarna kay Haring Fernando.	Saknong 380 “Sa himala po ng Langit Matapos ang ilang saglit, Si Don Jua’y nakatindig Malakas na’t walang sakit.”	Saknong 381 “Tuluyan nang umuwi na Dito sa Reynong Berbanya, Ang nasa ay makita kang Buhay pa rin at masigla.”
Saknong 382 “Ang sinapit ni Don Jua’y Dinamdang ko, haring mahal, Kaya nga po gayon na lang Yaring dusa’t kalumbayan.”	Saknong 383 “Kaya rin nga namalas mong Ako’y laging nanlulugo Ni kumain ay ayoko O maringgan ng awit ko.”	Saknong 384 “Pagkat di pa dumarating Ang may-ari po sa akin, Ayoko sa mga taksil Na anak mong masasakim.”
Saknong 385 “Yamang ngayo’y natalos mo Ang matapat at ang lilo, Kay Don Juan, O Hari ko, Ipamana itong reyno.”	Saknong 386 Nang matapos na ang awit Hari’y tila nanaginip, Nagbalikwas na sa banig Parang hindi nagkasakit.	Saknong 387 Ang Adarna’y nilapitan At niyakap si Don Juan, Ibo’t anak ay hinagkan Sa laki ng katuwaan. ? Matapos marinig ng hari ang tunay na naganap, ano ang kaniyang unang ginawa kay Don Juan at sa Ibong Adarna?

Saknong 388 Nang balingan ang dalawang Katabi noon ng ina, Nangamutla at nangamba Sa darating na parusa.	Saknong 389 Gayon na lamang ang poot Sa dalawang nagbalatkayo, At kung walang isang Diyos Ang talaga'y ipasunog. ? Ano ang naging reaksiyon ng dalawang magkapatid na nagtaksil?	Saknong 390 Pinulong karakaraka Lahat ng kagawad niya Inilagda ang parusang Ipatapon ang dalawa.
		karakaraka – pagmamadali
Saknong 391 Ipatapon at bawian Ng lahat ng karapatan, Upang hindi pamarisan Ng pinuno't mamamayan.	Saknong 392 Ang hatol nang maigawad Si Don Juan ay nahabag Sa ama ay agad humarap At hiningi ang patawad.	Saknong 393 Lumuluha nang sabihing: "O, ama kong ginigiliw Ang puso mong mahabagin Sa kanila'y buksan mo rin."
Saknong 394 "Malaki man po ang sala Sa aki'y nagawa nila, Yon po ay natapos na't Dapat kaming magkasama."	Saknong 395 "Ako'y naman ay narito Buhay pa ri't kapiling mo Wala rin ngang nababago Sa samahan naming tatlo."	Saknong 396 "Sila'y aking minamahal Karugtong ng aking buhay, Kami'y pawang anak naman Sa lingap mo na nanangan."
Saknong 397 "Hindi ko po mababatang Sa aki'y malayo sila, Kaya po ibigay mo na Ang patawad sa kanila." ? Ipinasya ni Haring Fernando na ipatapon ang dalawang anak bilang parusa. Ano ang naging reaksiyon ni Don Juan dito? Sang-ayon ka ba sa kaniya? Bakit?	Saknong 398 Haring noon ay may galit Nabagbagan din ng dibdib, Ang dalawang napipiit Sa palasyo'y pinapanhik.	Saknong 399 Haring ama'y nagsalita Mabalasik yaong mukha "Kayo ngayon ay lalaya Sa pangakong magtatanda."
Saknong 400 "Sa araw na kayo'y muling Magkasala kahit munti, Patawarin kayo'y hindi Sinuman nga ang humingi."	Saknong 401 "Kaya nga pakaingatan Sasabihin ko'y tandaan: Magkasala'y minsan lamang Pag umuli'y kamatayan."	Saknong 402 Nanumbalik ang liwanag Na sa palasyo'y tumakas: Hari at Reynang marilag May ngiti nang masarap.
Saknong 403 At ang tatlong magkakapatid Sa dati ring pagniniig, Pasunura'y anong tamis Bahagya ma'y di nag-alit.	Saknong 404 Muling ipinagpatuloy Ng Hari ang panunungkol, Kaharia'y mahinaho't Ang lahat na'y umaayon.	Saknong 405 Buhat nang siya'y gumaling Ang Adarna'y naging aliw Oras-oras kung dalawi't Parang bata kung laruin.

Saknong 406 At sa kaniyang pagmamahal Pati Reyna namamaang, Kung ang ibo'y tao lamang Panibugho ay naglatang.	Saknong 407 Sa sarili'y di nagkasya Ng pagdalaw sa Adarna, Naisipang pag gabi na'y Pabantayan iyong hawla.
namamaang – mangmang, walang alam	? Ang kasayahan sa kaharian ay muling nanumbalik at ang kasiyahan sa Ibong Adarna ay labis-labis. Ano ang ipinag-utos ng hari sa tatlong anak tungkol dito?



Pagtatagpi ng Talino

A. Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong kaugnay sa binasang teksto.

1. Sino ang humihiling ng tulong sa Birheng Maria?
2. Anong tulong ang hinihiling ng nagsasalita?
3. Sa saknong 2, ano ang kanyang nais sabihin sa mambabasa?
4. Sino ang inihalintulad kay Bernardo Carpio?
5. Sa iyong palagay, ano ang damdamin na lumitaw sa binasang mga saknong?
6. Ilang beses hiniwa ni Don Juan ang kanyang palad?
7. Saang puno dumadapo ang Ibong Adarna?
8. Kung Ikaw si Don Juan, gagawin mo rin ba ang ginawa niyang pagpapatawad sa magkakapatid? Pangatuwiran.
9. Sa iyong sariling pananaw, dapat bang pagkatiwalaan muli ang taong nagtaksil sa iyo? Pangatuwiran.
10. Dapat bang mainggit sa tagumpay ng iba? Pangatuwiran.

B. Panuto: Tukuyin ang mahahalagang elemento sa binasang teksto.

TAUHAN	TAGPUAN			
TUNGGALIAN				
BANGHAY				



Paglililinaw sa mga Kaalaman

DAMDAMIN

Ayon kay Scheler (Dy, 2007) ang damdamin ang pinakamahalagang larangan ng pag-iral ng tao. Tumutukoy sa emosyon na nararamdaman ng isang tao sa kapwa, bagay o pangyayari. Ang emosyon ay hindi nakokontrol sa nais na gustong maramdaman ng tao sapagkat ito ay umiiba depende sa kaganapan o pangyayari sa buhay.

Sa Ibong Adarna, maaaring mahinuha ang mahalagang kaisipan, mensahe, o pahiwatig sa mga damdaming nangibabaw sa mga saknong. Maaaring iuri ang damdamin sa apat:

Apat na Uri ng Damdamin

1. **Pandama (*sensory feelings*)** – may limang karamdamang pisikal o mga panlabas na pandama na nakapagdudulot ng kasiyahan o kahirapan sa tao. Ito ay ang pang-amoy, paningin, pandinig, panlasa at pandama o pansalat.

Halimbawa Kirot ng buong katawan
Sa tindi'y di natagalan,
Sa bato napalupaypay
Nahinto ang panambitan.

2. **Kalagayan ng damdamin (*feelings state*)** – tumutukoy sa kasalukuyang kalagayan na nararamdaman ng tao.


Halimbawa Sa katuwaang tinamo
Halos di magkantututo
Ang Adarna ay pinangko,
Dinala sa ermitanyo

3. **Siklikong damdamin (*psychical feelings*)** – ito ay ang pagtugon ng tao sa mga bagay sa kaniyang paligid at naiimpluwensyahan ng kasalukuyang kalagayan ng kaniyang damdamin.

Halimbawa "Parang habag na ng Diyos
kung sa sakit 'o'y matubos
tulungan na ang may lunos
ako nama'y maglilingkod."

4. **Ispiritwal na damdamin (*spiritual feelings*)** – Ayon kay Dr. Manuel B. Dy Jr., ang mga ispiritwal na damdamin ay nakatuon sa paghubog ng pagpapahalaga sa kabanalan tulad ng pag-asa at pananampalataya.

Halimbawa Sa katuwaang tinamo
Ang Adarna ay pinangko,
Halos di magkantututo
Dinala sa ermitanyo



Pagpapalalim

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Ibigay ang mga nakitang suliraning panlipunan maiuugnay mula sa binasang akda at bigyan ito ng nararapat na solusyon batay sa iyong pananaw.

Mga Suliraning Panlipunan

Mga Nararapat na Solusyon

- B. **Panuto:** Sagutin ang tanong ng isang talatang binubuo ng 5-8 pangungusap.

Paano nakaugnay sa moral, katangian, at karanasan
ng tao ang unang bahagi ng Ibong Adarna?







Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Suriin ang mga mensahe, pahiwatig, at detalye na makikita sa mga piling saknong ng Ibong Adarna. Maging kritikal sa pagpili at pagpapaliwanag.
- B. **Panuto:** Gawaing pangkatan. Sumulat ng isang tulang binubuo ng tatlong saknong na may tig-aapat na taludtod tungkol sa pagmamahal sa magulang. Gamitin ang iba't ibang paraan sa pagpapahayag ng damdamin at salungguhitan ito.

Pagsusuri sa Bawat Saknong ng Ibong Adarna



Pagsasalansan

Sa araling ito tinalakay ang pakikipagsapalaran ng tatlong prinsipeng at damdamin sa pagtukoy sa emosyon na nararamdaman ng isang tao sa kapwa, bagay, o pangyayari. Nalinang din ang mga kasanayan sa pagtukoy ng mahalagang elemento, pagpapaliwanag ng banghay, at pag-uugnay ng mahalagang kaisipan sa pagsusuri ng Ibong Adarna.

ARALIN 24

Ibong Adarna (Saknong 408-1382)



Sa araling ito, mababatid ang kahulugan ng “ang tunay na nagmamahal ay marunong magpatawad” sa tulong ng mga karanasan ng bida sa teksto. Makikilala ni Don Juan sa kaniyang paglalakbay ang mga prinsesang nagpatibok ng kaniyang puso.



Layunin

- ✧ Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.
- ✧ Nasusuri at matukoy ang katangian ng mga tauhan sa “Ibong Adarna” bilang salamin ng sariling pagkatao.
- ✧ Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang teksto at naiuugnay sa sariling karanasan dito.
- ✧ Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika ng Ibong Adarna.



Paghahabi ng Kaalaman

Saknong 408–1382 mula sa Ibong Adarna

1. *Ano ang iyong gagawin kung ang sitwasyon ay hindi naging matagumpay ayon sa iyong planong inihanda?*
2. *Paano mo ito haharapin o lulutasin kung ang nakasalalay dito ay ang iyong minamahal?*

ANG MULING PAGKAPAHAMAK NI DON JUAN/ANG DULOT NG LABIS NA INGGIT (Saknong 408–428)

Saknong 408	Saknong 409	Saknong 410
‘Di sa iba ibinigay ang ganitong katungkulan, baka anya pabayaang makawala o mamatay.	Hinirang ang tatlong anak at nagbala nang marahas: “Ang sa inyo ay magsukab sa akin ay magbabayad.”	Nakatadhana sa utos ang gawaing pagtatanod; ang tatlo ay sunod-sunod; sa magdamag walang tulog.
	 Ano ang ginawa ng hari upang hindi mapawalay ang ibon?	

Saknong 411 Tatlong hati sa magdamag bawat isa'y tatlong oras; para nilang hinahatak ang gabi sa pagliwanag.	Saknong 412 Ang panaho'y pumapanaw araw ay 'di matulusan, ang tatlo sa halinhina'y panatag sa katungkulan. halinhinan – palitan	Saknong 413 Datapwa't O! ang inggit! Sawang mamoo'y malupit, pag sinumong na magganid panginoo'y nililingkis. nililingkis – mahigpit na pagpulpot ? Ano ang nag-udyok kina Don Pedro at Don Diego na ipahamak si Don Juan? Kung ikaw ay nalamangan ng iyong kapatid, ano ang iyong gagawin? Bakit?
Saknong 414 Si Don Pedrong pinatawad sa gawang 'di marapat, sa sarili'y naging galak kapatid ay...ipahamak!	Saknong 415 Naisipan isang gabi sa kaniyang pagsasarili kahihyan ng sarili'y lihim na ipaghiganti.	Saknong 416 Kapatid na pangalawa'y niyayang magsabay sila ng pagtanod sa Adarna't magsabay ring mamahinga.
Saknong 417 Si Don Diego ay nagtanong: “Sasabay ba ako ngayon? Mamaya'y sino kung gayon ang magbabantay sa ibon?”	Saknong 418 Kay Don Pedrong kasaguta'y “Gisingin mo si Don Juan pagdating dito ay iwa't huwag mo na siyang halinhan.”	Saknong 419 “At paano naman siya tatanod nang makalawa?” “Huwag kang mag-alaala't bukas tayo magkikita.”
Saknong 420 Ang dalawa'y nagkasundo nag-agapay na sa upo sa kwentuha't mga biro, tumugtog ang ikasampu.	Saknong 421 Ginising na si Don Juan sa tulog na kasarapan, di man oras ng pagbantay nagbigay na sa pumukaw.	Saknong 422 Sa silid ay lumabas na bagaman nag-aantok pa, at hiniling sa dalawang halinhan siya nang maaga.
Saknong 423 Palibhasa'y nahirapan nang sa mga gabing sinundan, mga mata ma'y sikangan antok din ang sumasasal.	Saknong 424 Bakit nang gabing yao'y pagkasarap pa ng simoy, ang Prinsipe'y napalulong matulog nang mahinahon. napalulong – nagumon	Saknong 425 Walang kaba kamunti mang humilig na sa upuan, himbing niya'y gayon na lang nang magmamadaling-araw.
Saknong 426 Lumapit na ang dalawa't pinawalan ang Adarna, kaya't nang magising siya takot agad ang bumakla. ? Paano ninais ni Don Pedro at Don Diego na mapahamak si Don Juan? bumakla – lito, gulat	Saknong 427 Di takot sa kagalitan o parusa ng magulang, kundi pa'nong matatakan ang nangyaring kataksilan.	Saknong 428 Noon niya napagsukat ang sa tao palang palad magtiwala ay mahirap daan ng pagkapahamak.

PANIBAGONG PAGLALAKBAY SA BUNDOK NG ARMENYA
(Saknong 429–478)

Saknong 429 Bago mitak ang umaga si Don Jua'y umalis na, wika'y "Ito ang maganda natatago ang may sala." ? Bakit napagdesisyunan ni Don Juan na umalis sa kaharian bagamat masakit sa kalooban?	Saknong 430 Nang magising yaong Hari, araw'y masaya ang ngiti, pagbangon ay dali-daling ibon ang kinaurali. kinaurali – kinausap	Saknong 431 Gaano ang pangininginig, mga mata'y nanlisik, nang sa hawla'y 'di mamasid Adarnang aliw ng dibdib.
Saknong 432 Nagngangalit na tinawag ang tatlong Prinsipeng anak, dadalawa ang humarap, kapwa hindi nangapuyat.	Saknong 433 Ang dalawa'y binalaang huwag siyang paglihimang, sagot nila'y: "Ama, ewan, ang bantay po'y si Don Juan."	Saknong 434 Ipinahanap ang bunso ngunit saan masusundo? Matagal nang nakalayo, 'di sa hangad na magtago.
Saknong 435 Saka bakit hahanapin sa kaharap yaong taksil? Itong anak na suwail, magbulaan ay magaling!	Saknong 436 Yumao na ang dalawang nagmamagaling sa ama, ang pangako'y pag nakita'y iuuwi't nang magdusa.	Saknong 437 Mga bukid, burol, bundok bawat dako'y sinalugsog; lakad nila'y walang lagot, sinisipat bawat tumok. sinalugsog – siniyasat
Saknong 438 Wala, wala si Don Juan, napagod na ang pananaw... siya kaya'y napasaa't hindi natin matagpuan?	Saknong 439 Lakad, tanaw, silip, sipat sa kahuyan at palanas, sa kanilang kahahanap nangahapo at namayat.	Saknong 440 Gayon pa ma'y patuloy rin tulad nila'y mamamansing nang sa dagat ay alatin, walang huli'y naroon din.
Saknong 441 Datapwa't sila'y may matwid na huwag na munang magbalik, kung ang bawat pagsasakit di man dapat ay may langit.	Saknong 442 'Di nga naman nagtagumpay ang tiyagang pinuhunan; nakita rin si Don Juan sa Armenyang Kabundukan.	Saknong 443 Itong bundok ng Armenya'y isang pook na maganda, naliligid ng lahat ng tanawing kaaya-aya. ? Ano ang natagpuan Don Juan? Paano inilarawan ang Bundok ng Armenya?
Saknong 444 Tumutubong punungkahoy mga bungang mapupupol matataba't mayamungmong, pagkain ng nagugutom.	Saknong 445 Pagbubukang-liwayway na mga ibon ay may kanta, maghapunang masasaya't nadapo sa mga sanga.	Saknong 446 At kung hapon, sa damuhan lalo't hindi umuulan, mga maya, pugo't kalaw may pandanggo at kumintang.

Saknong 447 Sa taas ng papawirin, mga limbas, uwak, lawi'y makikitang walang maliw sa palitan ng paggiliw.	Saknong 448 Sa batisan yaong tubig pakinggan mo't umawit suso't batong magkakapit may suyuang matatamis.	Saknong 449 Simoy namang malalanghap may pabangong pagkasarap, langhapin mo't may pagliyang ng sampaga at milegwas.
Saknong 450 Munting bagay na makita isang buhay at pagsinta, iyong kunin at wala kang maririnig na pagmura.	Saknong 451 Doo'y payapa ang buhay malayo ka sa ligamgam sa tuwina'y kaulayaw ang magandang kalikasan.	Saknong 452 Matutulog ka sa gabi na langit ang nag-iwi, sa magdamag ay katabi ang simoy na may pagkasi.
Saknong 453 Magigising sa umaga, katawan mo ay masigla, kausap na tumatawa ang araw na walang dusa.	Saknong 454 Sa Armenya nga tumahan ang Prinsipeng si Don Juan, upang doon pagsisihan ang nagawang pagkukulang.  Bakit napagdesisyonan ni Don Juan na lisanin ang kaharian?	Saknong 455 Minarapat na nga niya ang lumayo't di pakita, sa hangad na ang maysala'y mailigtas sa parusa.
Saknong 456 Nagkita na't nagkaharap ang hanap at humahanap, si Don Diego nang mangusap hiya't takot ang nahayag.	Saknong 457 Namagitan kapagdaka si Don Pedro sa dalawa, si Don Diego'y nayaya nang magpanayam na mag-isa.	Saknong 458 "Ikaw sana'y huwag ganyan, ang loob mo ay lakasan, ang takot at kahihiya'y ipaglim kay Don Juan." ipaglim – huwag ipaalam
Saknong 459 "May lunas na magagawa kung payag ka sa pithaya, sa akin ipagtiwala ang anomang iyong nasa." pithaya – hangarin, layon	Saknong 460 "Kung ibig mo ay huwag nang balikan ang ating ama, pabayaang Berbanya't dito na tayo tumira."	Saknong 461 "Sumama na kay Don Juan tayong tatlo ay magpisan, tumuklas ng kapalaran sa iba ng kaharian."
Saknong 462 Napagmuni ni Don Diegong mainam ang mga payo, 'di man ibig na totoo umoo na kay Don Pedro.	Saknong 463 Tinawag na yaong bunso at niyakap nang masuyo, "Kami," anya'y "nagkasundong magliwaliw sa malayo."	Saknong 464 "Ibig nami'y sumama ka nang mabuo ang ligaya, sa anomang maging hangga tayong tatlo'y magkasama."
Saknong 465 Sa dibdib ma'y nakapako, ang subyang ng pagsiphayo, ang nanaig din sa kuro'y hinahon ng kaniyang puso. subyang – salubsob, tinik siphayo – pagkabigo sa layunin, pagkadismaya	Saknong 466 Kung siya'y may kahinaang sukat maging kapintasan, ang pag-ibig na dalisay sa kapatid kailanman.	Saknong 467 Kinatigan ang mungkahi yamang mabuti ang mithi, kung wala nang salaghati saka isiping umuwi. salaghati – kirot sa dibdib dahil sa sama ng loob

Saknong 468 Siya'y walang kalungkutan sa Armenyang kabundukan, ang araw ay nagdaraan sa panay na paglilibang.	Saknong 469 Kung wala sa mga batis nasa parang o sa libis, sa batis ay namimingwit at nangingibon sa bukid.	Saknong 470 Sa malawak na kahuyan nangungusa araw-araw, pagbabalik sa tahanan may pagkain at pang-ulam.
Saknong 468 Siya'y walang kalungkutan sa Armenyang kabundukan, ang araw ay nagdaraan sa panay na paglilibang.	Saknong 469 Kung wala sa mga batis nasa parang o sa libis, sa batis ay namimingwit at nangingibon sa bukid.	Saknong 470 Sa malawak na kahuyan nangungusa araw-araw, pagbabalik sa tahanan may pagkain at pang-ulam.
Saknong 471 Sa mga aral ng Linggo walang alis silang tatlo, sa kanila namang kubo may masayang salu-salo.	Saknong 472 Sila'y mga panginoon ng lahat ng hayop doon, sa kapatagan at burol kabuhaya'y mapupupol.	Saknong 473 Ano pa nga't pagkainam ng kanilang kapalaran; kanila ang kalawakan ng ibaba't kataasan. ? Paano naglibang ang magkakapatid sa Armenya?
Saknong 474 Ano pa ang hahanapin kung ang nasa lang ay aliw? Ngunit likas na sa ating ang wala ay paghanapin.	Saknong 475 Tayo'y hindi masiyahan sa abot na ng pananaw, iniimbot pa rin naman ang lahat na ay malaman.	Saknong 476 Langit man ay mararating sapilitang aakyat, matalos lang yaong lihim na balot ng salamisim. salimisim – balik-tanaw, alaala ng kahapon

ANG MAHIWAGANG BALON (Saknong 479–512)

Saknong 477 Ang ganitong paghahaka ay nasok na biglang-bigla sa kanilang mga diwa minsang sila'y walang gawa.	Saknong 478 Naisipang yaong bundok na hindi pa napapasok, paglibanga't nang matalos ang doo'y napapaloob.	Saknong 479 Noon din nga ay lumakad bagaman tanghaling tapat araw'y pagkatingkad-tingkad nakapapaso sa balat. pagkatingkad-tingkad – nakasisilaw na liwanag
Saknong 480 Inakyat ang kabatuhan, nang dumating sa ibabaw, sa gitna ng kasabikan ay may balong natagpuan.	Saknong 481 Balo'y lubhang nakaakit sa kanilang pagmamasid, malalim ay walang tubig, sa ibabaw ay may lubid. ? Sa paglalakbay ng tatlong Prinsipe, anong kakaibang bagay ang natuklasan?	Saknong 482 Ang lalo pang pinagtakha'y ang nakitang kalinisan, walang damo't mga sukal gayong ligid ng halaman.

Saknong 483 Ang bunganga ay makinis batong marmol na nilalik, mga lumot sa paligid mga gintong nakaukit.	Saknong 484 Kaya mahirap sabihing balo'y walang nag-aangkin ngunit saan man tumingin walang bahay na mapansin.	Saknong 485 Si Don Juan ay nagwika: "Balong ito'y may hiwaga ang mabuting gawin kaya'y lusungi't nang maunawa."
Saknong 486 "Ngayon din ako'y talian ihugos nang dahan-dahan, tali'y huwag bibitiwan hanggang di ko tinatantang."	Saknong 487 Wika naman ni Don Diego, "Ako'y matanda sa iyo, kaya marapat ay ako ang ihugos muna ninyo."	Saknong 488 "Ako ang siyang tatarok ang hangganan kung maabot at doo'y may matatalos, malalaman ninyong lubos."
tinatantangan – itinataya	ihugos – ibaba	tatarok – aalam
Saknong 489 Si Don Pedro ay humadlang "Wala ka ring karapatan, pagkat ako ang panganay nasa akin ang katwiran."	Saknong 490 "Kung gayon," anang dalawa "ikaw ang siyang mauna, kami nama'y bahala nang sa balita mo umasa."	Saknong 491 Nang ihugos ay nagbiling ang hawak ay pagbutihin, at sa oras na tantangin, sa ibabaw ay batakina.
		tantangin – ipahinto
Saknong 492 Tatlumpung dipa lamang ang nalusong ng panganay, lubid agad nang tinantang, nang umaho'y nananamlay.	Saknong 493 Tanong agad ng dalawa: "Narating mo ba ang hangga? Ano roon ang nakita't pamumutla mo'y ganyan na?"	Saknong 494 "Hintay, muna, hintay kayo't magpuputok ang dibdib ko..." makahingang makaitlo'y nagsalaysay ng ganito:
Saknong 495 "O, hindi ko natagalan ang dilim na bumalabal sa sindak at katakutan para akong sinasakal!"	Saknong 496 Si Don Diego ay sumunod nilakasan man ang loob, nagbalik din at natakot sa ilalim na di matarok.	Saknong 497 "Sa amin ay ibalita kung tapos na ang hiwaga" Sumagot din namumutla ng: "Ewan ko...Wala, wala."
Saknong 498 "Sa ilalim na walang hanggan ang takot ko ay umiral at kung doon ay nagtagal mapapatid yaring buhay."	Saknong 499 Sa ganitong pangyayari itong bunso'y di makali, paniwala ang sariling walang hindi mangyayari.	Saknong 500 Nagtali na niyong lubid at sa balo'y napasilid, ang baon sa puso't dibdib humanda sa masasapit.
? Bakit hindi nagtagumpay si Don Pedro at Don Diego sa pagbaba nila sa ilalim ng balon?		
mapapatid – mapuputol		
Saknong 501 Patuloy ang paghuhugos si Don Jua'y walang takot, maging noon mang masapot ng dilim na parang kumot.	Saknong 502 Malalim na ang narating ang lubid ay hugos pa rin, si Don Pedro'y nailling! si Don Diego'y naninimdim!	Saknong 503 Nailling si Don Pedro sa kainipang totoo; naninimdim si Don Diego't ang kapatid kung napano.

Saknong 504 Samantala, si Don Juan sa sindak ay lumalaban, pinipilit magkailaw ang mata sa kadiliman.	Saknong 505 Habang siya'y lumulubog lalong ayaw na matakot matibay sa kaniyang loob na ang lihim ay matalos.	Saknong 506 Sa sarili'y nawiwigang: "Ano't akin pang ninasa na tuklasin ang hiwaga kung hindi rin magagawa?"
Saknong 507 "Anoman ang kasapitan ito'y 'di ko uurungan, ang malaking kabiguan ay bunga ng karuwagan."	Saknong 508 "Nasimulan nang gawain ang marapat ay tapusin, sa gawaing pabimbin-bimbin wala tayong mararating." ? Bakit hindi natakot si Don Juan na tuklasin ang hiwaga ng balon gayong hindi maipinta ang mukha ng dalawang kapatid? pabimbin-bimbin – patigil-tigil	Saknong 509 At sa kaniyang pagsasakit lalim ng balo'y nasapit, hindi isang tuyong yungib kundi pook na marikit!
Saknong 510 Buong lupang yayapakan ay kristal na kumikinang! Pook na tago sa araw, ngunit daig ang may ilaw.	Saknong 511 Mahalama't mabulaklak bango'y humahalimuyak! May palasyong kumikislap na yari sa ginto't pilak!	Saknong 512 Ang Prinsipe, sa paghanga'y parang namamalikmata... At ang sabi: "O, hiwaga... ito'y sa engkantadong gawa!"

ANG UNANG BABAENG NAGPATIBOK SA PUSO NI DON JUAN, SI DONYA JUANA
(Saknong 513–566)

Saknong 513 Lalo siyang nanggilalas at ang puso ay nabihag nang taman na ng malas si Donya Juanang marilag. nabihag – nahulog	Saknong 514 Sumisikat na bituin sa bughaw na panginorin, nakangiti at magiliw sa pagsasabog ng ningning!	Saknong 515 "O marilag na Prinsesa, ang sa araw na ligaya't kabanguhan ng sampaga sa yapak mo'y sumasamba."
Saknong 516 "Sa matamis na bati mo'y nagagalak ang puso ko, ngunit manghang-mangha ako, sa iyong pagkaparito!" ? Ang balon ay isang hiwaga. Sino ang natagpuan ni Don Juan sa balon? Paano inilarawan ng may akda ang Prinsesa?	Saknong 517 "Ako'y isang pusong aba kayakap ng dalita, inihatid ditong kusa ng pagsinta kong dakila."	Saknong 518 "Inimbulog sa itaas ng malabay niyang pakpak, saka dito inilapag, maglingkod sa iyong dilag."

Saknong 519 “Ako’y iyong kahabagan O, Prinsesang minamahal, at kung ito’y kasalanan sa parusa’y nakalaan.”	Saknong 520 Sa pagsamong anong lungkot ni Don Juang nakaluhod, ang Prinsesang maalindog, ay tinablan ng pag-irog.	Saknong 521 Sa puso ay naramdamang ang pagsinta ay namahay, at ang hanap na bubuhay ang pagsinta ni Don Juan.  Bakit napapayag si Donya Juana sa pagsamo ng binata?
Saknong 522 Gayon pa man ay tinimpi ang pagsintang ngumingiti saka siya nagkunwaring sa Prinsipe’y namumuhi.	Saknong 523 Sa laki ng kapanglawan ang Prinsipe’y nanambitan: “Kung wala kang pagmamahal kitlin mo na yaring buhay.”	Saknong 524 “Ano pa yaring halaga kung sawi rin sa pagsinta, mahangga, O Donya Juana, hininga ko’y malagot na.”
Saknong 525 “Sukatin mo yaring hirap ng sa iyo ay paghanap balong lihim ay di tatap nilusong kong walang gulat.” tatap – nalaman, natanto, naunawaan	Saknong 526 “Hinamak ang kadiliman at panganib na daratnan, ngayong kita’y masilaya’y sawi pa rin yaring buhay.”	Saknong 527 “A...! sa aba nitong palad, waring ako ay inanak na katali na ang hirap, ang ligaya’y mawakawak!...” mawakawak – masira
Saknong 528 Sa lungkot ng panambitan si Donya Juana’y nalumbay, mga mata ay luhaang itinindig si Don Juan.	Saknong 529 At ang wikang buong suyo: “Tanggapin mo yaring puso, pusong iyan pag naglaho’y nagtaksil ka sa pangako.”	Saknong 530 “Magtaksil? Pagtaksilan ang buhay ng aking buhay? Prinsesa kong minamahal? panahon ang magsasaysay.”
Saknong 531 “Ngayon, ang aking panganib saan kita ililingid nang maligtas sa pasakit ng higanteng sakdal-lupit?”	Saknong 532 “Higanteng ito’y siya ngang sa akin ay may alaga, katapanga’y di kawasa, taong datna’y sinisila.”	Saknong 533 “Kung datnan kang kaniig ko galit niya ay susubo, mangananib ang buhay mo’t baka ikaw ay matalo.”
Saknong 534 “Prinsesa kong minamahal, ang matakot ay di bagay, manghawak sa kapalara’t sa Diyos na kalooban.”	Saknong 535 Di naglipat ilang saglit ng masayang pagniniig ang higante ay narinig sa hagdana’y pumapanhik.	Saknong 536 Tinawag si Donya Juana nagniningas yaong mata... “Amoy manusya,” anya “dito’y may tao kang iba!” manusya – tao
Saknong 537 Prinsesa’y di nakasagot, kinilabutan sa takot, Higante sa kaniyang poot sumisigaw, parang kulog!	Saknong 538 At ngumiti nang pakutya, humalakhak pa sa tuwa: “Di laki ko ngayong tuwa’t dito’y mayro’ng masisila!...”	Saknong 539 “Di na pala kailangang mamundok pa o mamarang dito man sa aking bahay ay lumapit na ang pindang.”

Saknong 540 “Salamat nga’t narito na sa tiyan kong parang kweba ang kaytagal ko ng pita ang tatlo man ay kulang pa.”	Saknong 541 Sa mga kutyang narinig si Don Juan ay nagngalit: “Higante, tikom ang bibig, ako’y di mo matitiris.”	Saknong 542 “Kung ikaw man ay kilabot sa pook mong nasasakop sayang iring pamumundok pag di kita nailugmok.” nailugmok – naitumba
Saknong 543 “At matapang! May lakas pang tumawad sa aking kaya! A, pangahas! Ha, ha, ha, ha, ngayon mo makikilala.”	Saknong 544 “Nang sa inyo ba’y umalis nangako ka pang babalik? Nasayang ang panaginip, dito kita ililigpit.”	Saknong 545 “Ayoko ng angay-angay lumaban ka kung lalaban! Kung hangad mo yaring buhay hangad kong ikaw’y mapatay.”
Saknong 546 Nagpamook ang dalawa nagpaspasang parang sigwa, sa pingkian ng sandata ang apoy ay bumubuga!	Saknong 547 Sa mabuting kapalara’t sa Diyos na kalooban, ang higante ay napatay ng Prinsipeng si Don Juan.	Saknong 548 Nang patay na at sa lupa Ang higante ay bulagta, saka ganap na natuwa sa Donya Juanang mutya. ? Isalaysay ang pakikipaglaban ni Don Juan sa higante.
Saknong 549 Wala na ang kaniyang takot, sa galak at pagkalugod, inaliw ang kaniyang irog na nanghina rin sa pagod.	Saknong 550 Ang Prinsipe, kahit pagal masigla rin ang katawan, lalo na nang matitigan ang Prinsesang paraluman. pagal – pagod paraluman – babaeng magandang-maganda	Saknong 551 At masayang nagpahayag: “Prinsesa kong nililiyag kung ako man ay naghirap ikaw naman ang katumbas.”
Saknong 552 “Sukat na ang ikaw’y akin ako nama’y iyong giliw, maging dusa man at lagim sa akin ay aliw na rin.”	Saknong 553 “Kaya, halika na hirang at ang balon ay panawan, tayo na sa kaharian ng aking mga magulang.”	Saknong 554 “O, Don Juang aking sinta diyata’t aalis katang dito ay maiiwan pa ang bunso kong si Leonora?”
Saknong 555 “Si Leonora’y kapatid kong kasama sa balong ito, nariryan sa palasyong dito’y tanaw na tanaw mo.”	Saknong 556 “Parunan mo at sunduin ang ngalan ko ay sabihing siya’y parito ngayon din at ibig kong kausapin.”	Saknong 557 “Ngunit irog, may pangamba ang pagsundo mo sa kaniya; may tangkilik kay Leonora ay serpiyente, palamara.” palamara – traydor
Saknong 558 “Ang serpiyente ay matapang sanay siya sa pagpatay, pitong ulo, maputol man nasusugpong kapagkuwan.”	Saknong 559 “O, Don Juan, laking lunos ang sa aki’y lumulunod, muli ka pang makihamok ay ‘di ko na itutulot.”	Saknong 560 “Pangamba kong masawi ka’t pagkaawa kay Leonora, laso’t tinik na.. ewan ba kung pa’no kong mababata...”

Saknong 561 “Bakit бага yaring buhay saliwa sa kapalaran: lumigaya’y namamanglaw, mamanglaw ay kamatayan?”	Saknong 562 Hinagpis ni Donya Juana sa Prinsipe’y nagpasigla takot ay di nakilala’t sa sakuna’y tumalaga. ? Bakit ayaw ni Donya Juana na iwan ang palasyo sa ilalim ng balon?	Saknong 563 Nagpaalam, at ang wika: “Prinsesa kong kasi’t mutya, yaring buhay kung maaba palad ko na ang mawala.”
Saknong 564 “Ano’t ako’y masisindak kung ito ang aking palad? Ipaglilingkod yaring lakas mahamak kung mapahamak.”	Saknong 565 “Anong tamis ng mamatay kung lugod ng minamahal! Anong saklap ng mabuhay kung duwag na tuturingan!”	Saknong 566 “Huwag kang maghihilahil may awa ang Inang Birhen, sa magandang nasa natin ay di niya hahabagin.” maghihilahil – mabagabag, mag-alala

SI DONYA LEONORA AT ANG SERPIYENTE (Saknong 567–655)

Saknong 567 Lumakad nang patuluyan, puso’y walang agam-agam. Diyos ang tinatawagan sa daratnang kapalaran.	Saknong 568 Sa palasyo nang malapit bagong dilag ang sa titig bumihag nang labis-labis, para siyang nanaginip! dilag – magandang dalaga	Saknong 569 Sa palasyo’y nakadungaw si Leonorang matimtiman, ang Prinsipe nang matanaw biglang nagulumihanan. nagulumihanan – nalito, nagulo
Saknong 570 Nabigla itong Prinsesa sa taong kaniyang nakita, si Don Jua’y napatanga sa palasyong pagkaganda.	Saknong 571 Ang palasyo kung munti man ay malaking kayamanan, walang hindi gintong lantay ang doon ay tititigan.	Saknong 572 Palamuti sa bintana ay napakagandang mutya; perlas, rubing tila luha ng langit sa abang lupa!
Saknong 573 Sa gitna ng mga perlas tala manding namanaag si Leonorang pagkarilag, ang Prinsipe’y napakurap!	Saknong 574 Natikom ang kaniyang bibig dila ay parang napagkit, mga matang nakatitig alitaptap na namitig! ? Ano ang naramdaman ni Don Juan nang makita ang Prinsesa? Ilarawan.	Saknong 575 Kaya lamang nakahuma nang simulan ni Leonora: “O, pangahas, sino ka ba at ano ang iyong pita?” nakahuma – nakakibo, nakaimik pita – nais, gusto
Saknong 576 “Aba, palaba ng Buwan, Tala sa madaling-araw hingi ko’y kapatawaran sa aking kapangahasan.”	Saknong 577 “Sa mahal mong mga yapak alipin mo akong tapat, humahalik at ang hangad, maglingkod sa iyong dilag.”	Saknong 578 “Di mo бага nalalaman mapanganib iyang buhay; sa serpiyente kong matapang walang salang mamamatay?”

Saknong 579 “Mapanganib man ngang lubha ano pa ang magagawa, kung palad kong masaliwa tanggapin ang pagkadusta.”	Saknong 580 “Hindi gaanong masaklap na mapatay ng kalamas, sa akin ang dusa’t hrap, masawi sa iyong lingap.” ? Ano ang binigay na babala ni Prinsesa Leonora kay Don Juan? kalamas – kalaban, kaaway	Saknong 581 “Ikaw baga’y nagbibiro o ako’y sinisiphayo? Hayo’t dito ay lumayo taong lubhang mapaglako.”
Saknong 582 “Hindi kita kailangan ni makita sa harapan, umalis ka’t manghinayang sa makikitil mong buhay.”	Saknong 583 Ang Prinsipe’y di tuminag sa anyong kahabag-habag; idinaing din ang hrap ng pagsinta niyang tapat.	Saknong 584 “Pinopoon kong Prinsesa galit mo po ay magbawa, kung ako ma’y nagkasala ito’y dahil sa pagsinta.” magbawa – bawasan
Saknong 585 “Danga’t ako’y nagkapuso na pinukaw ng pagsuyo sa dilag mo’y kailan ko po matanggap ang pagsiphayo?”	Saknong 586 “Labis-labis ang paggalang sa iyo pong kamahalan, hingin man yaring buhay sa galit mo po ay kulang.”	Saknong 587 “Gasino na yaring palad na hamak sa lalong hamak, kung may daan pang tumaas nang sa iyo’y maging dapat.”
Saknong 588 “Sa iyong kapangyarihan sino kaya ang susuway? Ngunit ang ‘di ko malama’y ang gagawin kong pagpanaw.”	Saknong 589 “Suwayin ang iyong nais pinid sa akin ang langit; lumayo sa iyong titig hininga ko’y mapapatid.”	Saknong 590 “Sa gipit kong kalagayan walang hindi kasawian ikaw na Prinsesang mahal ang magbigay-kahatulan.”
Saknong 591 Itong mga huling hibik kay Leonora nang marinig nagmaliw ang angking galit, pagsinta’y napasadibidib. ? Ano ang naging pasiya ni Don Juan matapos itong balaan ng Prinsesa?	Saknong 592 Naawa’t sa pagkaawa, ang puso ay lumuluha, danga’t hindi nahihiya niyapos ang may dalita. dalita – hrap	Saknong 593 Lihim niyang pagkahabag sa titig naipahayag isang titig na malingap na langit na ng pagliyang.
Saknong 594 Saka masuyong lumapit sa Prinsipeng nahahapis, at ang wikang pagkatamis: “Di rin ako nakatiis..”	Saknong 595 Isang titig na mairrog matamis pa kaysa pulot, nang tumama sa maylunos sa puso nito tumagos.	Saknong 596 Nang tumagos na sa puso saka lamang napaghulong silang dati’y magkalayo sa sandali ay nabuo.

Saknong 597 Nabuo at nang huwag paglayuin ng pagsinta; ang magtaksil sa kanila sa Diyos ay may parusa. magtaksil – magtraydor	Saknong 598 Ito na nga ang bumasag sa katahimikang maluwat, si Don Juan ay tinawag ni Leonora sa itaas.	Saknong 599 “Prinsipe ikaw’y pumanhik dito na tayo magniig bahay ko ma’y ‘di marikit, payapa’t ‘di maligalig.”
Saknong 600 Sa Prinsipe ay nabuksan ang pinto ng kalangitan, noon niya naramdamang hirap niya’y nabihisan.	Saknong 601 “Prinsesa kong pinopoon, salamat sa pag-aampon, mag-utos ka’t umaayon itong lingkod mula ngayon.”	Saknong 602 “Unang ibig kong malaman kung paano mo natuklasan itong lihim kong tahanan sa liblib ng kabundukan?”
Saknong 603 “Prinsesa kong kasi’t mutya ang nangyari’y talinghaga hamak yaring aking dila na magsaysay ng himala.”	Saknong 604 “Isang gabing kalaliman na ako ay naghihimlay, ginising ng panagimpang balong ito ay tinuran.”	Saknong 605 “Ito anya ay lakbayi’t pagsikapan kong hanapin, magdusa mang sapin-sapin may ligayang tatamuhin.”
Saknong 606 “Narito raw yaong talang lunas sa aking dalita, talang ito ay ikaw nga O, Leonora kong mutya.”	Saknong 607 “Pagkat lihim itong balon sinong taong sakdal-dunong ang dito’y makatutulong, kundi Diyos ang may ampon?”	Saknong 608 “Sa Diyos na ngang talaga ang sa iyo’y pagkakita, kaya, mabunying Prinsesa, lunasan mo yaring dusa.”
Saknong 609 “Don Jua’y di ko nais habagin ka sa paghibik kung sa iyo ma’y nagalit subok lamang ng pag-ibig.”	Saknong 610 “Sinusubok ko nga lamang kung ang puso mo’y marangal, ugali ng alinlanga’t alaalang pagtaksilan.” ? Paano mo mailalarawan ang palitan ng pahayag nina Donya Leonora at Don Juan? Ang ganito bang pagliligawan ay nagaganap pa sa kasalukuyan? Sang-ayon ka ba sa ganito? Pangatwiran.	Saknong 611 “Pagkat marami sa puso talusira sa pangako, sa pagsinta’y mapagbiro’t matuwaing sumiphayo.” talusira – pagtalikod sa napag-usapan
Saknong 612 “Pipitasin ang bulaklak sa tangkay na nag-iingat, mahal habang ‘di pa kupas, ‘pag nalanta ay sa layak!” layak – tuyong dahon	Saknong 613 “Leonora kong minamahal, O, buhay ng aking buhay, sa puso ko’t katauha’y wala ka nang kalantahan.”	Saknong 614 “Bulaklak ka ng pag-ibig, pabango sa aking dibdib, tuwing ako’y mahahapis lunas na ang iyong titig.”
Saknong 615 “Sa pagtulog at paggising ikaw ang aking salamin, mata ko ma’y mangulimlim liwanag mo’y illawin.”	Saknong 616 “Kaya, pawiin na, giliw ko, alapaap sa puso mo, sa tibay ng iyong ‘oo’ ikaw ay aki’t ako’y iyo.”	Saknong 617 Pag-uusap na matamis ng magkasi ay napatid nang umugong at yumanig lupa’t palasyong matarik.

Saknong 618 Dumating yaong serpiyenteng kay Leonora'y may kandili, kakila-kilabot ang laki, umuungal na mabuti.	Saknong 619 Sa sindak ni Leonora napasigaw kapagdaka. "Don Juang kasi ko't sinta paano ang buhay nita?"	Saknong 620 Ang Prinsipe'y 'di umimik pinagbuti yaong tindig, ang serpiyente'y sinisilip sa gagawing 'di matuwid. 'di umimik – 'di nagsalita o 'di nagsabi
Saknong 621 Sa hagdanan, itong ahas pitong ulo'y nangagtaas, mga mata'y nandililat tiyak na may hinahanap.	Saknong 622 Pagalit na nagsalita: "Dito ay amoy manusya, Leonora, bakit kaya may tao'y ikinaila?"	Saknong 623 Dinaluhong ng Prinsipe ng espada ang serpiyente, kasabay ang pagsasabing: "Ang buhay mo'y mapuputi!"
Saknong 624 Sagot ng serpiyente'y ito: "Iyan ang hinahanap ko, magsisi ka at totoong makikitil ang buhay mo."	Saknong 625 Ang dalawa ay naglaban nagtagpo ang kapwa tapang, subalit sa kaliksihan namayani si Don Juan. ? Paano natalo ni Don Juan ang serpyente?	Saknong 626 Kaya't hindi nga malingkis, ang serpiyente'y nadaraig, tuwing sila'y maglalapit ang espada'y parang lintik.
Saknong 627 Mga sugat sa katawan ng ahas ay walang patlang, patuloy rin sa paglaba't parang walang kapansanan.	Saknong 628 Lalong nakapagtataka galing nitong dinadala, ulong putlin ng espada buhay ri't nasusugpong pa.	Saknong 629 Kaya't mahirap mapatay kahit sinong makalaban, kung wala ring kalaruang engkantong may kabagsikan.
Saknong 630 Ibig-ibig nang masindak ni Don Juang walang gulat pagkat kung tingnan ang ahas nag-iibayo ang dahas. ? Paano nakipaglaban si Don Juan sa serpyenteng nag-alaga kay Donya Leonora?	Saknong 631 Anhin man niyang malasin ahas na ibig patayin, may buhay na sapin-sapi't hindi yata makikitil.	Saknong 632 Dito na siya tumawag sa Diyos, Haring mataas, sa kabaka niyang ahas huwag namang mapahamak.
Saknong 633 Di man niya maigupo huwag siyang masiphayo, ni matigisan ng dugo't pagkatao'y maitayo.	Saknong 634 Mataimtim palibhasa ang pagtawag kay Bathala, sindak niya ay nawala't katapangan ay lumubha.	Saknong 635 Noon din ay naramdamang nawala ang kaniyang pagal, para bagang bago lamang sa ahas ay lumalaban.
Saknong 636 Lalo niyang nakilalang ang Diyos ay nasa kaniya nang hapuin ang kabaka hingi'y mamahinga muna.	Saknong 637 Sa tagal ng tatlong oras ng kanilang paglalamas, nakaramdam itong ahas sa katawan ng pulikat. paglalamas – paglalabanan	Saknong 638 At kung di muna titigil lakas niya'y uubusin, ano pa ang mararating kundi siya'y magupiling.

Saknong 639 Si Don Juan ay umayon ang sandata'y isinalong, ang ahas sa pagkatukol binayaang mahinahon.	Saknong 640 Noon ay siyang pagdungaw ni Leonorang nalulumbay, magiliw na tinawagan ang Prinsipe niyang mahal.	Saknong 641 “Don Juan ay naririto ang mabagsik na balsamo, na sa bawat isang ulong mapuputol, ibuhos mo.” mabagsik – matapang
Saknong 642 “Ulong putol na mabusan ay hindi na mabubuhay at siya nang pagkamatay ng serpiyenteng tampalasan.” ? Paano nakatulong si Prinsesa Leonora sa pagpatay sa serpyente?	Saknong 643 Nang makita ng serpiyente ang inabot ng Prinsipe, nanghilakbot ang sarili't ang galit ay 'di masabi.	Saknong 644 Pitong ulo'y itinaas, mga mata'y pinag-alab, lingkisin ang kaniyang hangad ang sa kaniya ay nagsukab.
Saknong 645 Sinibasib si Don Juan ito'y nakaigtad naman, at sa muling sagupaan ang serpiyente'y nagulapay. nagulapay – hirap na pagkilos	Saknong 646 Sa ulos na walang puknat, tagang winawasiwas, isa-isang natitigpas mga ulo nitong ahas.	Saknong 647 Anim na ang nangaputol katapanga'y nag-uulol, kung dumamba'y umuugong daluhong din nang daluhong.
Saknong 648 Malakas na nagsalita “Mag-ingat, mga kahila, sa galit ko't pagkadusta magugunaw itong lupa.”	Saknong 649 “Di ko kayo huhumpayan hanggang hindi mangamatay, ang ulo ko, iisa man ako ang magtatagumpay.”	Saknong 650 Ngunit pagkasawing-palad sumuko ang kaniyang dahas ulong isa ay natagpas ang serpiyente ay nautas.
Saknong 651 Sa gayon ay inakyat na ng Prinsipe si Leonora, “O marikit na Prinsesa tapos na ang iyong dusa.”	Saknong 652 “Halika na, aking giliw, balong ito ay lisanin, bagong lupa ang tunguhing sa iyo'y makaadliw.”	Saknong 653 Nanaog na ang dalawa nagdudumaling pumunta sa kapatid na Prinsesang naghihintay sa kanila.

MULING PAGTATAKSIL KAY DON JUAN (Saknong 656-697)

Saknong 654 Sabihin ang kagalakan ng dumating at dinatnan, halos hindi magkamayaw sa balitang maiinam. hindi magkamayaw – naguguluhan	Saknong 655 Hindi naman nag-abala't sa balo'y nagsiahon na, lalong laking pagsasaya nang batiin ng dalawa.	Saknong 656 Ang dalawa ni Don Pedro kapwa humangang totoo; gayon na ang pangimbulo kay Don Juang patotoo. pangimbulo – pagkainggit
--	---	---

Saknong 657 Lalo na nang ipahayag dinaanang mga hirap sampu ng pakikilamas sa Higante at sa ahas.	Saknong 658 Maganda man ang balita't dapat nilang ikatuwa, kay Don Pedrong puso't diwa bumuko ang ibang nasa.	Saknong 659 Nabihag ng kagandahan ni Leonorang matimtiman, ang Prinsesa kung titigan, titig na may kahulugan.
Saknong 660 Kay Don Jua'y naiinggit pagkat dito nakakapit, pagtatapon pa ng titig, ay sa mukha ng kapatid.	Saknong 661 Panibugho at ang imbot sa puso ay sumusunog, dibdib ay ibig pumutok sa sama ng kaniyang loob.	Saknong 662 Ang supling ng kasamaan nakakita rin ng daan, pagkat nagulumihan kay Leonora si Don Juan. ? Ano ang nagbunsod kay Don Pedro upang mapahamak si Don Juan?
Saknong 663 Nang sila'y lalakad nang pauwi sa Berbanya, saka na naalalang may naiwan ang Prinsesa.	Saknong 664 Sa pagmamadaling manaw sa balong pinanggagalingan yaong lobong kaaliwan ang tangi niyang nataglay.	Saknong 665 Nalimutan sa lamesa singsing na dyamante niya, siya pa namang mahalaga't pamana ng kaniyang ina.
Saknong 666 "Kung gayon," ani Don Juan, "Kayo dito ay maghintay, balo'y aking babalika't kukunin ko ang naiwan."	Saknong 667 "Giliw ko," anang Prinsesa, "ang singsing ko'y bayaan na, ang pagparoon mong mag-isa'y malaki kong alaala."	Saknong 668 "Huwag, Leonorang giliw, ang singsing mo'y dapat kunin kaya, dito ako'y hinti't kita'y pagbabalikan din."
Saknong 669 Si Don Jua'y nagtali na ng lubid sa baywang niya, nagpahugos sa dalawang kapatid niyang kasama. nagpahugos – nagpatihulog	Saknong 670 Ngunit laking kataksilan ng kapatid na panganay, lubid niyang tangan-tangan ay pinatid kapagkuwan.	Saknong 671 Nang patirin yaong lubid ay sasampung dipang lawit, kaya't anong masasapit ng tinaksil na kapatid?
Saknong 672 Di ang ito'y lumagpak sa lupa't batong matigas, sakali mang 'di mautas mga buto'y linsad-linsad. ? Paano muling pinagtaksilan ng kapatid si Don Juan? 'di mautas – 'di mapatay	Saknong 673 Nang makita ni Leonorang tinaksil ang kaniyang sinta, halos manaw ang hininga't sa balon ay tatalon na.	Saknong 674 Ngunit agad nahawakan ni Don Pedrong nakaabang, si Leonora'y hinimatay sa laki ng kalumbayan.

Saknong 675 Noong magkamalay-tao'y hawak pa rin ni Don Pedro, sa baywang at bisig nito'y pagkahigpit ang sapupo.	Saknong 676 Nagpipiglas ang Prinsesa sa kamay ng palamara, ngunit lalong hinigpit pa ang yapos ng bisig niya.	Saknong 677 Mga mata'y pinapungay, si Leonora'y dinaingan: "Prinsesa kong minamahal, aanhin mo si Don Juan?"
Saknong 678 "Ako nama'y nariritong umiibig din sa iyo, maging siya't maging ako iisa sa pagkatao."	Saknong 679 "Kapwa kami mayro'ng dangal Prinsipe ng aming bayan, pagkat ako ang panganay sa akin ang kaharian."	Saknong 680 "Kaya ikaw'y gagawin ko na Reyna sa aming reyno, lahat doo'y utusan mong sunod-sunuran sa iyo."
Saknong 681 "Kay Don Jua'y ano kaya ang ginhawang mapapala? Ang mamatay sa pagluha at mabuhay na kawawa."	Saknong 682 "Kaya nga, Prinsesang mahal pagsinta ko ay ayunan, pangako ko ngayon pa man Reyna ka ng kaharian."	Saknong 683 Si Leonora'y walang kibo dugo niya'y kumukulo, lason sa dibdib at puso kay Don Pedrong panunuyo.
Saknong 684 Ang nasok sa alaala nang ayaw bitiwang siya, yaong lobong engkantada, sa balon ay pawalan na.	Saknong 685 Lobo ay pinagbilinang: "Ang Prinsipe kung nasaktan gamutin mong madalia't siya'y aking hinihintay." ? Ano ang ibinilin ni Leonora sa kaniyang lobo?	Saknong 686 "Sabihin mong 'di ko ibig dito ang aming pag-alis, kami lamang ay pinilit ng taksil niyang kapatid."
Saknong 687 Palibhasa si Don Jua'y mutyang-mutya sa magulang, ang nangyaring kataksila'y nabatid sa panaginipan.	Saknong 688 Napanaginip ng Hari sa pag-idlip nang tanghali na sa isang yungib wari bunso niya'y itinali.	Saknong 689 Nang gapos na ang katawan ng lubid ng pagkatibay sinipa na't tinadyakan sa mukha pa ay tinampal.
Saknong 690 Walang sala't di salari'y ayaw namang patawarin, sa hukuman ng litisin, lagdang hatol ay patayin.	Saknong 691 Saka biglang itinulak sa banging kagulat-gulat, sa ilalim nang lumagpak ang hininga ay nautas.	Saknong 692 At siya nang pagkapukaw nitong Hari sa hihigan, ang puso at gunamgunam sapupo ng kalumbayan. gunamgunam – pag-iisip sa mga bagay na dapat gawin o ang pagwawari
Saknong 693 Gayon man ang panaginip naadliw rin ang dibdib sinisikap na maalís ang sindak sa kaniyang isip.	Saknong 694 Nanunton ang kalooban sa matandang kasabihang: Madalas na magbulaan ang sa taong panaginipan. ? Sa labis na pagmamahal ng hari sa bunsong anak, ito ay kaniyang napanaginipan. Ano ang kaniyang panaginip?	Saknong 695 "Ano бага't gagayunin ang bunso kong ginigiliw, ito nama'y di salarin na marapat pagbayarin?"

KAHILINGAN NI DONYA LEONORA SA HARI NG BERBANYA
(Saknong 698–730)

Saknong 696 “Ang bunso kong si Don Juan may loob na malumanay, matapat sa kaibiga’t uliran sa kabaitan.” malumanay – mahinahon	Saknong 697 “Kaya’t kung may maglililo sadyang taksil na lang ito, huwag nawang magtotoo malupit na pangarap ko.	Saknong 698 Sa ganitong pagbubulay ang Hari ay napadungaw, sa malayo’y natanawan ang anak niyang panganay. pagbubulay – malalim at nakapokus na pag-iisip ng tao o pagninilay-nilay hinggil sa kaniyang nakalipas
Saknong 699 Sa lakara’y siyang una’t natatakpan ang kasama, inasahang naroon na bunsong nawalay sa mata.	Saknong 700 Sa laki ng kagalakan, madlang lungkot ay naparam, malayo pa’y inaasam na yakapin si Don Juan.	Saknong 701 Ngunit anong dusa’t sakit nang sa mata’y mapalapit, wala rin ang ninanais nabuhay ang panaginip.
Saknong 702 Kaya’t ‘di rin nasiyahan sa dalawang inutusan, bagama’t may kaalakbay na dalawang kagandahan.	Saknong 703 Malungkot na sumalubong at may luha nang magtanong: “Ano kayo ay naglaon sa bundok at mga burol?”	Saknong 704 Sagot ng dalawang anak: “Ama naming nililiyag, sinagasa naming hirap ‘di masayod ipangusap.”
Saknong 705 “Walang burol, nayo’t bundok na ‘di namin nahalughog siniyasat bawat tumok mga sapa, batis, ilog.”	Saknong 706 “Di rin namin nasumpungan ang bunso mong minamahal at sa aming kapaguran ito po ang natagpuan.”	Saknong 707 “Magkapatid na Prinsesang sa balon po nagtitira nilusong naming dalawa balong ito’y engkantada.”
Saknong 708 “Doo’y aming nakalaban dalawang ganid sa parang, ang higitang mamamatay at serpiyenteng tampalasan.”	Saknong 709 “Sa amin pong mga kalis tapang nila ay nagahis, sa kay kaka namang bagsik buhay nila’y nangapatid.” nangapatid – nawala	Saknong 710 “Nang mapatay namin sila iniuwi ang Prinsesa nang aming mapangasawa’t mapabilang sa Berbanya.” ? Ano ang ibinigay na kadahilanan ng magkapatid na Don Pedro at Don Diego nang hinanap ng hari ang bunsong anak?
Saknong 711 Haring mayro’ng kalungkutan sa balitang napakinggan dili hindi nasiyahan sa anak na katapangan.	Saknong 712 Binedisyunang puspos mga anak niyang irog, at ang sabi: “O, sa Diyos pasalamat kayong lubos.”	Saknong 713 Saka naman nilihim na ukol sa pag-aasawa, si Don Pedro’y nagpauna’t ganito ang parirala:

Saknong 714 “Amang makapangyarihan, puno nitong kaharian ang iyo pong kalooban siya naming igagalang.”	Saknong 715 “Kung ako po’y tatanungin si Leonora na ang akin; si Don Diego’y ikasal din kay Donya Juanang butihin.” ? Ano ang hiniling ng mga Prinsipe sa hari?	Saknong 716 Nang marinig si Leonora kayarian ng mag-ama, lumuluhang lumuhod na at sa hari’y may pinita.
Saknong 717 “Ako po’y di sumusuway sa atas mo, haring mahal, ngunit isang kahilingang iliban muna ang kasal.”	Saknong 718 “Sa aki’y ipahintulot ng mahal mong pagkukupkop, na bayaan kong matapos yaring panata ko sa Diyos.”	Saknong 719 “Mulang ako’y maulila sa akin pong ama’t ina, pitong taon kong panatang mamumuhay nang mag-isa.”
Saknong 720 “Hinihiling ko rin naman sa inyo pong kamahalan, isang silid ako’y bigyan na sadya kong tutulugan.”	Saknong 721 “Matapos ko ang panata, Haring bunyi sa Berbanya sa anak mong pinipita, handa akong tumalima.” ? Ano ang hiniling ni Prinsesa Leonora sa Amang Hari matapos ang hiling ng Prinsipe?	Saknong 722 “Kaya, haring matangkakal di man dapat sa kalakhan, kung ito po’y kasalanan patawad mo’y aking hintay.” matangkakal – matulungin
Saknong 723 Palibhasa’y mahalaga itong hiling ng Prinsesa, may ibig mang itanong pa Hari’y di na nakahuma.	Saknong 724 Napaglining sa sariling kasalanang pagkalaki na ang nasang sakdal-buti ay tugunin ng pagtangi.	Saknong 725 Ilang saglit ang nagdaang hari’y naggugunamgunam, tumingala at pagkuwa’y mga anak ay minasdan.
Saknong 726 Kasabay ang pagwiwikang: “Mga bunsong minumutya, huwag tayong sumaliwa sa mabubuting akala.”	Saknong 727 “Pairugan si Leonorang magpatuloy sa panata; Pedro’y pasasaan bagang di matupad iyang pita.”	Saknong 728 “Tibayan ang kalooba’t dagdagan ang kabaitan, taong nagpapakabanal huwag pagmamalaswaan.”

ANG HABILIN SA MAHIWAGANG LOBO
(Saknong 731-778)

Saknong 729 “Ikaw naman, Donya Juana anak kong pangalawa kasal ninyo ay handa na pati ang gagawing pista.”	Saknong 730 Siyam na araw na singkad buong reyno ay nagalak, maginoo’t mga hamak sa kasala’y nagyayakap.	Saknong 731 Nagtatalik ang Berbanya sa ginawa niyang pista samantalang sa Armenya si Don Jua’y nagdurusa. ? Ang kaharian ng Berbanya ay nagdiriwang sa kasal nina Don Diego at Donya Juana. Ano naman ang nangyayari kay Don Juan?
---	---	---

Saknong 732 Nang abutan niyong lobo katawan ay lunung-luno, lasog pati mga buto't dugo'y nunukal sa ulo. nunukal – aagos, lilitaw	Saknong 733 Pinagyaman ang Prinsipe, sa higa ay pinagbuti, kumuha ng tatlong bote at lumipad na maliksi.	Saknong 734 Tatlong bote ay nadala dalawa ang nasa paa, kagat ng bibig ang isa't llog-Herdan ang tinumpa.
Saknong 735 Salamat at nalilibang ang sa ilog ay may bantay, tatlong bote ay nalagyan ng tubig na kagamutan.	Saknong 736 Bawal sumalok ng tubig kaya't ang lobo'y nang-umit gayon man nga'y 'di nalingid sa bantay na anong sungit.	Saknong 737 Lobo'y agad nang hinabol ngunit pa'nong masusukol, pagkakasalok ay tumalon sa bangin ng isang burol.
Saknong 738 Mula rito ay palingid kay Don Juan ay bumalik, at ang kaniyang dalang tubig sa Prinsipe'y ipinahid.	Saknong 739 Buong suyong pinahiran bawat pasa ng katawan, gayon din ang mga pilay na malubha at hindi man. ? Paano inilagaan ng lobo si Don Juan?	Saknong 740 Prinsipe'y agad lumakas nabahaw ang mga sugat, nakatindig at ang gilás ngayon ay lalong tumingkad.
Saknong 741 Sa laki ng katuwaan ang lobo ay nilapitan, niyakap at pinagyamang parang batang minamahal.	Saknong 742 Lobo'y para namang batang kumandong nang buong tuwa, humilig pa nang bahagya sa bisig nang may kalinga. ? Paano ipinakita ng Prinsipe ang kaniyang pasasalamat sa lobong tumulong?	Saknong 743 Pinagmalas na mainam yaong mukha ni Don Juan, sa anyo'y ipinaalam ang malaking pagmamahal.
Saknong 744 Matapos ang pagmamalas tumindig na mabanayad si Don Juan ay hinarap na ang mata'y walang kurap.	Saknong 745 Nagunita ni Don Juan ang singsing ng kaniyang hirang "Aba't ako ay nalibang sa pagkuha sa naiwan."	Saknong 746 Kaya't sa palasyo'y nakyat at nanaog naman agad, Lobo'y naro'n at panatag sa paghihintay sa labas.
Saknong 747 Sa tulong din nitong lobo na may mabisang engkanto, walang hirap na gaanong sa balon ay nakayao.	Saknong 748 Nang sumapit sa ibabaw, Lobo'y agad nagpaalam, iniwan na si Don Jua't lumiblib sa kabundukan.	Saknong 749 Dili ang hindi nabakla ang Prinsipe nang mag-isa, kaya't agad lumuhod na't sa Diyos napakalara.
Saknong 750 "O Diyos, Haring mataas, Panginoon naming lahat, sa alipin Mo'y mahabag na ituro yaong landas." Sino ang tinawag ni Don Juan sa oras ng pag-iisa?	Saknong 751 "Yao landas na matuwid at ligtas po sa panganib O, ama kong iniibig kasihan ka rin ng Langit!"	Saknong 752 Niyari sa kalooban umuwi na sa kaniyang bayan, puso niya'y nalulumbay sa malaong pagkawalay. nalulumbay – nalulungkot

Saknong 753 Nag-inot na nang paglakad kabundukan ay tinahak, ang bagtasa'y hinahanap nang makarating agad.	Saknong 754 Ngunit siya ay dinalaw ng malaking kapaguran, humanap ng masilungang ligtas sa init ng araw.	Saknong 755 Sa isang punungkahoy na malaki't mayamungmong, humilig nang mahinahon hanggang magdarapithapon.
Saknong 756 Pagkat labis yaong pagal 'di naglaon at nahimlay, pati na ang kagutuman ay hindi na naramdaman.	Saknong 757 Nakatulog nang mahimbing patay wari ang kahambing bakit ang simoy ng hangin sa may dusa'y isang aliw.	Saknong 758 Sa kaniyang pagkagulaylay ang Adarna ay dumatal, ang Prinsipe'y natanawa't agad nakilala naman.
Saknong 759 Pagdapo sa punungkahoy namayagpag na ang ibon, balahibong unang suson hinunos na di nalaon.	Saknong 760 Nang malabas yaong bago na makislap na karbungko, kay Don Juan at tumungo't minulan ang awit dito. karbungko – uri ng mahalagang bato na kulay matingkad na pula	Saknong 761 “O, Prinsipe ng Berbanya, katoto kong sinisinta, sa tulog mo'y gumising ka't ako ay may ibabadya.”
Saknong 762 Sa tinig na mataginting si Don Juan ay nagising, tuwa, lugod at paggiliw sa Adarna nang mapansin.	Saknong 763 Pinakinggan ang pagkantang lalong kaaliwan niya, sa sarili'y nasabi pang “Tila ito'y langit ko na!”	Saknong 764 “Anong haba na ng araw ang sa ati'y namagitan mulang tayo'y maghiwalay sa Berbanyang iyong bayan.”
Saknong 765 “Kung ako man ay umalis 'di sa iyo'y hinanakit manapa nga'y sa pag-ibig maligtas ka sa pasakit.” ? Ano ang dahilan ng Ibong Adarna na iwan ang kaharian?	Saknong 766 “Salamat at hawla lamang ang naisip nilang buksan, ang talagang pinapakay ikaw't ako'y mapatay.”	Saknong 767 “Ngunit anhin pa ba natin ang nagdaa'y sariwain, ang marapat ngayong gawin, ligaya mo ay hanapin.”
Saknong 768 “Limutin sa alaala ang giliw mong si Leonora dito ay may lalalo pa sa karangalan at ganda.”	Saknong 769 “Malayo nga lamang dito ang kinalalagyang reyno, gayon pa man, Prinsipe ko, pagpagurang labbayin mo.”	Saknong 770 Bayang kaniyang tinitirhan sa ganda ay hahangaan, isang sadyang kaharian sa dako ng silangan.
Saknong 771 “Sila'y tatlong magkapatid nag-aagawan sa dikit, tatlong mutya ng pag-ibig sa mundo'y walang kaparis.”	Saknong 772 “Sila'y anak ni Salermo, Hari sa nasabing reyno, kapwa hari't maginoo'y gumagalang na totoo.”	Saknong 773 “Sa tatlo'y iyong piliin si Maria Blancang butihin, ganda nito ay tantuin daig ang talang nagniningning.”

Saknong 774 “Dalawang kapatid niya’y si Isabel at si Juana, una’y tala sa umaga’t bituin ang pangalawa.”	Saknong 775 “Kaya hayo na, Don Juan, sa Reyno ng de los Cristales, iyong ipagkakarangal sa ama mong minamahal.”	Saknong 776 Awit ng Ibong Adarna tinapos sa pagbabadyang: “Don Juan, huwag mangamba sa hirap at mga dusa.”
---	--	---

PAYO NG IBONG ADARNA KAY DON JUAN
(Saknong 779–831)

Saknong 777 “Mandalig kang walang hirap na di nagtatamong-palad pagmasdan mo’t yaong ulap hinahawi ng liwanag.”	Saknong 778 Sa payo nitong Adarna, ang Prinsipe’y lumakad na, nalimutan si Leonora’t puso’y na kay Maria Blanca.	Saknong 779 Samantalang si Don Ju’a’y patungo sa de los Cristales, si Leonorang matimtiman araw-gabi’y nalulumbay. nalulumbay – nalulungkot
Saknong 780 Araw gabi’y tumatangis sa kinalalagyang silid, walang laging nasasambit kundi si Don Juang ibig.	Saknong 781 “O, kasi ko’t aking buhay lunas nitong dusa’t lumbay ano’t ‘di ka dumaratal, ikaw kaya’y napasaan?”	Saknong 782 “Hindi ka na nabalisa, gayong ako’y nasa dusa, walang gabi at umagang ‘di ikaw ang aking pita?”
Saknong 783 “Ano’t iyong natitiis ako, sa ganitong sakit di ba’t ikaw, aking ibig ang aliw ko kung may hapis?”	Saknong 784 “Di ba tunay, aking giliw, pangako mong walang maliw ako’y iyong mamahalin, ano ngayo’ di mo pa tupdin?”	Saknong 785 “Pitong taong pag-iisa hiningi sa iyong ama, upang kung dumating ka mabihis mo yaring dusa.”
Saknong 786 “Pagkat ‘di ko matatanggap makasal sa hindi liyag, buhay ko man ay mautas pagsinta ko’y iyong hawak.”	Saknong 787 “Kung narito ka, Don Ju’a’t makikita yaring lagay, ang dibdib mo kahit bakal madudurog din sa lumbay.”	Saknong 788 “Bakit nga ba hindi, irog lalo pa kung matatalos, ang hinagpis at himutok kayakap ko sa pagtulog.” ? Ano ang paghihinagpis ni Prinsesa Leonora?
Saknong 789 “Ayaw akong bigyang-laya’t munting ako’y mapayapa panabay nang mayro’ng iwa sa dibdib ko, puso’t diwa.”	Saknong 790 “Iwang pagkaantak-antak may mabagsik na kamandag, kamandag na umuutas sa buhay kong kulang palad.”	Saknong 791 “Kaya lamang di mapatay yaring mahina kong buhay, ay pananggol kong matibay ang pagsinta mong dalisay.”
Saknong 792 “Pag-asa ko aking giliw buhay ka at darating din, darating ka’t hahanguin si Leonora sa hilahil.”	Saknong 793 “Pagkat kung di ka binuhay ng lobo kong pinawalan, kaluluwa mo man lamang sana sa aki’y dumadalaw.”	Saknong 794 Pananaghoy ni Leonora Pa’nong maririnig бага, si Don Ju’a’y malayo na’t di na siya alaala.

Saknong 795 Tatlong taong naglalakad sa parang at mga gubat, masigasig ang paghanap sa reynong kaniyang pangarap.	Saknong 796 Ngunit laging naliligaw nalalayo yaong daan, tila bawat gawing hakbang palayo sa de los Cristales.	Saknong 797 Diwa'y sa awa ng Diyos sa Prinsipeng napalaot, sa libis ng isang bundok may matandang sa-sisipot.
Saknong 798 Nilapitan ang matanda, buong suyong napaawa, siya nama'y kindinga't dininig sa ninanasa.	Saknong 799 "Tanda, ako'y kaawaang iligtas sa kagutuman kung may dala kayo riyan ako po'y iyong limusan."	Saknong 800 "Ako ay may nasa supot tinapay na durug-durog, ikaw na nga ang dumukot kumain ka't nang mabusog."
Saknong 801 Ang tinapay ay maitim durog pa nga at bukbukin, sa Prinsipeng pagkatingin nakasusuklam na kanin.	Saknong 802 Ngunit sa taong may gutom matigas ma't lumang tutong kung nguyain at malulon parang bagong pirurutong. pirurutong – isang pagkaing gawa sa malagkit na bigas. Tinatawag din itong tapol sa mga Visayan. Matingkad na ube ang kulay nito na halos magmukhang kulay itim na. Ito ay karaniwan at tradisyunal na panghimagas tuwing Pasko.	Saknong 803 Ganito nga ang nangyari takang-taka ang Prinsipe, yaong kaniyang pandidiri isinumpa at nagsisi.
Saknong 804 Ang maitim na tinapay bukbukin at lumang tunay, ang sarap at linamnam parang kaluluto lamang! Laging naliligaw si Don Juan patungong Reyna Delos Cristales. Nang masalubong ang isang matanda, ano ang kaniyang hiningi?	Saknong 805 Noon niya nakilala na sa luma't pangit pala tao'y huwag pakaasang walang tamis, walang ganda.	Saknong 806 Nang makain ang tinapay ang matanda ay nagsaysay: "Nang ikaw ay masiyahan ito ang pulut-pukyutan."
Saknong 807 "At diyan sa isang bumbong may tubig kang maiinom ingatan lang na matapon upang ako'y may mabaon."	Saknong 808 "Kay haba pa at matagal yaring aking paglalakbay, mahirap ang maubusan lalo't walang masalukan."	Saknong 809 Sa bumbong ay tumungga si Don Juan ay masaya nakaramdam ng ginhawang laong nawala sa kaniya. tumungga – uminom
Saknong 810 Bumbong na kinalalagya'y isang biyas na kawayan, sa laki ng kaniyang uhaw kulang pa nga yaong laman.	Saknong 811 Kaya't siya ay nagturing: "Nunong lubhang maawain ipatawad po sa aking tubig ninyo ay ubusin."	Saknong 812 "Sa laki ng aking uhaw ubusin man po ay kulang, nanunuyong lalamunan tila бага sinasakal."

Saknong 813 “Don Juan, iyong inumin kung siya mong nahihiling, di mo sukat na isipin ang hinampo kung sa akin.”	Saknong 814 “Ano yaon kung maubos kung ikaw ay mabubusog, marahil naman sa bundok may tubig ding masasalok.”	Saknong 815 Ininom na yaong tubig kristal waring anong linis! Malinamnam at ang lamig sa dibdib ay gumuguhit!
Saknong 816 Wala siyang itinira kapatak ma’y sinaid na, ngunit laking pagtataka puno pa rin nang makita!	Saknong 817 ‘Di nakaya ng akala natarukin ang hiwaga, sa sarili ay nawikang “Ito’y isang talinghaga!”	Saknong 818 “Di sasala ang kuro kong ito’y marunong na tao, kung hindi ma’y may engkanto dapat hangaan sa mundo.”
Saknong 819 Pagtataka ni Don Juan ay batid ng kapanayam ayaw niyang ipamalay, pangit sa may karangalan.	Saknong 820 Higit pa rin ang Prinsipe mag-usisa’y di mangyari, nangingimi ang sarili na umanyong isang imbi.	Saknong 821 Kaya nga nang magsalita inilihis sa akala ugali ng mga bata na magtanong sa matanda.
Saknong 822 “Nuno’y iyo pong talastas ang dalita kong kayakap, sa pautang ninyong habag ako’y nagpapasalamat.”	Saknong 823 “Di man nga po makaganti may araw pang nalalabi, dalangin ko ay mangyaring matulungan ka sa huli.”	Saknong 824 “Huwag nawang ipalagay na kawalan kong paggalang, may isa pang kahilingan, yaring abang kalagayan.”
Saknong 825 “Ano yaon, aking bunso, sabihin mo’t nang matanto kung kaya ng aking kuro maluwag kong ituturo.”	Saknong 826 “Ako po ay naglalakbay patungo sa de los Cristales, marami nang naraana’y di ko pa rin matagpuan.”	Saknong 827 “Hesus na Panginoon ko, sa paglalakad kong ito, sandaang taon nang husto bayang yaon ay, ewan ko!”
Saknong 828 “Ngunit kita’y tuturuan, bundok na yao’y parunan, mula rito ay tandaan nasa ikapitong hanay.”	Saknong 829 “Doon ay may Ermitanyo na sasalubong sa iyo, kapisang barong ito sa kaniya’y ipakita mo.”	Saknong 830 “Kung ikaw ay tatanungin kung kanino ito galing ang tangi mong sasabihi’y sa matanda pong sugatin.”

ANG PANAGHOY NI DONYA LEONORA
(Saknong 832-855)

Saknong 831 “Kaya hayo na, Don Juan, kay layo ng paruruan, didilimin ka sa daan tatahaki’y anong sukal.”  Ano-ano ang ibinilin ng ermitanyo kay Don Juan?	Saknong 832 Si Don Jua’y naglalakad, sa landasing madadawag; kay Leonora’y nag-uulap ang langit ng kaniyang palad.	Saknong 833 Sa silid ay nag-iisa kaurali’y mga dusa, maningning niyang mga mata sa luha’y nanlalabo na.
--	---	--

Saknong 834 Si Don Pedro kung dumalaw akala na'y si Don Juan, pag di ito ang namasdan, pinto niya'y ayaw buksan.	Saknong 835 Kaya malimit magalit si Don Pedrong nananabik, kung di lamang nagtitiis hinamak na yaong silid.	Saknong 836 Dibdib niya'y nawawalat tuwing kaniyang minamalas si Leonora'y umiiyak si Don Ju'a'y tinatawag.
Saknong 837 Lalo na kung nakikitang sa kapatid at 'di kaniya ang larawang sinasamba ng may hapis na Prinsesa.	Saknong 838 Kung hindi nga kagaspanga't alangan sa kamahalan, ang apoy ng kagalita'y ibinunto sa larawan. kagaspangan – walang kagandahang-asal	Saknong 839 At sa buong pagngingitngit ay madalas pang masambit: “pag nabigo yaring nais, hahamakin pati lintik.”
Saknong 840 Malimit na magkasaliw ang dalawa sa pagdaing; magkalaban ang damdamin; sa pagluha ay gayun din.	Saknong 841 Ang himutok ni Don Pedro: “Leonora pinopoon ko, 'di na kaya magbabago katigasan ng puso mo?”	Saknong 842 Hibik naman ng Prinsesa: “Don Juan kong tanging sinta, malagot man ang hininga, iyung-iyong si Leonora.”
Saknong 843 “Prinsesa kong minamahal pawin ang kalumbayan, hindi kita babayaa't pag-ibig ko'y walang hanggan.”	Saknong 844 “Hindi mo ba nababatid Don Juan kong iniibig itong lilo mong kapatid sa ayaw ay namimilit?” ? Ano ang dahilan ng pagluha ni Leonora?	Saknong 845 “Ako'y hindi isang lilo, dakila ang pagsinta ko, lilo pa ba akong itong matapat na alipin mo?”
Saknong 846 “O, Don Juan, bakit baga hanggang ngayon ay wala ka, 'di mo kaya natatayang dito'y hinihintay kita?”	Saknong 847 “Ano pa ang kailangan, ako'y naririto naman? Ang ligayang hinihintay nasa aking pagmamahal.”	Saknong 848 “Tatlong taon nang mahigit yaring aking pagtitiis maatim kaya ng dibdib na makasal sa 'di ibig?”
Saknong 849 “Tatlong taon na rin lamang kayapos ko'y agam-agam, araw-gabi'y inaasam ang masaya nating araw.” ? Paano ipinamalas ni Don Pedro ang pagtitiyaga sa kaniyang iniibig?	Saknong 850 “Kung nasawi ka sa balon, bakit kaya nagkagayon? Lobo'y saan naparoon at wala rin hanggang ngayon?”	Saknong 851 “Di nakita mo na, giliw, pati Lobo ay nagmaliw, ang nangyari'y saksi na rin na talagang ikaw'y akin.” saksi – taong nakakita ng isang pangyayari o trahedya
Saknong 852 “Ito'y huli't katapusan ng pagtawag ko, Don Juan, kung kulanging kapalaran ako'y di mo na daratnan.”	Saknong 853 “Huli nating alaala kay Don Juan namatay na, habang tayo'y hiwalay pa ipagluksa natin siya.”	Saknong 854 “Paalam na, O, Don Juan si Leonora ay paalam, kung talagang ika'y patay magkita sa ibang buhay.”

ANG PAGLALAKBAY NI DON JUAN
(Saknong 856–935)

Saknong 855 “Ako’y paalam na muna minamahal kong Leonora, hihintin ko ang araw tang bibihis sa ating dusa.”	Saknong 856 Ang Prinsesa’y nanahimik sa malungkot niyang silid, si Don Pedro ay umalis na may sugat din sa dibdib.	Saknong 857 Samantala, si Don Juan na sakbibí rin ng lumbay sa bundok at kaparangan paglakad ay hinay-hinay.
Saknong 858 Limang buwang paglalakad pitong bundok ang binagtas, pitong dusa’t pitong hrap bago sinapit ang hangad. ? Ano ang naranasan ni Don Juan bago marating ang nais?	Saknong 859 Doon ay kaniyang dinatnan isang Ermitanyong mahal, balbas ay hanggang baywang kasindak-sindak pagmasdan. ? Sino ang dinatnan ni Don Juan sa bundok?	Saknong 860 Pagkakita sa Prinsipe ang matanda ay pumiksi: “Ikaw tuksong pagkalaki, lumayo sa aking tabi.”
Saknong 861 “Dito’y mahaba nang araw na ako’y nananahan sa tahimik kong pamumuhay walang taong nakaalam.”	Saknong 862 “Nuno’y huwag pong mamangha,” anang Prinsipeng kawawa, “ang akin pong pagsasadya’y sa utos din ng Matanda.”	Saknong 863 “Narito po’t aking dala kapisasong baro niya, na siya pong magbabadya niring marangal kong pita.”
Saknong 864 Nakita ang dalang baro Ermitanyo’y napatango, noon niya napaghulo na mali ang kaniyang kuro.	Saknong 865 Hinagkan na’t tinangisan yaong barong kaniyang tangan, luha sa mata’y bumukal agos ang nakakabagay.	Saknong 866 At nagwika ng ganito: “Hesus na Panginoon ko, isang galak ko na itong pagkakita sa baro Mo.”
Saknong 867 “Ngunit ang di ko makita’y katawan Mong mapaninta; di ko nababayaran pa ang aking nagawang sala.”	Saknong 868 Sa dibdib ay inilagay kapisasong barong mahal saka dagling binalingan ang prinsipeng si Don Juan. ? Ano ang ipinakita ni Don Juan sa ermitanyo? Ano ang kaniyang naging reaksiyon?	Saknong 869 “Ano бага ang sadya mo sa iyong pagkaparito?” “Marangal na Ermitanyo, hangad ko po’y tulong ninyo.”
Saknong 870 “Tinutunton ko pong pilit ang Reyno de los Cristales kahariang sakdal-dikit kayo ang nakababatid.”	Saknong 871 “Hesus na Panginoon ko, limang dantaon na akong naninirahan dito’t malayo sa mga tao.”	Saknong 872 “Wala akong pagkaalam sa hanap mong kaharian, gayon man nga ay maghintay baka kita’y matulungan.”

Saknong 873 “Tingnan kung sa aking sakop mga hayop kong mapaglibot, kung kanilang naabot, kahariang Cristalinós.” ? Paano nakatulong ang ermitanyo kay Don Juan upang matunton ang Reyno De los Cristales?	Saknong 874 Sa pinto ay lumapit na't kampana'y tinugtug niya, nagsidating kapagdaka madlang hayop sa Armenya.	Saknong 875 Sa tanang nagkakapisan na lahat niyang pamilyar ay nagtanong kapagkuwan itong Ermitanyong mahal:
Saknong 876 “Sa inyong mga paglibot sa kaparangan at bundok, sino ang nakatatalos sa reyno ng Cristalinós?”	Saknong 877 Ang sagot ng kalahatan: “Panginoon naming mahal, wala kaming kaalaman sa hanap na kaharian.”	Saknong 878 Maging yaong Olikornyo na hari nilang totoo, walang masabi mang ano sa hinahanap na reyno.
Saknong 879 Gayunman ay walang imik si Don Juang mapagtiis buo rin ang pananalig na di siya malilihis.	Saknong 880 “Don Juan, narinig mo,” ang wika ng Ermitanyo, “ni ang mga pamilyar ko walang masabi mang ano.”	Saknong 881 “Ngayon kita'y tuturuan, sa ikapitong bundok na 'yan sundin sanang mahusay, may matanda kang daratnan.”
Saknong 882 “Itong baro ko'y dalhin mo ibigay sa Ermitanyong, baka sakali ngang ito ang makatulong sa iyo.”	Saknong 883 Noon din nga'y inatasan nitong Ermitanyong mahal ang Olikornyo niyang hirang na ihatid si Don Juan.	Saknong 884 “Ang Prinsipe'y ihatid mo sa bahay ng kapatid ko, magbalik ka agad dito't nang hindi mainip ako.”
Saknong 885 Ang Prinsipe ay sumakay sa likod ng ibong hirang: sa sandali ay dumatal sa sadyang patutunguhan.	Saknong 886 Pagkababa'y nagtuloy na sa marikit na ermita nang sa Ermitanyong makita siya'y tinanong pagdaka:	Saknong 887 “Ikaw бага kaya'y sino pangahas at manunukso? matagal na ako rito'y walang nakikitang tao.”
Saknong 888 Tugon nitong si Don Juan “Ermitanyong sakdal mahal loob mo po ay mahusay ako'y hindi salanggapang.” salanggapang – sinungaling, pilyo	Saknong 889 “Narito po't tingnan ninyo kapisasong barong ito, may padala'y Ermitanyong sa aki'y nagpaparito.”	Saknong 890 Sa Ermitanyo nang makita ang damit na mahalaga Prinsipe'y pinalapit na't inabot ang barong dala.
Saknong 891 Pagkaabot ay hinagkan, buong suyong tinangisan, wikang kaniyang binitiya'y kalunus-lunos pakinggan.	Saknong 892 “O, Diyos na darakila ito'y isa Mong himala, sa dunong Mo'y sino kaya ang maaaring humula?”	Saknong 893 “Hamak yaring katauhan, maging itong karanasan, kaya Panginoong mahal diwa ko ay liwanagan.”

Saknong 894 “Tao ngayo’y kaharap ko kung di ko man mapagsino, sukat na sa himala Mo, makilalang maginoo.”	Saknong 895 Samantala, si Don Juan sa gayon niyang napakinggan, pagtataka’y gayon lamang sa sarili ay namanglaw.	Saknong 896 Hinangaan at nagtaka sa Ermitanyong nakita katandaa’y humigit pa sa nakausap na una.
Saknong 897 Ang balbas nito sa haba sumasayad na sa lupa, balahibo’y mahahaba’t mapuputi namang pawa.	Saknong 898 Ang matandang Ermitanyo ay nagtanong ng ganito: “Sino ba ang kinunan mo ng mahal na barong ito?”	Saknong 899 Kay Don Juan namang badya: “Nasabi ko na po kanina, ang sa aki’y may-padala’y Ermitanyong matanda na.” ? Ano ang ipinakita ni Don Juan sa ermitanyo upang siya ay tulungan?
Saknong 900 “Kung gayon ay sabihin, Prinsipe, ang sadya rito, kung sa akala’y kaya ko ako’y handang sumaiyo.”	Saknong 901 Ang pahayag ni Don Juan: “Nuno, ako’y kahabagan, sadya ko po ay malaman yaong Reyno de los Cristales.”	Saknong 902 Napatungo ang matanda na kumakapak ang baba, ang paningi’y nasa lupa’t matagal na naghahaka.
Saknong 903 Pagkatapos ay ganito ang sabi ng Ermitanyo; “Walong daang taong husto ang paninirahan ko rito.”	Saknong 904 “Ngunit walang kaalaman sa Reyno ng de los Cristales, ang hanap mong kaharian ewan ko kung matagpuan.”	Saknong 905 “Tingnan kung sa aking sakop mga ibong nasa bundok, kung kanilang naabot, ang Reyno ng Cristalinós” ? Ano ang naging tulong ng ermitanyo kay Don Juan?
Saknong 906 Lumapit na sa pintua’t ang kampana’y pinaangal, tanang ibo’y nagsidatal nagkatipon sa harapan.	Saknong 907 Nagsihanay nang maayos ang laki ay sunod-sunod mga ulo’y nakayukod, naghintay sa iuutos.	Saknong 908 Tinanong ang buong kawan: “Sa mahabang paglalakbay, sino ang nakaalam sa Reyno ng de los Cristales?”
Saknong 909 Ang sagot na maliwanag: “Di po namin natatatap, malayo pong dili hamak itong Cristalinong syudad.”	Saknong 910 Matanda’y ‘di nasiyahan, sa sagot ng kalahatan, kaya anya: “Sino riyan ang wala’t ‘di dumaratal?”	Saknong 911 Pagsisiyasat nang ginawa at nakitang wala pa nga ang Agilang siyang nasang pagtanungan ng pithaya.
Saknong 912 Ngunit di kaginsa-ginsa sa pagpupulong nga nila, sa darating ang Agilang namangha sa nakita.	Saknong 913 Nang bumaba ay pabagsak sa pagod na dili hamak; Ermitanyo’y nagpahayag ng galit na nagpumiglas.	Saknong 914 Sinulit itong Agila na kung bakit nahuli pa, gayong dapat na mauna, kung tinatawag na sila.

Saknong 915 “Parang ‘di mo pa unawa itong tunog ng kampana, saan man naroong lupa ay umuwi kayong bigla.”	Saknong 916 Pakumbabang nagsalaysay ang Agila ng dahilan: “Panginoon naming mahal maglubag ang kalooban.”	Saknong 917 “Di ko hangad na suwayin, alin man sa inyong bilin, nguni’t ako po’y nanggaling sa napakalayong lakbayin.”
Saknong 918 “Narinig ko ang kampana kaya nga po biglang-biglang nilisan ko yaong lupang inabot ng aking nasa.”	Saknong 919 “Paglipad ko’y binilisan ngunit hapo ang katawan, kaya nang ako’y dumatal huli na sa kalahatan.”	Saknong 920 “Kung gayon,” anang Ermitanyo, “ngayon din ay sabihin mo lupang yaon ay kung ano’t baka siya nang hanap ko.”
Saknong 921 “Ermitanyong iniibig,” sagot ng ibong mabait, “isang lupang marikit, ang Reyno de los Cristales.”	Saknong 922 “Kaninang umaga lamang doon ako nag-agahan, isang peras na mainam ang lasa ay malinamnam.”	Saknong 923 “Don Juan narinig mo na ang balita ng Agila, kaya ngayo’y humanda ka’t matutupad iyang pita.”
marikit – maganda	? Paano nakatulong ang agilang nahuli sa pagdating sa paghahanap sa Reyno Delos Cristales?	
	malinamnam – masarap	
Saknong 924 Laking pasasalamat ng Prinsipeng nagagalak, ang malaki niyang hirap tila magtatamong-palad.	Saknong 925 Agila’y pinaghanda rin ng Ermitanyong magiliw, at mahigpit na nagbiling ang Prinsipe doo’y dalhin.	Saknong 926 “Isang buwan sa banta ko,” pahayag ng Ermitanyo, “mahina man ang lipad mo sasapit sa Cristalino.”
Saknong 927 Sumang-ayon ang Agila; “Sambuwan po’y makukuha, darating pong walang sala sa banyo ni Donya Maria.”	Saknong 928 Sa tagal ng paglalakbay bao’y di dapat magkulang, ang Agila’y inutusang maghanda ng kailangan.	Saknong 929 Ito’y agad nagpadakip ng ibong maliliit, babaunin sa pag-alis daraana’y himpapawid.
Saknong 930 May tatlong daang duruan ang siyang pinagtuhugan, bawat isa ay may lamang limang ibong walang kulang.	Saknong 931 Bawat santuhugang baon magdadala’y isang ibon, ang Agila pag nagutom aahinang walang tutol.	Saknong 932 Ang Prinsipe ay sumakay sa Agilang papatnubay masisiglang nagliparang tungo’y sa Dakong Silangan.
Saknong 933 Sa lipad na pagkataas lupa ay di na mamalas, sa mata, ang tumatambad, dagat, langit na malawak.	Saknong 934 Sa paglipad na sambuwan, walang hinto sandali man, kasukat ng baong taglay na tatlong daang duruan.	Saknong 935 Dalang baon ay ubos na nakarating naman sila sa banyo ni Donya Mariang tubig ay kaaya-aya.

SA DULO NG PAGHIHIRAP
(Saknong 936–987)

Saknong 936 Doon nang sila’y lumapag takipsilim na ang oras, ang Agila’y buong liyag kay Don Jua’y nagpahayag.	Saknong 937 “O, Prinsipeng minamahal dito na kita iiwan, mangubli sa halamana’t nang hindi ka mamalayan.”	Saknong 938 “Asahang sa ikaapat ng madaling-araw na oras, dito’y darating na tiyak ang Prinsesang iyong hanap.”
Saknong 939 “Sila’y tatlong magkapatid sakdal naman ng ririkit, ang una’t nakahihigit si Donya Mariang mabait.” ? Ilarawan si Donya Maria.	Saknong 940 “Paririto’t maliligo ugali ng katutubo, upang hindi ka mabigo mag-ingat sa pagtatago.”	Saknong 941 “Di mo бага napupuna sa paliguan nga nila, may silid na kani-kaniya’t hindi sila nagsasama.”
Saknong 942 “Silang tatlo’y nakagayak kalapating binusilak, diyan sa puno ng peras ay darapong buong gilás.”	Saknong 943 “Sa iyo, ako’y paalam, ang loob mo ay tibayan, bilin ko sana’y tandaan nang matiyak ang tagumpay.” ? Ano ang mahigpit na bilin ng agila kay Don Juan?	Saknong 944 Napag-isa ang Prinsipe, nagulo ang dili-dili, gayon pa ma’y pinagbuti ang ginawang pangungubli.
Saknong 945 Loob niyang naguluhan pinilit na mapahusay, binuo sa gunamgunam sa magdamag ay maghintay.	Saknong 946 Ikaapat ay tinugtug hindi siya natutulog, mga mata’y nanunubok sa bahagyang may kaluskos.	Saknong 947 Sa gitna ng pananabik ng sumisikdong dibdib, natanaw na yaong langit na laon nang panaginip.
Saknong 948 Sa laki ng kagalakan di na siya mapalagay ang dawag na nakahalang hinahawi ng pananaw.	Saknong 949 Napatunayan ang lahat na sa agilang pahayag sa kay Donya Mariang dilag sino ang ‘di mabibihag.	Saknong 950 Kitang-kita ni Don Juan ang tatlo ay dumatal kalapating kagayaka’y himala ng kagandahan. ? Ilarawan ang kahiwagaan ng tatlong kalapati na nakita ni Don Juan.
Saknong 951 Dilag ni Donya Maria walang kapantay sa kaniya, ipikit man yaong mata’y nasilaw rin ng ganda.	Saknong 952 Lalo nga nang lumapag sa sanga ng punong-peras, sa kariktang napagmalas, ang Prinsipe ay nabihag.	Saknong 953 Nang maghubad na ng damit lalo siyang natigatig, pumikit man ay ‘di ibig nahaling sa pagmamasisid

Saknong 954 “O, himala ka ng dilag na sa akin ay bumihag malaki man ang hirap nabihis ng tuwa’t galak.”	Saknong 955 Nang lumusong na sa tubig “Aba, Palaba ng langit, hininga ko ma’y mapatid ilaw rin ang iniibig.” ? Ano ang naramdaman ni Don Juan nang makita si Donya Maria?	Saknong 956 “Isang sirena sa dagat na nagsasabog ng dilag, sa paligid ay may perlas sa perlas din nakayapak.”
Saknong 957 Pagkat ‘di na makatiis timpiin na ang pag-ibig, ninakaw na yaong damit ng Prinsesang sakdal-dikit. timpiin – pigilan	Saknong 958 Ang damit ay dinala na sa dating kublihan niya, sa gayong pagkakasala’y nakahanda sa parusa.	Saknong 959 Nasa kaniya na ang damit yapos ng palad sa dibdib, pinaliliguan ng halik, ng halik na matatamis.
Saknong 960 Nang umahon ang Prinsesa’y kasuota’y di makita, ang galit ay sabihin pa papatayin ang kumuha.	Saknong 961 “Sino kayang lapastangan ang naparitong nagnakaw baka ang utusan naman Haring aking magulang?”	Saknong 962 “Ito’y hindi dapat gawin lalo pa nga kung sa akin maging hamak at alipin ang tingin ko ay magaling.”
Saknong 963 “Sinoman nga ang nagnakaw ang iyon ay hindi bagay mga kapatid ko’y lilisa’t ako rito’y maiiwan.”	Saknong 964 Nang mag-iisang oras na ang paghahanap ng Prinsesa’t galit ay di nagbabawa, humarap na ang may sala.	Saknong 965 Tuloy luhod sa harapan halukipkip pa ang kamay, kordero’y siyang kabagay, pangungusap ay malubay.
Saknong 966 “O, marikit na bathala kometang naba sa lupa ilawit ang iyong awa sa palad kong abang-aba.”	Saknong 967 “Aba, marikit na Fenix, buwang pagkasakdal lamig, sa abang tatangis-tangis mga mata mo ay ititig.”	Saknong 968 “Huwag ko pong maging sala ang sa damit mo’y pagkuha ugali ng may pagsintang maging pangahas sa pita.”
Saknong 969 “Alin naman kayang buhay mahigpit sa sanlibo man, sa galit mong tinataglay ang di kitling paminsanan.”	Saknong 970 “Kaya, mahal na Prinsesa, kung ako po’y nagkasala, hintay ngayon ang parusa ng sa iyo’y may pagsinta.” ? Ano ang dahilan ng pagkawala ng damit ni Donya Maria?	Saknong 971 Sa pahayag ng Prinsipe Prinsesa’y nagdilidili ang galit man ay malaki habag niya’y humalili.
Saknong 972 “Galit ko kung nag-apoy man,” sa Prinsesang katugunan, “Sa aba mong kalagayan habag ko’y di napigilan.”	Saknong 973 “Anong bagsik man ng batas sa parusa’y nagkakalas, kasalanang di mabigat patawad ang nararapat.”	Saknong 974 “Maging apoy na mainit na ang ningas ay malupit, pag nasubhan na ng tubig pinapatay rin ng lamig.”

Saknong 975 “Sa iyong pakumbabang halos ikaw’y lumuluha ang galit ko ay nawala’t parang natunaw na bula.”	Saknong 976 “Ngunit tabi sa harapan ako’y iyong pagtapatan, alin bagang kaharian ang iyong pinanggalingan?”	Saknong 977 “O, Bulaklak ng Sampaga ako’y anak ng Berbanya, kahariang aywan ko ba kung muli kong makikita.”
Saknong 978 “Ang inyo pong kaharian ay sinadya kong nilakbay, bula ang aking sinakyan sa dagat lulutang-lutang.”	Saknong 979 “Dito sadyang hinahanap ang laon ko ng pangarap, sa puso ko’y bumagabag isang talang sakdal-dilag.” bumabagabag – nalilito, naguguluhan	Saknong 980 “Kung sa aking pagsasakit ay wala ring masasapit, bumagsak na iyang langit mamamatay ay anong tamis!”
Saknong 981 “Kaya mahal na Prinsesa, damit mo po’y abutin na at baka po ipagdusa ng aba kong kaluluwa.” ipagdusa – ipaghirap	Saknong 982 Ang Prinsesa ay nahabag sa anyo ng kapuspalad galit niya ay naglubag nahalili at pagliyang.	Saknong 983 Inabot na yaong damit nagmadali nang nagbihis, sa Prinsipe ay lumapit na may ngiting pagkatamis.
Saknong 984 “Magtindig ka at humawak sa kanang kamay ko, liyang iya’y tandang walang kupas ng pagsinta kong matapat.”	Saknong 985 Nagtindig na si Don Juan at masuyong hinawakan yaong marangal na kamay ng Prinsesang kaniyang mahal.	Saknong 986 Sa isang batong makinis nagsiupong magkaniig, kapwa puso’y umaawit ng ligaya sa pag-ibig.

SI DON JUAN SA REINO DELOS CRYSTALES
(Saknong 988-1060)

Saknong 987 “Sa ating pagsusuyuan sa atas ng pagmamahal maglihim ay kataksilan.” Ang Prinsesa’y nagsalaysay.	Saknong 988 “Kaya ikaw ay makinig sa aking ipagsusulit magmalas ka sa paligid ng palasyong sakdal-dikit.”	Saknong 989 “Iyang iyong natatanaw mga batong nakahanay, ang lahat na’y taong tunay na pawang naparusahan.”
Saknong 990 “Ang naglapat ng parusa ay ang haring aking ama, pawang inengkanto niya’t diyan na nga napatira.”	Saknong 991 “Lahat sila ay Prinsipe maginoo’t mga konde, nawa silang naduhagi, sinta nila’y di nangyari.”	Saknong 992 “Sila nga’y naging talunan nadaig sa karunungan ng haring aking magulang bato ang kinahangganang.”
Saknong 993 “Pagkat kita’y iniibig, pag-ibig ko’y hanggang langit, Don Juan, hindi ko nais mabilang ka sa naamis.”	Saknong 994 “Kaya lahat ng bilin ko ay itanim sa loob mo, ingatang huwag mabuyo sa kay amang silo’t tukso.” ? Ano ang bilin ni Donya Maria kay Don Juan?	Saknong 995 “Mamayang ikalima’y magigising na si Ama, sa sandali ang makita pagdaka’y sisinuhin ka.”

Saknong 996 “Kapag ikaw ay tinanong kung ano ang iyong layon, tutugunin mong ‘Panginoon maglingkod sa iyong kampon.”	Saknong 997 “Kung ang aking kaliitan marapatin ng kalakhan, maging gantimpala naman sa anak mo ay makasal!”	Saknong 998 “Sakaling anyayahan kang sa palasyo’y manhik muna pasalama’t sa anyaya’t paunlaka’y huwag sana.”
Saknong 999 “Ang pagpanhik sa palasyo’y isang silo ang ama ko sa sandali kang mabuyo’y tiyak na kamatayan mo.”	Saknong 1000 “Sukat ang pasalamatan ang magandang kalooban, ligtas ka sa kasawia’t siya’y iyong napagbigyan.”	Saknong 1001 “Upang siya’y maniwalang marangal ang iyong nasa, sa kaniya’y ipahalatang sa utos ay naghahanda.”
Saknong 1002 Sasabihin mong: “Haring mahal, lingkod ninyo’y pag-utusan maging ito ay mabigat man ako’y hindi po susuway.”	Saknong 1003 “Anoman ang iaatas tanggapin mo, aking liyag, hindi ikaw ang tutupad kundi ako kaniyang anak.”	Saknong 1004 “Yamang ngayo’y nalalaman ang dapat mong paghandaan ako muna ay paalam baka kami kainipan.”
Saknong 1005 “Kaming tatlong magkapatid, sa palasyo ay papanhik, ikaw sana’y manahimik at tibayan iyang dibdib.”	Saknong 1006 “Mamayang gabi ay asahang dito kita’y babalikan, upang aking malaman ang kay amang kautusan.”	Saknong 1007 Noon naman ay gising na ang Haring kanilang ama, nang dumungaw ay nakita ang Prinsipeng naiiba.
Saknong 1008 Pagkakita kay Don Juan ng Haring Salermong mahal, tinanong na ang pangalan sadya’t lupang pinagmulan.	Saknong 1009 Buong galang na tumugon ang Prinsipeng tinatanong, “Bati ko’y magandang hapon sa Hari kong panginoon.”	Saknong 1010 Bating ito’y sinuklian ng Haring makapangyarihan: “Salamat na walang hanggan, magandang hapon din naman.”
Saknong 1011 Sa naputol na salita ng Prinsipeng napahanga, idinugtong ay lalo ngang sa Hari ay talinghaga.	Saknong 1012 “O Monarkong sakdal-buti ako po’y isang Prinsipe ng Berbanyang nagkandili, kaharian ding malaki.”	Saknong 1013 “Ngalan ko po ay Don Juan bunsong anak ng magulang, sa Berbanya’y minamahal lungkot nila ang mawalay.”
Saknong 1014 “Bayan ninyo ay nasapit sa atas po ang pag-ibig pusong lumagi sa hapis ang hanap ay isang langit.”	Saknong 1015 “Sa panagimpa’y natalos naririto ang alindog, talang wala nang paglubog ito’y anak mo pong irog.”	Saknong 1016 “Kaya kung magiging dapat Haring sakdal na ng taas, ang Berbanya ay ilangkap sa koronang iyong hawak.”
Saknong 1017 “Kung gayon,” anang Monarka, “sa palasyo ay manhik ka at dito pag-usapan ta ang layon mong mahalaga.”	Saknong 1018 Ipinakli ni Don Juan “Iyan po’y di pasasaan, ang hintay ko’y pag-utusan ng aking makakayanan.”	Saknong 1019 Hari sa gayong pahayag ang utusan ay tinawag, sa salitang mabanayad nayari ang ganyang atas:

Saknong 1020 “Ngayon din ay kumuha ka ng trigong kaani pa, ang sansalop ay sapat na’t dito’y dalhin kapagdaka.”	Saknong 1021 Nang naroon na ang trigo sabi ng Hari’y ganito: “Don Juan, pakinggan mo ang ngayo’y iutos ko.”	Saknong 1022 “Trigong ito’y iyong dalhin pag-ingatan mong magaling huwag mawalan, ni sambutil at pakinggan ang gagawin.”
Saknong 1023 “Iyang bundok na mataas tibagin mo’t nang mapatag diyan mo nga ikakalat itong trigong aking hawak.” ? Ano ang unang pagsubok ng Hari?	Saknong 1024 “Ngayon ito itatanim gabing ito’y patubuin, ngayong gabi’y pamungahi’t gabing nito ay anihin.”	Saknong 1025 “Sa gabing ito rin naman ay gagawin mong tinapay, sa hapag ko’y magigisnang pagkain ko sa agahan.”
Saknong 1026 Trigong bigay nitong Hari’y dinala nang walang ngimi gayon pa ma’y nililimi, ang hiwagang di mawari.	Saknong 1027 Hanggang sa siya’y dumating sa bantay-pitong bahay sa kaniyang tinatahana’y iyon din ang gunamgunam.	Saknong 1028 Bagaman nga may habilin ang Prinsesang kaniyang giliw, kalooba’y hilahil din sa bigat nitong gagawin.
Saknong 1029 Tamlay ng kaniyang katawan ay napuna ng dinatnan, kaya’t lakas ng katawan siya’y lihim na inuyam.	Saknong 1030 Sa umpukan ay kasama ang kalihim ng Monarka, naroon di’t nagtatawa mga kasangguni niya.	Saknong 1031 Pasaring ng kalahatan, “Ano baga’t naisipang pumarito itong hunghang hinanap ang kamatayan?”
Saknong 1032 Sa naputol na salita ng Prinsipeng napahanga, idinugtong ay lalo ngang sa Hari ay talinghaga.	Saknong 1033 “O Monarkong sakdal-buti ako po’y isang Prinsipe ng Berbanyang nagkandili, kaharian ding malaki.”	Saknong 1034 “Ngalan ko po ay Don Juan bunsong anak ng magulang, sa Berbanya’y minamahal lungkot nila ang mawalay.”
Saknong 1035 Salamat at gumabi na natapos din ang balisa, ang marilag na Prinsesa’y nag-ayos ng gayak niya.	Saknong 1036 Kaniya nang pinaglalangan Hari’t mga kagawad man, pinatulog na mahusay lahat sila’y walang malay.	Saknong 1037 Sa palasyo ay nanaog na ang lahat nga ay tulog, dinalaw ang kaniyang irog nang ang dusa ay magamot.
Saknong 1038 Pagkakita’y nagkamayan ugali ng mga mahal, at tinanong si Don Juan ng sa Haring kautusan.	Saknong 1039 “Minumutya kong Prinsesa,” sa Prinsipeng parirala, “ang utos ng iyong ama mabigat at di ko kaya.”	Saknong 1040 “Itong trigo’y ibinigay sa lupa’y ipunla ko raw, sa gabing ito’y mabuhay mamumunga’t maging tinapay.”

Saknong 1041 “Huwag kang mag-alala,” ang aliw ni Donya Maria, “Mahirap mapahiya ka sa utos ng aking ama.”	Saknong 1042 “Ano ang kapangyarihan ng sa haring karunungan, sa mahika negra lamang ang kaniyang hinahawakan.”	Saknong 1043 Ang dunong ni Donya Maria’y mahigit sa kaniyang ama, hawak ay mahika blankang hinihiya ang lahat na. ? Anong kapangyarihan o katangian ang taglay ni Donya Maria?
Saknong 1044 “Prinsipe kong minamahal hayo nang mapaghilay, sa layo ng paglakbay malaki ang kapaguran.”	Saknong 1045 “Lahat ng dapat mong gawin ang pagyari’y nasa akin, matulog ka nang mahimbing at masaya kang gigising.”	Saknong 1046 Nang ang gabi’y malalim na’t katahimika’y kaniyang-kaniya, pinalabas ng Prinsesa ang dunong na ingat niya.
Saknong 1047 Yaong bundok na mataas sa sandali ay napatag, trigo’y naipunlang lahat nang wala pang isang iglap. naipunla – naitanim	Saknong 1048 Ang labis na pagtataka’y likas nitong karunungan, gayong kapupunla lamang namunga na’t hitik naman.	Saknong 1049 Noon din nga ay nagapas sa uhay ay nangalugas, nagalapong naman agad at namsang walang liwag.
Saknong 1050 Lahat ito’y sa liksihan pawang Intsik ang gumalaw at sa dami nilang bilang anong laking kaingayan.	Saknong 1051 Sa ingay lang niyong pukpok mababasag na ang bundok, mga Intsik kasing pulos ang sa gawa’y pinakilos.	Saknong 1052 Ikaapat nang tugtugin kaingayan ay kasaliw, masa’y hulma nang magaling sa hurno’y titinapayin.
Saknong 1053 Tinugtug ang ikalima ang tinapay ay luto na, hinangong mairat nila’t inuwi ni Donya Maria.	Saknong 1054 Habang siya’y papauwi hapo man ay nangingiti sa puso at kaniyang budhi si Don Juay kaurali.	Saknong 1055 Sa hapag ng kaniyang ama inilapag ang lahat na, siya nama’y namahinga sa sariling silid niya.
Saknong 1056 Sa pagpanhik sa palasyo wala namang nakaino; kaya nayari ang templong tulog pa ang mga ito.	Saknong 1057 Ang Hari nang magising nahindik sa pagtataka, pagkat sa hapag nga niya ang tinapay ay nakita.	Saknong 1058 At hindi nga siya lamang ang namangha sa natanaw, kundi pati ng tauha’t kagawad ng kaharian.

MGA PAGSUBOK NI HARING SALERMO

(Saknong 1061-1286)

Saknong 1059 Di kawasa ay nasabi, “Kahanga-hangang Prinsipe, dunong nito’y pagkabuti tila ako’y maaapi!”	Saknong 1060 “Gayon pa ma’y tingnan natin sa bago kong hihilingin, sa bigat nito marahil buhay niya’y makikitil.”	Saknong 1061 Ipinatawag si Don Juan Prinsipe’y humarap naman, ngunit kaniyang iniwasang sa palasyo mag-ulayaw.
---	--	---

Saknong 1062 Kaya nang pinaakyat tugon lamang ay, “Salamat, mag-utos ang Haring liyag ako’y handa sa pagtupad.”	Saknong 1063 Katugunan ng Prinsipe sa hari ay nakapipi, pinaglimi nang maigi ang paing minamabuti.	Saknong 1064 Praskong ingat-ingat niya’y madaling ipinakuha, sa palasyo’y nanaog na’t kay Don Juan ay sumama. prasko – isang uri ng bote o lalagyan na mayroong makitid na bibig, karaniwang gawa ito sa putik, salamin, o plastik
Saknong 1065 Pagdating sa isang pook na lingid sa manunubok praskong bitbit ay dinukot sa lalagyang gintong pulos.	Saknong 1066 Saka anyang buong giliw: “Praskong ito ay malasin, ang nariya’y maiitim, mga taong munsing-munsing.”	Saknong 1067 “Labindalawang negrito buhay namang mga tao, ito’y mga alaga ko’t minamahal na totoo.”
Saknong 1068 “Sila’y aking pawawalan sa laot ng karagatan, isilid mong muli naman sa prasko nilang tahanan.” ? Ano ang ikalawang pagsubok ng Haring Salermo?	Saknong 1069 “Sa iyo’y mahigpit kong bilin utos na iyong tutupdin, negrito ko ay mahaling parang iyan ay iyo rin.”	Saknong 1070 “Isa ma’y huwag magkulang ang negritong pawawalan, isa nitong mapalita’y kapalit ang iyong buhay.”
Saknong 1071 Pinawalan na ngang lahat parang isdang pumupusag, Haring Salermo’y naghayag ng ganitong bagong atas:	Saknong 1072 “Sa aking pag-aagahan sa umaga’y kailangang mga negrito ay datnan sa hapag kong kinakanan.”	Saknong 1073 Praskong hawak ng Monarka kay Don Juay iniabot na, naghiwalay ang dalawa’t ang hari ay namahinga.
Saknong 1074 Nang gumabi ay dumating si Donya Mariang butihin, nagtanong sa kaniyang giliw kung ano ang dapat gawin.	Saknong 1075 “Naririto, aking sinta, ang utos ng iyong ama, itong praskong bigay niya ay may lamang mga ita.”	Saknong 1076 “Mga ita’y pinawalan sa laot ng karagatan, bukas, bago mag-agahan makita nang nariryan.”
Saknong 1077 “Bilang ay labindalawa ng naririyang mga ita, pag nagkulang daw ng isa buhay ko ang kahalaga.”	Saknong 1078 “Iya’y munting bagay lamang,” kay Donya Mariang saysay, “huwag magulumihana’t kaydali tang malusutan.”	Saknong 1079 “Ano ang mga itang laruan ng aking ama, sa tawag kong mahina pa’y pahuhuling walang-sala.”
Saknong 1080 Para silang naglilibang ang magkasi’y nag-agapay hanggang sa madaling-araw kaysaya ng salitaan. nag-agapay – tumulong	Saknong 1081 Ikaapat nang tugtugin ang Prinsesa ay nagtanong: “Halika na aking sinta at ang ilaw ay bitbitin.”	Saknong 1082 “Akin naman iyang prasko’y sa dagat tayo patungo, sa tubig lulusong tayo’t tatawagin ang negrito.”

Saknong 1083 Sumapit na ang dalawa sa baybay ng dagat nila, pagkalusong ng Prinsesa humiyaw kapagkaraka.	Saknong 1084 “Bawat dumating sa inyo pumasok agad sa prasko, nasa tubig man nga kayo’y masisilab sa galit ko.”	Saknong 1085 Narinig ng mga ita ang tinig ni Donya Maria, lahat ay nag-unahan na ng pasilid sa praskera.
Saknong 1086 Nagsidating at pumasok na giniginaw sa takot, nang sa prasko’y mapaloob walang kibo’t nakaukmo.	Saknong 1087 Umahon na ang magkasing prasko’y siyang dili-dili, sa lakad na magkatabi katuwa’y pagkalaki.	Saknong 1088 Bago sila naghiwalay wika ng Prinsesang mahal: “Muwi ka na, aking hirang labis na ang kapagalan.”
Saknong 1089 “Ako’y siya nang bahala na sa prasko’y mamahala, natitiyak kong mamaya ang ama ko ay hahanga.”	Saknong 1090 “Nagtuloy na sa palasyo ang Prinsesa’y tumatakbo, ang Prinsipe ay sa kubo, sa puyat ay inuubo.”	Saknong 1091 Praskong tahanan ng ita nakatayo na sa mesa, napuyat na Prinsesa sa silid ay natulog na.
Saknong 1092 Haring Salermo’y nagising prasko’y agad nang napansin, mga ita nang bilangin kabilangan ay dati rin.	Saknong 1093 Isa may walang nawala pagtataka’y di kawasa, at sa laki ng paghanga parang namamalikmata.	Saknong 1094 Saka parang nangangarap nagsalita namang malakas: “Ako’y hindi nga papayag magahis ng isang hamak.”
Saknong 1095 Noon din nga ay binuo ang panibago niyang hibo, sa sarili niyang kuro ito’y mabigat pang lalo.	Saknong 1096 “Dito sa bago kong utos,” sabing masaya ang loob, “galing niya’y masusubok kapag kaniya pang nasunod.”	Saknong 1097 Kaya nang kinabukasa’y ipinatawag si Don Juan masiglang humarap naman sa Haring Salermong mahal.
Saknong 1098 “May pangako kang matapat,” anang Hari sa kaharap, “na anomang yaring atas susundin mong walang liwag.”	Saknong 1099 “Tunay po ang inyong wika,” anang Prinsipeng dakila, “ang utos mo kung masira buhay ko ang natataya.”	Saknong 1100 “Kung gayo’y iyong pakinggan ang utos kong ibibigay, utos na ito’y tandaan tutupdin mong madalian.”
Saknong 1101 “Ang ibig ko’y iyang bundok dito’y iyong maiusod isang malaki kong lugod na sa hangin ay mabusog.”	Saknong 1102 “Itapat mo sa bintana pagkatao’y tamang-tama hanging diya’y magmumula sa palasyo’y maging sula.”	Saknong 1103 “Pagdungaw ko sa umaga ang bundok ay nariyan na; simoy na kaaya-aya malanghap kong maligaya.”
Saknong 1104 “Kaya hayo na, Don Juan, ihanda ang kailangan kung mabibigo ka riyan kapalit ang iyong buhay.”	Saknong 1105 Nagpalam ang Prinsipe na gulo ang dili-dili, kung wala ang kaniyang kasi natapos na ang sarili.	Saknong 1106 Ave Maria na nga noon agaw-dilim sa panahon kung sa Diyos iuukol pagtawag sa ating Poon.



Ano ang ikatlong pagsubok ng Haring Salermo?

Saknong 1107 Ang Prinsipe, kung hindi man isang taong sadyang banal, pagtawag sa Kalangita'y hindi nakakalimutan.	Saknong 1108 Nang abutin ng Prinsesa'y nasa ganyang lagay siya, kaya 'di man ipagbadya kabanala'y nakilala.	Saknong 1109 Kaya ba ang unang bati ng Prinsesang nakangiti; "Pangamba sa ating hari sa gawa mo'y napapawi." napapawi – nawawala
Saknong 1110 "Ngayo'y ibig kong malaman ang utos ng Haring mahal, sa mabigat o magaan matutupad nang mahusay."	Saknong 1111 "Ang nais ng iyong ama yaong bundok ay makuha, at bukas daw ng umaga magisnang naririto na."	Saknong 1112 "Itapat sa durungawa't nang ang hangin ay makamtan upang kung siya ay manungaw init ay di maramdaman."
Saknong 1113 "Walang dapat ipanimdim, ang kay Donya Mariang turing, magaan ang kaniyang hiling magagawa nang magaling."	Saknong 1114 Ugali ng mga pusong nauuhaw sa pagsuyo kapag sila'y nakatagpo anong hrap na mapugto.	Saknong 1115 Sa kanilang salitaang kaytatamis na suyan, nanonood ay ang buwan at bituing karamihan.
Saknong 1116 Magmamadaling-araw na nang maglayo ang dalawa, sa hiling din ng Prinsesa ang Prinsipe'y namahinga.	Saknong 1117 Noon din nga'y pinalakad yaong bundok na mataas, sa bintana itinatapat ang hangin ay walang lubag.	Saknong 1118 Hanging doo'y nagmumula sa palasyo tumama, matibay man ang bintana, sa lakas ay umuuga.
Saknong 1119 Ikaapat ng umaga nang maganap yaong pita, pagkat gawa ng mahika nayari sa kisapmata.	Saknong 1120 Nagising na itong Hari makita ang pagkayari, himalang hindi mawari nagulo ang kaniyang budhi.	Saknong 1121 Lalo na nga nang mabuksan ang sariling durungawan yaong hanging palay-palay hindi siya iginalang.
Saknong 1122 Haring hindi mapanatag ay pamuling bumalangkas ng utos na pagkabigat sa siya ma'y nasisindak.	Saknong 1123 Pinaharap si Don Juan at ang saging malumanay: "Hanga ko'y walang kapantay sa hawak mong karunungan."	Saknong 1124 "Lugod ko'y hindi masukat sa paglilingkod mong tapat, kaya nga mayroong oras nagugulo yaring hagap."
Saknong 1125 "Sa ganda ng iyong loob ang utang ko'y sunod-sunod, ako nama'y ni ga-putok ay wala pang naihandog."	Saknong 1126 "Danga't mayro'n lamang ibang sa hiling ko ay may kaya, ang hilingan pa nga kita'y iiwasan kong talaga."	Saknong 1127 "Anong bagsik man ng batas niring aking katauhan, ang minsan kong mahilingan ang siya nang kaibigan."
Saknong 1128 "Isa ka sa napatangi sa maselan kong pagpili, layuan ka pa nga'y hindi, mahal ka sa aking hili."	Saknong 1129 "Kaya, Prinsipeng mahal, paraya mo ay lakihan, darating din iyang araw na kita'y mababayaran."	Saknong 1130 "Hiling ko sa iyo ngayon bundok na ito'y itabon sa gitna niyang maugong na dagat na madaluyong."

Saknong 1131 “Doon ay maging kastilyo sa umaga’y makita ko, ang kaniyang mga simboryo anyo’t bilog ay pareho.”	Saknong 1132 “Itong moog ay tayuan ng gulod na pitong hanay mga kanyon ang nariyan pananggol ng kaharian.”	Saknong 1133 “Iyan ay lalagyan mo pa mga anim na baterya, may kawal sa bawat isa’t ayos makikipagbaka.”
Saknong 1134 “Mga kanyon ay magisnang putok ay nagtunugan wari baga’y may digma’t ginagahis ang kaaway.”	Saknong 1135 “Tibayan ang pagkayari yaong mahirap magisi, alamin mong nasa uri, ang tatag ng gawa’t yari.”	Saknong 1136 “Gumawa ka ng lansangan na aking malalakaran mula sa palasyo real hanggang sa moog na iyan.”
Saknong 1137 “Ang lansangan ay matuwid kawili-wili sa masid, at sa magkabilang panig palamuti’y maririkit.”	Saknong 1138 “Sagana sa kasangkapang sa paggawa’y kailangan bareta, piko, palataw, kutsara, maso’t kalaykay.” ? Ano ang ikaapat na pagsubok ng Haring Salerno?	Saknong 1139 Ang panayam ng matapos hari ay lugod na lugod at ang wika, “Masusubok ang isipang mong matayog.”
Saknong 1140 Prinsipe’y nagbalik naman sa kaniyang tinutuluyan, gagamiti’y kaniyang taglay ang Prinsesa’y hinihintay.	Saknong 1141 Sa gabi ang pagkikita ng Prinsipe at Prinsesa pagkat bawat gawin nila’y lihim na lihim sa iba.	Saknong 1142 Ikawalo ay dumating ang magkasi’y magkapiling puso nilang may hilahil sa lambingan naadali.
Saknong 1143 Nabatid ni Donya Maria ang utos ng kaniyang ama, mabigat ma’y napatawa kahuluga’y kaya niya.	Saknong 1144 Nakita ang kasangkapang sa paggawa’y kagamitan napangiting kahuluga’y lahat ay di kailangan.	Saknong 1145 Bakit pa nga ba gagamit ng kahit pakong maliit, sa ang kalaruang kikip malilikha ay daigdig.
Saknong 1146 Kaya nga ba’y malumanay na sinabi kay Don Juan: “Matulog ka nang tiwasay, ako na ang kakatawan.”	Saknong 1147 “Kahilinga’y mayayari’t isang bagay na madali, alam mo nang naugali ang ama ko sa paghingi.”	Saknong 1148 “Bukas din ay magigisnang yaring-yari’t walang kulang: itong buong kaharia’y mamamangha pag natanghal.”
Saknong 1149 Dunong ni Donya Maria pinakilos kapagdaka, bundok ay nasa dagat na isang moog na maganda.	Saknong 1150 Umaga ang liwanag gintong lantay na laganap, ang daigdig nagalak buong baya’t walang hirap.	Saknong 1151 Ang Haring nagugulaylay sa silid niyang tulugan nagising sa dagundungan ng sa kanyong mga angal. ? Ano ang naging reaksiyon ng hari ng makita ang kaniyang kahilingan?

Saknong 1152 Si Don Juan ay niyayang mag-aliw sa kagagawang tanggulang kahanga-hanga na bunga ng kaniyang nasa.	Saknong 1153 Tiwasay at masasayang naglakad ang dalawa, Hari ay naliligaya, sa bawat tamaan ng mata.	Saknong 1154 Sa hakbang ay sinusukat ang lupa'y dati'y dagat ng makuro yaong agwat sa sarili'y napalatak.
Saknong 1155 Patuloy silang dalawa tumatagal ay lalo pang natutuwa ang Monarka sa lahat ng nakikita.	Saknong 1156 Ano't hindi matutuwa sa lahat ay nilikha, kanyong magkabi-kabila ang putuka'y walang sawa.	Saknong 1157 Yaong kagabi ay dagat ngayo'y lupang pagkatigas, naging daang pagkarilag mga alon ang kayakap.
Saknong 1158 Mga alon sa pampangin kung humalik ay may lambing bulang sa tabi'y humimpil mabangong bulaklak ng hasmin.	Saknong 1159 Nang sumapit na sa moog Hari ay biglang naudlot pagkat ang naroon tanod ay humarang sa pagpasok.	Saknong 1160 Ayaw siyang patuluyin sandata ang pumipigil ang Prinsipe ay nagturing: "Ako'y inyong kilalanin."
Saknong 1161 "Emperador naming mahal, patawad sa pagkukulang." Ang lahat na'y nagyukuran, at ang moog ay binuksan.	Saknong 1162 Ang pangyayari'y suliraning sa Hari ay pinanimdim, lumubha pa ng mapansin nawala ang kaniyang singsing.	Saknong 1163 Gayon pa ma'y di kumibo sa tinamong pagkabigo, lungkot niya'y itinago sa pagtanaw sa malayo.
Saknong 1164 Napalayong pagmamalas dili hindi ay nabihag nang sa kaniya ay humarap ang heneral na magilas.	Saknong 1165 Kasama nitong heneral mga koronel at kapitan at sa loob ng tanggulan ang hukbo ay nakahanay.	Saknong 1166 Ngunit iba ang may lungkot na sa puso niya tagos, paliguan man ng lugod sa lugod ay nalulunos.
Saknong 1167 Pagkat di na makatagal ang pag-uwi'y naisipan at hiniling kay Don Juang patigilin ang putukan.	Saknong 1168 Sukat nasa pagkataas ng espadang kumikislap, ang Prinsipe'y di nangusap buong hukbo'y namanatag.	Saknong 1169 Nang ikalima ng hapon ng araw rin namang yaon, si Don Juan ay kinaon at sa Hari ay may pulong.
Saknong 1170 Hari ay kaniyang dinatnan sa hardin ay naglilibang paglapit na ay nagpugay at sa utos ay naghintay.	Saknong 1171 Sa Haring masayang mukha kasiyaha'y nakabadha kung hayag man ang paghanga sa isipa'y may pakana.	Saknong 1172 "Ngayong gabi, yaring nais ang kastilyo ay maalis, ni bakas ma'y di ko ibig sa karagata'y mamasid."
Saknong 1173 "Ang bundok na nasa dagat isauli dito bukas, kailangan kong lumanghap niyang hanging isang lunas." ? Bakit hiniling na ang bundok na ginawang kastilyo ay maalis?	Saknong 1174 Palibhasa'y haring utos ang "ayoko" ay di sagot, kung kaya mo ay sumusunod at kung hindi, magpahinog.	Saknong 1175 Nagpaalam ang Prinsipe't hinihintay ang kaniyang kasi, nang makita ay sinabi ang utos na minabuti.

Saknong 1176 Pangako ni Donya Maria: “Huwag kang mag-alaala, sa tulog mo’y humimbing ka, at ako ang bahala na.”	Saknong 1177 Sa lakas ng kalaruang hawak ng Prinsesang mahal, ang kastilyo ay naparam bundok ang muling lumitaw.	Saknong 1178 Noong hatinggabing ganap nang manauli ang dagat, sa dating ayos lawak tubig ang nakalaganap.
Saknong 1179 At ang bundok na lumilitaw sa palasyo naagapay, sa dati ring katayuang katapat ng durungawan.	Saknong 1180 Panibagong pag-iisip sa hari ay nagtalik, tila mahirap magahis ang subyang sa kaniyang dibdib.	Saknong 1181 Muling ipinasundo ang Prinsipeng manunuyo matapos niyang mabuo sa isip ang bagong hibo.
Saknong 1182 Pagharap na ni Don Juan ay ganito ang tinuran: “Kaylaki nang kapagalan ang sa iyo’y aking utang.”	Saknong 1183 “O, Don Juan, aywan ko ba kung mababayaran pa kita, bakit naging sakit ko nang sa iyo ay makapita.”	Saknong 1184 “Gaya ngayon nitong lagay pagkat marami nang utang ang hiya ko’y humahadlang magtatap ng kahilingan.”
Saknong 1185 “Di ko naman maihanap ng ibang makatutupad, pagkat lubos kong talastas nasa iyo’y yaong lunas.”	Saknong 1186 “Mahal na Haring Salermo di miminsang nasabi ko itong abang pagkatao’y alipin ng utos ninyo.”	Saknong 1187 “Don Juan, maraming salamat sa puso mong mapagtapat, hininga ko ay lumuwag ang hiling ko’y matutupad.”
Saknong 1188 “Yamang ako ay binigyan ng luwag sa kahilingan, mandlig ka, O Don Juan ngayon ay aking tuturan.”	Saknong 1189 “Di ba tayo ay naglakad sa kastilyong nasa dagat noon nga ay napahamak O, sayang ang aking hiyas.”	Saknong 1190 “Ang singsing kong minamahal kung bakit ko nalingatang sa daliri ay natanggal nahulog sa karagatan.”
Saknong 1191 “Kung maluwag sa loob mo ngayon sana ang ibig ko, kunin saan pa man dako’t saka na mag-usap tayo.”  Ano ang ikaanim na pagsubok ng Haring Salermo?	Saknong 1192 “Haring Salermong marangal, mamayapa ang kahilingan, kahit ko na ikamatay kayo’y di ko masusuway.”	Saknong 1193 “At hangad ko kung makuha’y magigisnang sa umaga, sa unan ko’y makikitang iyon din at hindi iba.”
Saknong 1194 “Pangako ko, haring mahal, hindi ako magkukulang, ano yaring mahihintay kung kayo ay paglakuan?”	Saknong 1195 Karaniwang ugaliin nitong Haring mapaghiling taong kaniyang hihilingan ay ngitian nang palihim.	Saknong 1196 Palihim nga pagkat ayaw mahalata ang pag-uyam, kausap ay nililibang sa salitang maiinam.

Saknong 1197 Ngiting ito'y ngiting taksil sa pangako't sinungaling, sa mabuting sasabihin may masamang nililihim.	Saknong 1198 Alam ito ni Don Juan ngunit kaniyang pinaparam, sa buhay ay manliligaw ang mapakla'y malinamnam.	Saknong 1199 Naghiwalay ang dalawa Hari'y may pabaong tawa, ang Prinsipe ay masaya't ang Hari ay nakilala.
Saknong 1200 Tinugtug ang ikasiyam ng gabing kaliwanagan, ang magkasi'y nag-ulayaw sa hardin ng paliguan.	Saknong 1201 Dito nga sila nagkita upang muling maalala yaong hapong pagkasayang saksi sa pagkilala.	Saknong 1202 Hapong siyang idinatal mula sa Berbanyang bayan ng Prinsipeng si Don Juan agila ang kaalakbay.
Saknong 1203 Hapong unang pagkamalas sa dilag ng mga dilag, bulaklak na walang kupas na laon nang pinangarap.	Saknong 1204 Hapong natigmak ng luha ng pusong napaawa, hapong sa awa'y sagana ng pusong tapat sa sumpa.	Saknong 1205 "Don Juan, iyong sabihin ang utos ng Hari natin, nang ngayo'y aking malingin at ang gabi'y lumalim."
Saknong 1206 "Ang singsing daw ng ama mo ay nawawalang di naino, ngayong gabi'y hanapin ko't kailangan nyang totoo."	Saknong 1207 "May dyamante yaong singsing sa tubig ma'y magniningning nahulog at napaglining na sa dagat napalibing."	Saknong 1208 "Bili't biling pagkakuha magisnan sa unan niya at kung wala, sa umaga ang buhay ko'y mapapaka."
Saknong 1209 "Ito'y pamumuhunan," anang Prinsesang nalumbay "ng panganib at ng buhay bago tayo magtagumpay."	Saknong 1210 Ang Prinsesa ay kumuha ng isang batyang maganda, isang itak na hasa na may sangkalan at hapag pa.	Saknong 1211 Tumugpa sila sa dagat sa batya'y lumulan agad, napalaot na maingat sa gitna nila tumambad.
Saknong 1212 "Don Juan, anang Prinsesa, lakasan ang loob sana, iwaksi mo ang pangamba upang magtagumpay kita."	Saknong 1213 "Ngayo'y ako'y tadtarin mo, tadtarin mong pinong-pino, ngunit ingatang totoo may matapong kapisaso."	Saknong 1214 "Kung tadtad na ay ihulog nang sa tubig ay lumubog, katawan kong durog-durog, isdang sisisid sa pusod."
Saknong 1215 "Habang ako ay wala pa h'wag kang matutulog sana, gagawin mo'y mag-abang ka't paglitaw ko ay taon na."	Saknong 1216 "Dala ko na yaong singsing sa daliri ko kukunin, huwag sanang lilimutin ang lahat kong mga bilin."  Paano lulutasin ni Donya Maria ang ikaanim na pagsubok?	Saknong 1217 Gawa na ang lahat-lahat ang Prinsesa ay natadtad, isdang buhay na sa dagat ang singsing ay hinahanap.

Saknong 1218 Paghanap ay natagalan nang di gayun-gayon lamang, nakatulog si Don Jua't ang pangako'y nalimutan.	Saknong 1219 Siyang paglitaw sa tubig ng Prinsesang umaawit ngunit itong napaidlip sa tulog ay nagtatalik.	Saknong 1220 Sumisid upang maghintay lumitaw na namamanglaw, ang singsing na ibibigay walang umabot sa kamay.
Saknong 1221 Muli na namang sumisid upang paramin ang hapis nang lumitaw ay may galit at ang batya ay tinabig.	Saknong 1222 Ngunit itong natutulog di man lamang binangungot ang Prinsesa ay napagod ang singsing ay inihulog.	Saknong 1223 At umahon na sa batya ang katawa'y patang-pata, tampo't hapis, hikbi't luha'y gumising sa nagpabaya.
Saknong 1224 "Tingnan mo nga, aking mahal ang nangyaring kabiguan," ang nasabing nalulumbay ng Prinsesa kay Don Juan.	Saknong 1225 "Di ba aking pakiusap na huwag kang malilingat paglitaw ko'y kunin agad ang singsing na aking hawak?"	Saknong 1226 "Di mo lamang nalalaman kaya kita kailanga'y ang singsing kung aking tangan maharap kong lumitaw."
Saknong 1227 "Tingnan mo kung anong oras ganap ngayong ikaapat, kung kay ama ay mabunyag malaking pagkapahamak."	Saknong 1228 "Walang salang ako't ikaw tatanggap ng kamatayan, sa munti mong pagkukulang anong laking kabayaran!"	Saknong 1229 "Danga't kita'y di matiis, sa nangyaring ito'y labis bawiin ko ang aking pag-ibig at bato kang maiidlip."
Saknong 1230 "Di ko ibig sisihiin ka't sa puso ko ay mapakla, ngunit ikaw ang may sala ganyon pa ma'y mahal kita."	Saknong 1231 "Aksayahin nati'y huwag ang panahong lumilipas, tadtarin mo ako agad sa tubig ay muling ikalat."	Saknong 1232 "Pagtadtad mo ay daliin nang di tayo umagahin, Hari ay baka magising na wala pa yaong singsing."
Saknong 1233 Sa pagtadtad sa Prinsesa ang oras ay hinahabol na, tumalsik nang di napuna dulo ng daliri niya.	Saknong 1234 Muli siyang naging isdang singsing ng Hari ang nasa, sasandali ang pagkapa umahon na't tuwang-tuwa.	Saknong 1235 Sa batya'y muling sumakay ang singsing ay nasa kamay, hintuturo nang pagmasdan walang dulo at naputlan.
Saknong 1236 Luha't lungkot ay tiniis nang dahilan sa pag-ibig, pangiti ri't walang hapis na sa sinta ay nagsulit.	Saknong 1237 "Tingnan mo ito, Don Juan ang daliri ko ay kulang, ito'y iyong tatandaa't sa aki'y pagkakilanlan."  Ano ang pinatatandaan ni Donya Maria sa nangyaring pagmamadali kay Don Juan?	Saknong 1238 Sa pampang ay sumapit ding kaharia'y nahihimbing nakauwi't nakagising nang di sila nangapansin.

Saknong 1239 Panibagong pagtataka ang sa Hari ay bumakla, ang nawalang singsing niya'y bumulaga na sa kaniya.	Saknong 1240 Nagulo na ang isipan ng Haring di mapalagay, na kung bakit di mapatay ang Prinsipeng manliligaw.	Saknong 1241 "Muli siyang susubukin kung dito pa'y liligtas din, bahala ko nang isipin ang paraang dapat gawin."
Saknong 1242 Noon din ay inutusan ang kawani niyang mahal: "Tawagin mo si Don Jua't kami ay mayro'ng panayam."	Saknong 1243 Malugod din at masiglang ang Prinsipe'y humarap na: "Mag-utos ng makakaya, minamahal kong Monarka."	Saknong 1244 "Narito at nakahanda ang aking ipagagawa, ikaw ang siyang bahalang buong kayang mangasiwa."
Saknong 1245 "Buong kaya ang sabi ko sa dahilang ang totoo, awa't lupit ang sa iyo'y sandatang gagamitin mo."	Saknong 1246 "Ako'y may isang alagang kabayong hari ng sama, mailap at naninipa, mahal sa aking lubha."	Saknong 1247 "Ang ibig ko'y paamuin at bumait na magaling, kabayo ko'y gagamitin sa balak na pag-aaliw."
Saknong 1248 "Kunin mo sa kaniyang bahay pati mga kagamitang mahalaga sa pagsakay, siya't pamigil na busal." ? Ano ang ikapitong pagsubok ng Haring Salerno?	Saknong 1249 "Ngayon ay mamahinga na't nang bukas ay may lakas ka, pagpapaamo ay iba, hirap, pagod, magkasama."	Saknong 1250 Paanong matatahimik ang isang may iniisip, si Don Jua'y naiinip, sa paghihintay sa ibig.
Saknong 1251 Lampas sa takipsilim nang ang sinta ay dumating, ang inip na humilahil noon lamang naging lambing.	Saknong 1252 "Sabihin mo na Don Juan ang utos ng Haring mahal sa panaho'y manghinayang baka tayo ay maiwan."	Saknong 1253 "Ang alaga ng ama mo na mailap na kabayo bukas daw ay sanayin ko't nang umamo raw ang d'yablo."
Saknong 1254 Pakli naman ng Prinsesa: "Ang kabayo'y dili iba kundi ang akin ding ama, sa pagsakay mag-ingat ka." ? Sino ang tinutukoy na kabayo na nais mapaamo ng hari ayon kay Donya Maria?	Saknong 1255 "Yaong katad na pamigil na may gintong nagniningning at ang siyang parang garing ay mga kapatid ko rin."	Saknong 1256 "Nasa bibig namang busal bakal na nakasihang, ako yao't pag tinantang ang kabayo'y masasakyan."
Saknong 1257 "Ang kabayo nga'y mailap mabagsik at walang habag, kaya magpapakaingat nang hindi ka mapahamak."	Saknong 1258 "Paglapit mo sa talian mata'y magbabagang tunay, magsisipa't aatungal, kasindak-sindak pagmasdan."	Saknong 1259 "Kapag ayaw magpasiya maninipa at daramba, palo't dagok gawin mo na hanggang mahirapan siya."

Saknong 1260 “Galingan mo ang pag-ilag sa damba at mga sikad, mga kuko’y matatalas katawan mo’y mawawalat.”	Saknong 1261 “Madali mong mahalatang ang kabayo ay mahina, daloy sa mata ng luha bulwak ng bukal na sira.”	Saknong 1262 “Subuan mo nang busal ang siya’y maddaling ilagay, lagay ng renda’y tibayan tiyakin ang katatagan.”
Saknong 1263 “Ang bahala nama’y ako sa bibig nitong kabayo pagkat ako nga ang preno renda ang alagaan mo.”	Saknong 1264 “Ang paghawak ay higitan at huwag mong luluwagan at kung hindi ay asahang katawan mo’y maluluray.”	Saknong 1265 “Ikaw’y biglang ililipad aabot sa alapaap, hangin doon ay malakas at sa lupa ka lalagpak.”
Saknong 1266 “Upang ito’y di abutin renda’y laging hihigitin, bawat higit na gagawin sa paglipad ay pipigil.”	Saknong 1267 “Suwail itong kabayo baka ikaw ay ibato ang marapat na gawin mo paluin ang kaniyang ulo.”	Saknong 1268 “Kung ang ulo’y nagtitigas, palo’t takid ng espwel, ang gawin mong ubos-lakas nang manghina siya agad.”
Saknong 1269 “Madali mong mapupuna kung ang lakas ay wala na, luha’y dadaloy sa mata’t sasago ang laway niya.” ? Ano ang palatandaan na ang kabayo ay mahina na ayon kay Donya Maria?	Saknong 1270 “Sa gayo’y iyong lubaya’t ihatid na sa hapunan, ng kabayong salanggapang mabait sa dilang banal.”	Saknong 1271 Nang masabi ng Prinsesa ang lahat ng bilin niya, sa palasyo’y nagbalik na at naghintay ng umaga.
Saknong 1272 Umaga na at tinupad ng Prinsipe yaong atas, ang kabayo’y inilabas tinuruan ng paglakad.	Saknong 1273 Noon na napatunayan nitong Prinsipeng mahal ang sama at kalupitan, ng hayop na walang galang.	Saknong 1274 Di pa malay na pasukin mga ngipi’y nanggigil sa talian ay umangil mga mata’y matatalim.
Saknong 1275 Nang lapita’y nagdaramba nagsisipang walang bawa, nagwawala at ang pita si Don Jua’y mapatay na.	Saknong 1276 Ang ginawa naman nito’y binigyan ng isang tinggo nang magdamdam na ng hilo sumusunod na parang lango.	Saknong 1277 Haba ngang tinuturuang magbait ang salanggapang, palo’t takid sa katawan parang lintik kung lumatay.
Saknong 1278 Makailang magdarambang ang ibig ay lumipad na, ngunit sa higit ng renda ni tumakbo’y di makuha.	Saknong 1279 Ang kabayo ay nahapo luha’t laway tumutulo, mga mata ay umamo mabait na parang suso.	Saknong 1280 Ibinalik sa tahanan mahina na ang katawan halos di pa iniwan, sa tayo’y biglang nabuwal.

Saknong 1281 Muling sumapit ang gabi at dinalaw ang Prinsipe ng Prinsesang kaniyang kasi na may balitang gayari: gayari – bigay, kaloob	Saknong 1282 “Bukas ng pagkaumaga dito’y ipasusundo kita kayo nga ng aking ama’y sa palasyo magkikita.”	Saknong 1283 “Maaari ka na ngayong sa palasyo ay magtuloy, ang panganib na daluyong natapos din sa panahon.”
Saknong 1284 “Ang ama ko ay daratnang nakahigang naghihintay, sa sakit nga ng katawan ni bumangon ay aayaw.”	Saknong 1285 Ganyan ang balitang bigay pagkasabi’y nagpaalam: “Hanggang bukas nga, Don Juan, sa palasyo ang panayam.”	Saknong 1286 Karaniwan ang balita sa hindi na maghahaka, isipin mo’y talinghaga na may lungkot at may tuwa

PAGPAPATULOY NG MGA PAGSUBOK
(Saknong 1287–1382)


Saknong 1287 Kalungkuta’y makikita sa ginawi ng Prinsesa, sa pagdalaw, bakit baga parang ngayo’y hinawa na?	Saknong 1288 Dati-rati kung dumalaw ang Prinsipe’y ayaw iwan, inaaliw kung may lumbay at kay tamis na suyuan.	Saknong 1289 Maghinampo’y di magawa ng Prinsipeng namamangha, alam niya’t di kailang sa Prinsesa siya’y mutya.
Saknong 1290 Kaya ba naipalagay na baka ang amang mahal mabigat ang karamdama’t dapat niyang alagaan.	Saknong 1291 Katuwaan nama’y ire: Ano kayang pangyayari’t sa palasyo’y minabuting pumanhik na ang Prinsipe?	Saknong 1292 Himala ng kapalaran sa isa ngang naghihintay, diyata’t ang kapaita’y tatamis na’t lilinamnam?
Saknong 1293 Mahirap nating matiyak ang ibabalita bukas, anoman ang nasa hagap ipaghintay ng liwanag.	Saknong 1294 Ang umaga ay bumati kay Don Juang nagwawari, makailan pang sandali nagpasundo na ang Hari.	Saknong 1295 “Bati ko sa kamahalan,” ang pahayag ay utusan, “sa palasyo’y hinihintay ng magandang kapalaran.”
Saknong 1296 “Bili’t bilin po ng Hari kayo sana’y magdumali, pagkat bago mananghalia’y gagawin na ang pagpili.”	Saknong 1297 “Pagpili, pagpiling ano?” “Aywan ko po, maginoo.” “Binibiro yata ako?” “Hindi po’t siyang totoo.”	Saknong 1298 Humayo na ang dalawa sa lakad ay patakbo pa ibong lumilipad tila ang nais ay sumapit na.
Saknong 1299 Sa palasyo ay dinatnang daming taong naghihintay, naroon ang karamihan ng sa Haring mga kawal.	Saknong 1300 Ang kalihim, kasangguni kamag-anak nitong Hari, naroroong nakalimpi’t kay Don Ju’y nakangiti.	Saknong 1301 Takang-taka si Don Juan, sa kaniya nang namamasdan, Hari ay may karamdaman ngunit mayro’ng kasayahan.

Saknong 1302 Hiwaga ng mga taong hindi niya mapagsino, maging ano pa man ito, naroon na'y managano.	Saknong 1303 "Haring makapangyarihan," unang bati ni Don Juan, "handog ko po ay paggalang, sa utos ay nakalaan."	Saknong 1304 Tugon ng Hari'y ganito: "Paumanhin ang hingi ko sa pagtanggap ko sa iyong pagtanggap di maginoo."
Saknong 1305 "Ako, ngayon O, Don Juan, may bahagyang karamdaman, masasakit ang katawan, ulo ko'y may kabigatan."	Saknong 1306 "Gayon pa ma'y ninais kong magkapulong ngayon tayo akong may utang sa iyo'y makaganti kahit pa'no."	Saknong 1307 "Kawalang utang-na-loob ng sarili, kung malimot itong iyong paglilingkod na matapat nama'y lubos."
Saknong 1308 "Kaya naman naririto't nakahanda ang handog ko, buksan ngayon ang dibdib mo't ang pagpili'y nasa iyo."	Saknong 1309 Hari'y agad nang nagtindig sa kaniyang pagkakahilig, si Don Juan ay kinawit humarap sa tatlong silid.	Saknong 1310 Tatlong silid ay may butas sa pintua'y namamalas, naroon ang tatlong anak mga talang sakdal-dilag.
Saknong 1311 Sa butas ang nakalitaw mga hintuturo lamang upang hindi mahulaan sa tatlo ang mahihirang. ? Ano ang huling pagsubok ng Haring Salermo kay Don Juan?	Saknong 1312 Gayon pa ma't natalo rin ang Hari sa kaniyang lihim, si Don Juan ay magaling tumiyak sa pipiliin.	Saknong 1313 Una't pangalawang silid nilampasang walang imik, sa pangatlo nang tumitig natiyak ang kaniyang pag-ibig.
Saknong 1314 Hintuturong nakasuot pinigilang buong lugod "Mahal na Hari," ang luhog "narito ang aking irog."	Saknong 1315 Hindi na nga binitiwang habang hindi binubuksan, nabunyag sa kalahatan ang Prinsesang minamahal.	Saknong 1316 Hari'y hindi nakahuma dila ay parang napatda, mahal pa naman sa kaniya ang ngayo'y mawawalay na.
Saknong 1317 Walang daan na bawiin, kung mayroon ay gagawin hindi niya akalaing madaig sa kaniyang lihim.	Saknong 1318 Ngunit yamang naroroon na sa sarili ay magbata, ay anak na sinisinta, kay Don Juan'y pinasama.	Saknong 1319 Ang magkasi'y nagpaalam ang palasyo ay iniwan, ngunit nagugunamgunam, ang ama ring nagdaramdam.
Saknong 1320 Samantala, itong Hari na naiwang may pighati sa isip ay yumayari ng pakanang winawari.	Saknong 1321 Lihim niyang binabalak ang Prinsipe'y mahikayat, palayu in agad-agad, sa Inglatera malagak. ? Ano ang naging reaksiyon ng hari sa muli niyang pagkatalo kay Don Juan? Ano ang muli niyang lihim na binabalak?	Saknong 1322 Ang Prinsesa'y maiiwan sa piling din ng magulang sa hari ay isang subyang sa Prinsipe ay makasal.

Saknong 1323 Hari ay mayroong isang kapatid sa Inglatera bata pa rin at maganda kay Don Juan ay bagay na.	Saknong 1324 Kung sila'y magkaibigan dito siya ipakasal, matamis na kaloobang tangkilikin habang buhay.	Saknong 1325 At sakaling sa kapatid ang Prinsipe'y di maibig, ang inipun-ipong galit ay mag-aapoy sa lupit.
Saknong 1326 Handa niyang ipapatay ang Prinsipeng si Don Juan, maging ito'y kasalanan at laban sa karangalan.	Saknong 1327 Lumagda ng isang sulat lihim ito't may kamandag, kung lihim man ay nabunyag sa Prinsesang nagmamatyag. nabunyag – nalaman, nahayag	Saknong 1328 “O, si Ama!” ang nagwikang buong lungkot at naluha, “Bakit siya gayon kaya sa anak ay walang awa?”
Saknong 1329 “Di ba niya nalalamang ang Prinsipe'y aking mahal? Kung ito ba'y pagtaksilan di ba ako ang pinatay?”	Saknong 1330 “O, magulang! O, Pag-ibig! Aling daan ang matuwid? Ilaw ninyo yaring nais sa nadirimlan kong isip.”	Saknong 1331 Tumugon ang kaniyang puso: “Kapwa sila may pagsuyo, igalang ang iyong dugo magtapat ka sa pangako.”
Saknong 1332 Diwa niya'y nagliwanag nakita ang isang landas ang sila'y agad tumakas nang sa banta ay maligtas.	Saknong 1333 Tinawag na si Don Juan: “Tayo ngayo'y magtatanan kunin mo nga sa talian nang sa bala ay maligtas.”	Saknong 1334 “Yaong pinakamagaling sa pagtakbo ay matulin, akin namang babalutin ang lahat ng babaunin.”
Saknong 1335 “Bilangin mo ang pintuan ikapito ay tandaan naroon ang kalingang sa pag-alis ay sasakyan.”	Saknong 1336 “Ngayon di'y aalis tayo't sa Berbanya patutungo, magpaumat-umat dito masam na sa haka ko.”	Saknong 1337 “Yari na sa aking amang dalhin ka sa Inglatera, naroon ang aking tiya; dito ipakakasal ka.”
Saknong 1338 “Malamang na kung matuloy, kundi kayo magkaayon: o ikaw ay ipatapon, o patayin ka na roon!” ? Ano ang naging plano ni Donya Maria sa hindi pagsang-ayon ng kaniyang ama sa kanilang pag-iibigan nila ni Don Juan?	Saknong 1339 Nanaog na si Don Juan upang kunin ang sasakyan ngunit hindi matandaan ang kabayong kailangan.	Saknong 1340 Ang nakuha'y ikawalo sa halip na ikapito, ang sisiha'y di gaano nang makita ang kabayo.
Saknong 1341 Sa magalit at matuwa ano pa ang magagawa? tanggapin na ang di tama bagaman di siyang nasa.	Saknong 1342 Tumakas na ang magkasi sigla't tuwa ang baluti, sa takbong pinagbubuti mapagitna, mapatabi.	Saknong 1343 Nakaalis man nga silang kaharian ay tulog pa, nang mapansin, kapagdaka ay humabol ang Monarka.

Saknong 1344 Habulan nang matikabo, kaharian ay nagulo, Hari'y di magkandatuto ng utos sa mga tao.	Saknong 1345 Ang kabayong sinasakyan tulin ay walang kapantay, ang magkasi'y aabutan sa labas ng kaharian.	Saknong 1346 At noon na nagsalita ang Prinsesa na namutla: "Don Juan, tingnan mo nga, ang pamali mong nagawa!"
Saknong 1347 "Tayo ngayo'y aabutan ng Haring may kagalitan paanong maiiwasan ang parusang ipapataw?"	Saknong 1348 "Kundangan ay nalimot mong kunin yaong ikapito, pagmalasin kung tumakbo ang tulin ay ipuipo."	Saknong 1349 Ang Hari ay malapit na't madarakip na nga sila ang ginawa ng Prinsesa, pinairal ang mahika.
Saknong 1350 Naglaglag na ng karayom at noon din ay nakulong Itong Haring humahabol ng tinik na buntun-buntun.	Saknong 1351 Pawang bakal yaong tinik matatalim at matulis ang daraan pag nagpilit hahangga sa pagkaamis.	Saknong 1352 Lumunsad na itong Hari't ang kabayo'y itinali, dalawang araw na hinawi, ang sa kaniya ay sasawi.
	? Bakit hindi naabutan ni Haring Salermo ang dalawang magkasintahang nagtanan?	lumunsad – dumaong, lumapag
Saknong 1353 Sa tagal ng paghahawan ay dalawang legwas lamang ang natakbo ng nagtanan malapit di't aabutan.	Saknong 1354 Ang Haring galit na galit sa paghahabol ay nagpilit, nang pamuling mapalapit, lalong dusa niya't sakit.	Saknong 1355 Inihulog ng Prinsesa sa lupa ang sabon niya, daang patag at maganda sa hari ay naging sangga.
Saknong 1356 Daang kaniyang daraanan biglang-bigla natabunan ng sabong sa kataasan bundok na di matawaran.	Saknong 1357 Hari, pati ng kabayo, bumabaon sa paglukso, at upang iwasan ito ibang daan ang tinungo.	Saknong 1358 Lumigid pa nang malayo kaya laking pagkahapo, gayon pa man yaong tayo ng magkasi'y mabibigo.
Saknong 1359 Sa bala nitong Hari agwat nila'y kakaunti, apat na legwas ay hindi layong di na mababali.	Saknong 1360 At natanaw itong habol ipo-ipong umuugong, at nang sila'y masusukol gumawa na ng pananggal.	Saknong 1361 Inilaglag ng Prinsesa isang kohe niyang dala, lupang tuyo'y ano baga't naging dagat kapagdaka!
Saknong 1362 Dagat na ang kalawaka'y di masukat ng pananaw, alo't tubig, nagsasayaw daluyong ay umuungal.	Saknong 1363 Haring sadya na ang galit sa nakita'y napahindig lumuluha at sa hapis hininga ay mapapatid.	Saknong 1364 Wala na siyang magagawa pati lakas ay nawala, amang anak ang humiya ang anak ay sinusumpa.

Saknong 1365 Itinaas na ang kamay at sa langit ang pananaw: “Diyos na Makapangyarihan ang bahala na po’y ikaw.”	Saknong 1366 “Ikaw, anak na suwail, nawa’y makaalala rin, sa ginawa mo sa akin, talaban ka ng dalangin.”	Saknong 1367 “Hingi ko sa Panginoon gumapang kang parang kuhol, at sa haba ng panahon matuto ka ring lumingon.”
Saknong 1368 “At sakaling sumapit ka sa kahariang Berbanya, malimot ng iyong sinta sa pagluha’t pag-iisa.”	Saknong 1369 “Itakwil ka’t pabayaang, sa iba siya pakasal, ito’y siyang kabayaran sa gawa mong kataksilan.”	Saknong 1370 Hari, sa sama ng loob namahay na sa himutok araw-gabi’y walang tulog ang hininga’y nangangapos.
Saknong 1371 Nagkasakit at naratay di nagluwat at namatay nabigo ang karunungan agawin ang kaniyang buhay.	Saknong 1372 Bayaan sa pagluluksa ang kahariang may luha lahat tayo’y may tadhana magbabalik din sa lupa. ? Ano ang nangyari sa Haring Salermo sa pag-alis ng anak na si Donya Maria?	Saknong 1373 Ngayon ang ating sunda’y ang sinapit ng nagtanan, kung tumalab o nasinsay ang dalangin ng namatay.
Saknong 1374 Kabaaan, palibhasa pag-ibig ay batang-bata, sa apoy ng bawat nasa’y hinahamak pati luha.	Saknong 1375 Likas na sa kabataang sa pag-ibig ay mamatay, bawalan mo ay kaaway pati ng mga magulang.	Saknong 1376 Mga pusong sa pag-ibig pinag-isa na ng dibdib halangan ng kahit lintik liliparin din ang langit.
Saknong 1377 At sa batang kaisipan ang lahat na ‘y pawang buhay, sa masama’y pagbawalan ang akala’y di mo mahal.	Saknong 1378 Sadyang ganyan tayong tao habang bata’y walang tuto, labang-laban sa pagtungo’t laging taas yaong ulo.	Saknong 1379 Lahat ito’y pumapanaw pagsapit ng katandaan pagsisisi ay nariyan sa nagawang kamusmusan.
Saknong 1380 Sa tao ay sino kaya ang di muna naging bata? Pagkat ito ang tadhana walang dapat ikamangha.	Saknong 1381 Dito natin matitimbang kung tumpak o kamalian ang ginawi ng nagtanan sa pagtangi ng magulang.	Saknong 1382 Matapos ang madlang dusa’t layuan ang kaniyang ama, sumapit din sa Berbanyang sa sakuna’y ligtas sila.





Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang teksto.

1. Anong panawagan ng may akda?
2. Ilahad ang mga katangian ni Haring Fernando?
3. Paano inilarawan ang tatlong anak ni Haring Fernando?
4. Bakit nagkasakit ang Hari? Ipaliwanag.
5. Ilarawan ang masamang panaginip ng hari?
6. Sa saknong bilang 41, ano ang inilalarawan nito?
7. Paano naging bato si Don Pedro?
8. 'Sa lambing ng mga awit. Ipaliwanag ang linya.
9. Kung ikaw ay si Don Juan, hindi ka rin ba gagamit ng kabayo sa paglalakbay? Ipaliwanag.
10. Bilang mag-aaral, ano ang katangian na ipinakita ni Don Juan na iyong hinahangaan? Bakit?

B. **Panuto:** Pumili ng mga simbolo sa mga binasang saknong at ipaliwanag ang halaga at posibleng kahulugan nito sa pag-unawa ng panitikan.

Elementong Panlingguwistika

SIMBOLO	KAHULUGAN
	
	
	

Sagutin din ang sumusunod:

1. Napanatili ba ng sukat at tugma ng isang korido sa saknong 1438-1600 ng Ibong Adarna? Patunayan.
2. Batay sa pagkakasulat ng teksto, napanatili rin ba ng may akda ang kaniyang estilo? Ipaliwanag.

C. Panuto: Pumili ng mga simbolo sa mga binasang saknong at ipaliwanag ang halaga at posibleng kahulugan nito sa pag-unawa ng panitikan.

Mga Pangyayari sa Akda

Pag-uugnay sa Sariling
Karanasan



Paglililaw sa mga Kaalaman

MAHAHALAGANG PANGYAYARI SA SAKNONG 408-1382

- **Pagpapagaling kay Don Fernando**

Si Don Juan, ang bunsong anak ni Haring Fernando, ay naglakbay patungo sa Bundok Tabor upang hulihin ang mahiwagang Ibong Adarna, na siyang tanging lunas sa karamdaman ng kanyang ama. Matapos ang maraming pagsubok, nagtagumpay siya sa paghuli sa ibon at dinala ito sa Berbanya kung saan ito kumanta at nagpagaling kay Don Fernando.

- **Pananambang nina Don Pedro at Don Diego**

Naiinggit ang mga nakatatandang kapatid ni Don Juan, sina Don Pedro at Don Diego, sa tagumpay niya. Plinano nila at sinaktan si Don Juan, iniwan siyang sugatan at dinala ang Ibong Adarna sa kanilang ama, na nagpanggap na sila ang humuli nito.

- **Paghahanap kay Don Juan**

Napansin ni Haring Fernando at Reyna Valeriana ang kakaibang pag-uugali ng Ibong Adarna kapag sina Don Pedro at Don Diego ang kaharap nito. Nang malaman ang totoong nangyari, nagpasya si Haring Fernando na hanapin si Don Juan. Siya ay natagpuan ng isang matandang ermitanyo at dinala pabalik sa Berbanya.

- **Panibagong Misyon**

Ang Pagliligtas kay Donya Leonora at Donya Juana: Upang patunayan ang kanyang kabayanihan, inutusan si Don Juan na iligtas ang dalawang prinsesa, sina Donya Leonora at Donya Juana, mula sa isang mahiwagang balon. Nagtagumpay siya sa misyong ito, na may tulong ng mga agimat at tulong mula sa ermitanyo.


- **Pagtataksil ni Don Pedro**

Sa kabila ng tagumpay ni Don Juan, muling nagplano si Don Pedro upang agawin si Donya Leonora. Dahil sa panibagong panlilinlang, napilitan si Don Juan na umalis at nagpatuloy sa kanyang paglalakbay.

- **Pagkikita kay Donya Maria at Ang Pagsubok sa Kaharian ng De los Cristales**

Sa kaniyang paglalakbay, nakilala ni Don Juan si Donya Maria Blanca, ang prinsesa ng kaharian ng De los Cristales. Dumaan siya sa maraming pagsubok upang patunayan ang kanyang pag-ibig at katapatan kay Donya Maria.

Sa kabuuan, ang mga saknong na ito ay nagpapakita ng maraming tema tulad ng pagtataksil, pag-ibig, katapatan, at kabayanihan. Ang kuwento ay naglalarawan din ng mahiwagang mga elemento at makulay na paglalarawan ng kulturang Pilipino.



Pagpapalalim

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Sumulat ng isang talatang naglalarawan na may kinalaman sa buhay ng isa mga pangunahing tauhan ng Ibong Adarna na sa palagay mong magdudulot ng inspirasyon sa mga kapwa mo mag-aaral.

TAUHAN	KAUGNAYAN SA TAUHAN

- B. **Panuto:** Magsulat ng 2-3 talata upang iugnay ang mahalagang kaisipan ng Ibong Adarna batay sa iyong sariling pananaw, moral, katangian at karanasan.




Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Balikan ang bahagi ng aralin na binasa at sipiin ang mga bahaging nagpapahayag ng matinding kalungkutan o pangungulila. Itala ang mga pahayag.

Mga Pahayag o Sagnong na nagpapahayag ng kalungkutan o pangungulila

- B. **Panuto:** Kumuha ng kapareha at isulat sa patlang ang naging damdamin sa tauhan at pangyayari sa binasang bahagi ng Ibong Adarna.



- C. **Panuto:** Magpapangkat ang klase. Pumili ng (5) limang saknong kaugnay sa tinalakay na akda. Suriin ang detalye nito. Gawing gabay ang dayagram sa ibaba.

Pagsusuri sa Limang (5) Saknong ng Ibong Adarna

Saknong blg. ____

- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong

Saknong blg. ____

- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong

Saknong blg. ____

- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong

Saknong blg. ____


- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong

Saknong blg. ____

- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong

Saknong blg. ____

- Paksa
- Mahihirap na salitang ginamit (kahulugan)
- Mensahe ng Saknong



Pagsasalansan

Sa araling ito tinalakay ang pakikipagsapalaran ng tatlong prinsipeng tulang elehiya na isang tulang pamdamdamin.

ARALIN 25

Ibong Adarna (Saknong 1383-1600)



Maraming naghihintay sa pagbabalik ni Don Juan sa kahariang Berbanya matapos ang pitong toang paglalakbay at pagkawala mula sa kaharian.



Layunin

- ◊ Naipaliliwanag ang banghay o mga tugto ng pangyayari.
- ◊ Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari at tauhan sa binasang saknong.
- ◊ Nasusuri ang mga katangian at papel na ginagampanan ng bawat tauhan sa teksto.



Paghahabi ng Kaalaman

Saknong 1383–1 600 mula sa Ibong Adarna

1. Ano ang kahulugan ng salitang pangako para kay Don Juan?
2. Bakit kailangang tuparin ang isang pangako?

PANGAKO KAY DONYA MARIA (Saknong 1383–1438)

Saknong 1383 Sa atas ng karangalan ng angkan ng mga mahal, minarapat ni Don Juang sa nayon muna tumahan.	Saknong 1384 Dito muna minarapat ang Prinsesa ay ilagak, samantala'y igagayak ang marangal na pagtanggap. ? Bakit naisip ni Don Juan na iwan si Donya Maria sa nayon?	Saknong 1385 "Kaya ba," ani Don Juan sa Prinsesang kaniyang buhay, "Kita muna'y maiiwan, huwag sanang mamamanglaw." mamamanglaw – nagdidilim, nalulungkot; nalulumbay
Saknong 1386 Ako ngayon ay haharap sa ama kong nililiyag upang kaniyang matalastas ang sa atin ay marapat.	Saknong 1387 "Katungkulan ng palasyo ang pagsalubong sa iyo, ito naman ay dangal kong masasabi ng ama mo."	Saknong 1388 Pakli naman ng Prinsesa: "Bakit kaya ibig mo pang magulang mo'y maabala, gayong ito ay labis na."

Saknong 1389 “Sa aki’y di kailangang handugan pa ng parangal, mayroon nito o wala naman wala tayong kabaguhan.”	Saknong 1390 Kay Don Juan namang sagot: “Tunay na nga, aking irog, ngunit bigyan nating lugod ang bayan kong nasa lungkot.”	Saknong 1391 “Alamin mong matagal nang hinihintay ako nila sa laong di pagkikita ang nawala ay buhay pa.”
Saknong 1392 “Saka laking kababaan ang hindi parangalan, ang Berbanya’y malalagay sa hamak na kalagayan.”	Saknong 1393 “Ano na ang sasabihin ng ama mo kung malining, siyang galit na sa atin ang pagsumpa’y sapin-sapin.”	Saknong 1394 “Kaya, giliw, mayag ka nang dito’y iwan muna kita, pangako ko at umasang mamaya ri’y kapiling ka.”
Saknong 1395 “Kung gayon ay isang hiling,” ang kay Donya Mariang turing, “ipangako mo sa aking ito’y di mo lilimutin.”	Saknong 1396 “Hinihingi ko sa iyong pagdating mo sa palasyo iwasan sanang totoo sa babae’y makitungo.” ? Ano ang mahigpit na bilin ni Donya Maria kay Don Juan upang ‘di siya malimot nito?	Saknong 1397 “Maging sa ina mong tunay ang malapit ay iwasan, mabigat ito, Don Juan ngunit siyang kailangan.”
Saknong 1398 “Ang hiling ko, pag nilabag asahan mong nawakawak ang dangal ko’t yaring palad sa basahan matutulad.” nawakawak – kapamahakan, kasiraan, o kapabayaan	Saknong 1399 “O, Don Juan, aking kasi, alaala ko’y malaki: karaniwan sa lalaki ang mabihag ng babae.”	Saknong 1400 “Iwalay sa alaala’t ako’y itangi sa iba, sa buhay ko ay sino pa kundi ikaw ang ligaya.”
Saknong 1401 “Limutin ka’y kataksilan magawa ko kaya iyan? O, buhay ng aking buhay, magsabi ang kamatayan.”	Saknong 1402 Prinsipe ay humayo na sa palasyo’y mangyari pang nang dumating anong sigla’t kaharian ay nagsaya!	Saknong 1403 Ang lahat na’y nagdumugang sumalubong kay Don Juan, ama’t inang nabuhayan yakap na sa bunsong mahal. ? Paano hinarap ni Don Juan ang kaniyang pamilya?
Saknong 1404 Maging ang mga kapatid na malayo yaong dibdib, pagkikita’y ‘di man nais nagsaya rin at lumapit.	Saknong 1405 Lalo itong si Leonorang pitong taong nagdurusa, nang marinig yaong sinta’y hinimatay na sa saya.	Saknong 1406 Labas na sa kaniyang silid katauha’y nagtatalik, ang pagdating ng pag-ibig paglaya sa madlang sakit.
Saknong 1407 Lumapit na kay Don Juan at umupong kaagapay, nalimot ang kahihyan sa harap ng kapulungan.	Saknong 1408 Ang ginawang iyon niya, hindi kagaspangan aniya pusong uhaw sa pagsinta, ang hiya’y nalilimot na.	Saknong 1409 Si Leonora’y may matwid gawin yaon kahit pangit, ano nga’t ang kanyang dibdib ibibigay sa ‘di ibig?

Saknong 1410 Pitong taong nagbabata maligtasan lamang niya ang masaklap na pagsinta ni Don Pedrong palamara.	Saknong 1411 At ngayong ang hinihintay narito na'y bakit naman iibigin pang tumagal ang kimkim na kahirapan?	Saknong 1412 At noon na nagpahayag na ang luha'y nalalaglag, "Mahal na hari'y patawad, sa gawa kong hindi dapat."
Saknong 1413 "Dinggin po ng kamahalan yaring munti kong hinakdal, kung mali o may katwiran, hatol ninyo'y igagalang."	Saknong 1414 "Pagkat naririto na nga ang sa puso ko'y mutya, panata kong di sinira'y tapos na po alipala."	Saknong 1415 "Hiningi sa kamahalan pitong taong pagbabanal, pag-iwas po na makasal sa hindi mo minamahal."
Saknong 1416 "Ngayon ko ipagtatapat sa inyo po at sa lahat, ang sa puso ko'y may hawak si Don Juan, inyong anak."	Saknong 1417 "Dito ako pakakasal pagkat isang kataksilang hanggang langit isisigaw, ang sumpa ko'y talikuran."	Saknong 1418 "Si Don Jua't dili iba ang sa akin ay kumuha, sa balo'y pinalamara ng anak mo pong dalawa."
Saknong 1419 "Hanggang dito, haring mahal yaring akin pong hinakdal di ko ibig na masalang ang iba pang mga subyang." ? Ano ang kagaspangang sinabi ni Donya Leonora sa Hari ng Berbanya?	Saknong 1420 Hari sa kaniyang narinig matagal ding di umimik, ang hiwaga'y iniisip, na tutop ng kaniyang dibdib.	Saknong 1421 Sampung mga kamahalang nakirinig sa hinakdal ay pawang nangatigilan sa gayong kababalaghan.
Saknong 1422 Nangapako ang paningin sa dalawang mga taksil, hindi nila akalaing kapwa pala mayro'ng lihim.	Saknong 1423 Kapwa hindi humuhuma halata ang hiya nila, noon lalong nakilalang may katwiran si Leonora.	Saknong 1424 Nagpahayag itong Hari matapos na mapaglimi: "Leonora, sa iyong hingi walang tutol yaring budhi."
Saknong 1425 "Sino man nga sa dalawa ang pili'y pakasal ka, ikaw naman ay umasang manugang ding mahal kita."	Saknong 1426 "Pag-iisang dibdib ninyo'y gagawin sa linggong ito ganito ang pasiya ko't nang matapos na ang gulo."	Saknong 1427 "Samantalang naghihintay ako sana'y pagtapatan, ang pinutol na hinakdal may malaking kahulugan."
Saknong 1428 "Isang bagay na dapat kong liwanagin kung totoo, akong Haring ama ninyo sa masama ay ayoko."	Saknong 1429 "Anak ko man ay suwail ang marapat ay itakwil, kasamaang pausbungin sa bayan ay pagtataksil." pausbungin – payabungin, palakihin	Saknong 1430 "Tunay nga po, Haring mahal," kay Leonorang katugunan, "ngunit ako'y pairugan pagkaraos na ng kasal."

Saknong 1431 Ano pa nga't naayos din ang sa pusong suliranin, kasayahang nangulimlim, nagpatuloy nang maningning.	Saknong 1432 Sa palasyo'y anong saya lahat doon ay masigla, tiwala ang Hari't Reynang ang ulap ay naparam na.	Saknong 1433 Hindi nila nababatid na sa nayo'y may ligalig, ito'y apoy na sasapit sa palasyong nagtatalik. ? Anong kasiyahan ang nagaganap sa kaharian na ipinagpupuyos ng damdamin ni Donya Maria?
Saknong 1434 Natalos ni Donya Maria sa tulong ng dunong niya: ang Prinsipeng kanlyang sinta nakalimot nang talaga. ? Paano nalaman ni Donya Maria ang pagpapakasal ni Don Juan sa ibang babae?	Saknong 1435 Ang pangakong babalikan nang araw ding magpaalam, inabot ng tatlong araw pangako'y bulang natunaw.	Saknong 1436 Natalos ding sa palasyo kasayahan ay nagulo, nang maayos naman ito'y may kasalan na sa Linggo.

PAGSUNOD NI DONYA MARIA SA BERBANYA
(Saknong 1439–1522)

Saknong 1437 Ikakasal ay di ba't si Don Jua't Leonora, ang higanti ay handa na't gagawin ni Donya Maria.	Saknong 1438 Ang taksil ay magbabayad kataksila'y mauutas, pag ang tao'y laging duwag kakaning-itik ang labas.	Saknong 1439 Araw nga ng pagkakasal dumating nang hinihintay, sa Prinsipe'y katuwaa't sa Prinsesa'y kapanglawan.
Saknong 1440 Singsing niyang may mahika'y hinilingan ni Donya Maria isang sasakyang karosang walang kapantay ang ganda. karosa – karwahe	Saknong 1441 Saka isang kasuotang sa emperatris na tunay, dikit ay makasisilaw sa madlang nasa kasalan.	Saknong 1442 Lahat ng kaniyang hiniling sa sandali ay dumating pati ibang gagamitin ibinigay na ng singsing.
Saknong 1443 Si Donya Maria'y nagbihis gayak niyang emperatris, ganda sa matang tititig Serafin mandin sa langit.	Saknong 1444 Sa karosa ay lumulan naliligid ng utusan sanghaya'y pagkakamalang buwan sa lupa'y dumalaw.	Saknong 1445 Karosa't mga kabayong mahahatid sa palasyo sa malayo kung tingnan mo'y yaong kay Venus de Milo.
Saknong 1446 Labindalawang kabataan ang kabayong nakasingaw tindig, ayos, laki, kulay lahat ay iisang tunay.	Saknong 1447 Mga kasamang kutsero anim namang bagong-tao, sa hulihan naman nito ay may anim na lakayo.	Saknong 1448 Ang lakayo kung masama ang tungkulin sa tuwina sa paglakad nitong reyna, kabayo'y ayusin nila.

Saknong 1449 Kutsero't maging lakayo mga utusan ng palasyo, kagayakan niyo'y ito uri't tabas ay pareho. ? Paano pinaghandaan ni Donya Maria ang pagpunta sa kaharian?	Saknong 1450 Pagsungaw sa kaharian nitong makikipagkasal, nakapunang Hari't bayan paghanga'y walang kapantay.	Saknong 1451 Kaya anang Don Fernando: "Emperatris sa banta ko, patugtugin ang musiko't salubungin ang dadalo."
Saknong 1452 Nakita ng kalahatan ang karosang gintong lantay kasunod na mga abay walang hindi kamahalan.	Saknong 1453 Pagtapat na sa palasyo'y sumigaw ang mga tao: "Emperatris pong totoo, sa kasalan ay dadalo."	Saknong 1454 Sa gayo'y agad nag-atas ang Hari't Reynang marilag na ang madla'y tumatag at humanda sa pagtanggap.
Saknong 1455 Pinigil muna ang kasal sa dadalo'y alang-alang ugali ng kamahalang panauhi'y parangalan.	Saknong 1456 Sa palasyo ay lalo nang nag-ibayo yaong sigla, lumuklok si Donya Mariang kasiping ng bunying Reyna.	Saknong 1457 Dito na nga nagsalaysay ang panauhing marangal: "Naakit po yaring lagay na dumalo sa kasalan."
Saknong 1458 "Ngunit sawimpalad yata't nahuli na yaring nasa, yari ako ang nilikhang, laging bigo sa pithaya." sawimpalad – tumutukoy sa mga taong hindi naging maganda ang buhay o nakaranas ng pagkatalo at kasawian ng paulit-ulit	Saknong 1459 "Malaki pa namang mithing sa ligaya'y makihatit sa ngalan ng Reyna't Hari kakasalin ay mabati." ? Paano tinanggap ng palasyo at ng hari ng Berbanya si Donya Maria?	Saknong 1460 Samantalang binibigkas ang ganitong pangungusap, ang sa puso ay may sugat kay Don Juan nakamalas.
Saknong 1461 Dapwa't ito'y walang imik nakatingi'y walang titig, noon niya napag-isip nalimot na ang pag-ibig.	Saknong 1462 Wari'y hindi kilala't anong labo niyong mata, titigan ma't dilatan pa'y walang kibo't bulag tila.	Saknong 1463 O, Pagsintang nakalimot nabasag na parang bubog, salaminin mo mang taos, larawan mo'y di tumagos.
Saknong 1464 Dito'y di na nakatiis si Donya Mariang may hapis, 'di man kusa ay nasamid nagtikom ng kaniyang bibig.	Saknong 1465 Sabay namang paliwanag ng Haring kaniyang kaharap: "Emperatris na marilag, 'di pa huli iyang hangad."	Saknong 1466 "Itong kasal ay pinigil nang kayo'y matanaw namin, kaya ngayon ay magturing kung may ibig na sabihin."
Saknong 1467 "Haring makapangyarihan," anang panauhin naman, "mahalaga yaring pakay sa pagdalo sa kasalan."	Saknong 1468 "Marapatin kaya бага ng bunying Hari at Reyna isang laro'y ipakita na handog ko sa kanila?"	Saknong 1469 "Isang larong pagkainam na bagay po sa kasalan, masaya't katutuwaan ng ngayon po'y ikakasal." ? Ano ang regalong ibinigay ni Donya Maria sa ikakasal?

Saknong 1470 “Emperatris na marilag ipakita ang palabas, hari na ngang makaragdag sa kasayahan ng lahat.”	Saknong 1471 Sa gayon, itong Prinsesa sa upo ay umayos na, sa dyamanteng singsing niya’y humingi ng kaniyang pita. pita – matinding pag-asam, matinding pagnanais, matinding pagnanasa	Saknong 1472 Isang prasko na may tubig malaki at sakdal-dikit, dito nama’y nakasilid dalawang itang maliit.
Saknong 1473 Mag-asawa itong ita kaya negrito’t negrita, sa uling ay maitim pa’t malalaki yaong mata.	Saknong 1474 Humingi rin ng musiko isang banda’y anong gulo! tumugtog na at dinig mo wala namang mga tao.	Saknong 1475 Negrita ay may suplina ang hawak na panghampas niya, kung kumilos ay tila ba isa siyang munting reyna.
Saknong 1476 Sinimulan ang palabas ang musiko ay humudyat, ang negrita ay umindak ang negrito ay lumibad.	Saknong 1477 Tugtog ay walang lubay sayaw na walang patlang, sa palasyo’y anong ingay sa laki ng katuwaan.	Saknong 1478 Tuwa’t ganda ng palabas lalo pa manding tumingkad nang ihinto ang paglipad at dula na ang ihayag.
Saknong 1479 Nagharap ang mga ita, mayabang ang kilos nila at sa madlang nakamata parang nagmamalaki pa.	Saknong 1480 “Ako nga’y sagutin mo,” anang ita sa negrito, “si Donya Maria ba’y sino’t siya baga’y naririto?”	Saknong 1481 “Aywan ko ba, aking poon,” sagot nitong tinatanong, “ni hindi ko matuturo kung saang bayan naroroon.”
Saknong 1482 “Ako’y walang kakilala ni isa man lang Prinsesa, ni isa man bagang Donya, na laman ng alaala.”	Saknong 1483 “Diyata ba, O, Don Juan,” ang ulit ng katanungan, “Ang Prinsesang iyong mahal lubos mo nang nalimutan?”	Saknong 1484 “Ano’t iyong malilimot si Donya Maria mong irog, di ba sumpa among mataas ang magtaksil ay matapos?”
Saknong 1485 “Hindi mo naaalalang siya’y lagi mong kasama, sa aliw man at sa dusa kasalo mo sa tuwina.”	Saknong 1486 “Gunitain mo, Don Juan ang lahat ng kahirapan ni Donya Maria mong hirang nang dahil sa iyo lamang.”	Saknong 1487 “Buhay niya’y itinaya sampung karangalan pa nga kung hindi sa kaniyang gawa ang buhay mo ay nawala.”
Saknong 1488 “Noong ikaw ay utusan ng Hari niyang magulang, di ba ang Prinsesang mahal ang sa hirap ay pumasan?”	Saknong 1489 “Nang sa iyo’y ipatibag ang bundok na pagkataas, sino baga ang naghirap kundi ang Prinsesang liyag?”	Saknong 1490 “Sa magdamag na paggawa ang trigo ay naipunla, tumubo’t namungang pawa at nagapas namang madla.”
Saknong 1491 “Nang gabi ring yaon naman nagiling nang madalia’t bago nagmadaling-araw ay naluto nang tinapay.”	Saknong 1492 “Kung limot mo nang talaga’t sa gunita ay wala na yaring hawak kong suplina ang magpapaalala.”	Saknong 1493 Ang negrito’y binigwasan nang matindi sa katawan datapwat ang nasakta’y ang Prinsipeng si Don Juan.

Saknong 1494 “Aruy ko!” yaong daing “Sino’ng pumalo sa akin?” Lumingap sa kaniyang siping, walang sinumang kapiling. lumingap – mag-alaga	Saknong 1495 Si Donya Maria’y nagsaysay, “Ulitin ninyo ang sayaw, ang musiko’y magtugtuga’t nang makaaliw sa lumbay.”	Saknong 1496 Ang negrito at negrita sayaw ay lalong sumigla kung umindak at tumawa nalulugod ang lahat na.
Saknong 1497 Matapos ang isang ligid ang Prinsesa ay nagsulit: “Ang musiko’y itahimik at ang dula ang ipalit.”	Saknong 1498 Negrita rin ang nagbukas ng salita sa kausap: “Sasariwain kong lahat kung limot mo na sa hagap.”	Saknong 1499 “Ikaw yaong inutusan ni Don Salermong mahal, hulihin sa karagatan ang negritong pinawalan.”
Saknong 1500 “Labindalawa ngang lahat ang negritong kaniyang ingat, ngayon, sino ang naghirap nang hulihin na sa dagat?”	Saknong 1501 “Hindi ba si Donya Maria at ikaw ay kasama pa, ang prasko ay hawak niya’t ikaw naman yaong dala?”	Saknong 1502 “Si Donya Maria rin naman ang sa prasko ay naglagay, at siya rin namang tunay ang sa Hari ay nagbigay.”
Saknong 1503 Ang negrito ay sumagot: “Wala akong natalos ni ng tinibag na bundok ni ng dagat na inarok.”	Saknong 1504 Sa gayo’y muling pinalo itong negritong palalo si Don Juang nakaupo sa sakit ay napatayo.	Saknong 1505 Pinatugtog ang musikong himig-himutok ng tao, nagsayaw na panibago ang negrita at negrito.
Saknong 1506 May kalahati ring oras ang malungkot na paglipat si Donya Maria’y nag-atas na dula na ang marapat. nag-atas – nag-utos	Saknong 1507 “Diyata’t di mo kilala? Huwag kang magbiro sana, sa iyo’y sinabi ko na kayrami ng tanong mo pa.”	Saknong 1508 “Kung gayon nga ay makinig bubuhayin ko sa isip taong hindi naiidlip gisingin mo’y di mapilit!”
Saknong 1509 “Kung limot mo’y sariwa pa sa akin ngang alaala, ang hinihiling ng Monarkang ang gumawa’y ang Prinsesa.”	Saknong 1510 “Yaong bundok na mataas na ligid ng isang dagat, sa Monarkang paghahangad sa may palasyo’y nalipat.”	Saknong 1511 “Sa tapat ng durungawan hinihiling niyang malagay, upang kung may alinsanga’y hangin doon ay makamtan.”
Saknong 1512 “Kahilingan ay natupad, at ang hari ay nagalak, pagkatapos ay hinangad mapagitna na ng dagat.”	Saknong 1513 “Hinihinging maging tanggulan matibay na kaharian, mayroong kanyo’t mga kawal sadyang handa sa digmaan.”	Saknong 1514 “Bukod dito’y mayroon pang dapat mo ring maalala, yaong singsing ng Monarkang nawala’y muling nakuha.”
Saknong 1515 “Sa paghanap nitong singsing nang sa dagat ay sisirin, di ba si Donya Maria rin ang sa hirap ay napain?”	Saknong 1516 “Ang singsing ng kaniyang ama sa dagat kaya nakuha, ang katawan ni Prinsesa’y tinadtad mong parang tapa.”	Saknong 1517 “Mga lamang durog-durog nang sa dagat ay ihulog naging isang isdang bilog at ang singsing ay napulot.”

Saknong 1518 “Makalawa mong tadtarin bago nakita ang singsing alam mo ang naging dahil? Natulog ka ng mahimbing.”	Saknong 1519 “Nang tadtaring pangalawa napahamak ang Prinsesa dulo ng daliri niya’y tumilapo’t di nakita.”	Saknong 1520 “Yaong kanang hintuturo nanatiling di na buo, at ngayon ang naging tubo’y itakwil ng iyong puso.”
---	--	--


PAGBABALIK SA GUNITA
(Saknong 1523–1600)

Saknong 1521 “Gunitain mo rin naman ang kabayong walang galang, nang sa iyo’y paturuan bakit ka pa nabuhay?”	Saknong 1522 “Di ba ito ring Prinsesa ang nagligtas sa lahat na, ngayon, ano at ganyan ka? may ganang magmalaki pa?”  Ano ang isinalaysay ng mag-asawang negrito sa kaharian sa Berbanya?	Saknong 1523 “Si Donya Maria’y nagtiis ng lahat ng madlang sakit alang-alang sa pag-ibig sa iyo, patay na dibdib.”
Saknong 1524 “Nang ikaw ay bigyang pala ng Hari ng tila naawa, kanino mo utang kaya ang natamong gantimpala?”	Saknong 1525 “Di ba ikaw ay tinawag ng Haring nagdalang-habag nang sa palasyo’y umakyat ano ba ang kaniyang atas?”	Saknong 1526 “Di ba wika niyong Haring may laya ka nang mamili ng biyayang hinihingi na sa puso’y itatangì?”
Saknong 1527 “Pinapamili ka na nga sa tatlong anak na mutya, sa pagpili, pano kayang natiyak ang gantimpala?”	Saknong 1528 “Di ba sa pinid na silid naroon ang tatlong dikit? Pagka’t bawal ang sumilip, diwa mo’y nag ulik-ulik.”	Saknong 1529 “Ngunit iyong nagunita ang daliring putol na nga, kaya naman biglang-biglang natiyak mo yaong mutya?”
Saknong 1530 “Natamo mo ang tagumpay ang Hari’y iyong nalinlang, ito’y kanino mo utang, di ba sa Prinsesang mahal?”	Saknong 1531 “Nang ikaw ay tanggapin nang sa palasyo na magtira, ang lumuhog sa Monarka, hindi ba si Donya Maria?”	Saknong 1532 “Ano’t kayo ay nagtana’t iniwan ang kaharian? Sapagkat kaniyang nalamang Hari’y ibig kang mapatay!”
Saknong 1533 “Nang kayo’y makaalis na at habulin ng Monarka, sino nga ang una-unang sa kamataya’y sumugba?” sumugba – dumaluhong	Saknong 1534 “Pagkat ikaw’y minamahal ng Prinsesang itinanang, nang kayo nga’y aabutan ama niya’y kinalaban.”	Saknong 1535 “Upang kayo ay maligtas sa parusang ilalapat, daang dati’y aliwalas naging pook na madawag.”

Saknong 1536 “Upang kayo ay maligtas sa parusang ilalapat, daang dati’y aliwalas naging pook na madawag.”	Saknong 1537 “Upang kayo ay maligtas sa parusang ilalapat, daang dati’y aliwalas naging pook na madawag.” ? Paano ipinaalala ni Donya Maria ang mga pinagdaanan ni Don Juan?	Saknong 1538 “Upang kayo ay maligtas sa parusang ilalapat, daang dati’y aliwalas naging pook na madawag.”
Saknong 1539 Sayaw ngayon ay matagal parang binibigyang-puwang mapawi ang kainipan sa mahabang salitaan.	Saknong 1540 Ang negrito at negrita sa sayaw na ito nila, kaylilindi’t tumatawa ang madla’y ginagayuma.	Saknong 1541 Lilindi-linding katawan sa tugtog ibinabagay, kaya ba ang karamihan natutukso ring magsayaw.
Saknong 1542 Napuna ni Donya Mariang ang palabas ma’y maganda, si Don Juan ay lalo pang wiling-wili kay Leonora.	Saknong 1543 Kaya biglang iniutos: “Itigil na ang pagtugtog hayo na negritong irog salitaan ang isunod.”	Saknong 1544 Ang simula ng negrita: “Naputol kong pagbabadya ngayo’y durugtungan ko na, Don Juan makinig sana.”
Saknong 1545 “Makaitlo ngang humabol ang Haring galit ay sukdol, makaitlo naman lalong sa hiras siya’y nabaon.”	Saknong 1546 “Una nga’y nang maging tinik ang daang dati’y malinis pangalawa’y nang tumakip ang sabong bundok sa tarik.”	Saknong 1547 “Ang pangatlo’y siyang huli nang ilaglag na ang kohe, daang pagkabuti-buti, naging dagat na malaki.”
Saknong 1548 “Dito’y wala nang nasapit ang Hari kundi tumangis sa laki ng kaniyang hapis sa Diyos napatangkilik.”	Saknong 1549 Noon niya isinumpa ang anak na minumutya ‘Diyos ko’, ang kaniyang wika, ‘kayo na po ang bahala.’	Saknong 1550 “Kayo nama’y nagpatuloy yamang wala na ang habol sumapit sa isang nayon, ng Berbanyang inyong layon.”
Saknong 1551 “Ngayong ito’y Ermepolis nayong pagkarikit-riket, ikaw na rin ang may nais doon na muna lumigpit.”	Saknong 1552 “Sa bahay ng isang pastor kayo nama’y pinatuloy ang Prinsesa ay umayon yamang ibig mo ang gayon.”	Saknong 1553 “Nang kayo ay naroon na naisip mong tila бага ang mabuti’y mauna kang pakita sa iyong ama.”
Saknong 1554 “Naisip mong kailangang ang Prinsesa’y parangalan, mahalay sa kahariang tanggapin nang gayon lamang.”	Saknong 1555 “Ang Prinsesa ay tumutol nang mabatid iyang layon, matwid niya’y ang maugong na dagat ay may daluyong.”	Saknong 1556 “Ang dugtong pang paliwanag Bakit бага iyong hangad, Kahariang mapanatag bibigyan pa ng bagabag?”
Saknong 1557 “Sa mayroon at wala man ng gagawin mong parangal, wala tayong kabaguhang sukat bagang maasahan.”	Saknong 1558 “Maaari naman tayong magpatuloy nang paganito, ano pa’t nanasain mong guluhin ang buong reyno?”	Saknong 1559 “Iyang mga pagdiriwang may panaho’t bagay-bagay, ito’y di na karangalang, gawin sa munting dahilan.”

Saknong 1560 “Ngunit ikaw’y di umayon ang balak mo’y itinuloy, sa pagmatwid na ang gayon sa Prinsesa’y nauukol.”	Saknong 1561 “Noon ka nga nagpaalam sa Prinsesang iyong mahal, pangako mong sandali lang inabot ng tatlong araw.”	Saknong 1562 “Nalimot mo yaong biling sa palasyo kung dumating, ang lahat na’y kausapin ang babae ay itakwil.”
Saknong 1563 “Mahigpit na paalalang sa babae’y umiwas ka, pagkat kapag nalapit na’y malilimutan mo siya.”	Saknong 1564 “Sa iyo’y naipalining ang ganitong salagimsim, nalimot lang na sabihing bakit nasok sa damdamin.”	Saknong 1565 “Ang totoo’y makinig ka nang iyong maalala, sa galit ng kaniyang ama’y isinumpa ang Prinsesa.” isinumpa – itinakwil
Saknong 1566 “Sa Diyos ay dumalangi’t isa sa kaniyang hiniling, anak niya ay limutin ng Prinsipeng ginigiliw.”	Saknong 1567 “Ang Prinsipe ay pakasal sa ibang Prinsesa naman, anak niya ay gumapang sa malaking kahirapan.”	Saknong 1568 “Ito baga’y ‘di nabatid wala na sa iyong isip?” Ang negrito ay nagsulit: “Wag nga sa aking lipir!”
Saknong 1569 “Ako’y walang masasabi pilitin mo mang mabuti, sa totoong ang sarili ay mangmang sa pangyayari.”	Saknong 1570 Pamalo ay bumalatay sa kausap na bulaan, ang Prinsipe’y napaaray pagkat siya ang nasaktan.	Saknong 1571 Nasaktan man ay wala ri’t si Donya Maria’y di pansin, mata niyang may paggiliw kay Leonora nakatingin.
Saknong 1572 Negrita’y muling nangusap pagalit na’t siyang wakas: “Yamang limot na ang lahat ikaw ngayo’y mauutas!” mauutas – mamamatay	Saknong 1573 Palabas ay natapos na bulang natunaw sa mata, ang negrito at negrita nangawalang aywan nila.	Saknong 1574 Tanging naiwan sa hapag ang praskong balot ng pilak, lamang tubig sa pangmalas ay may lihim na kamandag.
Saknong 1575 Yaong si Donya Mariang ang puso ay nagdurusa, sa upo ay nagtindig na’t sa galit ay nagbabaga.	Saknong 1576 Tinitigan si Don Juan titig na makahulugan, nang hindi rin makaramdam ang prasko ay hinawakan.	Saknong 1577 Hawak ang prasko’t aniya, “Don Juan, diyata baga’t hindi mo nakilala akong si Donya Maria?”
Saknong 1578 “Yamang gayon din lamang ako’y walang kabuluhan, magsisi ng kasalana’t ngayo’y ating katapusan!”	Saknong 1579 Babasagin na ang prasko upang gunawin ang reyno, ang lahat na sa palasyo’y nagitlahanang totoo.	Saknong 1580 Noon lamang nagliwanag kay Don Juan ang lumipas, nakilala at niyakap ang Prinsesang kaniyang liyag. ? Paaano napaalala ni Donya Maria ang pangako ni Don Juan sa kaniya?

Saknong 1581 Saka buong pagmamahal kay Donya Maria'y nagsaysay: "Ikaw nga, Prinsesang hirang, ang sa nayon ay iniwan."	Saknong 1582 "Ikaw nga at hindi iba ang tangi kong sinisinta ang sa aking madlang dusa nakasalo sa tuwina."	Saknong 1583 "Ako ang may kasalanan sa dusa mo't kalumbayan, kung di kita nalimutan gulong ito'y naiwasan."
Saknong 1584 "Sa tuwa ko't katuwaan ng Hari at Kaharian, ang bilin mo'y nalimutan, babae'y di naiwasan."	Saknong 1585 "Akong tunay ang may sala kung sa aki'y may galit pa, patawarin ako sinta't ulitin ko ay hindi na."	Saknong 1586 Humarap sa kapulungan at sa ama ay nagsaysay: "Amang makapangyarihan, dito ako pakakasal."
Saknong 1587 Sa nangyari, ang palasyo'y dinalaw ng bagong gulo si Leonorang nakatungo nagtaas ng kaniyang ulo.	Saknong 1588 "Haring makapangyarihang sa amin ay tumatanglaw dinggin ngayon ang hinakdal ng aba kong kapalaran."	Saknong 1589 "Ngayon ko nga ihahayag ang lahat ng aking hirap pitong taon ngayong singkad ito'y aking ingat-ingat."
Saknong 1590 "Si Donya Juana at ako'y magkapatid na totoo, angkan nami'y maginoong naghari sa mga reyno."	Saknong 1591 "Katutubo sa Armenyang bundukin man ay masaya, mga taong tumitira kabuhatan ay masigla."	Saknong 1592 "Pagka't kami'y talinghaga na binuhay ng Bathala, tahanan ma'y nasa lupa tago sa mata ng madla."
Saknong 1593 "Isang balong pagkalalim ang pinto ng bahay namin, pahugos na papasuki't sa itaas manggagaling."	Saknong 1594 "Hagdanan ay walang baitang pagkat balong palas lamang lubid yaong hahawaka't pahulog sa kadiliman."	Saknong 1595 "Kalaliman ay mahaba ang dilim ay mahiwaga, mahihindig sa pagbaba, pag duwag ang magsasadya."
Saknong 1596 "Dito ako natagpuan ng Prinsipeng si Don Juan sa kaniyang pananambitan naging kaniya yaring buhay."	Saknong 1597 "Sa sumpad'y naging saksi ang magtaksil ay maputi anoman nga ang mangyari sumpad'y mananatili."	Saknong 1598 "Minarapat ni Don Juan ang balon ay aming iwan, pag-iisa naming tunay sa Berbanya'y mapagtibay."
Saknong 1599 "Sa tahanan naming balon bago kami nakaahon, ang Prinsipe'y napasuong sa labanang malinggatong."	Saknong 1600 "Ang serpiyenteng may tangkilik sa ngayon ay nagsusulit, kinalabang buong higpit ni Don Juang aking ibig."	
malinggatong – kaguluhan ng pag-iisip	 Ano ang pinahayag ni Donya Leonora sa Haring Berbanya?	



Pagtatagpi ng Talino

Panuto: Sagutin ang mga katanungan batay sa binasa.

1. Sino ang unang nakilala at ikalawang inibig ni Don Juan sa kanyang paglalakbay?
2. Ano ang ispesyal na regalo ang ibinigay ni Donya Maria sa ikakasal?
3. Bakit iniwan ni Don Juan si Donya Maria sa nayon?
4. Paano sinalubong ng pamilya si Don Juan?
5. Paano naalala ni Don Juan ang lahat ng nakaraan nila ni Donya Maria?
6. Ano ang naging reaksiyon ni Don Juan nang maalala niya ang lahat sa kanilang nakaraan ni Donya Maria?
7. Ano ang ipinagtapat ni Leonora sa Hari?
8. Sa iyong pananaw magpaparaya ba si Leonora kay Don Juan?
9. Sa iyong palagay, ano ang magiging desisyon ng hari sa kahilingan ni Don Juan?
10. Kung ikaw si Donya Maria, ipaglalaban mo rin ba ang iyong pagmamahal kahit na alam mong si Don Juan ay ikakasal na kay Leonora? Ipaliwanag.



Paglilinaw sa mga Kaalaman

MGA TAUHAN SA IBONG ADARNA



Ibong Adarna – ang tanging ibon na makapagpapagaling sa sakit ni Don Fernando. Ito ay isang engkantadang ibon na may makulay na balahibo at may kakayahang makapagpapagaling ng sakit gamit ang kanyang magandang tinig o boses.

Don Fernando – siya ang hari ng kahariang Berbanya na ama nina Don Pedro, Don Diego, at Don Juan. Siya ang asawa ni Donya Valeriana.

Donya Valeriana – asawa ni Don Fernando na reyna ng kahariang Berbanya at ina ng

tatlong prinsipe na sina Don Pedro, Don Diego, at Don Juan. Siya ay may magandang katangian at inilalarawan ng mga tao bilang maganda at mabait na Reyna.

Don Pedro – siya ang panganay na anak ng Hari at pinagtaksilan si Don Juan dahil sa kanyang selos sa kapatid. Siya ay may makisig na pangangatawan at may magandang postura sa tatlong magkakapatid. Siya rin ang napangasawa ni Prinsesa Leonora.

Don Diego – pangalawa sa tatlong magkakapatid at laging sunud-sunuran sa kagustuhan at ipinag-uutos ng panaganay na kapatid na si Don Pedro. Siya ay inilalarawan bilang tahimik na tao at napangasawa niya ang kapatid ni Leonora na si Prinsesa Juana.

Don Juan – bunsong anak ni Haring Fernando. Siya ang may pinakabusilak na puso sa tatlong magkakapatid. Si Don Juan ang pinakamamahal na anak ni Haring Fernando dahil sa kaniyang kabutihan. Siya rin ang nakahuli ng ibong Adarna na makapagpapagaling sa karamdaman ng ama. Siya ang napangasawa ni Prinsesa Maria Blanca.

Prinsesa Juana – kapatid ni Prinsesa Leonora at siya ang iniligtas ni Don Juan mula sa isang higante at siya unang pag-ibig ni Don Juan.

Higante – ito ang pinatay ni Don Juan upang mailigtas si Prinsesa Juana.

Prinsesa Leonora – ikalawang pag-ibig ni Don Juan at siya ay muntik nang maging asawa ni Don Juan subalit ang kanyang napangasawa ay si Don Pedro at siya ay naging reyna ng Kahariang Berbanya.

Prinsesa Maria Blanca – gumagamit ng puting mahika at ang pinakamagandang prinsesa sa tatlong magkakapatid na anak ni Haring Salermo sa Reyno delos Cristales. Tinulungan niya si Don Juan upang makalampas sa mga pagsubok ni Haring Salermo. Siya ang itinuturing na ikatlo at huling pag-ibig ni Don Juan at naging asawa nito.

Haring Salermo – inilalarawan siya bilang isang tuso. Siya ang ama ng tatlong prinsesa na sina Leonora, Maria at Juana. Siya rin ay nagtataglay ng itim na mahika. Siya ay tutol sa pag-iibigan nina Don Juan at Prinsesa Maria kung kaya't binigyan niya ng maraming pagsubok si Don Juan. Si Haring Salermo ang hari ng Reyno Delos Cristales.

Leproso – ang nagbigay ng payo na kailangan muna niyang puntahan ang ermitanyo bago niya tuluyang hulihin ang ibong Adarna. Binigyan rin siya ni Don Juan ng pagkain.

Unang Ermitanyo – siya ang tumulong kay Don Juan para mahuli ang Ibong Adarna at nagpayo kung paano maililigtas ang kaniyang mga kapatid.

Manggagamot – siya ang nanggagamot kay Haring Fernando at siya rin ang nakatuklas na ang tanging makapapagaling sa hari ay walang iba kundi ang Ibong Adarn

Ikalawang Ermitanyo – pinayuhan si Don Juan na pumunta sa isang ermitanyo dahil wala siyang ideya kung saan ang Reyno Delos Cristales.

Ikatlong Ermitanyo – nag-utos sa agila na dalhin si Don Juan sa kinarorooanan ng ibong Adarna

Malaking agila – ang nagdala kay Don Juan sa kinaroroonan ng ibong Adarna.

Sarpyente – ito ay may pitong ulo kung saan ay muling tumutubo ang ulo kapag

napuputol. Ito ang nagbabantay kay Prinsesa Leonora, pinatay rin ito ni Don Juan upang iligtas ang Prinsesa

Lobo – ito ang tumulong kay Don Juan upang gumaling ang mga sugat at mailigtas mula sa pagtataksil sa kanya ng kaniyang dalawang kapatid na si Don Pedro at Don Diego.

Arsobispo – ang nagpayo sa Hari na dapat ang pakasalan ni Don Juan ay si Prinsesa Leonora.



Pagpapalalim

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Ilahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang teksto na “Ang Pagbabalik sa Berbanya” gamit ang timeline.

Pagbabalik ni Don Juan sa Berbanya	Pagpapakasal ni Don Juan kay Prinsesa Leonora	Pagdalo sa kasal ni Prinsesa Maria	Pagbalik ng alaala ni Don Juan	Pagtatapat ni Prinsesa Leonora sa Hari

- B. **Panuto:** Magsuri ng tatlong tauhan sa binasang akda. Ibigay ang katangian at papel na ginampanan ng pangunahin at pantulong na tauhan.

TAUHAN: _____

Gampanin	
Katangian	
Tunggalian	

TAUHAN: _____

Gampanin	
Katangian	
Tunggalian	


TAUHAN: _____

Gampanin	
Katangian	
Tunggalian	



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pumili ng ilang saknong sa Ibong Adarna. Suriin ang mga pangyayari sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda. Matapos masuri ang napiling saknong, sumulat ng maikling repleksyon na nagpapahayag ng iyong pananaw sa kahalagahan ng iyong pag-unawa sa akda.



Pagsasalansan

Natunghayan sa araling ito ang pagbabalik ng isang mahalagang tauhan sa binasang nobela. Nakilala rin ang iba't ibang tauhan at ang kanilang ginagampanan.

ARALIN 26

Ibong Adarna (Saknong 1601-1683)



Sa araling ito, malalaman natin ang gawaing hatol ng Haring Fernando sa mga kinakaharap na usapin ng kaniyang kaharian na sangkot ang kaniyang mga minamahal na anak.



Layunin

- ◊ Nasusuri ang mga elementong panglingguwistika sa Ibong Adarna (talinghaga-tayutay).
- ◊ Nakabubuo ng sariling tula na may sukat, tugma, at talinghaga.
- ◊ Natutukoy ang napapanahong isyung may kaugnayan sa mga isyung tinalakay o napakinggang bahagi ng akda.



Paghahabi ng Kaalaman

Saknong 1601–1 683 mula sa Ibong Adarna

1. *Ano ang naging hatol ng Amang Hari sa dalawang Prinsesang inibig ni Don Juan?*
2. *Alin ang pipiliin niya sa dalawang Prinsesang pinangakuan niya ng pag-ibig? Ano ang kaniyang magiging batayan sa pagpili?*


Saknong 1601 “Serpiyente’y may pitong ulo mabangis na walang tuto, bago nga napatay ito ang Prinsipe ay nanlumo.”	Saknong 1602 “Hindi lamang ang serpiyente ang hinarap ng Prinsipe, kinalaban di’t naputi ang malupit na higante.”	Saknong 1603 “Higante ang may alaga sa kay Donya Juanang mutya, kundi Diyos ang nagpala si Don Juan ay nawala.”
Saknong 1604 “Nilisan namin ang balon kaming tatlo ay umahon nang paalis na sa burol bigla akong napaurong.”	Saknong 1605 “Ang singsing kong minamahal na mana ko sa magulang, sa palasyo ay naiwan ang ibig ko’y pagbalikan.”	Saknong 1606 “Nang mapuna yaring hapis ng Prinsipeng aking ibig ayaw ko man ay nagpilit na siya na ang magbalik.”

Saknong 1607 “Nagpahugos s’ya sa balong matapat sa kaniyang layon, ngunit palad! Haring poon si Don Jua’y naparoon.”	Saknong 1608 “May sampung dipa po lamang ang naabot ng katawan ang taling umaalalay pinatid na ng sukaban.” sukab – taksil, traydor	Saknong 1609 “Sa mungkahi ni Don Pedro’t pagsang-ayon ni Don Diego, ang marangal na bunso mo’y pinagtulungang nililo.”
Saknong 1610 “Sa lalim ng lalagpakan ano ang kasasapitan di ang siya ang mamatay at ang balon ang libingan.” kasasapitan – mangyayari o daranasin	Saknong 1611 “Gaano ang aking luha at hinagpis sa ginawa! Yamang siya ay nawala kamatayan ko’y ninasa!”	Saknong 1612 “Ngunit aking naalalang baka siya ay buhay pa ang lobo kong dala-dala sa balo’y inihulog na.”
Saknong 1613 “Lobong ito’y isang galing engkantadong mabagsik din, ang bilin ko’y pagyamanin Prinsipe kong ginigiliw.” engkantado – isang uri ng nilalang sa mitolohiyang Pilipino na pinaniniwalaang may angking kakayahang naiiba sa mga ordinaryong tao	Saknong 1614 “Pagkat di ko natitiyak kung buhay ang aking liyag, nanumbalik yaong hangad mautas din yaring palad.”	Saknong 1615 “Pagkat siya’y nasa balon doon din ako tatalon, ngunit ito namang buhong bigla akong dinaluhong.” buhong – masama ang pag-iisip at gawain
Saknong 1616 “Ang kamay ko’y pinigilan at ang wikang nangangatal: Aanhin mo si Don Juan, ako’y naririto naman.” nangangatal – nanginginig	Saknong 1617 “Pabayaang wala na’t kayo’y aming isasama, at pagdating sa Berbanya gagawin ang kasal nila.”	Saknong 1618 “Kami na nga’y kinaladkad ng magkakapatid na uslak, luha nami’t pakiusap tinugon ng mga dahas.” uslak – walang awa
Saknong 1619 “Ano po ang magagawa ng babae ay mahina? Haring mahal ay maawa sa buhay kong kulang-pala.”	Saknong 1620 Hari sa kaniyang narinig ay napoot at nahapis, poot, sa mga balawis hapis, sa nagpakasakit.	Saknong 1621 At noon di’y inilagda ang hatol na magagawa: Sa pangalan ng bathala ang nauna ang may pala!
Saknong 1622 Nagtindig si Donya Maria na sa hari nakamata, parang tinatanong niya kung ang hatol ay tumpak na.	Saknong 1623 Nagsalita – “Pasintabi sa tanang nangalilimpi, ngayo’y hiling ko sa Haring dinggin akong sumandali.”	Saknong 1624 “Di ko ibig na puwingin ang hatol ng Hari namin, lamang yaring sa saysayin ay baka magkapuwang din.”
Saknong 1625 “Sabihin na kung anoman” ang sa Hari namang agaw, “kung ikaw ang may katuwira’y asahan ang katarungan.”	Saknong 1626 “Kaugnay po ng pahayag ng natapos na nangusap, hinggil din po sa pagliyag ni Don Juan, di man dapat.”	Saknong 1627 “Sa palabas na natapos kagaya ng inyong talos, napakingga’t napanood buhay naming magsing-irog.”

Saknong 1628 Hari'y biglang napamata at ang dula'y naalala, sa anyo ay kitang-kita kalooban ay nabakla.	Saknong 1629 Sa sarili ay nawaring hatol niya'y tila mali, sakali mang mababawi di magawa't siya'y Hari.	Saknong 1630 Kaya't nagwala nang kibo sa maayos niyang upo, nagkunwaring kinukuro ang tumpak at hindi wasto. ? Ilahad ang naging reaksiyon ng hari sa mga narinig o pagtatapat ng mga Prinsesa.
Saknong 1631 Pagkabaklang di nalingid sa Prinsesang nakatitig kaya ito'y naghumindig, sa tayo'y pagmamatuwid,	Saknong 1632 "Itong dula ay hindi ko ginagawang patotoo, kung nasambit ko man dito'y bahagi ng pagtatalo."	Saknong 1633 "Haring mahal, ipatawad sabihin kong itong batas, kung minsan po'y nabubulag sa paghatol ng di tumpak."
Saknong 1634 "Naririto ang patibay: Sino бага si Don Juan? Siya't ako, sa langit may pag-ibig na magkaugnay!"	Saknong 1635 "Sa usapin po ng puso hindi ngayon at nataho ang una at huling tagpo ang hatol ay di na liko!"	Saknong 1636 "Kung inyo pong titimbangin ang hrap ko't hrap namin, gaano na ang nadating ng natapos na dumaing?"
Saknong 1637 "Sa narinig sa negrita ngayo'y idurugtong ko pa, pangyayaring aywan ko ba kung kayo'y di mababakla."	Saknong 1638 "Pinagsadya ni Don Juan ang amin pong kaharian sa lakad ng kabuhaya'y wala siyang kaalaman."	Saknong 1639 "Ama ko po'y isang haring maibiga'y walang bali, ang utos man ay mamali kahanggahan ay masawi."
Saknong 1640 "Sa bagsik ng karununga'y hamak na ang lalong mahal, bundok man nga't katuwaan nasisiklot na kaligayahan." nasisiklot – ihagis, nahahagis	Saknong 1641 "Tatlo kaming magkakapatid tatlong bunga ng pag-ibig, mawalay nang kahit saglit subyang na sa kaniyang dibdib." subyang – tinik	Saknong 1642 "Katutubo sa magulang na ang anak kong mahal, ang ingat ay gayon lamang ni sa hang'y di pahipan."
Saknong 1643 "May mapunang nanunuyo lubha't laban pa sa puso gumagawa na ng hibo't ang anak ay itatago." hibo – tukso, sulsol	Saknong 1644 "Sa dami na't di mabilang na nanuyo't nanilbihan, Prinsipe'y maginoo man sa ama ko'y nangahalay." nangahalay – nabigo	Saknong 1645 "Ngayo'y mga batong lahat sa palasyo nami'y hiyas, at kung walang mahahabag doon sila magsas."
Saknong 1646 "Ito'y hindi kayabangan at tanungin si Don Juan paano niya naligtasan ang balanang kamatayan?"	Saknong 1647 "Makailang gawan siya ng lalang ng aking ama, sa isa lang ay tapos na ang pitong buhay man niya." lalang – pandaraya, panlinlang	Saknong 1648 "Hiningi sa inyong anak na ang bundok ay mapatag maging bukid na malawak sa loob lamang ng magdamag."

Saknong 1649 “Sa magdamag na ito rin ang trigo ay patubuin, yumabong at pamungahin mahinog na at gapasin.”	Saknong 1650 “Gilingin at magalapong mamasa nang walang tapon, maisalang na sa pugon matinapay na malutong.” ? Paano naman isinalaysay ni Donya Maria Blanca ang pagliligtas kay Don Juan sa kaniyang amang Haring Salermo?	Saknong 1651 “Tinapay nang ilalagay sa hapag ng Haring mahal, mainit pang magigisnang na pagkain sa agahan.”
Saknong 1652 “Sukat na sa isang itong iniutos ng ama ko, bayaan na yaong tatlo’t lubhang patatagal tayo.”	Saknong 1653 “Dito’y labis nang masukat ang hirap ko’t aming hirap kung ang lihim ay nahayag kapwa kami napahamak.”	Saknong 1654 “Sa una at pangalawa akong lahat ang kumaya’t sa pangatlo’t pang-apat pa, kinalaban ko si Ama.”
Saknong 1655 “Ako’y naging isang taksil at sa ama’y nagsuwail dahil lamang sa paggiliw kay Don Juang papatayin.”	Saknong 1656 “O, pagsinta na ang lakas kalabanin ay kayhirap, pag ikaw na ang bumihag hahamakin na ang lahat!”	Saknong 1657 At nilingap si Don Juan na sa upo’y kaagapay, dito’y parang inaalam ang tunay na kalooban.
Saknong 1658 Saka ang tapos na saad: “Nariyan po’t maliwanag ang hinakdal niring palad,” at naupong mapanatag.	Saknong 1659 Hari’y sadyang natigilan sa narinig na salaysay Arsobispo ang hiningan ng tumpak na kahatulan. kahatulan – nagbibigay ng desisyon o parusa at iba sa mga nagkasalang tao	Saknong 1660 Arsobispo, sa pagsunod ng sa Papang mga utos, ang hatol na isinagot kay Leonora’y nakalugod.
Saknong 1661 “Utos ito ng simbahan at batas ng Kalangitan, ang una’y may karapatan sa pag-ibig ni Don Juan.” ? Sa paghingi ng tulong ng hari sa Arsobispo bilang pagpapasya, ano ang kaniyang tugon? Sang-ayon ka ba sa kaniyang pasya? Bakit?	Saknong 1662 Nagdamdam si Donya Maria’t sa kawalan ng pag-asa sa sarili’y nagbabagang ganito ang parirala:	Saknong 1663 “O ngayon ko napagtanto batas ng tao ay liko: sa mali, ay anong ano’t sa tumpak ay lumalayo!”
Saknong 1664 Arsobispo’y binalingan at ang sabing malumanay: “O, Diyos sa Kalangitan, kami’y lyong liwanagan.	Saknong 1665 “Marangal na Arsobispo,” ang pahayag naman dito, “sa puri kaya ng tao ang katimbang po ay ano?”	Saknong 1666 “Ngayo’y wala ka nang daan si Leonora ang katipang tinatanggap ng simbaha’t sa Prinsipe’y ikakasal.”

Saknong 1667 Pinagdimlan ang Prinsesa't sa galit na nagbabaga nawala ang awa niya't ang higanti'y ginawa na.	Saknong 1668 Ang tubig sa kaniyang prasko'y ibinuhos sa palasyo, bumaha sa buong reyno't nasindak ang mga tao.	Saknong 1669 Nang ang madla ay hindi na maliligtas sa parusa, nakiusap kapagdaka si Don Juan sa Prinsesa.
Saknong 1670 "Maglubag na, aking giliw, sa galit mong kinikimkim, kahit ano ang marating ako'y iyo't ikaw'y akin."	Saknong 1671 Arsobispo ay hinarap at ganito ang pahayag: "O, Pontipising mataas, kay Donya Maria'y mahabag."	Saknong 1672 Ngayon ko na po bubuksan ang laman ng kalooban. si Donya Maria ang tunay sa puso ko'y minamahal. ? Ano ang pakiusap ni Don Juan kay Maria Blanco? Sang-ayon ka ba sa kaniyang pakiusap?
Saknong 1673 "Kung tunay mang si Leonora'y nahandugan ng pagsinta, ngunit di ko mababatang kay Don Pedro'y malayo pa."	Saknong 1674 "Tunay kaming magkapatid ang magtalo'y lubhang pangit, lalo pa nga't sa pag-ibig hindi dapat magkagalit."	Saknong 1675 "Maging siya ang makasal kay Leonora'y karangalan si Leonora'y isang banal marapat sa pagmamahal."
Saknong 1676 "Kapwa kami may tungkulin ang magulang ay susundin, lalong katungkulan namin kaharia'y patatagin."	Saknong 1677 "Nasa aming mga anak ang sa baya'y ilalakas, isang bayang may bagabag kabuhaya'y walang tiyak."	Saknong 1678 "Leonora, iyong abutin ang singsing mong nasa akin, salamat ko'y sapin-sapi't ako'y iyong binuhay rin." sapin-sapin – sunod-sunod, patong-patong
Saknong 1679 "Arsobispo't Amang mahal sa ngalan ng katarungan kami ngayon ay ikasal ni Donya Mariang hirang."	Saknong 1680 Arsobispo at ang Hari kalooba'y nagkayari lalang na di mapagwari si Don Juan ang nagtagni.	Saknong 1681 Hari'y agad nagpasiyang si Don Pedro't si Leonora pag-isahing kasabay na ni Don Jua't Donya Maria. ? Sa pag-uusap ng hari at arsobispo, ano ang naging huling desisyon?
Saknong 1682 Sa pasiya inilagda, si Donya Maria'y natuwa, si Leonora nama'y walang naging tutol ni bahagya.	Saknong 1683 Sukat ang naipahayag sa Haring nagbigay-wakas, na kung iyon ang marapat yuko siya sa pagtupad.	



Pagtatagpi ng Talino

A. Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa binasang teksto.

1. Sino ang sumalubong kay Donya Leonora?
2. Sino ang naging sunod-sunuran kay Don Pedro?
3. Sino ang nagkasal kina Don Juan at Donya Maria?
4. Ano ang ginawa ni Donya Maria sa kaharian ng Berbanya pagkatapos marinig ang hatol ng Hari?
5. Ano ang naiwan sa ilalim ng balon?
6. Ilang dipa ang naabot sa katawan ni Don Juan sa tali bago ito pinutol?
7. Saan dinala nina Don Pedro at Don Diego ang dalawang prinsesa?
8. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Donya Maria gagayahin mo ba ang kaniyang ginawa? Ipaliwanag.
9. Sa iyong sariling pananaw, tama ba ang ginawang pananahimik ni Donya Leonora patungkol sa kasal nina Don Juan at Donya Maria? Ipaliwanag.
10. Ipaliwanag ang pahayag na "O, pagsinta na ang lakas kalabanin ay kayhirap, pag ikaw na ang bumihag hahamakin na ang lahat?"

B. Panuto: Tukuyin ang napapanahong isyu na may kaugnayan sa akdang tinalakay at ipaliwanag ito.

	Akdang Tinalakay	Napapanahong Isyu	Paliwanag
"Ako'y naging isang taksilat sa ama'y nagsuwaildahil lamang sa paggiliwkay Don Juang papatayin."			
"O, pagsinta na ang lakaskalabanin ay kayhirap,pag ikaw na ang bumihaghahamakin na ang lahat!"			

Arsobispo'y binalinganat ang sabing malumanay“O, Diyos sa KalangitanKami'y iyong liwanagan			
“Maglubag na, aking giliw,sa galit mong kinikimkim,kahit ano ang maratingako'y iyo't, ika'y akin.”			
“Tunay kaming magkapatidang magtalo'y lubhang pangit,lalo pa nga't sa pag-ibighindi dapat magkagalit.”			



Paglililinaw sa mga Kaalaman

ELEMENTO NG TULA – TAYUTAY

Ang tayutay ay isang mahalagang sangkap sa panitikan at wika na nagbibigay-daan sa masining at malikhaing pagpapahayag. Narito ang limang pangunahing uri ng tayutay na karaniwang ginagamit sa panitikan:

1. Simili o Pagtutulad

Ito ay isang uri ng tayutay na nag-uugnay ng dalawang magkaibang bagay o ideya sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang “tulad ng,” “kagaya ng,” “parang,” at iba pa.

“Kagaya ng isang agila, malaya ang kaniyang diwa.”

2. Metapora o Pagwawangis

Ang metapora ay isang direktang paghahambing ng dalawang magkaibang bagay nang hindi gumagamit ng mga salitang tulad ng sa simili. Ito ay nagpapahiwatig ng mas malalim na pagkakatulad.

“Siya ang ilaw ng tahanan,” kung saan ang “ilaw” ay nagpapahiwatig ng gabay o inspirasyon sa loob ng isang pamilya.

3. **Personipikasyon o Pagsasatao**

Sa tayutay na ito, ang mga bagay na walang buhay ay binibigyan ng mga katangiang pantao.

“Ang hangin ay umiiyak sa kalungkutan,” kung saan ang hangin ay inilalarawan na parang may kakayahang umiyak tulad ng isang tao.

4. **Hyperbole o Pagmamalabis**

Ang hyperbole ay isang labis na pagpapalaki ng katotohanan upang bigyang-diin ang isang punto o upang magdulot ng malakas na epekto.


“Umaapaw ang kanyang kagalakan,” na nagpapahiwatig ng sobrang saya na hindi literal na umaapaw.

5. **Onomatopeya o Pagtulad sa Tunog**

Ito ay paggamit ng mga salita na nakakalikha ng tunog na katulad o kahawig ng tunog na inilalarawan.

“Kumakalabog ang mga paa ng mga kabayo,” kung saan ang “kalabog” ay naglalarawan ng tunog na nililikha ng pagtakbo ng mga kabayo.

Ang paggamit ng mga tayutay ay nakatutulong sa pagbibigay-buhay at pagpapayaman sa panitikan at patula na pagpapahayag, at nakatutulong din ito sa paglikha ng mas malalim at masining na imahen sa isipan ng mga mambabasa o tagapakinig.



Pagpapalalim

Pagsasanay

- A. Panuto:** Magsulat ng tula tungkol sa hindi mo malilimutang karanasan ng tauhan sa akda na may isang saknong, ang isang saknong ay mayroong apat na taludtod, may sukat, at tugma.

- B. Ilahad ang iyong sariling saloobin, opinyon, at damdamin tungkol sa naging desisyon ng hari kina Donya Leonora at Don Juan. Gawin ito sa loob ng dalawang talata na may tig-5 pangngusap.

SARILING PANANAW



Paglatag ng Kasanayan


- A. **Panuto:** Gawaing Pangkatan. Suriin ang mga nabasang saknong. Humanap ng mga pahayag na kakikitaan ng tayutay. Itala ito sa talahanayan sa ibaba.

Tayutay	Saknong
Pagtutulad	
Pagwawangis	
Pagsasatao	

Pagmamalabis	
Pagtulad sa Tunog	

B. **Panuto:** Sa tulong ng iyong kapares, isa-isahin ang mga mahahalagang pangyayaring tinalakay sa Ibong Adarna.

MAHAHALAGANG PANGYAYARI	
•	
•	
•	
•	
•	
KONKLUSYON	




Pagsasalansan

Sa araling ito, tinalakay ang hatol na iginawad ng Amang Hari sa dalawang Prinsesang inibig ni Don Juan. Pinag-aralan din natin ang iba't ibang elemento ng tula na nakatulong sa pagbuo at pag-unawa ng kabuuan ng tula.

ARALIN 27

Ibong Adarna (Saknong 1684-1717)



Ang kuwento ng “Ibong Adarna” ay maituturing na isang klasikal na akda. Bagama’t isinulat ito noong unang panahon, patuloy pa rin itong pinag-aaralan at isinasalaysay sa buong Pilipinas sa iba’t ibang bersyon hanggang sa kasalukuyan.



Layunin

- ✧ Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa.
- ✧ Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra-Maestra-Ibong Adarna.
- ✧ Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng Obra-Maestra-Ibong Adarna.



Paghahabi ng Kaalaman

Saknong 1684-1717

1. *Masasabi kayang makatuwiran ang magiging desisyon ng hari?*
2. *Mangingibabaw kaya ang ibinubulong ng puso ni Don Juan na nagmamahal o pagtupad sa pangako?*

Saknong 1684	Saknong 1685	Saknong 1686
Hari nama’y buong giliw wika sa mamanugangin: “Manalig ka, na sa aki’y anak kitang mamahalin.”	Isinabay na rin dito ang hangad ni Don Fernando na ang korona at setro’y isalin sa haring bago.  Kanino nais iputong ng Haring Fernando ang bagong korona? Sang-ayon ka ba sa desisyon ng hari? Bakit?	Yari na sa kaloobang bunsong anak ang salinan yamang siyang minamahal at marapat pamanahan.

Saknong 1687 Datapwat si Donya Maria, ay nagkusang magpauna na nagsabing bayaan nang si Don Pedro ang magmana. ? Bakit di sumang-ayon si Maria Blanca sa desisyon ng hari sa pagpili ng magiging bagong hari?	Saknong 1688 “May sarili si Don Juan,” anya sa kaniyang biyenang, “kami po ay hinihintay sa kay amang kaharian.”	Saknong 1689 Pinutungan si Don Pedro’t nagputong ay Arsobispo, ibinigay pati setro at naghari na sa reyno.
Saknong 1690 At sa ulo ni Leonora ipinutong ang dyadema siya na ang bagong Reyna sa kahariang Berbanya.	Saknong 1691 Matapos ang kasayahan si Donya Maria’t Don Juan, nagbalik sa kahariang pugad nila ng suyuan.	Saknong 1692 Nagpaalam sa Berbanyang ipinagbubunyi sila, nang sumapit sa kanila nagbubunyi’y anong sigla!
Saknong 1693 Para bagang sa digmaan ay biyayang nanagumpay bayang kaniyang tinangkakal sa paghanga’y nagdiriwang. tinangkakal – tinatangi, minamahal	Saknong 1694 Sa pag-uwi ng dalawa’y mayrong dapat ipagtaka, layong yaong di mataya sa isang oras ay nakuha.	Saknong 1695 Dinatnan ang kahariang nasa ibang mga kamay, ang kapatid at magulang ay wala na’t nagsipanaw. nagsipanaw – pagkamatay
Saknong 1696 Gayon pa ma’y walang gulo’t mapayapa rin ang reyno, ang tauhan sa palasyo ay wala ring pagtatalo.	Saknong 1697 Ang lahat na’y kumilala sa nagbalik na Prinsesa’y kung ang hari’y yumao na sila naman ay may Reyna.	Saknong 1698 Pamumuno, kung tunay mang mahigpit na kailangan, inuna ri’t minainam Nagdurusa’y mabihisan.
Saknong 1699 Yaong mga naengkanto sa parusa ng yumao, sa pagiging mga bato’y binuhay na’t naging tao.	Saknong 1700 Sa natamong kalayaan kayrami ng nahirapan sa parusang magsigapang na tigre’t leon sa parang.	Saknong 1701 Pagkatapos ay gumawa ng pistang kahanga-hanga, pagluwalhati sa Bathala’t parangal sa nagsilaya.
Saknong 1702 Inilakip na rin naman ang dalanging karampatan sa yumaong mga mahal na kapatid at magulang.	Saknong 1703 At naghandog ang Prinsesa ng piging na pangmadla na, sa hangad na makasama ang bayan sa galak niya. ? Ano ang hiling ni Maria Blanca sa kaniyang mga nasasakupan?	Saknong 1704 Nang kasalo na ang lahat maginoo’t mga hamak, saka siya nagpahayag ng yari nang mga atas.

Saknong 1705 “Ngayo’y ating puputungan ng korona si Don Juang karugtong ng aking buhay at Hari ng kaharian.”	Saknong 1706 Pinutungan ng korona’t si Don Juan ay hari na at sa ulo ng Prinsesa’y ang marikit na dyadema. ? Ano ang inihayag ng Prinsesa sa gitna ng piging?	Saknong 1707 “Biba!” anang kaharian, “Biba!” ang tugon ng bayan. “Hari nati’y magtagumpay! “Reyna natin ay mabuhay!”
Saknong 1708 Siyam na araw ang pista araw-gabi ang musika, walang taong di nagsaya’t nalimot ang madlang dusa.	Saknong 1709 Sa kamay ng bagong hari kaayusa’y namalagi, sinusunod niyang tangi ang lahat ay walang hindi.	Saknong 1710 Kaharia’y napatanyag sa buti ng pamamalakad kabuhayan ay umuunlad walang taong naghihirap. napatanyag – nakilala, popular
Saknong 16711 Maging yaong pagsasama nitong Hari at ng Reyna, halimbawang pagkaganda sa buhay ng mag-asawa.	Saknong 16712 Sinikap na ang tadhana’y maging pugad ng mahalán, palagi nang magkaramay sa ligaya’t kalungkutan.	Saknong 1713 Anoman ang babalakin mahinay na lilimiin, kung sa isa’y di magaling isa’y sunod nang taimtim.
Saknong 1714 Ano pa nga’t bawat hakbang daraan sa kasunduan, kaya wala ang alitan tiwasay ang pamumuhay.	Saknong 1715 Mga halimbawang ito’y namana ng mga tao kaya sila nang yumao nagluksa ang buong reyno.	Saknong 1716 Malaon nang nagsipanaw buhay rin sa kaharian bayan nilang nagmamahal sa tuwina’y mayro’ng dasal.
Saknong 1717 Ito na ang siyang wakas ng Korido kong sinulat, sa kataga kung may linsad ang hingi ko ay patawad. ? Ano ang nais iparating ng huling saknong ng akda? Ilarawan ang pamamalakad ng bagong hari sa Reyno Cristales. linsad – wala sa wastong pagkakalagay		




Pagtatagpi ng Talino

A. Panuto: Sagutin ang bawat pahayag batay sa binasang akda.

1. Kanino ibinigay ang setro?
2. Sino ang naging reyna ng Berbanya?
3. Ano ang nangyari sa magulang at kapatid ni Donya Maria?
4. Ano ang ginawa ni Donya Maria sa mga taong naging bato?

5. Ano ang ihinadog ng prinsesa sa madla?
6. Ilang araw naganap ang kapistahan sa kaharian?
7. Ilang oras bago nakarating sina Don Juan at Donya Maria sa kanilang kaharian?
8. Kung ikaw ang hari, dapat bang sundin ang mga sinasabi ni Donya Maria? Ipaliwanag.
9. Sa iyong sariling pananaw, makatwiran ba ang ginawang pangunguna ni Donya Maria sa desisyon ng hari? Ipaliwanag.
10. Anong aral ang iyong natutuhan pagkatapos basahin ang akda? Paano mo ito magagamit sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay?

B. Magtala ng limang mahahalagang pangyayari sa binasang akda. Gamitin ang grapikong presentasyon sa pagsagot.





Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang “Ibong Adarna” ay isa sa mga klasikong obra ng panitikang Pilipino na nagbibigay-liwanag sa mayamang kultura at tradisyon ng bansa. Sa pamamagitan ng pag-aaral nito, naipapasa ang mahahalagang aspekto ng kulturang Pilipino sa susunod na henerasyon.


Ang akda ay isang mahusay na halimbawa ng mga lumang anyo ng tula at wika sa Pilipinas. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malaman at maunawaan ang ebolusyon ng wikang Filipino at ang yaman ng panitikang Pilipino.

Ito ay nagtatampok ng iba’t ibang tema tulad ng pag-ibig, pagtataksil, paghihiganti, kabayanihan, at pagpapatawad. Ang mga temang ito ay nagbibigay ng mahahalagang aral sa moralidad at etika.

Naglalaman din ito ng iba’t ibang elementong pampanitikan tulad ng sukat, tugma, talinghaga, at simbolismo na mahalaga sa pag-aaral ng panitikan.

Sa kabuoan, ang pag-aaral ng “Ibong Adarna” ay hindi lamang isang akademikong gawain kundi isang paglalakbay sa pagtuklas at pagpapahalaga sa mayamang kultura, kasaysayan, at panitikan ng Pilipinas.

Suriin ang larawan ng Ibong Adarna sa ibaba:



Ibong Adarna on Linen -Pebrero 6, 2022
Pinta ni Nat Lamina

Pagbuo ng mga biswal na imahen

Nabibigay-daan ito sa mga mambabasa na gamitin ang kanilang malawak na imahinasyon upang isipin ang mga larawan ng mga kaganapan mula sa kanilang nabasa o nakikita na humahantong sa isang mas mahusay na pag-unawa.

Ang pagbuo ng mga biswal na imahe, lalo na sa konteksto ng sining, disenyo, at edukasyon, ay isang prosesong malikhein na naglalayong maghatid ng mensahe, emosyon, o impormasyon.

Balikan ang larawan ng Ibong Adarna:

- tingnan ang paggamit ng kulay at tekstura
- tingnan ang mga linya at anyo at ekstuktura ng imahe
- kung ang imahe ay nangangailangan ng teksto (tulad ng pamagat, islogan, o maikling mensahe)
- tingnan ang elemento ng disenyo (linya, hugis, texture, at espasyo)

Muling suriin ang larawan. Ano ang mga karagdagang obserbasyon mo rito?

Mga Tekstong Hawig sa Ibong Adarna

- **Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Jose Rizal**

Bagaman higit na makatotohanan ang mga ito kumpara sa “Ibong Adarna,” ang mga nobelang ito ni Rizal ay mahusay na halimbawa ng panitikang Pilipino na naglalarawan ng lipunan at kultura ng Pilipinas. Ang paghahambing sa paraan ng paglalahad ng mga aral at kritisismo sa lipunan ay maaaring maging kapaki-pakinabang.

- **Ramayana**

Isang sinaunang epiko mula sa India, ang Ramayana ay may mga elemento ng mahika, pakikipagsapalaran, at moralidad na katulad sa “Ibong Adarna.” Parehong may mga tauhang nakikipagsapalaran at may mga aral tungkol sa kabutihan, katapatan, at pag-ibig.


- **Odyssey ni Homer**

Isang klasikong epiko ng Griyego, ang “Odyssey” ay tungkol sa paglalakbay ni Odysseus pauwi mula sa Trojan War. May mga tema ito ng pakikipagsapalaran, pagsubok, at katapatan na maaaring ihambing sa mga tema sa “Ibong Adarna.”

- **Faust ni Johann Wolfgang von Goethe**

Bagaman naiiba ang konteksto at kultura, ang “Faust” ay naglalarawan din ng mga pakikipagsapalaran at moral na dilema na maaaring ihambing sa “Ibong Adarna.”

Ang paghahambing ng “Ibong Adarna” sa iba pang mga teksto, lalo na mula sa iba’t ibang kultura, ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa universality ng ilang tema tulad ng kabayanihan, pag-ibig, at paglalakbay. Gayundin, ito ay isang magandang paraan upang maipakita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga kulturang Pilipino at iba pang kultura sa buong mundo.



Pagpapalalim

Pagsasanay 1

Panuto: Magsaliksik ng iba’t ibang biswal na representasyon ng akdang Ibong Adarna (tulad ng aklat, komiks, o graphic novels). Tukuyin kung paano nakatulong ang mga tekstong biswal sa pag-unawa ng nilalaman ng kuwento at karakter.


Larawan 1	Larawan 2
Pagsusuri sa Biswal na Representasyon	Pagsusuri sa Biswal na Representasyon



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gawaing pangkatan. Magsaliksik ng isang akdang korido sa Pilipinas o akdang korido sa ibang bansa at ihambing ang Ibong Adarna. Ilahad ang mga mahahalagang impormasyong nalaman.

Ibong Adarna	Teksto/Akda (hawig sa Ibong Adarna)
Kongklusyon	




Pagsasalansan

Nalaman at natutuhan sa sariling ito ang pagwawakas ng kuwentong Ibong Adarna. Naunawaan din ng mga mag-aaral kung paano ang tekstong biswal ay nagbibigay ng bagong dimension sa pag-unawa sa isang literaturang obra tulad ng Ibong Adarna. Makatutulong din ito upang mas mapahalagahan ang *visual* na sining sa panitikan.

ARALIN 28

Multimodal: Shadow Play



Sa araling ito, mababasa ang isang halimbawa ng iskrip ng “Ibong Adarna.” Tatalakayin din natin kung paano bumuo ng isang iskrip, kasama ang paggawa ng plano at borador, para sa pagsasagawa ng isang pagtatanghal, tulad ng shadow play.



Layunin

- ✧ Nakapipili ng mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino.
- ✧ Nakasusulat ng plano at borador ng pagtatanghal.
- ✧ Nakasusulat ng iskrip para sa shadow play.
- ✧ Natutukoy ang mga elementong gagamitin sa pagbuo ng mga puppet.
- ✧ Nakapagsasagawa ng shadow play batay sa elemento ng tekstong biswal.



Paghahabi ng Kaalaman

Basahin ang Iskrip ng Ibong Adarna

Iskrip ng Ibong Adarna

1. May karanasan ka na bang magsulat ng isang iskrip?
2. Nakapanood ka na ba ng Shadow Play?

Tagapagsalaysay: Magandang araw inyong lahat. Ngayong araw ay magpapakita kami ng isang dulang pinamagatang “Ibong Adarna.” Ang kuwentong ito ay nagsimula sa isang masayang kaharian ng Berbanya. Ang hari ng Berbanya ay si Haring Fernando ang butihing asawa na si Reyna Valeriana. Ang mag-asawa ay may tatlong binatang anak na sina Don Pedro, Don Diego, at Don Juan.

Haring Fernando: Magsisimula na ang kasiyahan mga mahal kong anak! Pumili ng dilag na isasayaw. Maraming magaganda ang nakapila.

Reyna Valeriana: O siya halina't tayo ay magsaya mga anak. Isayaw ang nais isayaw ha sabi nga ng hari maraming magaganda"

Haring Fernando: Hahaha! Syempre kahit maraming magandang nakapila higit na maganda pa rin ang reyna ng puso ko't sa mga mata, 'di ba mahal kong asawa?

Tagapagsalaysay: Patuloy sa paglalambing ang hari sa nagtatampong reyna. Habang ang tatlong anak ay abala sa pag-uusap.

Don Diego: Narinig mo ba si ama, mga kapatid? Maraming dilag raw ang nakapila sa labas! Kaya ano pa hinihintay natin, sibat na tayo!

Don Juan: Hay naku! tol atat na ka naman masyado teka lang hinay-hinay lang. Sila lalapit sa iyo ang pogi kaya."

Don Pedro: "Aba! Dumaan pa si kulas, tumigil nga kayong dalawa para kayong mga leon pinalabas sa hawla."

Tagapagsalaysay: Makikita ang iba't ibang ugali mayroon ang tatlong magkakapatid. Ang panganay na si Don Pedro seryoso. Samantalang lapitin sa bababe si Don Diego at ang bunso na si Don Juan masayahin at mabait sa mga kapatid.

Babae #1: Haay, ang popogi ng mga Prinsipe!

Babae #2: ooh! Ang suwerte natin!

Babae #3: Para akong lumulutang sa hangin!

Don Diego: Hi girls! Ako pala si Prinsipe Diego. Ikalawang anak ng mahal na hari at reyna ng Berbanya. Maaari bang makisayaw, magandang binibini?
(Tinanong si Babae #2 ngunit inagaw ni Babae #1 si Diego)

Babae #1: Oo! Oo! Halika na at magsayaw na tayo!

Don Diego: Okay na rin.

Haring Fernando: O. Pedro, Juan. Ba't pa kayo hindi pumili?

Don Juan: Magandang gabi, binibini. Maaari bang makisayaw?

Babae #2: Sige po, mahal na Prinsipe.

(Pasimpleng siniko ni Reyna Valeriana si Haring Fernando at agad naming napatingin sa mga anak habang hawak-hawak ang tagilirang siniko ng asawa)

Don Pedro: Halika nga! Nakakahiya yan ginawa mo Diego, ikaw rin Juan. Umaayos nga kayo.

(Nanahimik sa ang dalawang kapatid at tumabi sa kanilang kuya).

Haring Fernando: Ako ay masaya at nandito na lahat. Ngayon, magsimula na tayo sa handaan!

(Bumaba sa kanilang trono si Haring Fernando at si Reyna Valeriana. Habang pinatutugtog ang malamyos na musika).

- Ang Pagtatapos ng Unang Eksena -



Pagtatagpi ng Talino

A. Panuto: Sagutin ang mga katanungan.

1. Sino ang nagsimulang magsalita sa sipi at ano ang ipinakilala niya?
2. Ano ang sinasabi ng tagapagsalaysay tungkol sa tagpuan ng kuwento?
3. Paano mo ihahalintulad ang pagpili ng dilag na isasayaw sa mga prinsipeng sa mga tradisyonal na gawi ng panliligaw sa Pilipinas?
4. Anong mga katangian ng mga Prinsipe ang ipinapakita sa kanilang mga linya at paano ito nakakaapekto sa kanilang mga ugnayan?
5. Anong elemento ng komedya ang makikita sa pag-uusap ng mga prinsipeng?
6. Paano nagpapakita ng kanilang mga personalidad ang mga prinsipeng sa kanilang pakikitungo sa mga babae?
7. Sa anong paraan nagpakita ng kanilang relasyon si Haring Fernando at Reyna Valeriana sa kanilang maikling pag-uusap?
8. Kung ikaw ay gagawa ng isang bagong eksena batay sa sipi, paano mo ito isasagawa?
9. Ano ang iyong opinyon sa paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga prinsipeng sa mga babae?
10. Sa konteksto ng kasalukuyang panahon, paano mo masusuri ang paglalarawan ng mga ugnayan sa pagitan ng mga prinsipeng at babae sa dula?

B. Panuto: Bigyang-puna o mungkahi ang nabuong iskrip mula sa eksena ng Ibong Adarna. Gawing gabay ang pamantayan sa ibaba sa pagsagot.


PAMANTAYAN	PUNA O REAKSYON
Diyologo Kaangkupan at paglalahad ng sinasabi mula sa simula hanggang wakas.	
Kaangkupan sa Paksa Angkop sa binasa ang mga pahayag na ginamit.	

Salitang ginamit

Angkop at wasto ang mga salitang ginamit batay sa akda.

Daloy ng mga Pangyayari/Eksena

Malinaw ang pagkakalahad ng mga detalye sa buong pagtatanghal.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

SHADOW PLAY



Isang uri ng pagtatanghal na panteatro na ang gumaganap sa entablado ay mga bagay na walang buhay na tinatawag na puppet.

Ito ay isang tradisyonal na sining ng bayan sa Tsina para ilarawan ang mga kuwento at alamat. Ito rin ay tinatawag na shadow puppetry. Ang mga karakter nito ay palaging mga tao at hayop na yar isa balat ng baka.

CRI Filipino Service @APEC Shadow Play. Ulat Pangkultura

Ang *shadow play* ay maaaring gamitin bilang isang kagamitang pagtuturo upang ituro ang mga aral, kuwento, at kasaysayan sa isang malikhain na paraan. Nagbibigay-daan ito para sa artistic expression, mula sa disenyo at paggawa ng mga puppets hanggang sa pagtatanghal ng kuwento sa pamamagitan ng paggalaw at paglapat ng musika.

Isa sa mga hakbang sa paggawa ng shadow play ay ang paglikha o pagsulat ng iskrip o kuwento.

Pagsulat ng Iskrip

Walang kuwento o maisasadula kung walang iskrip. Masasabing dula ang isang katha kung ito ay itinatanghal. Tinatawag na pinakakaluluwa ang iskrip ng isang dula. Naglalaman ito ng mga dayologo at mga kilos na dapat sabihin at gawin ng bawat tauhan. Dito makikita ang gaganap na tauhan, tagpuan, at pagkasunod-sunod ng eksena o pangyayari. Naglalaman din ito kung saan at kailan papasok sa eksena ang isang tauhan sa kuwento.

Tatlong elemento ng iskrip

1. **Paglalahad** - naglalaman ng mga paglilinaw ng isang direktor ng mga mahahalagang pangyayari sa kwento, mga tauhan, lugar, at panahon ng pinangyarihan upang matiyak ang kabisaan sa mga manonood at lalong maakit na manood ng dula.
2. **Tunggalian** - makikita rito ang mga usapan, kilos ng bawat tauhan na patungo sa magiging suliranin sa loob ng kwento na kalalabasan ng tunggalian. Ito ay ang pinakatema ng kuwento.
3. **Resolusyon** - mga pangyayari na magbibigay-daan upang mabigyan solusyon ang suliraning nakapaloob sa kwento. Kadalasan sa huling bahagi o dulo ng kuwento ito mababasa.

Mga Gabay sa Pagsulat ng Iskrip

1. **Nararapat na isapuso ang mga karanasan** - ginagamit sa paglalarawan sa mga tao o paligid. Tumutulong sa pagpapayaman ng imahinasyon at pagtiyak sa detalye ng bawat eksena.
2. **Nailalarawan ang detalye** - malinaw na deskripsyon sa mga tauhan, lugar, at mga pangyayari.
3. **Maghanap ng kaugnay na mga akdang nakasulat** - pagkakaroon ng palitan at karagdagang ideya sa pagitan ng dalawang akda.
4. **Mabuti at mahusay na paggalang sa mga kasama** - posibleng pagbabago sa kalagitnaan ng pagtatahanghal dulot ng impluwensiya sa paligid.
5. **Sapat na panahon** - maayos na maisagawa ang pagtatanghal sa itinakdang panahon.

Paggamit ng Angkop na mga Salita at Simbolo sa Pagsulat ng Iskrip

- Hindi nakikita o mababasa ng mga nakikinig.
- Maririnig lamang ng mga tagapakinig sa pamamagitan ng radyo kung ano ang nakasulat sa iskrip.
- Manuskrito ng isang *audio-visual* na materyal.
- Nakasulat na bersiyon ng mga salitang dapat sabihin.
- Kinakailangan na palaging ipakilala ng manunulat ang mga tauhan sa pamamagitan ng kanilang mga pangalan o katawagan.

Pormat ng Iskrip

- Isulat sa malalaking titik ang musika, epektong pantunog, at ang mga emosyonal na reaksiyon ng mga tauhan. Guhitan ang SFX at MSC.
- Hindi lamang kailangang ipakita ang paggamit ng musika at epektong pantunog kundi kailangan ding ipakita kung paano gagamitin ang mga ito.
- Lagyan ng numero ang bawat linya. Ilagay ang numero sa kaliwang bahagi bago ang unang salita ng linya.
- Maglagay ng tutuldok o kolon pagkatapos isulat ang pangalan ng tauhang magsasalita o pagkatapos isulat ang SFX o MSC.
- Sa panibagong pahina ng iskrip, umpisahan ang paglalagay ng numero sa bilang isa.

Pangunahing elementong dapat tukuyin sa paggawa ng mga shadow play

1. **Materyal** – Mahalagang pumili ng materyales na sapat na manipis at translucent para sa madaling pagdaan ng ilaw ngunit sapat din na matibay para mapanatili ang hugis ng puppet.
2. **Disenyo** – Kritikal ang disenyo sa paglikha ng epektibong anino. Dapat itong simple ngunit expressive upang madaling makilala at maipahayag ang iba't ibang karakter at eksena.
3. **Kulay** – Bagaman ang mga anino mismo ay itim at puti, ang kulay ng mga puppet at ang background ay maaaring magdagdag ng lalim at texture sa performance.
4. **Mga Bahagi ng Katawan** – Dapat na maingat na idisenyo ang mga bahagi ng katawan ng puppet para sa madaling paggalaw at upang makagawa ng iba't ibang posisyon at ekspresyon.
5. **Support at Hawakan** – Kailangang matatag ang suporta at hawakan para sa madaling manipulasyon ng puppet at para maiwasan ang hindi gustong paggalaw.

6. **Pag-iilaw at Anino** – Ang pag-iilaw ay susi sa paglikha ng mga anino. Dapat itong sapat na malakas upang maliwanag na maipakita ang mga anino ngunit hindi sobrang lakas na mawalan ng detalye.
7. **Tibay at Kakayahang Dalhin** – Mahalaga na ang puppet ay matibay at madaling dalhin, lalo na kung ang performance ay gagawin sa iba’t ibang lugar.

Ang bawat elemento ay kritikal sa paglikha ng isang matagumpay at kaakit-akit na shadow play na makakapukaw ng damdamin at imahinasyon ng manonood

KAGAMITAN PARA SA SHADOW PLAY

Sa shadow play ang mga sumusunod na kagamitan ay mahalaga:

1. Puppet – Ang pinakapangunahing kagamitan sa shadow play. Karaniwang gawa ito sa materyales tulad ng papel, karton, o manipis na katad. Dapat itong sapat na matibay para makayanan ang paulit-ulit na paggamit ngunit sapat ding manipis para makapasa ang ilaw at lumikha ng anino.
2. Frame o Screen – Isang puting tela o iba pang translucent na materyal na nakakabit sa isang frame. Dito ipinapakita ang mga anino ng mga puppet.
3. Pinagmumulan ng Ilaw – Mahalaga ang ilaw sa shadow play. Maaaring gumamit ng simpleng desk lamp, flashlight, o mas komplikadong lighting setup depende sa laki at complexity ng pagtatanghal.
4. Mga Support at Hawakan para sa Puppet – Kadalasan, kailangan ng mga stick o rods para i-manipulate ang mga puppet. Maaari itong gawin mula sa kahoy, metal, o matibay na wire.
5. Dekorasyon at Background – Maaaring magdagdag ng mga static o movable na dekorasyon sa screen upang magbigay ng konteksto sa kwento.
6. Props at Accessories – Para sa mas detalyadong pagtatanghal, maaaring magdagdag ng iba’t ibang props tulad ng mga miniature na gamit o damit para sa mga puppet.
7. Sound System – Para sa musika at sound effects na nagpapayaman sa karanasan ng manonood.
8. Camera at Recording Equipment – Kung plano mong i-record o i-broadcast ang pagtatanghal, kailangan mo rin ng camera at angkop na recording equipment.
9. Editing Software – Para sa post-production work, kung kinakailangan, lalo na kung gagawin ang shadow play para sa isang film o online presentation.

Ang pagkakaroon ng tamang kagamitan ay susi sa paglikha ng isang

matagumpay na shadow play na nakakapukaw ng interes at emosyon ng mga manonood.

ELEMENTO NG SHADOW PLAY


Ang shadow play, isang sinaunang anyo ng storytelling at aliwan, ay binubuo ng maraming mahalagang elemento:

1. Anino (Shadow): Ang pinakapuso ng shadow play. Ang mga anino ay nililikha ng pagharang ng mga puppet sa liwanag, na nagreresulta sa paglitaw ng mga imahe sa isang screen.
2. Liwanag (Lighting) - Mahalaga ang pinagmumulan ng liwanag upang makalikha ng anino. Tradisyonal na mga lampara o mga modernong light sources gaya ng LED lights ay maaaring gamitin.
3. Puppet - Ang mga karakter sa shadow play ay ginagampanan ng mga puppet na gawa sa materyales tulad ng papel, katad, o plastik na sapat na manipis para sa liwanag na dumaan ngunit sapat na matibay para sa paggamit.
4. Screen - Isang puting tela o iba pang translucent na materyal na ginagamit para ipakita ang mga anino ng mga puppet.
5. Kuwento (Storyline) - Ang narrative o kuwento na sinasalaysay sa shadow play. Maaari itong maging tradisyonal na alamat, mga modernong kwento, o kahit mga improvisational na kwento.
6. Musika at Tunog (Music and Sound Effects) - Ang musika at sound effects ay nagdaragdag ng lalim at emosyon sa pagtatanghal, nagpapahusay ng kwento at mga eksena.
7. Manipulasyon (Manipulation) - Ang sining ng paggalaw at pagkontrol sa mga puppet para mabuhay ang mga karakter at kwento.
8. Disenyo at Sining (Design and Artwork) - Kasama dito ang detalyadong disenyo ng mga puppet at ang artistic na pagkakagawa ng mga eksena at backgrounds.
9. Interaktividad (Interactivity) - Sa ilang shadow plays, ang audience ay maaaring magkaroon ng pagkakataong makilahok o maka-impluwensya sa kwento.
10. Cultural na Kahalagahan (Cultural Significance) - Shadow play ay madalas na naglalaman ng mahalagang cultural at historical na mga elemento, na nagpapakita ng tradisyon at paniniwala ng lugar kung saan ito ginagawa.

Ang pagsasanib ng lahat ng mga elementong ito ay lumilikha ng isang

mahiwigang at nakakaengganyong karanasan na nagpapahintulot sa manonood na maglakbay sa isang mundo ng imahinasyon at kultura.

Para sa pagsasagaw ng shadow play gawin itong step by step para sa Maglambat ng Kasanayan:



Pagpapalalim

Pagsasanay

Panuto: Ang paglikha ng isang shadow play ay nangangailangan ng pagpapalano at pagiging malikhain. Narito ang mga hakbang upang makalikha ng isang epektibong shadow play:

1. **Pagpili ng Kuwento o Tema** – Pumili ng isang kuwento o tema para sa iyong shadow play. Ito ay maaaring isang tradisyunal na alamat, isang modernong kuwento, o kahit isang orihinal na likha.

- Paglikha ng plano at borador para sa pagtatanghal at iskrip
- Batay sa mga impormasyon sa paraan ng pagsulat ng iskrip. Pumili ng piling bahagi sa Ibong Adarna na hand among igawa ng iskrip. Maaaring simulan sa sumusunod:

1. Mga tauhan at kanilang mga katangian
2. Mga pangyayari kaugnay sa napiling tauhan
3. Dayologo

2. **Pagsulat ng Iskrip** – Isulat ang iskrip ng iyong play. Dapat itong maglamang ng mga dayalogo ng mga karakter at mga direksyon para sa mga eksena.

Hakbang sa pagsasanay ng Dayalogo

- Bigkasin ang mga dayalogo mula sa binuong iskrip bilang bahagi ng pagsasanay.
- Harapin ang kaeksena at magpalitan ng linya.
- Isapinal ang iskrip kung may kailangan pang baguhin kung mayroon ay gawin na agad ito.


3. **Pagdisenyo at Paggawa ng mga Puppet** – Gumawa ng mga puppet na magiging karakter sa iyong kuwento. Karaniwang ginagamit ang manipis na karton, papel, o katad. Dapat ay maging detalyado ang disenyo upang makalikha ng kawili-wiling mga anino.

4. **Paghahanda ng Screen at Lighting Setup** – Maghanda ng isang puting screen kung saan ipapakita ang mga anino. Ayusin ang pinagmumulan ng liwanag upang maging sapat na malakas para makabuo ng malinaw na anino, ngunit hindi sobrang lakas na mawalan ng detalye.
5. **Paglikha ng Eksena at Background** – Gumawa ng mga static o movable na background na magagamit sa iba’t ibang eksena ng play. Isaalang-alang ang paggamit ng iba’t ibang kulay at texture.
6. **Pag-eensayo ng Pagmanipula ng Puppet** – Sanayin kung paano galawin ang mga puppet sa likod ng screen. Dapat matutunan ng puppeteer kung paano ipahayag ang iba’t ibang emosyon at kilos gamit ang mga puppet.
7. **Pagdagdag ng Musika at Sound Effects** – Pumili at maghanda ng angkop na musika at sound effects para sa play. Ang mga ito ay magdadagdag ng lalim at emosyon sa pagtatanghal.
8. **General Rehearsal** – Magsagawa ng pangkalahatang ensayo upang subukan kung paano magkakasama-sama ang lahat ng elemento ng play – mula sa mga puppet, lighting, musika, hanggang sa pagganap ng mga puppeteer.
9. **Pag-set up ng Audience Area** – Ayusin ang lugar kung saan uupo o tatayo ang mga manonood. Siguraduhing may sapat na distansya mula sa screen para sa pinakamahusay na viewing experience.
10. **Pagganap ng Play** – Sa wakas, itanghal ang shadow play. Panatilihin ang focus at pagiging present sa bawat sandali upang makapaghatid ng isang makabuluhan at nakakaaliw na karanasan sa mga manonood.
11. **Pagtanggap ng Feedback at Pagpapabuti** – Pagkatapos ng pagtatanghal, tanggapin ang feedback mula sa mga manonood at iba pang kasamahan. Gamitin ito upang mapabuti ang susunod mong mga pagtatanghal.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pumili ng isang pangyayari mula sa “Ibong Adarna at ipaliwanag kung paano ito maaaring maiugnay sa pagiging Pilipino, kasama ang halaga, tradisyon, o karanasan.



Pagsasalansan

Natutuhan sa araling ito ang pagsulat ng iskrip na gagamitin para sa shadow play. Sa pamamagitan ng gawaing ito, ang mga mag-aaral ay maiuugnay ang mahalagang pangyayari sa obra sa kanilangb kultura at pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Makatutulong ito upang mas mapahalagahan ang kultura at mga tradisyon.

Gawain sa Pagganap

Hakbang 1: Pananaliksik at Pagpili ng Paksa

1. **Pagpapakilala ng Gawain:** Ipaliwanag ang layunin at kahalagahan ng pagbuo ng iskrip para sa shadow play.
2. **Pagsaliksik sa Ibong Adarna:** Hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng pananaliksik tungkol sa “Ibong Adarna,” lalo na sa mga pangyayaring makapagpapakita ng pagiging Pilipino.
3. **Pagpili ng Tema:** Pumili ng partikular na pangyayari o tema mula sa “Ibong Adarna” na nais nilang isadula sa shadow play.

Hakbang 2: Pagbuo ng Iskrip

1. **Pagbabalangkas ng Kwento:** Gumawa ng balangkas ng kuwento batay sa napiling tema o pangyayari.
2. **Pagsulat ng Iskrip:** Isulat ang iskrip ng shadow play na naglalaman ng mga dayalogo at tagubilin para sa mga anino at galaw.
3. **Pagsasama ng Elementong Biswal at Multimodal:** Isama sa iskrip ang mga tagubilin para sa visual at multimedia effects, tulad ng mga anino, tunog, at ilaw.

Hakbang 3: Paglalapat ng Kasanayang Komunikatibo at Etikal

1. **Pagpapahalaga sa Kultura:** Tiyakin na ang iskrip ay nagpapakita ng paggalang at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.
2. **Pagiging Etikal:** Siguruhin na ang iskrip ay etikal at hindi naglalaman ng anumang bagay na maaaring ituring na hindi angkop o nakakasakit.

Hakbang 4: Pag-eensayo at Pagtatanghal

1. **Pag-eensayo:** Mag-ensayo para sa pagtatanghal ng shadow play. Ito ay kasama ang pag-aaral sa paggamit ng mga anino, puppet, at iba pang props.
2. **Pagtatanghal:** Itanghal ang shadow play sa harap ng klase o isang mas malaking audience.

Hakbang 5: Pagsusuri at Pagpapahalaga

1. **Pagtanggap ng Feedback:** Tanggapin ang feedback mula sa mga manonood at guro.
2. **Pagninilay:** Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang karanasan at matutuhan mula sa pagbuo at pagtatanghal ng shadow play.

Hakbang 6: Pagtataya

1. **Pagtataya ng Guro:** I-rate ang performance batay sa creativity, pagkakaugnay sa tema, paggamit ng biswal at multimodal na elemento, at pagsunod sa etikal na pamantayan.
2. **Sariling Pagtataya ng Mag-aaral:** Hilingin sa mga mag-aaral na magbigay ng sariling pagtataya sa kanilang performance at sa naging kontribusyon ng bawat isa.

Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, hindi lamang malilinang ang kreatibidad at pag-unawa ng mga mag-aaral sa “Ibong Adarna” kundi pati na rin ang kanilang kakayahan sa komunikasyon, pagiging etikal, at pagpapahalaga sa kanilang kultura.

Kraytirya	Mahusay (4-5 puntos)	Katamtaman (2-3 puntos)	Nagsisimula (0-1 punto)
Nilalaman at Tema	Ang iskrip ay may malalim na pag-unawa sa "Ibong Adarna," at malinaw na maiuugnay sa pagiging Pilipino.	Ang iskrip ay may bahagyang pag-unawa sa "Ibong Adarna," at may kaunting ugnayan sa pagiging Pilipino.	Ang iskrip ay kulang sa pag-unawa sa "Ibong Adarna," at mahina ang ugnayan sa pagiging Pilipino.
Kreatibidad at Orihinalidad	Ang iskrip at pagtatanghal ay nagpapakita ng mataas na antas ng kreatibidad at orihinalidad.	Ang iskrip at pagtatanghal ay may ilang bahagi ng kreatibidad, ngunit maraming bahagi ang karaniwan lamang.	Ang iskrip at pagtatanghal ay kulang sa kreatibidad at masyadong umaasa sa mga karaniwang ideya.
Paglalatap ng Elementong Biswal at Multimodal	Epektibong paggamit ng biswal at multimodal na elemento na nakatutulong sa pagkukuwento.	Katamtamang paggamit ng biswal at multimodal na elemento na may ilang pagkakataon para sa pagpapabuti.	Mahinang paggamit ng biswal at multimodal na elemento, o hindi epektibo ang pagkakatatulong nito sa pagkukuwento.
Kasanayang Komunikatibo at Etikal na Aspeto	Malinaw at epektibong komunikasyon sa buong pagtatanghal; nagpapakita ng mataas na etikal na pamantayan.	Ang komunikasyon ay kailangan ng pagpapabuti; ang etikal na aspekto ay karaniwan lamang.	Mahinang komunikasyon; hindi sumusunod sa etikal na pamantayan.

Pagganap at Teknikal na Aspeto	Mahusay na pagganap ng mga tauhan; mataas na antas ng teknikal na kahusayan sa paggamit ng props at ilaw.	Katamtamang pagganap ng mga tauhan; ilang teknikal na pagkakamali o pagkukulang sa paggamit ng props at ilaw.	Mahinang pagganap; maraming teknikal na pagkakamali o pagkukulang.
Pakikilahok at Kooperasyon	Lahat ng miyembro ng grupo ay aktibong nakilahok at nagtulungan sa pagbuo at pagtatanghal.	Ang ilang miyembro ng grupo ay hindi ganap na nakilahok o nagtulungan.	Mahinang pakikilahok at kooperasyon sa loob ng grupo.